# Biblikal na Pag-Eebanghelyo at Pagdidisipulo

Inihanda ni Dr. Steve Gibson

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2015 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Talaan ng Nilalaman

Mga Layunin at Panimula sa Kurso ........ 5
(1) Pagtanggap sa Dakilang Komisyon ........ 7
(2) Ang Teolohiya ng Pagbabalik-loob ........ 15
(3) Ang Pangangailangan na Mag-Ebanghelyo ........ 25
(4) Mahahalagang Punto ng Ebanghelyo ........ 31
(5) Evangelicalismat ang Prayoridad ng Ebanghelyo ........ 35
(6) Ang Pagkilos ng Banal na Espiritu ........ 43
(7) Panalangin at Pag-aayuno ........ 49
(8) Ang pamamaraan ni Jesus ........ 59
(9) Ang "Tulay" bilang Pagbabahagi ng Ebanghelyo ........ 71
(10) The Roman Road ........ 79
(11) Ebanghelikong Pangangaral ........ 87
(12) Pagbubukas ng mga Pintuan ........ 95
(13) Pag-akma o Paggamit sa Ibang Paraan ng Pag-eebanghelyo ........ 103
(14) Ang Ministeryo sa mga Bata ........ 111
(15) Ang Disenyo ng Iglesia ........ 123
(16) Ang Tunay na mga Disipulo ........ 131
(17) Patungo sa Espirituwal na Paglago ........ 141
(18) Manwal Para sa Maliit na Grupo ........ 151
(19) Pagdidisipulo: Pananalangin at Pagsasagawa Nito ........ 163
Leksiyon para sa Paglago ........ 170
Mga Inirerekumendang Libro at Impormasyon sa Online ........ 269
Talaan ng mga Takdang Aralin ........ 271

# Mga Layunin at Panimula sa Kurso

**Mga Layunin ng Kurso**

Upang maipaliwanag ang mga implikasyon ng ebanghelyo para sa likas na katangian at disenyo ng iglesia

Upang suriin ang pangunahing mga doktrina ng ebanghelyo

Upang sanayin ang mga mananampalataya sa praktikal na pamamaraan ng pag-eebanghelyo

Upang maunawaan ang responsibilidad ng iglesia para sa pagdidisipulo

Upang tukuyin at ilarawan ang gawain ng pagdidisipulo

Upang matutunan ang mga praktikal na pamamaraan para sa pangunguna ng isang maliit na grupo para sa pagdidisipulo

Upang magbigay ng isang serye ng mga aralin na gagamitin sa pagdidisipulo ng mga bagong mananampalataya

**Panimula sa Kurso**

Ang kursong ito ay isang tool upang matulungan ang  iglesia na matupad ang misyon nito.

Binibigyang--iin ng kursong ito ang sentralidad ng lokal na iglesia, na nagpapakita na ang ebanghelyo ay ang misyon ng iglesia, at ang katangian ng ebanghelyo ang dapat humubog ng iglesia.

Sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga pangunahing kaalaman patungkol sa ebanghelyo, itinatama nito ang ilang mga pagkakamali ng mga modernong pamamaraan na hindi gumagabay sa isang makasalanan sa tunay na pagbabalik-loob at pamumuhay bilang Kristiyano.

Ang mag-aaral ay magiging handa upang mapaunlad ang kanyang ministeryo.

Karamihan sa mga leksiyon ng kurso ay maaaring maituro bilang kumpletong paksa para sa iba’t ibang uri ng mga pangkat. Halimbawa, ang isang aralin ay maaaring magamit upang magturo ng isang pamamaraan para sa pagpapahayag ng ebanghelyo.

Ang labindalawang mga Aralin sa Pagdidisipulo sa pagtatapos ay para magamit ng mga mag-aaral sa mga pangkat ng mga bagong mananampalataya.

**Paalala sa Tagapanguna ng Klase:**

Sa tuwing darating sa simbolong ito ►, dapat itanong ng pinuno ng klase ang tanong at payagan ang mga mag-aaral na sumagot. Hindi kinakailangan na masagot ng buo ang tanong sa talakayan. Ang materyal sa leksiyon ang sasagot sa katanungan.

# Leksiyon 1
# Pagtanggap sa Dakilang Komisyon

## Panimula

*Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 28:18-20 para sa pangkat.*

May mga tao ay naniniwala na ang utos na ito ay para lamang sa mga apostol.

► Ang utos ba na ito ay para lamang sa mga taong nakarinig sa araw na iyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Si William Carey ay nabuhay noong 1761-1834. Siya ay mula sa Ingglatera. Siya ay isang sapatero na nakadama ng masidhing pagnanais na maikalat ang ebanghelyo. Ang kanyang iglesya ay hindi gaanong interesado sa gawaing pagmimisyon sa mga dayuhan. Naniniwala sila na napagpasyahan na ng Dios kung sino ang ililigtas niya, at hindi umaasa ang Dios sa tulong ng tao.

Sa isang pagpupulong ng mga pastor, iminungkahi ni Carey ang isang paksa para sa talakayan: itinanong niya kung ang Dakilang Komisyon ay ang gawain ng iglesia hanggang sa dulo ng mundo, yamang ang pangako na ibinigay ni Jesus kasama ng Dakilang Komisyon ay sasamahan niya sila hanggang sa dulo ng mundo. Sinabi ng pinuno ng pagpupulong, "Umupo ka, binata. Ikaw ay nadadala lang ng bugso ng damdamin [panatiko]. Kapag ninais ng Dios na magbalik-loob ang mga pagano, gagawin niya iyon nang wala ang tulong mo o ang tulong ko."

Alam natin na ang utos ay ibinigay sa iglesia hanggang sa dulo ng mundo. Ipinangako ni Jesus na sasamahan niya ang mga nagdadala ng ebanghelyo, maging hanggang sa katapusan ng panahon, na nagpapakita na ang responsibilidad para sa gawain ay para sa lahat ng iglesia sa lahat ng henerasyon. Hindi matatapos ng mga apostol ang mga gawain sa panahon ng kanilang buhay, ngunit sinabi ni Jesus na ang ebanghelyo ay ipapangaral sa bawat bansa (Mateo 24:14).

Kaya ang responsibilidad ng pag-eebanghelyo ay minana ng bawat henerasyon ng iglesia.

► Muling tingnan ang mga detalye ng Mateo 28:18-20. Ano ang partikular na iniuutos?

Ang tiyak na iniutos ni Jesus ay ang pagpunta ng iglesia sa lahat ng dako at gumawa ng mga disipulo para sa kanya.

Kasama sa utos ay ang pag-eebanghelyo sapagkat ang isang tao ay hindi maaaring maging disipulo hangga't hindi siya nagbabalik-loob.

Ang utos ay nangangahulugan na dapat gawing prayoridad ng iglesia ang pag-eebanghelyo at pagdidisipulo at maging masigasig sa pagkilos; at kung hindi gayun, hindi nito tinutupad ang dahilan kung bakit mayroong iglesia.

Ang mga salitang "buong mundo" (ang bawat bansa ay nangangahulugang bawat etnikong pangkat) ay nagpapakita na ang gawaing pagmimisyon sa mga banyaga ay iniutos, dahil ang mga etnikong pangkat ay walang ebanghelyo hanggang ang ebanghelyo ay hindi naipapahayag sa kanila. Walang kategorya ng mga tao ang dapat na ibukod.

Ang utos ay hindi lamang ipangaral ang ebanghelyo. Ang proseso ng pagtuturo ay kinakailangan sapagkat dapat nating ituro sa mga bagong mananampalataya ang lahat ng iniutos ni Jesus.

> Ako higit kailanman ay naniniwala na kung atin lamang lubusang susundin ang kautusan ng ating Panginoon at ang mga katiyakan na ibinigay niya sa kanyang mga unang disipulo bilang ating gabay, matatagpuan natin ang mga ito ay angkop rin sa ating panahon katulad ng angkop ito sa mga orihinal na tumanggap ng mga ito.
> - J. Hudson Taylor,
> "The Call to Service/Ang Pagtawag sa Paglilingkod"

Ang nagtuturo ay dapat mayroong buong personal na pagtatalaga ng sarili na sundin ang mga utos ni Cristo sapagkat dapat siyang maging isang mabuting halimbawa, na nagpapakita sa mga bagong mananampalataya kung paano ipamuhay ang isang buhay na may pagsunod kay Cristo.

Ang bagong mananampalataya ay dapat magkaroon din ng buong pagpapasya na sundin si Cristo dahil ang malaman ang mga inuutos ni Cristyo ay hindi sapat kung walang pagsunod habang siya ay natututo. Kung hindi siya sumusunod sa kanyang natututunan, tinatanggihan niya ang pagkilos ng pagdidisipulo. Ang proseso ng pagiging disipulo ay hindi lamang para sa kaalaman, kundi higit sa lahat ay ang paghubog ng karakter.

### Ang Pag-Eebanghelyo ay isang Prayoridad ng Kasulatan

Bukod sa Dakilang Komisyon, maraming mga pahayag sa Biblia na nagpapakita na ang pag-eebanghelyo ay prayoridad ng Dios para sa Iglesia.

*Dapat tingnan ng mga mag-aaral ang mga sanggunian sa ibaba at sabihin kung paano ipinapakita ng bawat isa na ang pag-eebanghelyo ay isang prayoridad ng kasulatan. Tulungan sila sa mga ibinigay na komento.*

**Mateo 9:36-38** (Nais ni Jesus na ibahagi sa kanyang mga disipulo ang kanyang awa para sa mga makasalanan at ipanalangin na magpadala ang Dios ng mga manggagawa sa espirituwal na pag-ani.)

**Mga Gawa 4:29** (Nang ang iglesia ay unang naharap sa pag-uusig, ang kanilang unang pag-aalala ay hindi ang panganib para sa pisikal na katawan, sa halip sila ay nag-alala na baka mahadlangan ang ebanghelyo. Ipinanalangin nila na sa kabila ng pag-uusig ay mas maihayag pa ang Salita ng Dios.)

**Mga Gawa 11:18** (Niluwalhati ng mga iglesyang Judio ang Dios nang ibinigay din ng Dios sa mga Hentil ang kaligtasan.)

**Filipos 1:18** (Nagalak si Pablo na naipapangaral ang tungkol kay Cristo kahit na siya ay nagdurusa sa pagkakabilanggo.)

**Efeso 6:19** (Hiniling ni Pablo na ipinalangin siya para sa mabisang pag-eebanghelyo.)

**Roma 10:13-15** (Binigyang diin ni Pablo ang madaliang pangangailangan na may mangaral ng ebanghelyo, dahil ang kaligtasan ay para sa mga nakarinig at naniwala.)

► Ano ang ilang mga kadahilanan na dapat hangarin ng isang mananampalataya na makitang maligtas ang mga tao?

### Bakit Dapat Naisin ng Isang Mananampalataya ang Pagbabalik-loob ng mga Nawawala

- Dapat niyang hangarin na masundan ang halimbawa ni Jesus na iniwan ang langit upang mabuhay at mamatay para sa kaligtasan ng mga nawawala.
- Dapat niyang hangarin na luwalhatian ang Dios sa pamamagitan ng pagbabalik-loob ng isang nagrerebelde patungo sa isang mananamba ng Dios.
- Dapat niyang makita ang paglaganap ng ebanghelyo bilang isang tagumpay ni Cristo at kanyang pagbabayad-sala.
- Dapat niyang naisin na makilahok sa gawain na prayoridad ng Dios.
- Dapat siyang magkaroon ng habag para sa nawawala na nahaharap sa walang hanggang paghuhukom para sa kanilang mga kasalanan.

► Posible ba para sa isang tao na magkaroon ng maling dahilan sa pagnanais na mag-ebanghelyo? Ano ang ilang mga maling dahilan?

Hindi mali na naisin na magkaroon ng matagumpay na ministeryo at ang paglago ng lokal na iglesia.

Mahalaga na hindi tayo ma-motivate ng pagmamalaki sa tagumpay, ng kumpetisyon sa ibang mga iglesia, o pag-ibig sa pakikipag-argumento.

Ang ilang mananampalataya ay espesyal na tinawag at binigyan ng espirituwal na kaloob ng Dios upang makapag-ebanghelyo (Efeso 4:11). Dapat tandaan ng mga tagapanguna na hindi lahat ng mananampalataya ay bihasang mag-ebanghelyo sa parehong paraan. Gayunpaman, ang bawat mananampalataya ay dapat na maging committed na matulungan

ang iglesia na matupad ang misyon nitong mag-ebanghelyo at dapat maging handa sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

► Bakit hindi lahat ng mga Kristiyano ay nag-eebanghelyo?

Dapat ilista ng mga mag-aaral ang mga dahilan na maaari nilang isipin bago tingnan ang listahan sa ibaba.

- Isang kakulangan ng pangnanais na lumago ng sama-sama
- Hindi niya nararamdaman ang personal na responsibilidad upang mag-ebanghelyo
- Hindi alam kung paano magbubukas ng isang pag-uusap patungkol sa mga espirituwal na bagay
- Hindi alam kung paano ipapahayag ang Ebanghelyo
- May takot na baka hindi niya kayaning sagutin ang mga pagtutol
- Nahihiya na maging iba sa mga maka-sanlibutan.
- Pag-aalinlangan sa kanyang pagsisikap na kung ito ba ay magiging epektibo
- Pag-uusig

► Sapat bang dahilan ang alinman sa mga kadahilanang it?

## Sa ating Pagsisimula

► Kung ang isang tao ay walang ginagawa para sa kaligtasan ng mga nawawala, ano ang kinakailangan upang makapagsimula siya?

Kung wala siyang pagnanais para sa paglagong espirituwal, kailangan niya ang isang espirituwal na panunumbalik.

Kung ang isang tao ay buhay sa espirituwal, masigasig, at napagtanto ang kanyang personal na responsibilidad na makilahok sa pagtupad sa Dakilang Komisyon, ang dalawang sumusunod na mga kadahilanan ay ang malamang na kailangan niya upang makapagsimula.

1. **Pananampalataya**–Kailangan niyang maunawaan kung ano ang ginagawa ng Dios upang gawing makapangyarihan ang ebanghelyo.

2. **Paghahanda**–Kailangan siyang maging handa sa pamamagitan ng mga pagsasanay upang maipabatid ang ebanghelyo.

*Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Juan 4:28-30, 39 para sa pangkat.*

► Ano ang dahilan upang maging karapat-dapat ang babaeng Samaritano upang magdala ng mga tao kay Jesus?

Wala siyang pagsasanay. Naranasan Niya ang biyaya at nagkaroon siya ng prayoridad na sabihin sa iba ang tungkol kay Jesus.

> Ito ang paraan upang manalo ang kanyang iglesia – sa pamamagitan ng mga dedikadong buhay ng mga nakakakilalang mabuti sa Tagapagligtas na ang kanyang Espiritu at pamamaraan ang pumipilit sa kanila upang sabihin ito sa iba.
>
> -Robert Coleman, The Master's Plan

Kung ang isang tao ay may dalawang bagay na iyon, ang maranasan ang biyaya at ang pagnanais na sabihin sa iba, siya ay may pinakamahalagang kwalipikasyon ng isang taong naghahayag nang-ebanghelyo. Ang pagsasanay ay mabuti; ngunit kung ang isang tao ay kulang ng dalawang kwalipikasyong iyon, walang pagsasanay ang maaaring makapagbago sa kanya na maging isang magaling na tagapaghayag ng ebanghelyo.

**Ang mahalagang isyu: Ano ang kailangan mo upang makapagsimula ka?**

► Ano na ang ginagawa mo upang makatulong na maikalat ang ebanghelyo? Ikaw ba ay kuntento sa iyong ginagawa?

► Ano ang makakatulong sa iyo upang maibahagi ang ebanghelyo ng mas masigasig at mabisa?

## Ang Katangian ng isang Tagapagpahayag ng Ebanghelyo

Pag-usapan natin ang tungkol sa uri ng tao na maaaring tumanggap ng Dakilang Koimsyon.

Kahit na ang isang bagong mananampalataya ay maaaring magbahagi ng kanyang patotoo at magsabi patungkol sa katotohanan na nagdala sa kanya sa pagbabalik-loob.

Gayunpaman, ang isang tao na maaaring magamit ng Dios para sa pangmatagalang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay nangangailangan ng ilang mga katangian.

### (1) Mananampalataya

Ang isang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay dapat isang taong mananampalataya, sapagkat

1. kailangan niya ng isang patotoo na ibabahagi,
2. hindi niya maiintindihan ang pagbabalik-loob nang hindi niya ito nararanasan, at

> Naniniwala kami na ang pangunahing susi upang maging mapanghikayat ang isang Kristiyanong mangangaral ay matagpuan sa kanila mismo ang kanilang ipinapangaral at makita kung anong uri sila ng mga tao. Hindi na kailanganing sabihin pa na kailangan nilang magkaroon ng pananampalataya, pag-ibig, at kabanalan. Kaya, Dapat silang magkaroon ng personal at lumalagong karanasan ng nakapagpapabagong kapangyarihan ng Banal na Espiritu, upang ang larawan ni Cristo Jesus ay mas maging malinaw na makita sa kanilang pagkatao at pag-uugali.
>
> - The Laussanne Committee for World Evangelization, *The Willowbank Report*

3. dapat siyang magkaroon ng pagbabago ng karakter na nangyayari sa pagbabalik-loob.

Kung ang isang tao na hindi mananampalataya ay gumagawa ng gawaing pangrelihiyon, hindi niya naiintindihan ang kanyang ginagawa at mayroong maling motibo.

**(2) Nagpapatuloy sa Kristiyanong Pamumuhay**

Bagaman hindi natin dapat palampasin ang isang pagkakataon upang ibahagi ang ebanghelyo, ang pag-eebanghelyo ay pinaka-epektibo kapag narinig ng isang tao ang ebanghelyo mula sa isang taong pinagkakatiwalaan niya. Ang mga taong lubos na nagtitiwala sa iyo ay ang mga taong lubos na nakakakilala sa iyo. Ang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay dapat nagpapakita ng halimbawa ng isang buhay na nakatuon sa Dios at may patuloy na pagsunod Dios.

**(3) Nakaugnay sa Iglesia**

Ang isang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay dapat isang miyembro na itinalaga ang sarili para sa isang iglesia sapagkat

1. kailangan niyang maanyayahan ang mga tao sa isang pamilya ng mananampalataya,
2. kailangan niya ang tulong ng iglesia sa pagdidisipulo ng mga bagong mananampalataya,
3. kailangan niya ang espirituwal na pananagutan, at
4. kailangan niya ang suporta at pagbibigay ng kalakasan ng loob para sa iglesia.

Dapat ay mayroon siyang kumpiyansa ng kanyang mga kapatid sa espirituwal. Dapat niyang igalang ang pamunuan at gawain ng iglesia.

Kung sa palagay niya ay maaari siyang maging isang Kristiyano at gawin ang kanyang ministeryo ng hiwalay sa iglesia, hindi niya naiintindihan ang iglesia at hindi niya nauunawaan ang paanyaya ng ebanghelyo.

**(4) Tapat sa Katotohanan**

Ang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay dapat naniniwala na ang Salita ng Dios ay ang kayamanan ng katotohanan na maibabahagi. Ang Biblia ay nagbibigay ng mga termino ng kaligtasan at kaugnayan sa Dios. Hindi natin kailanman maaaring baguhin ang katotohanan upang mas maging katanggap-tanggap ang ating mensahe (1 Corinto 4:1-2).

Dahil sa Biblia, alam natin na ang bawat tao ay magwawakas papunta sa isang walang hanggang langit o walang hanggang impiyerno. Ang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay nahihikayat/motivated ng paniniwalang ito.

### (5) Puspos ng Espiritu

Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay kapangyarihan sa mensahe ng ebanghelyo. Hinahatulan Niya ang kasalanan, nagbibigay ng pagnanais sa mga espirituwal na bagay, at nagpapahintulot sa isang makasalanan na tumugon nang may pananampalataya.

Ang tagapagpahayag ng ebanghelyo ay epektibo lamang habang siya ay ginagamit ng Banal na Espiritu. Kaya't, dapat siyang mapagpakumbabang umasa sa Dios. Dapat siya ay masigasig manalangin. Dapat siyang humiling ng patnubay mula sa Dios.

Dapat hanapin ng tagapagpahayag ng ebanghelyo ang pagpuspos ng Espiritu. Ang pagpuspos ng Espiritu ang naglilinis ng puso at nagbibigay kapangyarihan sa ministeryo. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga apostol na asahan ang pagkilos ng Espiritu (Gawa 1:4-5). Naranasan ng mga apostol ang pagkapuspos sa Espiritu noong araw ng Pentekostes (Gawa 1:8, 2:4, 15:8-9).

May mga oras din na nagbigay ang Dios ng espesyal na pagkapuspos ng Espiritu upang maharap ng tagapagpahayag ng ebanghelyo ang mga espisipikong hamon (Gawa 13:9-12).

### Takdang Aralin

(1) Sumulat ng ilang mga talata na naglalarawan kung paano ka personal na nakilahok sa pag-eebanghelyo at pagdidisipulo sa nakalipas na labingdalawang buwan. Ano ang iyong mga hangarin para sa hinaharap? Ano ang nais mong makamtan mula sa kursong ito?

(2) Ano ang ginagawa ng iglesia sa inyong lugar para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo? Magmasid at magtanong ng mga katanungan, at pagkatapos ay sumulat ng 2-3 pahina ng paglalarawan.

# Leksiyon 2
# Ang Teolohiya ng Pagbabalik-loob

## Panimula

*Ang terminong pagbabalik-loob ay tumutukoy sa pagbabago na nangyayari kapag ang isang tao ay naligtas. Ang layunin ng pag-eebanghelyo ay upang akayin ang makasalanan na maranasan ang pagbabalik-loob.*

► Basahin ang 1 Tesalonica 1. Ano ang mga detalye ng pagbabago na nangyari sa mga taga-Tesalonica nang sila ay maging mananampalataya?

Upang maunawaan kung bakit kailangang maging mananampalataya ang isang tao, at upang maunawaan kung ano ang mangyayari kapag ang isang tao ay naging mananampalataya, dapat nating maunawaan ang kalagayan ng isang makasalanan bago ang pagbabalik-loob.

## Ang Kondisyon ng Tao baga ang Pagbabalik-loob

► Paano mo ilalarawan ang kondisyon ng isang tao bago siya maligtas?

Dahil sa kasalanan ni Adan, ang bawat tao ay nahiwalay sa Dios nang siya ay ipinanganak.[1] Ito ay nangangahulugan na ang bawat tao ay sa sarili-nakatuon at kumikilos sa kanyang sariling paraan.

**May apat na katangian ng makasalanan na ibinigay sa mga talata sa ibaba.**

Sa sandaling magsimula ang isang tao na gumawa ng mga desisyon, nagsimula na rin siyang magkasala. Ang bawat makasalanan ay (1) napatunayang nagkakasala sa maraming paraan.[2]

Ang kasalanan ay paglabag sa kautusan ng Dios.[3] Sapagkat ang Dios ay ganap na makatarungan, hindi niya binabalewala ang kasalanan at ang bawat tao ay hahatulan sa kanyang mga nagawa.[4] Walang pag-aalinlangan/tanong tungkol sa pagkakasala ng sinumang tao o ang nararapat na hatol para sa kanya. Ang bawat makasalanan ay nahatulan na.[5]

---

[1] Roma 5:12.
[2] Roma 3:23.
[3] 1 Juan 3:4, Santiago 2:10-11.
[4] 2 Corinto 5:10, Pahayag 20:12-13.
[5] Juan 3:18-19.

Ang makasalanan ay (2) kaaway ng Dios.[6] Ang isang makasalanan ay hindi maaaring magkaroon ng kaugnayan sa Dios maliban kung ang kanyang mga pagkakasala laban sa Dios ay maalis.

Ang makasalanan ay nasa isang rin kondisyon isang kalagayang ginagawa siyang hindi karapat-dapat para sa isang kaugnayan sa Dios dahil siya ay (3) sumusunod sa mga masasamang hilig ng katawan at pag-iisip.[7] Dahil siya ay alipin ng kasalanan, ang makasalanan ay (4) walang kapangyarihan upang baguhin ang kanyang kalagayan.[8]

Kaya ano ang kaligtasan na kailangan ng isang makasalanan? Dahil ang makasalanan ay tunay na nagkasala, ang kaligtasan ay nangangahulugan bilang isang kapatawaran/pakikipagkasundo. Dahil siya ay kaaway ng Dios, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng pakikipagkasundong muli sa Dios. Dahil siya ay tiwali, ang kaligtasan ay nangangahulugan bilang paglilinis. Dahil siya ay walang kapangyarihan, ang kaligtasan ay nangangahulugan bilang pagpapalaya. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga aspeto ng kaligtasan na kailangan ng makasalanan.

Sa panahon ng pagbabalik-loob, ang makasalanan ay pinatatawad, ipinagkakasundo sa Dios, nililinis, at pinalalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Inilarawan ni Pablo ang dating makasalanang kalagayan ng mga mananampalataya sa Corinto kabilang ang mga kakila-kilabot na kasalanan. Pagkatapos ay sinabi niya, "Ngunit kayo ay hinugasan, kayo ay pinabanal na, kayo ay itinuring nang matuwid . . ." (1 Corinto 6:11).

## Ang Pangangailangan para sa Krus

Walang sinuman ang may kakayanang bayaran ang kanyang mga kasalanan. Ang kasalanan ay laban sa isang walang-hanggang Dios, at ang sangkatauhan ay walang maibabayad na may walang hanggan ang halaga.

Walang anumang bagay ang maaaring gawin ng tao upang tugunan ang kanyang pangangailangan; kaya, walang pamantayan ang maitatakda para makagawa ang sangkatauhan ng kaligtasan.[9] Kung naging posible para sa tao na makagawa ng pang-sariling kaligtasan, hindi na kinakailangan na mamatay si Jesus sa krus.[10]

► Kung nais ng Dios na magpatawad, bakit hindi na lang niya pinatawad ang kasalanan ng walang krus?

Sapagkat ang Dios ay banal, dapat siyang humatol ayon sa katotohanan at hustisya.[11]

[6] Roma 5:10.
[7] Efeso 2:3.
[8] Roma 5:20, 7:23.
[9] Galacia 3:21.
[10] Galacia 2:21.
[11] Roma 2:5-6.

Isipin mo kung hindi nangyari ang sakripisyo ni Cristo. Paano kung pinapatawad na lang ng Dios ang mga kasalanan ng walang pagbabayad-sala?

Kung pinatawad ng Dios ang kasalanan ng walang pagbabayad-sala, na parang/waring ang kasalanan ay walang halaga. Na parang/tila ang Dios ay hindi makatarungan at hindi banal. Na waring sa mga mata ng Dios ay may kakaunti lamang ang pagkakaiba sa pagitan ng isang taong gumagawa ng tama at isang taong gumagawa ng mali.

Kung ang kapatawaran ay walang pagbabayad-sala, ang Dios ay hindi maaaring sambahin bilang makatarungan at banal na Dios. Ang kapatawaran na walang pagbabayad-sala ay lubos na lumalapastangan sa kanya sa halip na nagbibigay sa kanya ng karangalan.

Nguni't, ang Dios ay mapagmahal at nais na magpatawad. Hindi niya nais na iwan ang buong sangkatauhan sa isang makasalanang kundisyon na hahantong sa walang hanggang pagkakaligaw/pagkakapahamak, kahit na ito ang nararapat para sa kanila.

Ang sakripisyo ni Jesus sa krus ay nagbigay ng handog na may walang hanggang halaga na kinakailangan. Si Jesus ay kwalipikado/karapatdapat **(1) dahil siya ay walang kasalanan**[12] (perpekto at mismong siya ay hindi nangangailangan ng kaligtasan), at **(2) sa pamamagitan ng pagiging Dios at tao**.

Ang pagbabayad-sala ay nagbibigay ng batayan para sa kinakailangan para sa kapatawaran. Ngayon, mapapatawad ng Dios ang taong nagsisisi at naniniwala sa kanyang pangako. Walang sinuman sa mga taong nakakaintindi sa sakripisyo sa krus ang maaring mag-isip na ang kasalanan ay hindi seryoso sa Dios.

Ang pagbabayad-sala ay nagbigay ng daan na maituring ng Dios na matuwid ang isang makasalanan na naniniwala sa pangako at nananatiling matuwid. Ang Roma 3:20-26 ay nagbibigay ng isang lohikal na paliwanag kung paanong ang pagbabayad-sala ay nagaganap/gumagana.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang paraan ng kaligtasang ibinigay ng Dios ay ang tanging paraan. Kung ang isang tao ay tumanggi sa kaligtasan na isang biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, hindi siya Sinasabi sa atin ng Biblia na ang paraan ng kaligtasang ibinigay ng Dios ay ang tanging paraan. Kung ang isang tao ay tumanggi sa kaligtasan na isang biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, hindi siya maliligtas.[13]

Ito ang dahilan kung bakit mahalagang malaman ang doktrina ng kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya lamang, na natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Ang Kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya lamang sapagkat wala tayong magagawa upang makamit ito o maging karapat-dapat para dito. Ito ay sa pamamagitan

[12] 2 Corinto 5:21.
[13] Marcos 16:15-16, Gawa 4:12, Hebreo 2:3.

ng pananampalataya lamang dahil wala tayong anumang magagawa upang maisakatuparan ito. Maaari lamang tayong maniwala sa pangako ng Dios.

## Ang Unang Biyaya

► Ano ang unang nangyayari: ang tugon ng tao sa Dios o ang pagkilos ng Dios sa kalooban ng tao?

Ang biyaya ng Dios ay umabot sa puso ng makasalanan, humahatol sa kanya sa kanyang mga kasalanan at nagdudulot sa kanya na hangarin ang kapatawaran.[14] Ang makasalanan ay walang kapangyarihan upang iwanan ang kanyang mga kasalanan ng wala ang tulong ng Dios.[15] Binibigyan ng Dios ang makasalanan ng kakayahang tumugon sa ebanghelyo. Kung ang isang tao ay hindi naligtas, hindi ito dahil wala siyang biyaya; ito ay dahil hindi siya tumugon sa biyaya na ibinigay ng Dios sa kanya.

Si Jesus ay namatay para sa kasalanan ng buong mundo, at nais ng Dios na maligtas ang bawat tao.[16] Ang biyaya ng Dios ay nagbibigay sa bawat tao ng kakayahang tumugon, ngunit hindi Niya pinipilit ang sinuman. Kaya't tinatawag ng Dios ang makasalanan na piliing magsisi at maniwala.[17]

## Pagtukoy sa Pagsisisi

► Ano ang pagsisisi?

Ang Pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang makasalanan ay nakikita ang kanyang sarili na nagkasala at karapat-dapat sa kaparusahan at handa siyang tigilan ang kanyang mga kasalanan.

Ang talata sa Isaias ay naglalarawan ng pagsisisi:

> "Dapat ng talikuran ng masama ang kanyang masasamang gawain, at dapat magbago ng pag-iisip ang taong liko; Sila ay dapat magbalik-loob, at lumapit sa Panginoon upang sila ay kahabagan; at mula sa Dios, siya ay buong biyayang nagpapatawad" (Isaias 55:7).

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na ang isang makasalanan ay dapat iwasto ang kanyang buhay at gawing matuwid ang kanyang sarili bago siya patawarin ng Dios. Iyon ay imposible, dahil ang isang tao ay nasa pagkaka-alipin sa kasalanan at hindi niya kayang mailigtas ang kanyang sarili; ngunit ang makasalanan ay dapat nagnanais na maligtas siya upang iligtas siya ng Dios mula sa kanyang mga kasalanan.

---

[14] Tito 2:11, Juan 1:9, Roma 1:20.
[15] Juan 6:44.
[16] 2 Pedro 3:9, 1 Juan 2:2, 1 Timoteo 4:10.
[17] Marcos 1:15.

► Ang Kaligtasan ay tinatanggap sa pamamagitan ng biyaya; kaya, bakit mahalaga ang pagsisisi para sa kaligtasan?

Ang pananampalataya ay ang tanging kinakailangan para sa kapatawaran, ngunit ang tunay na pananampalataya kay Cristo ay laging nagdudulot sa isang tao na magsisi sa kaniyang mga kasalanan. Ang paglapit kay Cristo (pananampalataya) at paglayo mula sa kasalanan (pagsisisi) ay mangyayari sa parehong oras, ngunit ang pananampalataya ang nagiging daan upang maging posible ang paglayo sa kasalanan. Ang nakapagliligtas na pananampalataya ay isang regalo mula sa Dios.[18] Sapagkat ang kaligtasan ay hindi maaaring umiral ng walang kasamang pagsisisi. Kung ang isang tao ay ayaw magsisi, hindi niya nais na mailigtas mula sa kasalanan.

Kung hindi nagsisisi ang isang tao, hindi niya inaamin ang kasamaan ng kasalanan. Kung hindi niya nakikita kung bakit dapat siyang huminto sa pagkakasala, kung gayon ay hindin niya nakikita na ang kanyang kasalanan ay tunay na masama. Kung hindi niya nakikita na ang kanyang kasalanan ay masama, hindi niya talaga nauunawaan kung bakit kailangan niya ng kapatawaran.

Kung hindi nakikita ng isang tao ang kanyang sarili na nagkasala, na wala siyang maitatanggi sa kanyang ginawa, at karapat-dapat na parusahan, hindi siya magsisisi. Kung inaamin niya na siya ay isang makasalanan ngunit nagnanais ng isang relihiyong papayagan siyang patuloy na magkasala, hindi siya tunay na nagsisisi, dahil nais niyang magpatuloy na gawin ang mga bagay na masasama.

## Pagtukoy sa Nakapagliligtas na Pananampalataya

► Kung ang isang tao ay may nakapagliligtas na pananampalataya, ano ang ibig sabihin na siya ay nananampalataya?

### (1) nakikita niya na wala siyang magagawa upang gawing matuwid ang kanyang sarili.

> "Sapagka't dahil sa biyaya ay naligtas ka sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa pamamagitan ng iyong sarili; ito ay kaloob ng Dios, at hindi sa pamamagitan ng inyong mga gawa, upang walang maipagmalaki ang sinuman" (Efeso 2:8-9).

Napagtanto niya na wala siyang magagawa, kahit bahagya (mga gawa) upang gawin siyang karapat-dapat na maligtas.

### (2) Naniniwala siya na ang sakripisyo ni Cristo ay sapat para sa kanyang kapatawaran.

> "At siya ang kapatawaran para sa ating mga kasalanan, at hindi lamang para sa atin, kundi para din sa kasalanan ng buong mundo" (1 Juan 2:2).

[18] Efeso 2:8-9.

Ang Kapatawaran ay nangangahulugan ng isang handog upang gawing posible ang ating kapatawaran.

**(3) Naniniwala siyang pinatawad na siya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.**

> "Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin niya tayo at lilinisin tayo sa lahat ng ating mga kasalanan sapagkat siya ay tapat at matuwid" (1 Juan 1:9).

Kung sa palagay niya ay may iba pang mga kondisyon, inaasahan niyang maililigtas din siya sa pamamagitan ng mga gawa sa halip na sa pamamagitan ng biyaya lamang.

### Pagbabalik-loob

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Gawa 26:16-18 para sa pangkat. Ano ang sinasabi ng mga talatang ito na magiging ministeryo ni Pablo?

Ang ministeryo ni Pablo ay upang akayin ang mga tao patungo sa pagbabalik-loob. Ang Talatang 18 ay naglalarawan ng pagbabalik-loob. Kabilang dito ang pagtalikod mula sa kadiliman patungo sa liwanag at mula sa kapangyarihan ni Satanas patungo sa Dios, tumanggap ng kapatawaran, at pagtanggap ng mana ng mga pinabanal. Ito ay nangyayari sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.

Ang pagbabalik-loob mula sa makasalanan patungo sa pagiging Kristiyano ay isang dakilang pagbabago. Tinawag ito ng Biblia bilang isang bagong nilalang (2 Corinto 5:17). Wala na ang dati niyang pagkatao, at napalitan na ng bago.

Iniwan na ng taong nagbalik-loob ang mga dios-diosan at tinalikuran na ang anumang kaugalian sa relihiyon na salungat na sa ganap na katapatan sa Dios (1 Tesalonica 1:9).

Ang pagbabago ay karaniwang kamangha-mangha sa ibang tao (1 Pedro 4:3-4). Hindi nila nauunawaan kung bakit maraming pagbabago ang taong iyon. Maaaring usigin siya ng pinakamalapit niyang mga kaibigan at kamag-anak (Mateo 10:34-36).

Ang taong nagbalik-loob ay hindi na nakikibahagi sa mga naisin at prayoridad ng mundo. Ang pagkakaibang ito ang isa sa mga patunay na siya ay nagbalik-loob (1 Juan 2:15). Minamahal ng taong nagbalik-loob ang ibang mananampalataya at nagnanais ng pakikisama sa kanila. (1 Juan 3:14).

Nagbabago ang mga pagnanais ng isang tao kapag siya’y nagbalik-loob. Mayroon pa rin siyang mga pagtukso, subali’t nagagawa na niyang paglabanan ang tukso upang magkasala, dahil hindi na siya kontrolado ng makasalanang mgapagnanais. Mayroon na siyang pagnanais para sa Salita ng Dios dahil naranasan na niya ang biyaya ng Dios. (1 Pedro 2:2-3)

Minamahal ng isang nagbalik-loob ang Dios at nais niyang bigyang lugod ang Dios. Hindi niya aariing mahirap at di-kanais-nais ang mga kautusan ng Dios (1 Juan 5:2-4).

Ang taong nagbalik-loob ay nagpapanatili ng kanyang personal na relasyon sa Dios, lalu na sa pananalangin. (1 Corinto 1:2)

► Sa iyong sariling mga salita, sabihin ang pagbabagong nangyayari kapag ang isang tao ay nagbabalik-loob.

### Mga Katangian ng Bagong Kapanganakan

Sinasabi ng Biblia na kapag ang isang tao ay ipinanganak ng muli, ang buo niyang pagkatao ay ginagawang bago. Kabilang sa mga nababagong mga bagay ang mga sumusunod:

- Isang bagong kalikasan – ang banal na kalikasan (2 Pedro 1:4)
- Isang bagong Amo/Panginoon – Si Cristo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Mateo 23:10, Roma 8:14)
- Isang bagong pagnanais para sa Salita ng Dios (1 Pedro 2:2)
- Isang bagong ugali na puno ng pag-ibig (Roma 5:5, 1 Juan 4:7-8)
- Isang bagong kaugnayan bilang mga anak ng Dios (Juan 1:12)
- Isang bagong Katuwang, ang Banal na Espiritu (Juan 14:16, Roma 8:26-27)
- Isang bagong tagapagtaguyod kung mahulog tayo sa kasalanan, siya ay si Cristo Jesus (1 Juan 2:1)
- Isang bago at buhay na pag-asa ng buhay na walang hanggan (Roma 8:12, 1 Juan 3:2)

### Personal na Garantiya ng Kaligtasan

► Ano ang mga maling dahilan ang maaaring isipin ng isang tao na siya ay isang Kristiyano?

Maaaring isipin ng isang tao na siya ay isang Kristiyano

- Dahil siya ay nabautismuhan,
- Dahil siya ay isang miyembro ng iglesia,
- Dahil naniniwala siya sa ilang mga doktrina ng Kristiyano,
- Dahil sinusunod niya ang ilang mga kaugalian sa relihiyon,
- Dahil sinusunod niya ang ang isang pamantayan ng tamang pagkilos,
- Dahil mayroon siyang mga espirituwal na karanasan, o
- Dahil gumawa siya ng isang desisyon at naghayag ng kanyang pananampalataya.

Ayon sa Biblia, wala sa mga ito ang sapat upang matiyak ng isang tao na siya ay isang Kristiyano.

Sinasabi sa atin ng Biblia na maaari nating malaman kung tayo ay siguradong ligtas. Maaari tayong magkaroon ng tiwala na tinanggap tayo ng Dios. Hindi natin kailangang mamuhay sa takot, sapagkat tinitiyak sa atin ng Espiritu ng Dios na tayo ay mga anak ng Dios.[19]

[19] Roma 8:15-16.

Ang katiyakang ito ay lubos na kumpleto na, kaya hindi na natin kailangang mangamba sa Araw ng Paghuhukom.[20] Sinasabi ng ilang tao na umaasa silang tatanggapin sila sa langit, ngunit maaari tayong magkaroon ng isang mas matibay/tiyak na katiyakan kaysa doon. Hindi sapat na paniwalaan na ang kaligtasan ay inialok sa buong sangkatauhan; dapat malaman ng isang tao na siya mismo ay ligtas.

► Paano makakatiyak ang isang tao na siya ay ligtas?

May mga tao na umaasa sa kanilang damdamin, ngunit ang damdamin ay nagbabago at maaaring maging mapanlinlang.

Ang binagong buhay ay nagbibigay ng katibayan na ang isang tao ay naligtas, ngunit ang katibayan na iyon ay hindi umiiral sa unang sandali. Hindi pa sapat ang panahon upang lumitaw ang mga resulta ng kaligtasan. Samakatuwid, ang buhay na binago ay hindi batayan ng pagiging tiyak na ligtas.

Ang mananampalataya ay maaaring maging sigurado sa kanyang kaligtasan sa pamamagitan ng pag-alam na siya ay sumusunod sa paraan ng banal na kasulatan tungo sa kaligtasan. Kung ang isang tao ay tunay na nagsisi at nanampalataya batay sa kautusan ng Biblia, may karapatan siyang maniwala na pinatatawad siya ng Dios. Kapag ang isang tao ay nagsisi at nanampalataya, ibinibigay ng Dios ang kanyang Espiritu bilang saksi na siya ay naging anak ng Dios.

Kung sinusubukan ng isang tao na pakiramdaman na siya ay ligtas ngunit hindi talaga siya nagsisi, siya ay malilito at maaaring linlangin ang kanyang sarili.

Kung ang isang tao (1) ay tunay na nagsisisi, (2) nagtitiwala sa pangako ng Dios na nasa Banal na Kasulatan, at (3) tumanggap ng patotoo ng Espiritu, hindi siya malilinlang. Ang katiyakan na ito ay batay sa Salita ng Dios, na siyang lubos na maaasahan. Palaging tinutupad ng Dios ang kanyang mga pangako.

### 10 Mga Salita para sa Aspeto ng Kaligtasan

**Reconciliation/Pakikipagkasundo:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang mga dating kaaway ay muling pinanumbalik ang kaugnayan. Sa kaligtasan, tayo ay muling pinanumbalik sa kaugnayan sa Dios.[21]

**Expiation/Pagwawalang-sala:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang talaan ay tinanggal na. Sa kaligtasan, ang ating talaan ng mga kasalanan ay binura na.[22]

[20] 1 Juan 4:17.
[21] 2 Corinto 5:19, Roma 5:1 (Ang versikulong ito ay tumutukoy sa parehong justification and reconciliation).
[22] Hebreo 8:12.

**Propitiation/Kabayaran:** Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang bagay na ibinigay upang pawiin ang galit ng isang tao. Sa kaligtasan, ang handog ni Jesus ang siyang pumapawi ng galit ng Dios na para sa atin.[23]

**Deliverance/Kaligtasan:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay iniligtas mula sa kapangyarihan ng ibang tao. Sa kaligtasan, tayo ay inalis mula sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas at ng kasalanan.[24]

**Redemption/Katubusan:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang halaga ay binayaran upang ang isang tao ay maaaring maging malaya. Sa kaligtasan, ang pagkamatay ni Jesus ang kabayaran upang tayo ay maging malaya mula sa pagkaka-alipin at parusa ng kasalanan.[25]

**Justification/Pagpapawalang-sala:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay ipinahayag na matuwid, o walang sala. Sa kaligtasan, ang isang napatunayang makasalanan ay ibinilang na matuwid sapagkat si Jesus ay nagdusa para sa kanyang lugar.[26]

**Sanctification/Pagpapabanal:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay ginawang banal. Sa kaligtasan, ang isang makasalanan ay binago patungo sa isang banal na anak ng Dios.[27]

**Adoption/Pag-ampon:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay naging ligal na anak ng iba. Sa kaligtasan, tayo ay naging mga anak ng Dios.[28]

**Pagbabagong-buhay/Bagong Kapanganakan:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay nagsimula ulit ng bagong buhay. Sa kaligtasan ang mananampalataya ay magsisimula ulit ng bagong pamumuhay.[29]

**Sealing/Pagmamarka:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang bagay ay minarkahan upang ipakita kung sino ang nagmamay-ari nito. Sa kaligtasan, ang Banal na Espiritu sa atin ay ang nagpapakilala sa atin bilang isang taong pagmamay-ari ng Dios.[30]

### Mga Pagkakamali na dapat Iwasan: Ang isang Relihiyon na walang Pagsisisi

Mayroong isang uri ng tao na madaling nag-iisip na siya ay ligtas kapag narinig niya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi siya tunay na nagsisi dahil hindi niya nakita na kailangan niyang magsisi. Hindi niya nakikita ang

---

[23] 1 Juan 2:2.
[24] Lucas 1:74; Roma 6:6, 12-18.
[25] Efeso 1:7, Tito 2:14.
[26] 2 Corinto 5:19, Roma 5:1 (Ang versikulong ito ay tumutukoy sa parehong pagpapawalang-sala at pakikipagkasundo).
[27] Marami sa mga sulat ay tumutukoy sa mga mananampalataya bilang " ang mga pinabanal" (Efeso 1:1, Colosas 1:1, Filipos 1:1).
[28] Juan 1:12, Roma 8:15.
[29] Efeso 2:1, Juan 7:38-39, Galacia 4:29, Juan 3:5.
[30] Efeso 1:13.

kanyang sarili bilang isang makasalanang karapat-dapat sa parusa ng Dios. Iniisip niya na ang biyaya ay nangangahulugan na magagawa niya ang mga bagay sa kanyang sariling paraan. Dahil tinatanggap niya ang katotohanan ng Kristiyanismo, iniisip niyang kristiyano na siya kahit na wala siyang pagbabago ng kalooban. Hindi niya isinuko ang kanyang sariling kagustuhan; sa halip, tinggap niya ang Dios bilang isang bahagi ng kanyang buhay at nananatiling nabubuhay ayon sa kanyang sariling kagustuhan. Hindi ito ang simula ng isang nakapagliligtas na relasyon sa Dios, ayon sa paglalarawan sa banal na kasulatan.

**Takdang Aralin**

(1) Sa leksiyong ito ay pinag-aralan natin ang 10 mga salita para sa aspeto ng kaligtasan. Sa ilang mga talata, ipaliwanag kung alin sa mga ito ang tila pinakamahalaga sa iyo sa iyong pakikipag-ugnayan sa Dios. May ilan bang kailangan mong pag-isipan pa?

(2) Batay sa mga uri ng Kristiyanismo na nakikita sa inyong bansa, at lalo na sa inyong sariling rehiyon, ano ang iniisip ng mga tao patungkol sa kahulugan ng pagiging Kristiyano? Sa 2-3 na pahina, ilarawan ang ibat-ibang uri ng tao at kung ano ang sasabihin nila kung ano ang isang Kristiyano. Ipaliwanag kung ano ang mali sa kanilang konsepto ng pagsisisi, ng nakapagliligtas na pananampalataya, o iba pang doktrina.

# Leksiyon 3
# Ang Pangangailangan na Mag-Ebanghelyo

## Panimula

► Maaari bang maligtas ang isang tao kahit hindi niya naririnig ang ebanghelyo? Kailangan ba ang gawain ng pag-eebanghelyo?

Sa Banal na Kasulatan ay matatagpuan natin ang mga halimbawa ng mga naabot ng biyaya ng Dios kahit walang naganap na pakikipag-ugnayan mula sa Israel o sa Iglesia. Si Job ay isang matuwid at tinatanggihan ang kasamaan bago pa nabuhay si Moises at bago pa naisulat ang mga pahina ng Banal na Kasulatan. Si Balaam ay may kaugnayan sa Dios at kilala bilang manghuhula na nakatatanggap ng mensahe mula sa Dios nang hindi nakaranas ng tila siya'y nangangarap. Si Abimelech ay kumilos ng mas matuwid kaysa kay Abraham matapos isipin ni Abraham na, "Tunay nga na ang pagkatakot sa Dios ay wala sa lugar na ito." Ang Roma 1:21-32 ay naglalarawan sa mga pagano na nasa isang kalagim-lagim na kalagayan; hindi dahil hindi nila alam ang tungkol sa Dios, sa halip ito ay dahil tinanggihan nila kung ano ang kanilang nalaman. (Tingnan din ang Awit 19 at Roma 10:18.)

"Ang Dios ay malapit sa mga taong may takot sa kanya; at ipapaunawa niya sa kanila ang kanyang kasunduan" (Awit 25:14). Ang tipan ay ang mga alituntunin para sa relasyon ng Dios sa tao, na nangangailangan ng isang kaloob na biyaya sapagkat ang lahat ay nagkasala. Kung ang isang tao ay may buong takot at paggalang sa Dios, ipapakita sa kanya ng Dios ang paraan kung paano magkaroon ng kaugnayan sa kanya.

Sinasabi ng Biblia na walang ibang pangalan para sa kaligtasan maliban sa pangalan ni Jesus (Gawa 4:12). Gayunpaman, hindi pa alam ng mga taong naligtas sa Lumang Tipan ang pangalan ni Jesus. Sila ay nagtitiwala sa mga pangako ng Dios na magkakaloob ng katubusan at kapatawaran, at ipinagkaloob nga niya ito sa pamamagitan ni Jesus. Sa katulad na paraan, ang taong hindi pa nakakarinig ng pangalan ni Jesus ay maaaring magtiwala sa Dios para sa kaligtasan na ibinigay niya sa pamamagitan ni Jesus.

Kaya, ano ang ibig sabihin na ang kaligtasan ay hindi maaaring dumating/dumaan sa iba pang pangalan? Ito ay nangangahulugan na walang ibang alternatibong paraan upang magkaroon ng kaligtasan. Ang isang tao ay hindi maaaring maligtas sa iba pang paraan ng kaligtasan. Ito rin ay nangangahulugan na hindi dapat tanggihan ng isang tao si Jesus kung nalaman niya ang patungkol sa kanya, sapagkat ang hindi pagtanggap sa kanya ay hindi rin pagtanggap sa kaligtasan o kaya ay paghahanap ng ibang paraan patungo sa kaligtasan.

Sinabi ni Jesus, "Kung sino man ang nagnanais na gumawa ng kanyang kalooban, dapat niyang malaman ang doktrina." Ito ay isang pangako na kung ang isang tao ay matapat na hinahanap ang Dios, sasabihin sa kanya ng Dios ang mga bagay na dapat niyang malaman. "Ito ang tunay na ilaw, dumating ito sa sanlibutan upang magbigay ng liwanag sa lahat ng

tao" (Juan 1:9). Ang Banal na Espiritu ang nagdadala ng liwanag ni Jesus maging sa mga hindi pa nakakarinig sa kanya.

Maraming tao ang nakatanggap ng mga pangitain o iba pang espesyal na pagpapahayag na nagdala sa kanila sa Dios bago nila narinig ang ebanghelyo mula sa isang mensahero. Halimbawa, sa modernong panahon maraming Muslim ang nagbalik-loob pagkatapos matanggap ang isang mensahe mula sa Dios.

► Narinig mo ba ang tungkol sa isang tao na tumanggap ng espesyal na pakikipag-ugnayan mula sa Dios bago pa lubusang maunawaan ang ebanghelyo?

Kaya, makikita natin na posible para sa isang tao na mahanap niya ang Dios at pati ang maligtas kahit na hindi niya naririnig ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga mensahero. Ngunit, inilalarawan ng Biblia ang ebanghelyo bilang isang mensahe na dapat marinig ng bawat tao.

Inilalarawan ng aklat ng Roma ang pangangailangan para sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Sinabi ng Apostol na ang ebanghelyo ay "ang kapangyarihan ng Dios tungo sa kaligtasan" (1:16). Sinabi niya na mayroon siyang utang sa lahat ng tao, na ipangaral sa kanila ang ebanghelyo (1:14). Ipinangaral niya ang katotohanan na tayo ay itinuturing na matuwid sa harapan ng Dios sa pamamagitan lamang ng pananampalataya sa kanya (3:26, 5:1).

> Sa malawak na kapatagan hanggang sa Hilaga, kung minsan ay may nakikita ko sa araw kapag nagbubukang liwayway na parang usok ng isang libong mga nayon kung saan wala pang misyonero ang nakapunta pa– mga nayon kung saan ang mga tao ay wala pang naririnig tungkol kay Cristo, o patungkol sa Dios, at wala rin naririnig na pag-asa.
>
> - Robert Moffat

Pagkatapos, dumating ang tila ay pagmamadali sa pangangailangang mag ebanghelyo. Sinabi niya, "Paano sila sasampalataya kung hindi pa sila nakakarinig ng tungkol sa kanya? At paano sila makakarinig kung walang mangangaral?" (10:14). Sinabi niya, "Ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol sa Salita ng Dios" (10:17). Ginagamit ng Dios ang ebanghelyo upang lumikha ng nakapagliligtas na pananampalataya sa mga nakakarinig. Ang pangangaral ng ebanghelyo ang karaniwang pamamaraan ng Dios upang iligtas ang mga makasalanan.

Kung maaari silang maligtas kahit na walang mangangaral, bakit napakahalaga ng isang mensahero?

### Bakit Kailangan Ang Mga Misyonero?

Sinagot ng misyonerong si Steve Hight ang tanong na iyon (Bakit kailangan ang mga misyonero?) tulad nito:

Ang simpleng sagot ay: dahil ang mga tao, nang makita nila ang ilaw, ay tinanggihan nila ito. Ipinababatid sa atin ng Juan 1:9 na si Jesus ay "ang ilaw na nagbibigay liwanag sa lahat ng tao." Ngunit sa parehong kabanata ay nabasa natin ang mga salitang nakakabahala: "nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw; at hindi ito nagagapi kailanman ng kadiliman" (v. 5); o, sa halip, hindi hinawakan ang liwanag upang taglayin ito. Inihayag ni Pablo na ang sanlibutan ay nagpapakilala sa Dios (Roma 1:19-20) at iyon, kahit na "nakilala nila ang Dios, siya'y hindi nila pinarangalan bilang Dios" (v. 21). Sinuri ni Juan ang sitwasyon tulad nito: "At ganito ang paghatol ng Dios, naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag" (3:19). Mas pinipili ng puso ng tao ang kadiliman. Dahil sa panlilinlang at desperadong kasamaan nito (Jeremias 17:9), ang makasalanang puso ay tumatalikod sa Dios.

Samakatuwid, dapat dalhin muli ng mga misyonero ang ilaw! Ang Dios ng mga pangalawang pagkakataon ay nagpapadala ng kanyang mga kinatawan sa pamamagitan ng nagliliyab na sulo ng ebanghelyo "upang ibalik sila sa liwanag mula sa kadiliman" (Gawa 26:18).

Nang isinugo ni Jesus ang mga alagad upang ipangaral ang ebanghelyo, sinabi niya na kung hindi tatanggapin ng isang lungsod ang kanilang mensahe, dapat nilang ipagpag ang alikabok sa kanilang mga sapatos sa kanilang pag-alis sa lungsod. Sinabi niya na ang alikabok ang magiging patotoo laban sa kanila sa araw ng paghuhukom. Ang alikabok mula sa kanilang mga sapatos ay patunay na ang isang mensahero ng ebanghelyo ay nagpunta sa kanilang lungsod. Ang mga tumanggi sa ebanghelyo ay tatanggap ng mas masamang hatol kaysa sa mga hindi nakarinig nito. Sinabi ni Jesus na sila ay hahatulan ng mas malala kaysa sa mga tao mula sa Sodoma. Ito ay nagpapahayag sa atin na ang ebanghelyo ay nagdudulot ng malaking kalamangan sa mga nakikinig dito. (Marcos 6:11).

Sinagot ni Pastor Eric Himelick ang tanong na (Bakit kailangan ang mga misyonero?) ito ang kanyang paliwanag:

Nagpapadala kami ng mga misyonero dahil ang mensahe ng ebanghelyo ay pinakamahusay na naibabahagi sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan. Ang katotohanan ng ebanghelyo ay hindi isang listahan ng mga hindi personal na katotohanan tungkol sa Dios o mga paniniwala sa relihiyon na nakakahon at kailangang suriin o markahan; nakapaloob ito sa katauhan ni Cristo Jesus. Ang mga misyonero ay kumakatawan para kay Cristo, sa kanyang mensahe, at kanyang ministeryo ng pakikipagkasundo (2 Corinto 5:20).

Kinakailangan ang mga misyonero sapagkat kung walang direktang pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, ang karamihan ay mawawala. Hindi natin nais na paniwalaan na ang mga tao ay nawawala dahil sa ating hindi pagkilos, ngunit sinasabi ng malinaw sa Roma 10:13-15 : "paano sila makakarinig ng ebanghelyo kung walang mangangaral?" Ang nakakalungkot na

katotohanan ay, hindi sila makakarinig. Mahalaga ang pagpapadala at pagsuporta sa mga misyonero. Hindi isang solusyon ang pag-asang gagawin ng Dios para sa atin ang gawaing ibinigay niya nang tayo ay kanyang tawagin. Ibinigay ng Dios sa atin ang Dakilang Komisyon; at kung kanino ibinigay ang marami, marami ang inaasahan/kinakailangan. Nagpapadala tayo ng mga misyonero bilang tugon sa biyaya ng Dios at sa pananalig na kumikilos ang Dios sa kanyang mundo upang ilapit ang mga tao palapit sa kanyang dakilang puso.

## Ang Praktikal na Paggamit ng Ebanghelyo

Ang ebanghelyo ay ang mabisang paraan na idinesenyo ng Dios para mailigtas ang mga nawawala. Ito ang "kapangyarihan ng Dios patungo sa kaligtasan." Isaalang-alang natin ulit ang tanong na ito: Kung ang isang tao ay maaaring maligtas kahit na hindi siya makarinig ng ebanghelyo, bakit natin kailangang magpadala ng mga misyonero? Isaalang-alang ang ilang katulad na katanungan. Kung ang isang tao ay maaaring maligtas kahit na hindi ko siya ipanalangin, bakit kailangan ko siyang ipanalangin? Kung ang isang tao ay maaaring maligtas kahit na hindi siya makarinig ng ebanghelyo ng higit sa isang beses, bakit kailangan natin siyang sabihang muli? Kung ang isang tao ay maaaring maligtas ng wala ang iglesia, bakit kailangan nating magkaroon ng iglesia? Ang malinaw na sagot ay, "Oo, maaari siyang maligtas, ngunit mas malamang ay hindi." Ito ang mga paraan na dinisenyo ng Dios para mailigtas ang mga tao.

> Ang populasyon ng mundo ay higit sa pitong bilyon mula noong 2011. Higit sa 153,000 katao ang namamatay bawat araw, ngunit ang populasyon ng mundo ay nagdaragdag pa rin ng 220,000 bawat araw. Mahigit sa 100 katao ang namamatay bawat minuto. Mahigit sa 1,000 katao ang namatay mula nang nagsimula kang magbasa sa leksiyong ito. Gaano karami sa kanila ang nakarinig ng ebanghelyo bago sila namatay?

Ang Salita ng Dios ay ang kasangkapang ginagamit ng Banal na Espiritu upang dalhin ang mga makasalanan sa Dios. Sinasabi rin ng Biblia na ang mga tao ay ipinanganganak na muli sa pamamagitan ng Salita ng Dios (1 Pedro 1:23, 25).

Halos wala nang makita ang mga misyonero na sinumang tao na naligtas bago pa makarinig ng ebanghelyo. Ang katotohanan na inililigtas ng Dios ang isang taong tapat kahit na wala ang ebanghelyo ay nagpapakita ng kanyang pagiging patas, ngunit hindi nito binibigyang katwiran ang ating pagpapabaya sa mga ordinaryong paraan na kanyang dinisenyo. Sa pangkalahatan, ang mga hindi nakarinig ng ebanghelyo ay maliligaw. "Nakakaawa ako, kung hindi ko ipapangaral ang Magandang Balita" (1 Corinto 9:16).

► Basahin ang Mateo 9:35-38

Si Jesus ay mayroong malakas na pagnanais na tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao. Siya ay abala sa pangangaral at pagpapagaling.

Si Jesus ang pinaka-nag-aalala tungkol sa mga pangangailangang espirituwal ng mga tao. Nais niyang maligtas sila at makilala ang Dios. Sa talatang ito, nabasa natin na nakita ni Jesus ang napakaraming tao at siya ay lubos na nahahabag para sa kanilang pangangailangang espirituwal. Nakita Niya na sila'y parang mga tupang walang pastol. Inihambing din niya ang pagmiministeryo sa gawain ng pag-aani, at siya ay nalungkot na kakaunti lamang ang mga manggagawa.

Inutusan ni Jesus ang kanyang mga alagad na manalangin. Sinabi niya sa kanila na ipanalangin na magpadala ang Dios ng mga tagapag-ani.

► Bakit sinabi ni Jesus sa mga alagad na ipanalangin ang panalanging ito? Tiyak na nais ng Dios na gawin ito kahit na manalangin tayo o hindi, tama?

Kapag ipinapanalangin nating magpadala ang Dios ng mga tagapag-ani, tayo ay nananalangin ayon sa kalooban ng Dios. Dahil dito, alam natin na sasagutin ng Dios ang ating panalangin.

May isa pang kadahilanan kung bakit dapat ipanalangin ng mga mananampalataya ang panalanging ito. Gusto ni Jesus na ibahagi sa kanyang mga alagad ang kanyang habag at makibahagi sa kanyang misyon na mag-ebanghelyo. Kung ipinapanalangin nila ito ng madalas, magsisimula silang magkaroon ng mas malaking pagpapahalaga patungkol sa pag-aani. Magkakaroon sila ng pagnanais na makilahok sa pag-aani at hihikayatin rin ang iba.

Dapat nating hangarin na magkaroon ng pagpapahalaga patungkol sa parehong mga bagay na pinahahalagahan ni Jesus. Dapat nating ipanalangin ang panalanging ibinigay niya sa kanyang mga alagad, upang magkaroon ito ng parehong epekto para sa atin.

### Isang Kwento ng Misyonero

Nagpunta ang isang grupo ng mga misyonero sa isang bilangguan upang mangaral. Libu-libong mga bilanggo ang naroon, at ang karamihan sa kanila ay mga mamamatay-tao at terorista. Nangaral ang mga misyonero sa pamamagitan ng isang entablado sa labas. Sa paligid ng entablado, may mga guwardyang may baril na nakatayo sa gilid upang protektahan sila. Sa pagtatapos ng sermon patungkol sa ebanghelyo, itinanong ng mangangaral kung sino sa mga bilanggo ang nagnanais na lumapit upang makatanggap ng isang Bagong Tipan. Tatlumpung kalalakihan ang lumapit.

Makalipas ang ilang linggo ay bumisitang muli sa bilangguan ang mga misyonero. Bago ang gawain, sinabihan sila ng pinuno ng tagapagbantay sa bilangguan na ang lahat sa tatlumpung kalalakihan na tumanggap sa Bagong Tipan ay pinatay ng iba pang bilanggo. Ipinangaral muli ng mga misyonero ang tungkol sa ebanghelyo, at sa pagtatapos ay muli nilang inialok na magbigay ng Bagong Tipan sa sinumang nagnanais na lumapit sa harapan. Tatlong daang kalalakihan ang lumapit sa harapan. Alam nila na ang tatlumpung kalalakihan ay namatay para sa pagtugon sa ebanghelyo, ngunit dahil mahalaga ang ebanghelyo sa

kanila, sila ay handang ipagsapalaran ang kanilang buhay. Naunawaan nila ang halaga ng mensahe na kanilang narinig.

## Takdang Aralin

(1) Sumulat ng ilang mga pangungusap upang sagutin ang bawat isa sa dalawang tanong na ito. Mayroon bang pagkakataon na maligtas ang isang taong hindi pa nakakarinig ng ebanghelyo? Bakit kailangan nating magpadala ng mga misyonero at mga tagapag-ebanghelyo?

(2) Basahin ang aklat ng Jonas. Pansinin ang pangangailangan para sa isang tagapagpahayag ng ebanghelyo. Ano ang inaalala ng Dios sa kwentong ito? Ano ang alalahanin ni Jonas? Sumulat ng 1-2 pahina ng iyong mga obserbasyon.

# Leksiyon 4
# Mahahalagang Punto ng Ebanghelyo

**Paalala sa Tagapanguna ng Klase:**

*Para sa bawat punto, ipabasa sa isang tao ang Banal na Kasulatan na ginamit na reperensiya, pagkatapos ay ipabasa ang paliwanag ng puntong iyon. Hayaan ang klase na maikling talakayin ang bawat tanong sa talakayan.*

**Panimula**

Ang mga sumusunod na puntos ay mahalaga sa ebanghelyo. Posible para sa isang tao na maligtas kahit na hindi niya lubusang nauunawaan ang mga ito. Gayunpaman, ang hindi pagtanggap sa alinman sa mga puntong ito ay nag-aalis sa pundasyon ng ebanghelyo. Ang isang tao o samahan na hindi tinatanggap ang alinman sa mga mahahalagang katotohanang ito ay may posibilidad na makabuo ng ibang ebanghelyo, at magkaroon ng tiwala sa maling paraan ng kaligtasan.

Kapag ibinabahagi mo ang ebanghelyo sa isang tao, ang ilang mga puntos ay magiging lalong mahalaga dahil sa mga pagkakamali na pinaniniwalaan na niya. Halimbawa, kung siya ay naniniwala na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng isang tiyak na samahan, paniniwalaan niya na ang pagiging isang miyembro ng isang samahan ay kinakailangan para sa kaligtasan. Kailangan niyang malaman na ang isang tao ay nakatanggap ng kapatawaran at nagkakaroon din ng direktang kaugnayan sa Dios.

**(1) Nilikha ng Dios ang sangkatauhan ayon sa kanyang wangis upang magkaroon ng kaugnayan ang Dios at tao (Genesis 1:27, Gawa 17:24-28).**

Ang katotohanang ito ay nagpapakita ng layunin kung bakit tayo nalikha at ang layunin ng kaligtasan. Ang katotohanang ito ay sinasalungat ng mga relihiyong hindi naniniwala sa isang Dios na mayroong personalidad. Ang katotohanang ito ay nagpapakita ng totoong problema sa mundo; ang mga tao ay walang kaugnayan sa Dios.

► Paano kung ang isang tao ay hindi naniniwala na mahal siya ng Dios?

**(2) Ang unang tao ay nagkasala at napahiwalay sa Dios (Genesis 3:3-6).**

Ipinapakita nito ang pinagmulan ng kasalanan at ang tunay na dahilan sa kalagayan ng mundo. Ang mundo ay isang lugar ng pagdurusa at kalungkutan dahil sa kasalanan. May kagalakan pa din at layunin dahil sa disenyo ng Dios, ngunit ang mundo ay hindi naging katulad ng nasa plano ng Dios.

► Paano kung ang isang tao ay hindi naniniwala na ang kasalanan ang tunay na problema sa mundo?

**(3) Ang bawat isa sa atin ay ipinanganak ng walang kaugnayan sa Dios at nakagawa ng kasalanan laban sa Dios (Roma 3:10, 23).**

Ang bawat tao ay napatunayang tunay na nagkasala laban sa Dios. Walang sinumang tao ang palaging gumagawa ng tama.

► Paano kung iniisip ng isang tao na maaari niyang bigyang-katwiran ang mga bagay na kanyang nagawa?

**(4) Ang bawat makasalanan na hindi nakakakita ng awa ay huhusgahan ng Dios at mapaparusahan sa walang hanggang kaparusahan (Hebreo 9:27, Roma 14:12, Pahayag 20:12).**

Ipinapakita nito ang kaseryosohan at pagmamadali na matugunan ang pangangailangan ng makasalanan na magkaroon ng kaligtasan.

► Paano kung ang isang tao ay hindi naniniwala na mayroong matuwid na Dios na nagagalit sa kanyang mga kasalanan?

**(5) Walang magagawa ang isang tao upang mabayaran ang mga kasalanan na nagawa niya laban sa Dios (Roma 3:20, Efeso 2:4-9).**

Ang mabubuting gawa at mga regalo ay hindi maaaring ipambayad para sa kasalanan, dahil ang kasalanan ay laban sa isang walang-hasnggang Dios at ang lahat ay pagmamay-ari niya.

► Paano kung ang isang tao ay naniniwala na dapat niyang gawing karapat-dapat ang kanyang sarili para sa kapatawaran?

**(6) Dapat magkaroon ng isang batayan para sa kapatawaran, sapagkat ang kasalanan ay hindi binabalewala ng Dios dahil siya ay makatarungan (Roma 3:25-26).**

Nais ng Dios na magpatawad;ngunit, kung siya ay nagpatawad ng walang batayan, ang kasalanan ay magiging walang halaga, at ang Dios ay tila hindi makatarungan.

► Bakit kinakailangan ang pagkamatay ni Cristo?

**(7) Si Jesus, ang Anak ng Dios, na nabuhay ng walang kasalanan at namatay bilang isang handog upang mapatawad ang ating mga kasalanan (Juan 3:16, Roma 5:8-9).**

Dahil si Jesus ang Anak ng Dios, ang kanyang pagiging handog ay walang hanggan ang halaga at nagbibigay ng isang batayan para sa kapatawaran ng sinuman sa mundo. Kung siya ay tao lamang, ang kanyang pagiging handog ay may limitadong halaga lamang. Ang

dugo ni Jesus ay kumakatawan sa kanyang buhay na ibinigay para sa atin. Kung wala ang kanyang dugo ay wala rin kaligtasan (Hebreo 9:22). Kung hindi siya Dios, hindi niya tayo lubusang maililigtas; at tayo ay walang pag-asa, at maghahanap ng ibang paraan ng kaligtasan.

► Bakit iniisip ng ilang mga relihiyon na dapat maligtas ang isang tao sa pamamagitan ng mga gawa?

**(8) Si Jesus ay pisikal na bumangon mula sa mga patay, na nagpapatunay ng kanyang pagkakakilanlan bilang Anak ng Dios at ipinapakita ang kanyang kapangyarihan na magbigay ng buhay na walang hanggan (Juan 20:24-28, Pahayag 1:18).**

Hindi tinatanggap ng mga kulto ang muling pagkabuhay ni Jesus at kadalasan ay hindi rin tinatanggap ang kanyang pagka-Dios at ang kasapatan ng pagiging handog niya para sa kaligtasan. Pagkatapos, nag-iimbento sila ng ibang paraan upang magkaroon ng kaligtasan.

► Ano ang mga bagay na nalaman natin dahil sa muling pagkabuhay ni Cristo mula sa mga patay?

**(9) Ang pagiging handog ni Jesus ay sapat para sa kapatawaran ng lahat ng kasalanan (1 Juan 1:9, 2:2).**

Kung hindi tinatanggap ng isang tao ang katotohanang ito, paniniwalaan niya ang isang ebanghelyo sa pamamagitan ng gawa. Maraming relihiyon ang naniniwala sa isang mensahe kung paano makakapag-ambag ng konti ang tao para magkaroon siya ng kaligtasan. Ito ang naglalagay sa tao sa ilalim ng isang relihiyosong samahan na nagsasabi sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin upang maligtas.

► Bakit naiisip ng ilang tao na hindi sila maliligtas kung wala ang kanilang relihiyosong samahan?

**(10) Pinatawad ng Dios ang bawat taong umamin na siya ay isang makasalanan, nagsisi sa kanyang kasalanan, at naniniwala sa pagpapatawad na ipinagako ng Dios (Marcos 1:15, 1 Juan 1:9).**

Walang kahit anong samahan ng tao ang may karapatang magdagdag sa mga kinakailangan para magkaroon ng kaligtasan o mag-alok ng ibang paraan ng kaligtasan.

► Anong uri ng tao ang may karapatang paniwalaang siya ay ligtas?

**(11) Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang tao ay humihingi ng tawad sa kanyang mga kasalanan at handang tigilan ang kanyang mga kasalanan (Isaias 55:7; Ezekiel 18:30, 33:9-16; Mateo 3:8).**

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na dapat gawing perpekto ng isang tao ang kanyang buhay bago siya tanggapin ng Dios; tanging ang Dios lamang ang makapagliligtas sa makasalanan mula sa kapangyarihan ng kanyang kasalanan. Ang pagsisisi ay

nangangahulugan na ang isang tao ay humihingi ng tawad para sa kanyang mga kasalanan at handa siyang tigilan ang mga ito. Kung ang isang tao ay hindi sang-ayon na tigilan ang kanyang mga kasalanan, hindi siya maaaring maligtas. Kung ang isang tao ay nananatiling namumuhay sa sinasadyang kasalanan, hindi pa siya naligtas.

► Bakit kailangan ang pagsisisi?

**(12) Ang isang nagsisisi, ay naniniwala na tumanggap ng kapatawaran ang makasalanan kapag nananalangin siya sa Dios at humihiling sa Dios na patawarin siya (Roma 10:13, Gawa 2:21).**

Ang bawat tao ay maaaring makalapit sa awa ng Dios dahil kay Jesus. Walang institusyon o taong tagapamagitan ang kinakailangan para matanggap ng isang tao ang kapatawaran ng Dios. Tinatanggap ito ng isang tao ng personal at nagsisimula ng isang direktang kaugnayan sa Dios.

► Paano natin malalaman na ang isang tao ay maaaring maging isang Kristiyano sa isang sandaling panahon?

### Takdang Aralin

(1) Takdang Aralin A: Sa ilang mga talata, ilarawan kung paano naging mahalaga sa iyo ang isa o dalawa mula sa mga puntong ito sa panahon ng iyong pagbabalik-loob.

(2) Takdang Aralin B: Pumili ng isang kulto o hindi-Kristiyanong relihiyon upang saliksikin. Sa 2-3 na pahina, ipaliwanag kung paano nila tinatanggihan ang ilan sa mga mahahalagang punto ng ebanghelyo. Ilarawan ang mga maling ebanghelyo na kanilang ipinapangaral at ipakita kung paano ito nakabatay sa maling doktrina. Ipaliwanag kung paano mo sila bibigyan ng katibayan mula sa banal na kasulatan para sa katotohanan.

# Lesson 5
# Evangelicalismat ang Prayoridad ng Ebanghelyo

## Panimula

► Basahin ang Efeso 1:4-9. Anong mahalagang doktrina ang itinuturo sa talatang ito?

## Pagsasalarawan sa Ebanghelikalismo

Ang isang ebanghelikal iglesya ay isang iglesya na nagtuturo ng kaligtasan mula sa ebanghelyo ng banal na kasulatan, kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya lamang at sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Walang mabuting gawain ng sangkatauhan ang makapagdadagdag sa pagbabayad-sala ni Cristo upang makatulong sa atin na maging karapat-dapat sa kaligtasan.

Ang pagpapahayag ng totoong ebanghelyo ay ang prayoridad ng isang ebanghelikal na iglesia sapagkat alam ng mga taong naniniwala sa ebanghelyo na mas mahalaga ang ebanghelyo kaysa sa anupamang bagay.

Ang ebanghelyo ay ang espesyal na kayamanan na ipinagkatiwala ng Dios sa iglesia kung saan ninais nitong ibahagi ito sa mundo.

Mayroong ilang mga katangian na tipikal sa karamihan ng mga ebanghelikong iglesya. Ang mga katangiang ito ay inilista sa mga sumusunod na ilang mga maiigsing talata.

**(1) Ang mga Evangelicals/Ebangheliko ay naniniwala sa ganap na awtoridad ng Biblia.**

Ang hindi pagtanggap sa awtoridad ng Biblia ay ginagawang kaduda-duda ang ebanghelyo.

**(2) Ang mga Evangelicals/Ebangheliko ay naniniwala sa mga kasaysayan, na mga pundasyong doktrina ng Kristiyanismo.**

Ang hindi pagtanggap sa mga doktrina ay magiging parang pagsalungat sa ebanghelyo. Halimbawa, hindi tinatanggap ng mga kulto ang pagka-Dios ni Cristo at hindi rin tinatanggap na sapat ang kanyang pagbabayad-sala para sa kaligtasan, at sa halip, sila ay nagtuturo ng isang ebanghelyo ng kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa.

**(3) Binibigyang diin ng mga Evangelical/Ebanghelikong iglesia ang pansariling espirituwal na karanasan.**

Ang katangiang ito ay umiiral dahil naniniwala sila sa indibidwal na pagbabalik-loob at pananampalataya. Dahil sa paniniwalang ito, binibigyang diin ng mga evangelicals/ebangheliko ang pag-eebanghelyo sa mga hindi pa mananampalataya at pagpagpapalagong espirituwal ng mga mananampalataya.

► Paano ipinapakita ng inyong iglesia ang mga katangiang ito? Mayroon bang iba pang mga katangian na nagpapakita na ang ebanghelyo ang kanilang prayoridad?

**Ang Sentralidad ng Ebanghelyo**

Ang ebanghelyo ang nagbibigay ng misyon sa iglesia. Ang iglesia na hindi ginagawang prayoridad ang ebanghelyo ay nakalimot na sa misyon na ibinigay ng Dios.

► Pinag-aralan natin ang Dakilang Komisyon na ibinigay sa Mateo 28:18-20. Ano ang pangunahing misyon ng iglesia?

Ang ebanghelyo ay lumilikha ng iglesia kung saanman ito ipinapangaral. Sa buong kasaysayan ang tunay na iglesia ay matatagpuan kung saan ipinapangaral ang ebanghelyo. Ang pamana ng iglesia mula pa noong panahon ng mga apostol ay hindi natagpuan sa pagpapatuloy ng mga institusyon, ngunit sa pagpapatuloy ng tapat na pangangaral ng ebanghelyo.

Ang lahat ng institusyon na nilikha ng iglesia ay dapat maglingkod/gawin ang priyoridad ng ebanghelyo. Halimbawa, ang isang programa para sa mga nagsasanay na pastor ay dapat maghanda sa mga ito upang pamunuan ang iglesia sa pagtupad ng misyon ng pagbabahagi ng ebanghelyo at pagdidisipulo.

> Mayroong direktang koneksyon sa pagitan ng pagiging Panginoon ni Cristo at ng misyon ng iglesia sa buong muindo. Ito ay malinaw na makikita mula sa mga talata sa Mateo patungkol sa Dakilang Komisyon. Ito ay tiyak dahil ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay ng Dios Ama sa Dios Anak upang ang iglesia ay magkaroon ng responsibilidad na gawing taga-sunod ni Cristo ang lahat ng bansa.
>
> - J. Herbert Kane,
> "The Work of Evangelism"

Ang mga institusyon ay may posibilidad na magkaroon ng kanilang sariling pagnanais at makalimutan ang orihinal na misyon. Ang pagpapanumbalik muli ng pagpapahalaga sa ebanghelyo ay palaging nagdudulot ng reporma/muling-pagbabago ng mga institusyon.

Ang iglesia ay nakakabuo ng mga tradisyon patungkol sa mga paniniwala, mga iba't-ibang uri ng pagsamba, pamumuhay bilang Kristiyano, at patakaran ng iglesia; ngunit ang pagpapanumbalik muli ng diin/pagpapahalaga sa ebanghelyo ay nagdudulot ng reporma/muling-pagbabago ng tradisyon.

## Mga halimbawa ng Pagkawala ng Priyoridad sa Ebanghelyo

### (1) Institusyonalismo

Habang kumikilos ang iglesia sa pagtupad ng misyon ng pag-eebanghelyo, mahalaga na gumawa ng mga plano, bumuo ng mga grupo, bumuo ng mga programa, at makahanap ng suporta. Ang mga iglesia ay bumubuo ng mga institusyon upang magawa ang mga praktikal na layunin. Kadalasan, ang mga institusyon ay nabubuo sa mga panahon ng espirituwal na pagkabuhay kung saan ang mga tao ay buo ang loob sa pagsunod at ang iglesia ay nahihikayat na magawa ang misyon nito.

Ang mga Institusyon ay kinakailangan. Ang institusyon sa simpleng salita ay ang pang-matagalang samahan ng mga tao at mga yaman. Kung walang institusyon, hindi magkakaroon ng mga gusali ang iglesia, walang mga misyon sa banyaga, walang paglalathala ng mga Biblia o anumang ibapang literatura, walang mga paaralang Kristiyano o programang pang-edukasyon, at walang suportang pinansyal para sa ministeryo. Kahit ang lokal na iglesya ay masasabing isang institusyong iiral lamang kung ang isang grupo ng mga tao ay maging buong-puso sa paggawa nito.

Kung ang isang institusyon ay matagumpay, maaari itong maging malaki, maraming tao at isang malaking badyet. Upang mapanatili ang isang institusyong ito ay nangangailangan ng maraming pagsisikap at gastos. Kadalasan ang mga taong gumagawa o kumikilos sa isang institusyon ay nagsisimulang makaramdam na ang pagbuo ng isang institusyon ay ang pangunahing layunin. Sa kanilang palagay ang kanilang dapat gawin ay mapanatili ang institusyon sa halip na tuparin ang orihinal na misyon ng institusyon.

Bagaman ang institusyon ay kinakailangan, dapat nilang suriin ng madalas ang kanilang mga sarili at hayaan na muli silang baguhin sa pamamagitan ng prayoridad ng ebanghelyo.

### (2) Relihiyon bilang isang Negosyo

Dahil ang ministeryo ay may potensyal na kumita ng pera/salapi, may mga tao na nagsisimula ng mga ministeryo bilang isang negosyo. Hindi mali para sa isang ministeryo na magbenta ng mga bagay upang makatulong sa mga gastusin sa ministeryo, at hindi rin mali para sa isang ministeryo na maghanap ng mga suportang pinansyal. Gayunpaman, kung ang isang tao ay mas nahihikayat na kumita ng salapi kaysa sa prayoridad ng ebanghelyo, hindi tama ang kanyang puso at hindi nakalulugod sa Dios ang kanyang mga ginagawa (1 Pedro 5:1-2, 2 Pedro 2:3).

Si Simon ay isang taong nagnais ng isang espirituwal na kaloob upang magkaroon siya ng katayuan at kumita ng salapi, ngunit sinabi sa kanya ng apostol na hindi tama ang kanyang puso (Gawa 8:18-23).

► Ano ang mali sa sitwasyon ng isang pastor na sinusubukang ibenta ang kanyang iglesya? Ano ang mali sa kanyang pagkakaunawa kung ano ang iglesya?

**(3) Syncretism**

Ang Syncretism ay ang pinaghalong Kristiyanismo at mga magkasalungat na mga paniniwala at mga kaugalian mula sa ibang relihiyon. Ang isang halimbawa ng syncretism mula sa panahon ng Bagong Tipan ay ang relihiyon ng mga Samaritano. Ang mga dayuhang sumasamba sa mga dios-diosan ay lumipat sa lupaing teritoryo ng Israel at pagkatapos ay pinaghalo ang relihiyon ng Israel sa kanilang pagsamba sa mga dios-diosan. Kaya sinabi ni Jesus na hindi kilala ng mga Samaritano ang kanilang sinasamba (Juan 4:22).

Ang isa pang halimbawa ng syncretism ay mula sa kasaysayan ng Haiti. Noong ang Haiti ay naging isang kolonya ng Pransya, ang mga alipin mula sa Africa ay kinailangang mag-convert sa Kristiyanismo. Pinaghalo nila ang kanilang dating mga relihiyon na Romanong Katolisismo. Maraming mga Haitians/Haitiano ay patuloy na nagsasagawa ng Voodoo, na isang pagsamba sa mga espiritu, ngunit gumagamit ng mga simbolong pang Kristiyano at mga pangalan ng mga Apostol.

Minsan ang syncretism ay nagaganap dahil ang Kritiyanismo ay nauugnay sa isang bansang nasasakupan ng iba pang bansa. Kinakailangang malugod ng mga tao ang mas nakakahigit na bansa, kaya tinatanggap nila ang mga relihiyosong kaugalian ngunit pinapanatili ang kanilang mga orihinal na paniniwala.

► Anong mga halimbawa pa ng pinaghalong Kristiyanismo at iba pang relihiyon ang iyong nakikita?

Ang mga makamundong motibo ay maaaring magdulot ng syncretism. Kung iniisip ng mga tao na ang pagtanggap sa ebanghelyo ay magbibigay sa kanila ng benepisyong pinansyal, impluwensyang pampulitika, o kaya ay pabor mula sa mga maimpluwensyang tao, maaari nilang tanggapin ang katangian ng Kristiyanismo ng hindi talaga tunay na nagbabalik-lobb. Pagkatapos, ay patuloy silang sumusunod sa kanilang mga lumang paniniwala at kaugalian ngunit tinatawag nila ang kanilang sarili na Kristiyano. Mas mainam kapag ang isang iglesia ay maaaring mag-ebanghelyo ng walang iniaalok na bagay na maaaring magiging dahilan para tumugon ang mga tao ng may maling motibo.

Ang Kristiyanismo ay parang isang banyagang relihiyon kapag ang ebanghelyo ay dinadala ng mga banyagang misyonero. Gayunpaman, mahalaga para sa Kristiyanismo na maitanim sa bawat kultura at kumuha ng anyong babagay sa kulturang iyon. Hindi ito dapat magpatuloy na magmukhang isang banyagang relihiyon. Gayunpaman, mahalaga para sa mga misyonero at mga nag-eebanghelyo na malaman kung anong mga detalye ng isang kultura ang maaaring hindi akma sa Kristiyanismo. Ang pag-unawa na ito ay isang proseso na dapat tinutulungan ng mga lokal na Kristiyano at hindi maaaring tapusin ng mabilis.

**(4) Mga Patok na Relihiyon**

Kung minsan ang isang relihiyon ay itinuturing na itinatag na relihiyon ng bansa. Halimbawa, sa ilang mga bansa, ang karamihan sa mga tao ay Muslim. Sa ibang mga bansa, itinuturing ng karamihan sa tao ang kanilang sarili bilang isang Romanong Katoliko.

Maraming tao ang hindi tunay na sumusunod sa pamantayang moral ng kanilang relihiyon at paminsan-minsan lamang sila nagsasagawa ng mga relihiyosong kaugalian; ngunit sinasabi nila na sila ay mga tagasunod ng relihiyong iyon.

Maraming tao ang tumatawag sa kanilang sarili na mga Kristiyano dahil sa kanilang mga kakilala sa lipunan at ang lahat ng mabubuting tao ay itinuturing nila na mga Kristiyano. Hindi sila tunay na nagsisi. Sinusunod nila ang kanilang mga sariiling pamantayan ng moralidad.

Ang ebanghelyo ay isang panawagan na magsisi at magpasakop kay Cristo. Sinabi ni Jesus na ang isang tao ay hindi maaaring maging kanyang disipulo maliban kung tatanggapin niya ang kamatayan ng kanyang sariling hangarin at maging isang tunay na tagasunod niya (Lukas 9:23).

Ang kahulugan ng isang Kristiyano ay hindi maiaakma upang maging tanyag sa isang makasalanang lipunan. Ang normal na moralidad ng isang lipunan ay palaging mas mababa kaysa sa moralidad ng Kristiyanismo, at ang isang Kristiyano ay salungat sa makamundo.

► Paano isinasalarawan kadalasan sa inyong lipunan ang tanyag na Kristiyanismo na walang pagsisisi?

### (5) Sectarianism

Hindi natin maaasahan na ang lahat ng mga Kristiyano ay sasang-ayon sa lahat ng mga doktrina. May pagkakaiba sa pagitan ng mga Kristiyano, kahit na tinatanggap nila ang Biblia bilang kanilang awtoridad para sa doktrina.

Minsan binibigyang diin ng mga iglesia ang mga doktrinang nagpapakilala sa kanila na sila ay iba mula sa ibang iglesia, ngunit ang mga doktrinang ito ay hindi mas mahalaga kaysa sa pundasyong doktrina ng Kristiyanismo. Ang isang iglesia ay hindi dapat magsabi na ang ibang iglesia ay hindi tunay na Kristiyano, kung ang mga iglesia ay nagtuturo ng mahahalagang katuruan ng ebanghelyo.

Ang isang iglesia ay hindi dapat magtatag ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pakikipagtalo sa ibang iglesia. Dapat muna nitong itatag ang kanyang sarili sa pamamagitan ng ebanghelyo, pagkatapos ay sa pamamagitan ng pagbuo ng pakikipag-ugnayan sa iba pang miyembro na buong puso ang pakikiisa sa grupo.

► Sa anong batayan dapat tanggapin ng isang iglesya ang ibang iglesya bilang tunay na Kristiyano?

### (6) Ang Kawalan ng Balanse sa Doktrina (Doctrinal Imbalance)

Kahit na ang isang totoong doktrina ay maaaring bigyang-diin sa paraan na parang sumasalungat sa iba pang katotohanan. Sa pagbibigay-diin ang patungkol sa biyaya, ang isang iglesia ay paraang pinaliliit ang pangangailangan ng pagsunod sa Dios. Sa pagbibigay-diin sa isang pagkakataon ng pagbabalik-loob, ang isang iglesia ay parang kinakalimutan

na ang proseso ng pagdidisipulo. Habang binibigyang-diin ang katapatan ng Dios sa mga tumatalikod/backslider, maaaring magkulang ang iglesia na magbigay ng babala sa panganib ng pagtalikod sa Dios. Habang binibigyan ng pagpapahalaga ang mga espiritual na kaloob, maaaring magkulang ang iglesya na bigyang pagpapahalaga ang malalim na paglagong-espirituwal at mga katangian ng isang Kristiyano.

Ang kawalan ng balanse sa doktrina ay lumilitaw sa paglipas ng panahon at may mga pangmatagalang epekto. Ang alinmang katuruan na (1) nagdudulot ng pagbabalewala sa kasalanan, (2) nag-aalis ng posibilidad ng katiyakan ng kaligtasan, (3) naglalagay ng dagdag na paghihirap sa paraan kung paano tutugon sa ebanghelyo ang isang tao, o kaya ay (4) itinatago ang ebanghelyo ay isang katuruan na nagpapakita ng kawalan ng balanse sa doktrina.

## Mga Naganap na Pagpapanibagong-buhay at mga Reporma sa Kasaysayan

May mga panahon sa kasaysayan ng iglesia na ang ebanghelyo ay parang nakalimutan ng mga malalaking institusyon. Mga pagkakamali katulad ng institutionalismo, mga pinaghalong paniniwala, at hindi balanse sa doktrina ay tila mas nakikita kaysa sa ebanghelyo. Ang mga Tagapanguna ay dapat na nagpapakita ng pagiging isang espirituwal na halimbawa ngunit tila ang mas naipapakita pa nila ay ang mga maling motibo, maling katangian, at pagkahumaling sa mga makamundong bagay.

Kung minsan ay nagpapadala ang Dios ng malaking pagbabalik-loob/great-revival sa iglesia. Ang pagbabalik-loob na may pangmatagalan at malawak na mga resulta ay may tatlong aspeto. Mayroong

1. theological reformation/teolohikal na reporma/ pababalik sa orihinal na teolohiya, kung saan ang pagbabalewala sa mga espirituwal na katotohanan ay muling naibabalik. Mayroong
2. espirituwal na pagbabago, na nagdudulot ng mas maraming panalangin, taimtim na pagsamba, at mas maraming nagbabalik-loob. Mayroong
3. mga bagong pamamaraan sa ministeryo, habang ang iglesya ay nakakahanap ng mga bagong paraan upang mag-ebanghelyo at mag-disipulo.

Ang Reporma ng mga Protestante (sa buong Europa noong 1500s) ay isang muling pagbabalik ng ebanghelyo ng kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya at sa pamamagitan ng pananampalataya. Libo-libong tao ang nakaranas ng pagbabalik-loob. Ang Banal na Kasulatan ay naisalin sa wika ng mga pangkaraniwang tao at ginawang posible para sa lahat na magkaroon nito.

Ang mga Anabaptist (sa buong Europa noong 1500s at mga sumunod na taon pa) ay ang mga taong nababahala dahil sa maraming tagasunod ng Repormasyon ang nag-iisip na ang paniniwala sa tamang doktrina ay sapat para sa kaligtasan. Maraming tao ang nagpahayag

na tumanggap sila ng katotohanan ng ebanghelyo ngunit hindi nakaranas ng pagbabalik-loob. Binibigyang diin ng mga Anabaptist ang personal na pagbabalik-loob.

Ang mga Pietist (sa katapusan ng 1600s sa Germany) ay ang mga taong nakaunawa sa kahalagahan ng pagdidisipulo. Gumawa sila ng mga maliit na ministeryong pang grupo at sistema para sa pagsasanay upang magamit sa paglago ng mga mananampalataya.

Ang Methodist Revival (sa katapusan ng 1700s sa Inggaltera) ay nagsimula sa ministeryo ni John Wesley. Hindi tinatanggap ng karamihan sa mga pari sa Iglesya ng Inggaltera na ang pagkakaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan ay posible. Ipinangaral ni Wesley na ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng katiyakan na mayroon siyang buhay na pananampalataya kay Cristo at mayroong katiyakan ng kaligtasan mula sa Banal na Espiritu.

► Ano ang malaking katotohanan ang kailangan mong bigyang-diin sa iyong lipunan?

## Konklusyon

Maraming institusyong Kristiyano, malaki at maliit (kabilang ang mga lokal na iglesya), ang nagsimulang ituon ang sarili na gawin ang prayoridad ng ebanghelyo. Sa paglipas ng panahon, marami sa kanila ang napalayo mula sa prayoridad ng iyon.

Upang mapanibagong muli ang pagiging epektibo ng iglesya, hindi natin kailangan ng kakaibang bagong doktrina o mga bagong pahayag. Ang kailangan natin ay isang pagbabalik sa prinsipyong ebangheliko ng pagiging prayoridad ng ebanghelyo.

## Pagsusulit

Sa susunod na pagpupulong ng klase, maging handa na magsulat ng sagot sa mga sumusunod na katanungan.

(1) Ano ang tatlong katangian ng ebanghelikong iglesya?

(2) Ano ang anim na paraan kung saan maaaring nawawala ang prayoridad ng ebanghelyo?

(3) Ano ang apat na palatandaan na ang isang doktrina ay hindi balanse?

(4) Ano ang tatlong aspeto ng pangmatagalang revival?

(5) Gumawa ng isang tunay na pahayag patungkol sa bawat isa sa mga sumusunod:

- Ang Protestant Reformation
- Ang Anabaptist
- Ang Pietist
- Ang Methodist Revival

# Leksiyon 6
# Ang Pagkilos ng Banal na Espiritu

## Paalala sa Tagapanguna ng Klase:

Sa simula ng sesyon na ito, ang pinuno ng klase ay dapat ibigay ang mga tanong sa pagsusulit na ibinigay sa katapusan ng nakaraang leksiyon. Ang Mag-aaral ay dapat isulat ang mga sagot na kanyang naaalala nang hindi tumitingin sa anumang materyal o nakikipag-usap sa iba pang mag-aaral.

## Ang Pag-asa at pagtiwala sa Banal na Espiritu

Kapag ginagawa natin ang ating makakaya upang makatanggap ng pagsasanay sa ministeryo at matuto ng mga pamamaraan, may panganib na aasa tayo sa mga kakayahan ng tao para sa ministeryo. Subalit, tulad ng sinasabi ni Apostol Pablo, "Kung sa aming sarili lamang ay wala kaming kakayahang gawin ito; subalit ang aming kakayahan ay kaloob ng Dios" (2 Corinto 3:5).

Sinabi ni Pablo na hindi siya nangangaral sa pamamagitan ng karunungan ng tao o gumamit ng mahuhusay na talumpati upang manghikayat;subalit sa halip siya ay umaasa sa pagkilos ng Banal na Espiritu upang ang kanyang mga tagapakinig ay maging ganap ang pananampalataya na nakasandig sa kapangyarihan ng Dios, at hindi sa karunungan ng tao (1 Corinto 2:4-5). Si Pablo ay may pinag-aralan, ngunit hindi niya inaasahan na ang kanyang kaalaman at kasanayan ay magbubunga ng mga espirituwal na resulta.

Ang Sulat sa mga taga-Tesalonica, sinabi ni Pablo, "Ang ebanghelyo na aming ipinapangaral sa inyo ay hindi lamang dumating sa pamamagitan ng salita, kundi sa pamamagitan din ng kapangyarihang, ng Banal na Espiritu, at ito ang nagbibigay ng lubos na katiyakan" (1 Tesalonica 1:5). Sila ay nagtiwala sa ebanghelyo dahil sa kapangyarihan ng Dios.

Ipinangako ni Jesus sa mga apostol na ipapadala niya ang Banal na Espiritu na magpapatunay na mali ang mga taga-sanlibutan tungkol sa kasalanan, katuwiran, at paghuhukom ng Dios (Juan 16:8). Sinabi ni Jesus na walang sinuman ang makakalapit sa kanya, malibang dalhin siya sa akin ng Ama na nagsugo sa akin (Juan 6:44).

## Ang ilang mga aspeto ng Pagkilos ng Banal na Espiritu

- Hinahatulan niya ang makasalanan – Juan 16:8
- Siya ang nagpapabalik ng loob ng isang makasalanan – Juan 3:5
- Pinatitibay niya ang mga mananampalataya – Efeso 1:13, 4:30
- Siya ang pumipili sa mga mananampalataya – Gawa 13:2, 4
- Binibigyan niya ng kapangyarihan ang inatasan niya mananampalataya – Gawa 1:8
- Siya ang nagtuturo at nagpapaalala sa mga mananampalataya – Juan 14:26, 16:13; I Juan 2:27
- Pinangungunahan niya ang mga mananmpalataya – Juan 16:3, Gawa 8:29
- Siya ang pumapatay sa mga hilig ng laman ng mga mananampalataya at ginagawang matuwid ang mga pinangungahan niya – Roma 8:13

► Paanong ang pag-asa at pagtitiwala sa Banal na Espiritu ang siyang gumagabay sa ating diskarte sa pag-eebanghelyo? Ano ang ginagawa nating iba dahil tayo ay uma-asa at nagtitiwala sa Banal na Espiritu?

## Ang Kahalagahan ng Pagsasanay

► Ano ang dapat nating isipin tungkol sa pagsasanay at pamamaraan ng pag-eebanghelyo?

Tinawag tayo upang ipahayag ang katotohanan patungkol sa Dios. Dapat nating ipahayag ng mahusay sa abt ng ating makakaya upang tayo ay maunawaan.

Hindi natin dapat isipin na dahil nakasalalay o naka-asa sa Banal na Espiritu ay hindi na natin bibigyang pagpapahalaga ang pagkakaroon ng abilidad sa pamamagitan ng pagsasanay.

Sinabi ni Pablo na sinusubukan niyang hikayatin ang mga tao (2 Corinto 5:11). Sinabi niya kay Timoteo na mag-aral upang maipangaral niyang mabuti ang mga katotohanan patungkol sa Dios (2 Timoteo 2:15). Ang isan sa mga kwalipikasyon ng isang tagapangaral ay mayroon siyang kakayahang magturo (2 Timoteo 2:24).

Si Apollos ay lubos na napaka-epektibo bilang isang tagapagpahayag ng ebanghelyo. Siya ay inilarawan bilang isang bihasa, magaling magpaliwanag patungkolsa Banal na Kasulatan, at puspos ng Banal na Espiritu (Gawa 18:25-26). Ang kanyang likas na kakayahan, na may kaugnayan sa mga espirituwal na mga regalo, ay ginawa siyang malaking pagpapala.

Sinabi sa atin ni Apostol Pedro na palagi tayong maging handa upang ipaliwanag ang pag-asa na ipinapahayag ng ebanghelyo (1 Pedro 3:15).

Ang mga talatang ito ang nagsasabi sa atin na pagpapalain at gagamitin ng Dios ang mga likas na kakayahan at mga pagsasanay kung itinatalaga natin ang ating sarili sa kanyang

mga layunin. Tinawag Niya tayo upang italaga ang ating lakas at abilidad para sa kanyang pagkilos.

## Ang Pagpuspos ng Espiritu

Sa Gawa 1:4-5, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad na hintayin nila ang pagbabautismo ng Banal na Espiritu, na tinawag niyang "ang Pangako ng Ama." Kabilang sa kaganapang ito ay ang pagbibigay ng kapangyarihan na gagawin silang mga saksi sa buong mundo (Acts 1:8).

Kahit na ang mga alagad ay naligtas na, mayroon silang isang panloob na pangangailangan na dapat matugunan bago sila maging handa para sa ministeryo ng wala ang pisikal at nakikitang pamumuno ni Jesus. Kahit na ang tatlong taon na pagsasanay kasama ng pinakadakilang Guro ay hindi lubos na nakapaghanda sa kanila, para sa mga nananatiling karumihan sa kanilang mga puso.Bago sila magkaroon ng makapagministeryo ng may kapangyarihan at gabay ng Banal na Espiritu, tulad ng plano ng Dios, kailangan matugunan ng espesyal na pagkilos ng Banal na Espiritu ang isang tiyak nilang pangailangan sa puso.

Ang problema ay ipinapakita ang kanyang sarili sa iba't ibang okasyon sa loob ng tatlong taon ng pagsasanay. Minsan ang mga ugali nito ay mapaghiganti, katulad nung panahon na gusto nilang pabagsakan na lamang ng apoy ang mga taong ayaw tumanggap sa kanila (Lukas 9:54-55). Minsan sila naman ay mapagmalaki sa kanilang sekta/grupo, katulad ng isang pangyayari kung saan pinagbawalan nila ang isang lalaki na magministeryo sapagkat hindi siya kasamahan sa sekta/grupo (Markos 9:38). Minsan sila ay makasarili, mapagmataas, at sobrang ambisyoso, katulad ng isang pangyayari kung saan ay humiling ang dalawang alagad na maupo sa mataas na position at nagalit ang ibang alagad (Markos 10:35-41).

Pinagtalunan nila ang patungkol kung sino sa kanila ang pinakadakila (Markos 9:33-34). Ang katotohannan na nahiya sila nang tanungin sila ni Jesus kung ano ang kanilang pinagtatalunan ay nag papakita na sila ay nahihiya at naisip nilang mali ang kanilang motibo.

Sa kanilang huling hapunan, hinugasan ni Jesus ang mga paa ng kanyang mga disipulo, at sinabihan sila na magkaroon ng parehong katangian ng paigigng isang lingkod na kanyang ipinakita (Juan 13:14). Wala pa silang katulad na pagpapakumbaba; tinangihan rin nilang paglingkuran ang isa't isa noong gabing iyon. Ang problema ay hindi ang kakulangan ng kaalaman, kundi ang pagmamataas.

Sinabi sa kanila ni Jesus na dapat silang magkaroon ng pag-ibig na magiging sapat para ibigay nila ang kanilang buhay para sa isa't isa (Juan 15:12-13). Iniisip nila na mayroon sila ng pag-ibig na ito, ngunit wala; sapagkat tumakas sila ng arestuhin si Jesus, kahit na inaangkin nilang haharapin nila ang kamatayan na kasama siya (Markos 14:31, 50).

Ito ang mga kalalakihan na magkakaro ng responsibilidad na pangunahan at palawakin ang iglesia kahit wala ang pisikal na pagsama ni Kristo. Alam ni Jesus na hindi pa handa ang

mga disipulo para sa ministeryo hanggang ang kanilang pangangailangan sa puso ay matugunan, kaya't sinabi niya sa kanila na maghintay sa Jerusalem hanggang sa matanggap nila ang "Pangako ng Ama" (Gawa 1:4-5). Ang pangakong ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng pagbabautismo ng Banal na Espiritu. Napakahalaga na bago sila magpatuloy sa pagtatatag at pagsulong ng iglesia ay hintayin nila ang pagbabautismo ng Banal na Espiritu.

Hindi niya sinabi sa kanila na ang kailangan nila ay higit pang pagsasanay, o isang mahabang proseso ng paglago. Dapat silang maghintay sa Jerusalem para mangyari ang isang espirituwal na krisis/kasukdulan upang mangyari iyon.

Ang karanasan ng mga disipulo sa araw ng Pentekostes ay inilarawan bilang pagpupuspos ng Banal na Espiritu (Gawa 2:4). Kahit na maraming pangyayari ang naganap sa pagkakataong iyon, Sinabi ni Pedro ang kahalagahan ng pagkilos ng Espiritu ay nililinis nito ang kanilang puso (Gawa 15:8-9). Ito ang kinakailangan ng mga alagad. Ang lahat ng mga katibayan ng kanilang panloob na pangangailangan ay tumutukoy sa isa problema sa puso, namanang kasalanan at pagkawasak, kung saan kinakailangan silang linisin pa. Nang ang paglilinis na ito ay naganap sa pamamagitan ng pagbabautismo (o pagpupuspos) ng Banal na Espiritu, hindi na nila binibigyang kahalagahan ang kanilang sariling kaligtasan o ang pagkakaroon ng katayuan bilang pangunahing layunin.

Ang kaganapan sa Araw ng Pentekostes ay naglungsad ng iglesia sa isang panahon ng makapangyarihang pag-eebanghelyo. Ang iglesia ay maligaya at matagumpay na sumusulong sa kabila ng mga hindi pagkakasundo sa doktrina, maling pananampalataya ng mga Judaizer, panloob na mga reklamo, mga mapagkunwari, pagtutol ng demonyo, mga pag-uusig, at paghihirap.

> Sila ay nagkaisa, piniling pangkat ng may mga makakapangyarihang saksi: sumusunod sa pagtawag ng Dios, umaasa sa kapangyarihan ng Dios, at kumikilos para sa kaluwalhatian ng Dios.

**Ang isang mananampalataya ay maaaring magkaroon ng parehong pangangailangan katulad ng mga unang mga disipulo. Ang mga pangangailangan na ito ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng pagpupuspos ng Banal na Espiritu.**

**Hindi dapat sabihing:**

1. Na ang isang mananampalataya ay walang Banal na Espiritu hanggang hindi siya tumatanggap ng isang espesyal na pagpupuspos.
2. Na wala sa mga gawa ng Banal na Espiritu ang nagaganap sa mananampalataya hanggang hindi dumarating sa kanya ang pagpupuspos.
3. Na wawalang uri ng pagpupuspos ng Espiritu bukod sa isang naglilinis ng puso.
4. Na ang bawat tao na mayroong ganitong pagpupuspos ng Espiritu ay magkakaroon ng isang apostolikong ministeryo.

Hindi natin dapat isipin na ang ating karanasan ay magiging katulad ng karanasan ng mga naunang alagad. Gayunpaman, ang pangangailangan ng paglilinis ng puso at pagbibigay ng kapangyarihan sa ministeryo ay mahalaga parin para sa atin.

Mula sa halimbawa ng mga disipulo ay makikita natin:

1. Na kung ang isang tao ay may ganitong pangangailangan, hindi pa siya ganap na handa para sa ministeryo o banal na pamumuhay.
2. Na ayaw ng Dios na iwan ang isang tao sa kondisyong ito.
3. Na ang solusyon ay hindi pagsasanay o pangmatagalang espirituwal na paglago.
4. Na posible para sa matugunan ang pangangailangang ito sa isang maikling panahon, pagkatapos ng tamang paghahanap.

Paano matatanggap ng isang mananampalataya itong pagkilos ng Banal na Espiritu?

Sinabi ni Pedro na tinatanggap ito sa pamamagitan ng pananampalataya (Gawa 15:8-9). Inihanda ni Jesus ang kanyang mga alagad na magkaroon ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang pangako at paglikha ng pag-asa.

Kaya, kung nakikita ng isang tao ang kanyang panganganilangan at nakikita ang pagpayag ng Dios na matugunan ito, matatanggap niya ang biyayang ito sa pamamagitan ng pananampalataya.

## Takdang Aralin

Ang papel na ito ay hindi kailangang ibigay sa pinuno ng klase. Ang bawat mag-aaral ay dapat suriin ang kanyang sarili sa pananalangin at sagutin ang mga katanungang ito.

- Ako ba ay umaasa sa Banal na Espiritu, o ginagawa ko ang mga bagay sa pamamagitan lamang ng aking kakayahan?
- Mayroon ba akong ilang katangian na nagpapakita katulad ng pangangailangan ng mga alagad ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu?
- Mayroon bang mga pagkilos, gawi, saloobin, o mga layunin na hindi ko isinuko sa Dios?
- Handa ba ako na lubusang linisin ng Banal na Espiritu, upang magamit ako para sa kaluwalhatian ng Dios?

# Leksiyon 7
# Panalangin at Pag-aayuno

## Panimula

> Ang kailangan ng Iglesia ngayon ay hindi mas marami o mas mahusay na makinarya, hindi mga bago at higit pang samahan o mga novel methods, kundi ang mga taong magagamit ng Banal na Espiritu – mga taong mapanalanginin, mga taong makapangyarihan manalangin. Ang Banal na Espiritu ay hindi dumadaloy sa pamamagitan ng mga pamamaraan, ngunit sa pamamagitan ng mga tao. Hindi siya dumating sa pamamagitan ng makinarya, ngunit sa pamamagitan ng mga tao. Hindi Niya pinili ang mga plano, kundi ang mga tao – mga tao na mapanalinginin - (E. M. Bounds, *Power through Prayer*).

► Anong mga error ang sumusubok na ituwid ang mga pahayag na ito?

Ang pananalangin ay nagpapakita ng nagpapahayag pagtitiwala sa Dios. Ang isang taong masyadong abala sa pananalangin ay iniisip na ang kanyang gawain ay mas mahalaga kaysa sa gawaing gagawin ng Dios bilang tugon sa kanyang mga panalangin.

Dahil tayo ay naka-asa sa Banal na Espiritu, ang pananalangin ay mahalaga para sa atin. Hiniling ni Pablo sa mga tao na ipanalangin ang paglaganap ng ebanghelyo (2 Tesalonica 3:1, Colosas 4:3, Efeso 6:19).

## Bakit Mahalaga ang Pananalangin

► Alam natin na ang pananalangin ay mahalaga para sa mananampalataya. Ano ang ilang mga kadahilanan kung bakit lalong mahalaga ito para sa isang taong nangangaral ng ebanghelyo?

Mahalaga ang pananalangin para sa isang nag-eebanghelyo:

(1) Ang nag-eebanghelyo ay dapat na buhay sa espirituwal.

Ang pananalangin ay ang hininga ng kaluluwa. Ang nag-eebanghelyo ay nangunguna sa ibang tao tungo sa pakikipag-ugnayan sa Dios na naranasan na niya.

(2) Ang nag-eebanghelyo ay hindi makakayanang panatilihin ang tamang pagnanais para sa ministeryo kung walang inilalaan na oras sa Dios sa pamamagitan ng pananalangin.

Kung wala ang pananalangin, ang isang tao ay nagsisikap na gawin ang pag-eebanghelyo ay magkakaroon ng maling motibasyon (marahil ay naghahanap ng personal na tagumpay o nasisiyahan sa pakikipag-argumento).

(3) Ang nag-eebanghelyo ay dapat na umasa sa Banal na Espiritu upang makita ang paghatol sa makasalanan at bigyan siya ng pagnanais na maligtas.

> Kung ang iyong pagnanais na matuto ay lumampas sa iyong pagnanais para sa mga kaluluwa, huminto at manalangin hanggang ang iyong pagnanais para sa mga kaluluwa ay lumampas sa iyong pagnanais na matuto.
>
> - William Smith, tagapagtatag ng Union Bible College

Ang pag-eebanghelyo ay hindi lamang isang pagsisikap o gawain ng tao. Ang nag-eebanghelyo ay umaasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang pangangatwiran ng tao ay hindi maaaring magdulot sa isang makasalanan na aminin ang kanyang pagkakasala at hangaring hanapin ang Dios (Juan 16:8, Juan 6:24).

(4) Ang nag-eebanghelyo ay naka-asa sa Dios na pagpalain at gagabayan ang kanyang pag gamit sa Banal na Kasulatan (Roma 1:16, Isaias 55:11).

(5) Kinakailangan ng isang nag-eebanghelyo ang patnubay ng Dios sa kanyang ministeryo (Gawa 11:12).

## Ang Pagsasanay ng Pananalangin

### Isang Personal na Buhay Pananalangin

Ang bawat Kristiyano ay dapat na tapat sa pang-araw-araw na pananalangin, at ang kahalagahan nito ay mas malaki para sa isang taong nagnanais na maging epektibo sa pag-eebanghelyo.

Dapat siyang magkaroon ng isang espesyal na oras bawat araw upang ilaan sa pakikipag-ugnayan sa Dios. Kung posible, dapat siya ay nasa isang pribadong lugar. Maaaring kailanganin niyang bumangon ng maaga upang makapanalangin siya ng walang makabalisa bago ang kaabalahan sa araw na iyon. Kung hindi niya magagawang maaga ang kanyang espesyal na oras sa pananalangin, dapat pa rin siyang maglaan ng ilang minuto sa simula ng araw upang makipag-usap sa Dios.

Dapat siyang magbasa ng ilang talata ng Banal na Kasulatan araw-araw at pagnilaynilayan niya ito, na ipinapanalangin na tuparin ng Dios ang katotohanan ng talata sa kanyang buhay.

### Isang Listahan ng Ipapanalangin

> Ang mga kalalakihan na pumasan sa unang responsibilidad ng pagdidisipulo sa mundo ay lumapit kay Jesus na may isang pinakamataas na kahilingan. Hindi nila sinabi, ”Panginoon, turuan mo kaming mangaral,” “Panginoon, turuan mo kaming gumawa ng mga himala,” o “Panginoon, turuan mo kaming maging pantas” … sa halip ay sinabi nila, ”Panginoon, turuan mo kaming manalangin.”
>
> - Billy Graham

Mabuti kapag inililista ang mga bagay na dapat nating ipanalangin. At kung hindi, marahil ay hindi natin maaalala ang ilan sa mga mahahalagang bagay. Dapat tayong nananalangin para sa paglaganap ng ebanghelyo sa buong mundo, lalo na sa mga bansa kung saan ang mga Kristiyano ay inuusig. Dapat tayong nananalangin para sa katagumpayan ng ebanghelyo sa ating sariling bansa. Dapat nating ipanalangin na ang ating mga lokal na iglesia ay magpatuloy na gawin ang misyon ng Dios para sa ating mga komunidad/pamayanan. Dapat nating ipanalangin na tulungan tayo ng Dios na personal na maibahagi ang ebanghelyo ng epektibo.

Ang isang listahan ay tumutulong din sa isang tao na manalangin sa mga oras kung nahihirapan siyang mag-concentrate.

Hindi kinakailangang gumamit ng isang listahan ng panalangin sa tuwing magdarasal ka. Minsan ay mararamdaman mo ang pangangailangan na ipanalangin ang tungkol sa ilang mga bagay, at maaalala mo ito ng walang listahan.

► Ano ang iba pang mga bagay na dapat na nasa isang listahan ng ipapanalangin?

### Isang listahan ng mga Pangalan para sa ipapanalangin

Gumawa ng isang listahan ng sampung taong kilala mo ng personal na nangangailangan ng kaligtasan. Ito dapat ay mga taong mayroon kang kaugnayan ng madalas. Mag-commit na ipanalangin sila araw-araw. Kausapin mo sila kapag nagbukas ang Dios nang pagkakataon; kung wala namang pagkakataon na makipag-usap sa kanila, magpatuloy na ipanalangin sila. Ayon sa patotoo ng iba na gumawa nito, kung gagawin mo ito, bago lumipas ang isang taon ang ilan sa mga taong iyon ay maliligtas.

### Mga Kasamahan sa Pananalangin

Mabuti para sa isang Kristiyano na magkaroon ng isang kaibigan na makakasamang mananalangin ng regular. Dapat silang magbahagi ng mga pangangailangan at tagumpay. Maaari silang magkita bawat linggo, o kaya ay mas madalas.

Ang mag-asawa ay maaaring manalangin ng magkasama sa ganitong paraan; ngunit mabuti kung ang asawang lalaki ay mayroong isang kaibigang lalaking makakasamang manalangin, at mabuti rin para sa asawang babae na magkaroon ng kaibigang babae na makakasamang manalangin.

► Ano ang mga karanasan ng mga miyembro sa klase na mayroon ng kasamang nananalangin?

## Ang Pananalangin habang Naglalakad

Ang pananalangin habang naglalakad (prayer walk) ay maaaring gawin dahil nararamdaman ng isang ministeryo ang isang responsibilidad para sa mga taosa kanilang lugar. Ang pangkat o indibidwal ay lumalakad sa lugar habang pinagdarasal ang mga pangangailangan nito. Ang pananalangin ay maaaring tahimik lamang. Maaaring nilang kausapin ang mga taong nakatagpo nila, ngunit ang pangunahing layunin ng paglalakad ay pananalangin. Ang pananalangin habang naglalakad ay maaaring gawin sa simula o pagkatapos ng ministeryo sa isang lugar.

### Ang "Prayer Station"

Ang ilang mga iglesia ay nagtatayo ng isang pansamantalang prayer station sa isang pampublikong lugar kung saan dumadaan ang maraming tao. Naglalagay sila ng isang karatula na ang nakalagay ay "Prayer Station," at inaalok na manalangin para sa mga taong dumaraan. Itinatanong nila, "Mayroon ba kayong pangangailangan na nais mong ipanalangin ko?" Nagpapakita sila ng pagmamalasakit sa mga pangangailangan at hindi nagsisimula ng mga argumento. Kadalasan sila ay nagkakaroon ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo.

► Ano ang posibleng magandang lugar para sa isang prayer station sa inyong lugar?

## Ang Biblikal na Pananalangin

Ang mga panalanging ginamit ni Jesus at ng mga apostol ay nagpapakita sa atin ng mga bagay na dapat nating ipanalangin, dahil alam natin na ipinapanalangin nila ang ayon sa kalooban ng Dios. Narito ang tatlong mga halimbawa.

**Ang Panalangin ng Panginoon:** Sa Mateo 6:9-13, nagbigay si Jesus ng isang modelo/gabay sa pananalangin para sa kanyang mga tagasunod. Dapat nating ipanalangin ang mga salitang ito, ngunit dapat din tayong manalangin sa pangkalahatan sa mga pratoridad na ito.

**Ang panalangin ni Pablo para sa mga taga Efeso:** sa Efeso 3:14-19, ipinanalangin ni Pablo ang paglagong espirituwal ng mga mananampalataya. Dapat din natin itong ipanalangin para sa ating sarili at sa iba pa.

**Ang Panalangin ng Pag-ani:** Sa Mateo 9:36-38, nais ni Jesus na ibahagi ng kanyang mga disipulo ang kanyang awa para sa mga makasalanan at ipanalangin na ipadala ng Dios ang mga manggagawa para sa espirituwal na pag-ani.

## Ang Pagsasanay ng Pag-aayuno

Ang Pag-aayuno ay isang paraan ng pagtutuon ng ating atensyon sa mga espirituwal at makalangit na mga bagay, malayo sa mga pisikal at makamundong bagay. Ito ay

nagpapakita na ang mga bagay na espirituwal at makalangit na bagay ay mas mahalaga sa atin kaysa sa mga pisikal at makamundong bagay na panandalian lamang. Ito ay isang paraan ng pagpapalakas ng ating pananampalataya.

► Paano naiiba ang pag-aatuno sa isang taong ginugutom ang sarili sa pagnanais na manipulahin ang Dios na gawin ang isang bagay?

### Mga Halimbawa ng Pag-aayuno sa Banal na Kasulatan

Ito mga halimbawa na naitala sa Banal na Kasulatan ng mga panahon kung saan ang isang tao ay naging seryoso sapagnanais na tulungan o gabayan siya ng Dios na nagdulot sa kanya upang mag-ayuno. Ang mga halimbawang ito ay napili mula sa maraming sanggunian sa Banal na Kasulatan upang ipakita na ang Biblia ay karaniwang nagsasalita ng mabuti patungkol sa pag-aayuno. Sa Banal na Kasulatan, madalas itong binabanggit bilang isang bahagi ng paliwanag kung bakit nakikialam ot tumutulong ang Dios.

| Kasulatan | Resulta ng Pag-aayuno at Panalangin |
|---|---|
| 2 Cronica 20 | Ang pag-aayuno ng isang bansa ay nagdulot ng tagumpay sa labanan. |
| Ezra 8:21 | Nag-ayuno si Ezra at nanalangin para sa proteksyon ng Dios mula sa mga panganib. |
| Esther 4:16 | Ang mga Judio ay nag-ayuno para sa pagkilos ng Dios sa planong pagpatay. |
| Jonas 3:5-6 | Nag-ayuno ang Nineve para sa awa ng Dios. |
| Mga Hukom 20:26 | Nag-ayuno ang Israel upang hingin ang patnubay ng Dios sa isang digmaan. |
| 1 Samuel 7:6 | Nag-ayuno ang Israel para sa kapatawaran at kaligtasan. |
| Nehemias 1:4 | Nag-ayuno si Nehemias para pahintulutan ng Dios na muling maitayo ang lungsod. |
| Daniel 9:3 | Nag-ayuno si Daniel para sa kaligtasan ng Israel mula sa pagkakabihag. |
| Joel 2:12 | Ang panawagan na mag-ayuno kasama ng pagsisisi at pagtangis. |
| Mateo 4:2 | Si Jesus ay nag-ayuno ng 40 araw bilang paghahanda sa kanyang ministeryo sa lupa. |
| Lukas 2:37 | Si Anna ay isang propetang babae na gumugol ng kanyang oras sa pag-aayuno at pananalangin. |
| Gawa 10:30 | Si Cornelius ay nag-aayuno nang matanggap niya ang isang mensahe mula sa Dios. |
| Gawa 13:2-3 | Habang nag-aayuno, ang iglesia ay sinabihan ng Dios na magpadala ng mga misyonero. |
| Gawa 27:21 | Si Pablo ay nag-ayuno at nanalangin sa oras ng krisis. |

► Dapat basahin ng klase ang isa sa mga banal na kasulatan tungkol sa pag-aayuno at talakayin ang sitwasyon na inilalarawan sa talata.

## Mga tagubilin ni Jesus

Sinabi ni Jesus na ang mga alagad ay dapat na mag-ayuno kapag hindi na nila siya kasama sa pisikal na katawan.[31] Tinuruan Niya sila tungkol sa wastong pamamaraan sa pag-aayuno. Sinabi niya na ang pag-aayuno ay hindi dapat magiging isang demonstrasyon para makita ng ibang tao.

> Bukod dito, kayo ay nag-aayuno, huwag kayong magmukhang malungkot tulad ng mga mapagkunwar. Sapagkat hindi sila nag-aayos ng sarili upang mapansin ng mga tao na sila ay nag-aayuno. Sigurado, sinasabi ko sa inyo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Sa halip, kapag nag-aayuno ka, maghilamos ka at lagyan mo ng langis ang iyong ulo;upang huwag mapansin ng mga tao na ikaw ay nag-aayuno, Ang inyong Ama na hindi mo nakikita ang tanging makakaalam nito: Siya, na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay ng gantimpala sa iyo.[32]


## Mga makasaysayang Halimbawa ng Pag-aayuno

Ang ilan sa mga pananampalaya sa unang iglesia ay nag-aayuno ng pagkain tuwing Miyerkules at Biyernes, bukod sa pag-iskedyul ng taunang araw ng pag-aayuno. Si Martin Luther, John Calvin, John Knox, Jonathan Edwards, Charles Finney, at D. L. Moody ay madalas na nag-aayuno. Si John Wesley at ang unang Methodists ay kilala sa pag-aayuno. Ang bawat pagbabagong-buhay na may pangmatagalang epekto ay nagsisimula sa panalangin at pag-aayuno.

► Anu-ano ang mga taong kilala mo na nakakita ng magandang resulta mula sa pag-aayuno?

## Ang Kahinaan ng Modernong Iglesia

Sinabi ni Jesus sa mga alagad na nabigo silang tulungan ang isang taong ilaalihan ng demonyo dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Pagkatapos ay sinabi niya, "Ang ganitong uri ay hindi lalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno" (Mateo 17:21). Ipinaliwanag niya na ang panalangin at pag-aayuno ay ang mga paraan upang magkaroon ng pananampalataya; at, samakatuwid, ang lunas para sa kawalan ng pananampalataya. Hindi niya pinakakahulugan na ang mga alagad ay dapat magsimulang mag-ayuno lamang kapag nakakaranas ng mga krisis; ang ibig niyang



[31] Matthew 9:15, Luke 20.

[32] Matthew 6:16.

sabihin ay ang regular na pananalangin at pag-aayuno ay dapat maging bahagi ng kanilang buhay, upang magkaroon sila ng kinakailangang pananampalataya upang matugunan ang mga krisis.

Ang kadahilanan mula sa mga salita ni Jesus at mula sa maraming mga halimbawa ng Banal na Kasulatan at mga halimbawa ng pag-aayuno sa kasaysayan, maaari nating mailarawan ang mga pagpapala na maaari nating matanggap sa pamamagitan ng isang larawan ng isang pyramid na nahahati sa ibat-ibang antas. Ang mas mababang antas ng mga pagpapala ay maaaring matanggap sa pamamagitan ng pananampalataya na maaabot natin sa pamamagitan ng panalangin. Ang mas mataas na antas ng mga pagpapala ay matatanggap sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno ng magkasama.

### Paano ang Wastong Pag-aayuno

- Pagsamahin ang panalangin at pag-aayuno upang ang pag-aayuno ay hindi lamang isang panlabas na gawa, ngunit isang pagpapanibago ng espirituwalidad at pagpapalawak ng iyong pananampalataya.
- Ang pag-aayuno na may motibo na luwalhatiin ang Dios at hindi para sa pagmamataas.
- Habang ikaw ay nananalangin at nag-aayuno, hanapin ang kalooban ng Dios hinggil sa iyong kahilingan.
- Huwag ipalit ang pag-aayuno para sa pagsunod.
- Huwag saktan ang iyong katawan.

► Dapat talakayin ng klase ang isang aktibidad ng pananalangin at pag-aayuno na gagawin ng magkakasama.

### Ligtas na Pag-aayuno

Ang pag-aayuno ay malusog kung gagawin ng tama. Sa katunayan, marami ang mga benebisyo sa kalusugan na kasama ng regular na pag-aayuno.

Uminom ng tubig sa panahon ng pag-aayuno. Huwag mag-ayuno mula sa tubig.

Magsimula sa pamamagitan ng pag-aayuno ng isang araw. Pa-unti-unti ay dagdagan ng mas mahabang panahon. Magkaroon ng isang linggo ng normal na diyeta sa pagitan ng mga pag-aayuno ng isang araw o higit pa.

Ang mga panahon ng pagduduwal o pananakit ng ulo ay pangkaraniwan para sa mga hindi sanay sa pag-aayuno. Kung ang isang tao na nasa mabuting kalusugan ay regular na nag-aayuno, hindi siya karaniwang magkakaroon ng mga sintomas pagkatapos ng mga unang niyang beses ng pag-aayuno. Ang masamang lasa sa bibig at masamang hininga ay dumarating dahil tinatanggal ng katawan sa sarili niya nag mga nakakalasong dumi.

SA isang mahabang pag-aayuno, marami sa mga hindi komportableng sintomas ay hihinto pagkatapos ng ilang araw. Bigyan ng pahinga ang pag-aayuno sa pamamagitan ng pag-inom ng juice, pagkatapos ay mga pagkaing magaan sa tiyan.

**Takdang Aralin**

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat isaalang-alang kung ano ang gagawin niya upang mapaunlad ang kanyang sariling kasanayan sa pagdarasal. Dapat siyang pumili ng oras at tagal ng oras na ilalaan para sa pananalangin araw-araw. Dapat niyang isa-alang-alang ang pag-iskedyul ng regular na pag-aayunog.

(2) Ang mag-aaral ay dapat basahin ang dalawa sa mga talata tungkol sa pag-aayuno. Magsulat ng isang magandang salaysay patungkol sa bawat talata, na nagpapaliwanag sa sitwasyon at resulta ng pag-aayuno.

# Leksiyon 8
# Ang pamamaraan ni Jesus

## Panimula

► Basahin ang Mateo 19:16-22. Ano ang mga sorpresa sayo tungkol sa sagot ni Jesus sa taong ito? Kung narinig mo ang isang kaibigan na nagbigay ng sagot sa isang tao na nagtatanong kung paano magkakaroon ng buhay na walang hanggan, ano ang nais mong ipaliwanag sa iyong kaibigan?

## Ang Hindi naiintindihang Regalo

Isipin mo na ikaw ay nasa mabuting kalusugan, ngunit ang isang mong kaibigan ay lumapit sayo at sinabing binili na niya ang lunas para sa isang tiyak na nakamamatay na sakit. Upang bilhin ito, ipinagbili niya ang kanyang bahay at lahat ng mayroon siya. Binili niya ang gamot na panglunas para sayo.

► Ano ang sasabihin mo sa iyong kaibigan kapag binigyan ka niya ng regalong iyon?

Pasasalamatan mo siya sa kanyang kagandahang-loob, ngunit hindi mo maiintindihan ang kanyang regalo. Bakit ibibigay niya ang lahat upang bilin para sayo ang isang bagay na hindi mo kailangan?

Ngayon isipin ang isang mas kakaibang kwento. Sa kwento ay nag punta ka sa isang doktor at nalaman mong ikaw ay mayroong nakamamatay na sakit. Ang gamot na lunas para sa sakit ay napakamahal, at wala kang maisip na paraan upang mabayaran ito. Umuwi ka at naisip ang patungkol sa kamatayan, naisip mo na maiiwan mo ang iyong pamilya at naisip mo ring hindi mo na mararanasan ang mga bagay na inaasahan mo sa iyong buhay.

Pagkatapos ay dumating ang isa mong kaibigan at sinabi sayo na ipinagbili niya ang lahat ng pagmamay-ari niya upang bilhin ang gamot na panglunas para sayo. Pinahalagahan mo ito dahil naunawaan mo ang iyong pangangailangan. Ang kanyang regalo ay buhay para sa iyo.

Ngayon isipin ang tugon ng mga tao sa mundo kapag naririnig nila ang ebanghelyo. Ang salitang *ebanghelyo*ay nangangahulugang “mabuting balita,” ngunit maraming tao ang hindi nakakaintindi kung bakit ito ay isang mabuting balita.

Isipin ang isang taong nag ngangalang Pierre. Sinabi sa kanya ng kanyang kaibigan, “namatay si Jesus sa krus bilang handog upang ang iyong mga kasalanan ay mapatawad.”

Iniisip ni Pierre na, “Hindi naman ako masamang tao. Mabuti naman ako sa aking mga kaibigan at kapamilya. Bakit kinakailangan ng isang napakalaking handog para sa aking mga kasalanan? Bakit napakahalaga ng kapatawaran?” Maaaring magalit si Pierre sa pag-

iisip sa kanya ng kanyang kaibigan na siya ay isa ring masamang makasalanan na nangangailangan din ng kamatayan ni Jesus para sa kanyang kapatawaran.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang mga tao ay naiinsulto ng mensahe ng pagkamatay ni Jesus sa krus. Nais ng tao na humanap ng isang paraan upang bigyang katwiran ang kanilang sarili. Hindi nila iniisip na kailangan nila ang sakripisyo ni Jesus, kaya ang mensahe ng pagkamatay ni Jesus sa krus ay kahangalan para sa kanila (1 Corinto 1:18).

Katulad ng ilustrasyon tungkol sa gamot na panglunas sa sakit, hindi pinapahalagahan ng mga tao ang mensahe ng pagkamatay ni Jesus sa krus dahil hindi nila nauunawaan kung bakit nila ito kailangan.

Ang biblikal na paraan upang ihanda ang mga tao para sa mabuting balita ay ipakita sa kanila kung bakit nila ito kailangan. Kailangan nilang maunawaan na sila ay mga makasalanan na malapit nang hatulan ng Dios.

► Bakit dapat magalak ang isang tao na marinig ang ebanghelyo?

### Ang Kahalagahan ng Paghuhukom

Ang katotohanan na ang mga makasalanan ay hahatulan at parurusahan ay ang pinakamahalagang dahilan para sa isang makasalanan na magalak na marinig ang ebanghelyo.

> Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay, at pagkatapos ay paghuhukom" (Hebreo 9:27).
>
> Sapagkat sa Araw ng paghuhukom, pananagutan ng tao ang bawat walang kabuluhang salitang sinabi niya" (Mateo 12:36).

► Basahin ang paglalarawan ng paghatol sa Pahayag 20:12-15.

Ang hinaharap na paghuhukom ng mga makasalanan ang pangunahing dahilan kung bakit ang bawat makasalanan ay kinakailangan ang kaligtasan.

Inutusan ng Dios ang bawat isa na magsisi, "Sapagkat nagtakda Siya ng isang araw kung saan hahatulan Niya ang mundo at ito ay buong katarungan niyang gagawin" (Gawa 17:30-31).

Kung hindi nauunawaan ng isang tao na ang kanyang mga kasalanan ay isang seyosong bagay, nagkukulang siya ng pinakamahalagang dahilan upang naisin na magkaroon ng kaligtasan.

► Ano ang makakapagbigay ng pang-unawa sa isang tao upang maunawaan niya na ang kanyang mga kasalanan ay isang seryosong bagay?

## Ang Gamit ng Kautusan

Maraming tao ang hindi interesado sa ebanghelyo dahil hindi nila itinuturing ang kanilang sarili bilang makasalanan. Sinasabi ng Biblia na ang karamihan sa mga tao ay itinuturing ang kanilang sarili bilang mabuting tao (Kawikaan 20:6). Kung tatanungin mo ang isang tao kung siya ba ay isang mabuting ta, pinakamalamang na isagot niya ay "oo" at magiging handa na makipagtalo para ipagtanggol ang kanyang sarili. Ang karamihan sa mga tao ay nag-iisip na ang kanilang mga kasalanan ay hindi masama, at dapat silang hindi isama sa parurusahan. Ang pag-aalok sa mga taong ito ng biyaya at kapatawaran ay parang walang kabuluhan.

Dapat makita ng isang tao na siya ay isang makasalanan at hinahatulan ng kanyang konsensya bago niya makita na kinakailangan niya ng biyaya. Binigay ng Dios ang kanyang kautusan upang ipakita ang kasalanan.

Sa pamamagitan ng terminong*kautusan* ay hindi natin tinutukoy ang partikular na mga kinakailangan sa seremonya ng Lumang Tipan na gumagabay sa pagsamba sa templo. Hindi rin natin tinutukoy ang tungkol sa mga kautusan na ibinigay para sa pamahalaan ng Israel, na hindi naman nalalapat para sa atin sa parehong paraan. Ang pinag-uusapan natin ay ang pamantayan ng Dios ng katuwiran. Isinulat ni Haring David sa Awit 119 tungkol sa kung gaano niya kamahal ang kautusan tulad ng pagmamahal niya sa Dios, sapagkat nagmula ito sa mismong Banal na katangian ng Dios.

Ang kautusan ng Dios ay nagpapakita sa atin kung paano tayo dapat mamuhay, at tayo ay nagkakasala sa pagsuway nito. Walang tao ang mabibigyang katuwiran sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan (Galacia 2:16, Roma 3:20) dahil ang lahat ng tao ay nagkasala. Mali ang paggamit ng isang tao sa kautusan kung iniisip niya na ang pagsisikap na sundin ito ay magbubunga ng kayang kaligtasan.

Ang kautusan ng Dios ang nagbibigay ng direksyon sa ating buhay (1 Corinto 9:21), ngunit hindi ito ang paraan ng ating kaligtasan. Ang kautusan ay hindi makapagbibigay sa atin ng kaligtasan dahil wala tayong kakayahang ganap na matugunan ang mga kinakailangan nito mula sa kapanganakan (Roma 8:3, Galacia 3:21).

Ang kautusan ay hindi kumakalaban sa ebanghelyo sa plano ng Dios. Sinasabi sa tin ng Biblia na ang kautusan ay nagsisilbi sa layunin na nagpapaunawa sa isang makasalanan na kailangan niya ang kaligtasan. Ang ebanghelyo ay hindi dumating upang sirain o ipagwalang bisa ang kautusan (Mateo 5:17) o gawin itong walang kaugnayan sa atin. Ang kautusan ay nagsisilbing perpektong paghahanda para sa ebanghelyo, hindi lamang sa mga sinaunang panahon ngunit hanggang ngayon din.

Ang "kautusan ang tagapagturo na magdadala sa atin kay Christo" (Galacia 3:24). Iniisip ng ilang tao na natapos na ang panahon ng kautusan, at ngayon ay panahon ng biyaya.

Ang katotohanan ay dapat na maranasan ng bawat tao ang kautusan ng Dios at maunawaan na siya ay parurusahan bago niya maunawaan ang tungkol sa biyaya ng Dios. Sinabi ni Apostol Pablo, “Hindi ko malalaman ang tungkol sa kasalanan kung hindi dahil sa kautusan” (Roma 7:7).

Sinabi ni Pablo na ang kautusan ay ibinigay upang ipakita sa mga tao na siya ay nagkasala at walang maidadahilan;sapagkat, sa pamamagitan ng kautusan ay malalaman ng mga tao na sila ay nagkasala (Roma 3:19-20). Ang bawat tao ay “nasasakop ng kautusan” at pananagutan niya ito malibang maligtas siya.

Ang ebanghelyo ay hindi mabuting balita sa isang tao na hindi alam na ang kanyang kasalanan ay hindi pwedeng balewalain. Ang ebanghelyo ay mabuting balita sa isang taong nakakaalam na siya ay nagkasala at sa lalong madaling panahon ay haharap sa paghuhukom ng Dios.

*Basahin ang Lucas 18:10-14.*

► Kung may nagsabi sa isang pariseo na maaari siyang patawarin ng walang kapalit sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, paano kaya siya tutugon?

### Isang Modernong Ebanghelikal na Pagkakamali

Marami sa mga ebanghelikal/evangelicals sa panahon ngayon ang hindi na nagnanais na bigyang-diin na ang bawat tao ay napatunayang nagkasala at karapat-dapat na hatulan ng Dios.

Ayaw nilang sabihin sa mga tao na masama sila.

Mas gusto nilang pag-usapan ang mga positibong bagay sa halip na negatibo.

Nais nilang mag-alok ng agarang benepisyo ng kaligtasan, sa halip na mga bagay na pang-walang hanggan, sapagkat nagsasalita sila sa mga taong nakatuon ang isip at buhay sa mga makamundong bagay.

> Ang pagbabalik-loob ay kinabibilangan ngpagputol ng lubusan sa nakaraan na ito ay binaggit ng parang ikaw ay namatay. Tayo ay ipinakong kasama ni Cristo. Sa pamamagitan ng kanyang krus, tayo ay namatay na sa makamundong bagay, makamundong pananaw, at mga pamantayan nito.
>
> - Lausanne Committee for World Evangelization, *The Willowbank Report*

Nais nilang ipahiwatig na ang kautusan ng Dios ay isang masamang bagay, isang kaaway sa kaligtasan, mahalaga lamang sa mga taong nais na maligtas ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mga gawa. Sinasabi ng Biblia na ang kautusan ay mabuti at banal

(Roma 7:12-14); ang taong nagnanais na malugod ang Dios ay susubukan na sundin ang mga tagubilin ng Dios para sa buhay (Awit 119:1-8)

Ipinapahiwatig nila na ang pamantayan ng Dios ay imposible at hindi makatuwiran, at hindi ka dapat sisihin para sa iyong mga kasalanan.

Ang problema ay kung ang isang tao nga ba ay hindi tunay na nagkasala, hindi siya tunay na magsisisi. Hindi siya maaaring magkaroon ng pagnanais na humingi ng tawad sa kanyang mga nagawa maliban kung malaman niya na pinili niyang gumawa ng mali. Kung ang isang tao ay hindi talaga naniniwala na siya ay isang makasalanan kapag tinanong siya upang humingi ng kapatawaran, hinihiling lamang niya na tanggapin ng Dios ang kanyang mga pagkukulang bilang taon.

Ang katotohanan na ang mga makasalanan ay hindi hinatulan dahil ipinanganak siyang may makasalanan katangian. Ang mga ito ay nahatulan dahil sa kanilang sinasadyang mga kasalanan at saloobin ng paghihimagsik laban sa Dios (Judas 15).

Maraming tao ang naniniwala na ang Dios ay mapagmahal at mapagpatawad, ngunit hindi nila nauunawaan na siya rin ay isang matuwid na hukom. Inaasahan nila na kung makatagpo nila ang Dios, patatawarin sila kahit na hindi sila nasisi. Ang hindi kumpletong ebanghelyo na kanilang narinig ay ang naging dahilan para mas maging komportable sila sa kanilang mga kasalanan.

Marami sa mga makabagong ebangheliko ang nagbibigay diin sa isang estado ng mas masayang buhay kapag ang isang tao ay naging Kristiyano. Sinasabi nila na hindi ka masisiyahan sa kasalanan, ngunit sa Dios ay masisiyahan ka. Sinasabi nila na ang isang tao at tatanggap ng pag-ibig, kapayapaan, at kagalakan. Sinasabi rin nila na ang Dios ay may napakagandang plano para sa buhay ng bawat tao, at ang plano na iyon ay matutupad kung ang isang tao ay maliligtas.

Ang mga pangakong ito ay maaaring maunawaan sa maling paraan. Ang Dios ay nagbibigay ng pag-ibig at kapayapaan, ngunit magkakaroon ng mga sigalot sa mga relasyon lalo na sa mga taong tumanggi sa Dios (Mateo 10:34-36). Nagbibigay siya ng kagalakan, ngunit maaaring may pag-uusig sa parehong pagkakataon (1 Tesalonica 1:6). Mayroon siyang napakagandang plano para sa bawat tao, ngunit ang isang Kristiyano ay maaaring makaranas ng mga mahihirap na sitwasyon at trahedya (2 Corinto 11:24-27). Kung nagpasiya ang isang tao na maging isang Kristiyano dahil sa palagay niya ay magiging mas maayos ang kalagayan ng kanyang buhay, maaari siyang mabigo sa kanyang inaasahan. Ang ilang mga tao ay maaaring magdusa ng grabe dahil sila ay isang Kristiyano.

Bilang mga Kristiyano, nauunawaan natin na ang buhay sa piling ng Dios ay kahanga-hanga, kahit na tayo ay dumaranas ng mga sitwasyong may matinding pagdurusa. Masasabi nating ang paglilingkod sa Dios ay isang kahanga-hangang buhay. Gayunpaman, karamihan sa mga taong hindi pa ligtas ay walang tamang ideya kung ano ang isang kahanga-hangang buhay. Kung tatanungin mo sila ng ilarawan ang isang kamangha-manghang buhay, ang

sasabihin nila ay mga bagay patungkol sa kalusugan, pera, kalayaan, kapayapaan, at iba pang magagandang kalagayan ng buhay. Hindi nila maiintindihan na ang isang inuusig, nagdurusa na Kristiyano ay may isang kahanga-hangang buhay. Kaya, kung sasabihin mo sa isang makasalanan na kapag siya ay naging isang Kristiyano ay magkakaroon siya ng isang kahanga-hangang buhay, marahil ay hindi niya maiintindihan kung ano ang iyong ipinapangako.

May isa pang problema sa isang maling pagkakaunawa sa ebanghelyo. Ang isang tao ay maaaring tanggapin ang mensahe ng hindi man lang nakikita ang kanyang sarili bilang isang makasalanan na karapat-dapat na parusahan. Dahil hindi niya nakikita ang kabigatan ng kanyang mga kasalanan, hindi siya tunay na nagsisisi. Hindi siya naghahanap ng kaligtasan mula sa kasalanan, ngunit para sa iba pang mga pakinabang. Maaari niyang isipin na siya ay ligtas kahit na hindi naman talaga siya ligtas.

Hindi rin niya tinatanggap ang tunay na mga pakinabang ng kaligtasan para sa kanyang buhay, sapagkat hindi siya ligtas. Sinusubukan niya sa maikling panahon pagkatapos ay sumusuko dahil sa pagkadismaya.

Ang pinaka masamang bunga ng maling ebanghelyo ay ang resulta ng pagkadismaya ng isang tao ay mas malamang na hindi tumugon sa ebanghelyo sa hinaharap.

Sa kabuuan, ang mga problema sa ebanghelyo ng isang masmagandang buhay ay

1. Ipinapangako nito ang hindi ipinangako ng Dios,
2. Ito ay maling nauunawaan ng makasalanan,
3. Ang isang tao ay maaaring hindi tunay na nagbalik-loob,
4. Hindi niya matatanggap ang mga pakinabang na inaasahan niya, at
5. Mas malamang na hindi niya tatanggapin ang ebanghelyo sa hinaharap.

*Basahin ang Gawa 14:21-23.*

► Ano ang sinasabi ng mga apostol na asahan ng mga bagong mananampalataya?

Binalalaan ni Jesus ang kanyang mga alagad na kapopootan sila ng mga tao dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo. Sinabi Niya sa kanila na hindi sila maliligtas maliban kung magtitiis sila hanggang sa wakas. Tatlo sa mga sumulat ng ebanghelyo ang nagtala ng mga salitang ito (Mateo 10:22, Marcos 13:13, Lukas 21:17). Karamihan sa mga orihinal na apostol ay namatay para kay Cristo.

Milyun-milyong mga Kristiyano ang pinapatay dahil sa kanilang pananampalataya. Hindi lamang ito problema sa sinaunang panahon. Higit sa kalahati ng mga Kristiyanong Martir ang napatay noong ika-20 siglo.

Kung ang isang tao ay nagbalik-loob dahil sa pangako ng kaligtasan ng wala ang pangakong pagkakaroon ng madaling buhay, hindi siya susuko dahil sa isang mahirap na buhay. Handa siyang tiisin ang mga pagsubok para sa walang hanggang kaligtasan. Ang mga pagsubok ay tila nagpapakita na ang kaligtasa ay pinaka mahalaga para sa kanya.

► Bakit tinitiis ng mga Kristiyano ang mga pag-uusig?

## Ang Pagpapakita ng Pag-ibig

*Basahin ang 2 Timoteo 2:24-26.*

► Ang ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa katangian ng nagbabahagi ng ebanghelyo?

Ang nagbabahi ng ebanghelyo ayhindi dapat nakikipag-away sa mga taong kanyang binabahaginan ng ebanghelyo. Si Satan ang kaaway, at ang mga makasalanan ang kanyang mga bilanggo. Dapat nating ipaliwanag ang katotohanan ng mga kahinahunan. Ang ating layunin ay tulungan sila, hindi upang talunin ang mga ito sa argumento. Ang mga salitang ginamit sa talatang ito ay kinabibilangan ng kahinahunan, kaamuhan, at pagtitiyaga.

*Basahin ang Tito 3:2-5.*

► Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa pag-uugali ng nagbabahagi ng ebanghelyo?

Dapat nating alalahanin na kung wala ang biyaya ng Dios, magiging katulad din tayo ng mga makamundong tao. Ang Dios ay dumating sa atin hindi sa pamamagitan ng paghatol, ngunit sa pamamagitan ng kabutihan at pag-ibig.

Ang isang nagbabahagi ng ebanghelyo ay hindi dapat mukhang galit sa makasalanan, ngunit sa kasalanan at kay Satanas. Hindi siya dapat mukhang malupit. Hindi siya dapat mukhang natutuwa na makita ang kanilang mga pagkakamali, ngunit nag-aalala tungkol sa kanilang kaligtasan.

Napag-aralan natin na hindi tayo nagpapakita ng pag-ibig sa makasalanan sa pamamagitan ng pangangako ng mga bagya na hindi ipinangako ng Dios. Hindi tayo nagpapakita ng awa sa pamamagitan ng pagkilos na tila ang mga problema sa kanilang buhay ay mas mahalaga kaysa sa kanilang walang-hanggang kapalaran.

Natupad ni Jesus ang hula na ang Mesiyas ay hindi isang marahas na tao, ngunit isang banayad, at hindi niya wawasakin ang isang taong sugatan na dahil sa kasalanan (Mateo 12:19-20).

► Ano ang ilang mga paraan kung saan maipapakita natin ang pagmamahal ng Dios kapag tayo ay nagbabahagi ng ebanghelyo?

## Ang Biblikal na Pag-eebanghelyo

Ang biblikal na pamamaraan sa pag-eebanghelyo ay ang gamitin ang kautusan ng Dios upang ihanda ang mga tao na tanggapin ang ebanghelyo. Ang kautusan ang humahatol sa

mga makasalanan at ipinapakita nito sa kanilla na sila ay hahatulan malibang matagpuan nila ang kapatawaran.

Ipinangaral ni Juan na TagapagBautismo na ang mga tao ay dapat magsisi upang ihanda ang kanilang sarili sa pagdating ng Panginoon at makatakas sa paghuhukom (Mateo 3:1-12).

Ipinangaral ni Jesus ang tungkol sa paghuhukom at impiyerno nang maraming beses. Nag-aalok siya ng biyaya sa mga nagsisisi sa kanilang mga kasalanan.

*Basahin ang Lucas 7:36-50.*

► Anong uri ng tao ang inaalok ng kapatawaran?

Hindi natin matatagpuan sa ministeryo ni Jesus na siya ay nag-alok ng kapatawaran sa mga taong hindi nagsisisi sa kanilang mga kasalanan. Nababala Siya sa mga tao patungkol sa paghahatol. Pagkatapos ng isang sakuna kapag maraming tao ang napatay, sinabi ni Jesus sa isang grupo na silang lahat ay mapapahamak din maliban kung magsisisila (Lukas 13:1-5).

Isinalaysay ni Jesus ang kwento tungkol sa maniningil ng buwis at ang Fariseo na nananalangin ng magkasalungat na panalangin. Ang maniningil ng buwis ay nagsisisi at nakatanggap ng kapatawaran. Sinubukan naman ng Fariseo na bigyang-katwiran ang kanyang sarili.Parang walang kabuluhan na bigyan ng kapatawaran ang Fariseo dahil hindi naman siya naniniwalang kailangan niya ang kapatawaran.

Ipinangaral ni Apostol Pedro ang tungkol sa pangako ng isang buhay na walang hanggan at nanawagan sa mga tao na magsisi at sila ay makakatanggap ng kapatawaran (Gawa 2:38, 3:19, 5:31).

Si Esteban, na nangangaral sa mga pinuno ng Judio, ay hindi nag aalok ng biyaya, ngunit hinahatulan sila ng paglaban sa Dios at paglabag sa kanyang kautusan (Gawa 7:51-53).

Ipinangaral ni Pablo na dapat magsisi ang mga tao sapagkat ang Dios ay hindi babalewalain ang mga kasalanan (Gawa 17:30-31).

Hindi mali na pag-usapan ang tungkol sa kagalakan at pagpapala na dumarating sa pagiging isang Kristiyano; ngunit ang pangunahing pamamaraan ng mga tagapag utro ng ebanghelyo sa Biblia ay ang mangaral para talikuran ang kasalanan at magsisi, nag-aalok ng kaligtasan mula sa kaparusahan.

*Tingnan ang 2 Corinto 5:11.*

► Ano ang sinabi ng Apostol ng ginamit niya para sa panghihikayat?

*Tingnan ang Gawa 24:25.*

► Ano ang sinabi ni Pablo sa kanilang pag-uusap ni Felix? Paano naapektuhan si Felix?

## Isang Halimbawa ng Biblikal na Pag-eebanghelyo

Ipinamamamahagi ni Andre ang mga imbitasyon sa iglesis nang makilala niya si Pierre.

Pierre: Hindi ko kailangan ng iglesia.

Andre: Sinasabi ng Biblia na ang bawat tao ay tatayo sa harapan ng Dios upang hatulan dahil sa kanyang mga kasalanan. Sa palagay mo ba ay tatanggapin ka ng Dios kung sino ka?

Pierre: Oo, sa tingin Ko.

Andre: Mabuting tao ka ba?

Pierre: Oo, sa tingin Ko.

Andre: Marahil ikaw ay mas mabuti kumpara sa maraming tao. Marahil ay mabuti ka sa iyong mga kaibigan at kapamilya. Ngunit, alam mo ba ang pamantayang ginagamit ng Dios? Sinasabi sa atin ng Biblia ang tungkol sa paghatol ng Dios kung paano niya hinahatulan ang mabuti at masama. Halimbawa, ang ilan sa kanyang mga kautusan ay tinatawang na Sampung Utos. Alam mo ba ang Sampung Utos?

Pierre: Alam ko ang ilan sa mga ito.

Andre: Halimbawa, ang isang utos ay nagsasabing, "Huwag kang samaksi ng hindi totoo." Sa iyong buong buhay ikaw ba ay nagsabi ng isang bagay na hindi totoo?

Pierre: Syempre, lahat naman ay ginagawa yun paminsan-minsan.

Andre:Ngunit ang pagsisinungaling ay paglabag sa utos ng Dios. Ang isa pang utos ay nagsasabing huwag kang magnanakaw. Mayroon ka bang ninakaw kahit anong bagay?

Pierre: Mga maliliit na bagay lamang, at hindi ko pa nagawang pahirapan ang isang tao dahil sa pagnanakaw ko sa kanila.

Andre: Ngunit hindi tayo binibigyan ng Dios na karapatan na magpasya kung ano ang maaari nating nakawin. Ang Kanyang utos ay huwag tayong magnanakaw. Ang isa pa sa mga uto ay nagsasabing huwag nating gagamitin ang pangalan ng Dios sa walang kabuluhan, ang pagsasabi ng walang paggalang, o paggamit sa mga ito bilang isang sumpa na salita.

(Ang bawat isa sa mga utos ay maaaring gamitin, ngunit hindi kailangang gamitin lahat sa isang pag-uusap. Ang ilan pang halimbawa ay nasa ibaba.)

- Sinasabi ng Dios na huwag tayong mangangalunya, at sinabi ni Jesus na ang pagtingin sa isang babae na may pagnanasa ay nangangalunya na sa babaing iyon sa kanyang puso.

- Sinasabi ng Dios na huwag kang papatay, at sinabi ni Jesus na ang napopoot sa isang tao ay katulad ng pagpatay sa taong iyon sa kanyang puso.
- Sinasabi sa atin ng Dios na panatilihing banal ang kanyang araw. Napapanatili mo ba palagi ang banal na araw ng Panginoon bawat linggo?
- Sinasabi sa atin ng Dios na huwag nating pagnasahan ang bagay na hindi sa atin, sa pag-iisip na ang mga bagay na iyon ang ang makapagbibigay ng kaligayahan sa atin sa halip na ang Dios, sa paghahangad na magkaroon tayo kung ano ang mayroon sa iba.
- Sinasabi sa atin ng Dios na huwag magkakaroon ng iba pang dios, huwag hayaan ang anumang bagay na maging higit na mas mahalaga sa atin kaysa sa kanya, na nangangahulugang hindi natin hahayaan ang anumang bagay na nakapaglalayo sa atin upang sumunod at magpagpuri sa Dios na nararapat para sa Kanya.

*(Matapos gamitin ang ilang kautusan upang ipakita sa makasalanan na siya ay tunay na nagkasala, pumunta tayo sa konklusyon.)*

Andre: Kung hahatulan ka ng Dios ngayon, hindi ka makakapasa. Ikaw ay mapapatunayang nagkasala sa pamamagitan ng kanyang pamantayan. Nais mo bang malaman kung paano ka mapapatawad upang hindi mo na kailangang matakot sa paghatol ng Dios?

*(Kung gayon, ang tagapagbahagi ng ebanghelyo ay maaaring ibahagi sa kanya ang ebanghelyo at anyayahang siyang manalangin.)*

*Dapat ipakita ng dalawang mag-aaral ang isang halimbawa ng pag-uusap kung saan ang isa ay nagbabahagi ng ebanghelyo gamit ang Sampung-Utos. Maaaring talakayin ng grupo ang kanilang halimbawa ng pagbabahagi. At pagkatapos ay dapat humanap ang mga mag-aaral ng kapares at pagsanayan ang pagbabahagi ng ebanghelyo.*

► Paano mo malalaman kung matagumpay ang pagbabahagi ng ebanghelyo?

Maliwanag kung ang isang tao ay pipiliin na magsisi at maligtas pagkatapos ng ating pagbabahagi ng ebanghelyo, alam natin na ito ay nagtagumpay. Ngunit, hindi lamang iyon ang sukatan ng tagumpay. Ang Dios ang siyang may responsibilidad na ibunyag/pakawalan ang katotohanan sa puso ng tagapakinig.Kung ibinahagi mo ang ebanghelyo sa paraan na nauunawaan ng tagapakinig, nagawa mo ang isang bagay na mahalaga kahit na hindi mo makita ang mga resulta nito. Kung naramdaman niya ang iyong pag-aalala at pagnanais na tulungan siya, iyon din naman ay mabuti. Kung siya ay nagagalit o nanunuya, hindi ito nangangahulugan na ikaw ay nabigo, lalo na kung nagagalit siya dahil sa katotohanan. Ang Dios ay nabibigyang parangal sa pamamagitan ng mensahe ng ebanghelyo; kapag ikaw ay nagbabahagi ng ebanghelyo, ikaw ay matagumpay sa isang bagay na mahalaga.

**Takdang Aralin**

Ibahagi ang ebanghelyo sa hindi bababa sa tatlong tao sa paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ni Andre sa leksiyong ito. Magsulat ng isang talata na naglalarawan sa bawat pag-uusap. Maging handa na ibahagi ito sa susunod na sesyon ng klase.

**Paalala sa Tagapanguna ng Klase:**

*Ito ay isang mabisang pamamaraan para sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Mahalaga na matutunan ng mga mag-aaral na gamitin ito. Sa inyong susunod na sesyon ng klase, bigyan sila ng oras upang maibahagi ang kanilang mga karanasan ng kanilang subukang magbahagi ng ebanghelyo gamit ang ganitong pamamaraan. Hayaan silang hikayatin at payuhan ang bawat isa. Maaaring maging mas kapaki-pakinabang na gawin ang ganitong pamamaraan sa sesyon at maghintay hanggang sa susunod na oras upang talakayin ang susunod leksiyon.*

*Karamihan sa mga materyal ng leksiyong ito ay ibinahagi ni Ray Comfort sa sermon na "Hell's Best-Kept Secret" at ang aklat na may kaparehong pamagat. May mga materyal pa na maaaring magamit mula sa http://www.livingwaters.com.*

# Leksiyon 9
# Ang "Tulay" bilang Pagbabahagi ng Ebanghelyo

## Panimula

*Paalala sa Tagapanguna ng Klase: Sa simula ng sensyon na ito, dapat i-ulat ng mag-aaral ang kanilang karanasan sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa paraang natutunan nila sa nakaraang leksiyon. Alalahanin na dapat hikayatin ng bawat mag-aaral ang bawat isa. Ang bawat mag-aaral na nagbahagi ng ebanghelyo ay nagawa ang isang bagay na mahalaga, kahit na ang tagapakinig ay hindi nagpakita ng isang positibong tugon.*

*Bilang paghahanda para sa leksiyong ito, dapat siguraduhin ng tagapanguna ng klase na mayroong isang pisara, whiteboard, o isang malaking papel para sa pagpapakita ng diagram sa klase.*

> "Ipinapahayag namin sa inyo ang aming nakita at narinig, upang makasama kayo sa aming pakiisa sa Ama at sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo" (1 Juan 1:3).

► Ano ang dahilan ng ibinigay ng apostol sa pagbabahagi ng ebanghelyo?

Naranasan natin ang kahulugan ng makatagpo natin ang Dios at maligtas, at magsimula ng isang relasyong may kaugnayan sa Kanya. Tayo din ay may espesyal na relasyon sa mga taong may relasyon sa Dios. Kapag tayo ay nagbabahagi ng ebanghelyo, inaanyayahan natin ang iba na makasama sa pakikipag-ugnayang mayroon tayo sa Dios at sa iba pang taong may pakikipag-ugnayan sa ating Dios.

## Isang Paraan ng Pagbabahagi ng Ebanghelyo

Ang paraan na ito ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay maigsi at di malilimutan. Gumagamit ito ng larawang ginuguhit na madaling maalala ng sinumang makakakita nito. Maaari itong ibahagi sa loob ng dalawang minuto, o mas mahaba upang isama ang talakayan at paliwanag kung interesado ang nakikinig.

Hindi kinakailangan na ikaw ay isang bihasa sa pagguhit. Ang iguguhit ay simple lamang, at ang pagiging simple nito ang tumutulong sa nakikinig na maalala ito.

Tayo ngayon ay pupunta sa mga yugto ng larawan na iguguhit, kasama ang paliwanag na mga salita para sa bawat bahagi ng larawang iguguhit.


*Ang tagapanguna ng klase ay dapat na ipakita ang pagbabahagi habang ang mga mag-aaral ay nanonood. Ang tagapanguna ng klase ay dapat subukang huwag magdagdag ng mga paliwanag sa ipapakitang halimbawa ng pagbabahagi. Ito ay dapat na maikli lamang upang madali itong matutunan ng mga mag-aaral. Hindi dapat subukan ng mag-aaral na iguhit ang mga larawan habang nakikita nila sa unang pagkakataon ang ipapakitang halimbawa.*

*Para sa pangalawang ipapakitang halimbawa, dapat iguhit ng mga mag-aaral ang bawat yugto ng larawan habang iginuguhit ito ng tagapanguna ng klase sa isang bagay na sapat para makita ng buong klase. Ang tagapanguna ng klase ay dapat subukang huwag magdagdag ng mga paliwanag sa ipapakitang halimbawa ng pagbabahagi. Ito ay dapat na maikli lamang upang madali itong matutunan ng mga mag-aaral. Pagkatapos ng pangalawang demonstrayon, dapat na magpatuloy ang klase upang matalakay ang mga paliwanag na ibinigay sa susunod na bahagi, at pagkatapos ay bumalik sa pagsasanay ng pagbabahagi ng ebanghelyo gamit ang pamamaraang ito.*

**Ang mga salitang sasabihin ay ibinigay kasama ang bawat bahagi ng larawang iguguhit.**


#1

"Nilikha ng Dios (God) ang bawat tao upang makipag-ugnayan sa Kanya at mamuhay ng isang pinagpalang buhay. Hindi niya dinesenyo ang buhay na puno ng mga problema at pagdurusa."



#2


“Ang tao ay nahiwalay sa Dios dahil sa kasalanan (sin). Ang unang tao ay nagkasala, at bawat tao simula noon ay nakakagawa ng kasalanan laban sa Dios.”




#3

“Ang Dios ay isang matuwid na Hukom, at ang mga makasalanan ay hahatulan balang araw aywalang hanggang parurusahan sa impiyerno maliban kung makatagpo sila ng awa at bumalik sa pakikipag-ugnayan sa Dios.”


*[Iguhit ang arrow at ang salitang impiyerno* (hell).*]*



#4

“Walang tayong magagawa upang mailapit tayong muli sa Dios o makagawa ng bagay upang makamit ang awa–hindi ang mabubuting gawa, o pagpunta sa iglesia, o mga relihiyosong kaugalian, o pagbibigay ng pera . . . .”


*[Gumuhit ng mga arrow sa bawat item sa listahan.]*




#5

“Ang ating sitwasyon ay walang pag-asa kung hindi gumawa ang Dios ng paraan upang makabalik tayo sa Kanya. Si Jesus ang Anak ng Dios ay namatay sa isang krus bilang isang handog upang tayo ay mapatawad. Pagkaraan ng tatlong araw, binuhay siya mula sa mga patay.”


*[Iguhit ang isang krus.]*



#6

“Ngunit hindi sapat na malaman lang ang mga ito. Ang bawat tao ay dapat personal na piliin ang desisyong maligtas at bumalik sa Dios. Ang isang tao ay dapat na magsisi, na nangangahulugang mayroong pagnais na humingi ng kapatawaran na handang niyang talikuran ang kanyang mga kasalanan. Ang isang taong nagsisi ay maaaring tumanggap ng kapatawaran sa pamamagitan ng panalangin sa Dios.”

*[Iguhit ang arrow at isulat ang salitang magsisi* (Repent) *at tumanggap* (Receive).*]*




#7

"Sa plagay mo nasaan ka sa diagram na ito? May espesyal ba na oras sa iyong buhay kung saan nagsisi ka sa iyong mga kasalanan, tumanggap ng kapatawaran ng Dios, at nagsimulang mabuhay para sa Dios; o, ikaw ay nananatiling hiwalay mula sa Dios dahil sa iyong mga kasalanan?"

*[Hintayin ang kanyang sagot. Maraming tao ang aaminin na sila ay nananatiling hiwalay parin sa Dios.]*

"Handa ka bang gawin ang hakbang na ito – na magsisi, tumanggap ng kapatawaran, at magsimulang mabuhat para sa Dios? Masaya akong manalangin kasama ka ngayon."

*Manalangin ng isang katulad ng sumusunod:*

"Panginooon, alam Kong na Ako ay isang makasalanan at karapat-dapat tumanggap ng walang hanggang parusa. Hinihiling ko po na sana ay patawarin mo ako at ako po ay handang talikuran ang aking mga kasalanan.Patawarin nyo po ako, hindi dahil karapat-dapat Ako, kundi dahil namatay si Jesus para sa akin. Salamat po sa kaligtasan. Simula sa oras na ito, Ako ay mabubuhay para sayo."

*Paalala sa Tagapanguna ng Klase:*

*Pagkatapos ipakita ng tagapanguna ng klase ang halimbawa ng pagbabahagi, dapat talakayin ng klase ang mga sumusunod na paliwanag tungkol sa bawat yugto ng pagbabahagi.*

**Paliwanag**

#1

Ang simula ng pagbabahagi ay maaaring miakma upang mailapat sa tagapakinig. Sa halip na "buhay na puno ng mga problema at pagdurusa," maaaring banggitin ng nagbabahagi ng ebanghelyo ang mas tiyak na bagay na nauugnay sa karanasan ng nakikinig.

#2

Mahalaga para sa nakikinig na maunawaan na tunay siyang personal na nagkasala at nahiwalay sa Dios. Hindi lamang siya nasa isang sitwasyon na resulta ng kasalanan ni Adan.

#3

Ipinapakita nito ang pinaka-seryosong aspeto ng kondisyon ng makasalanan.

#4

Ang layunin ng bahaging ito ay upang ipakita sa tagapakinig na hindi siya dapat magtiwala sa mga maling bagay upang magkaroon ng kaligtasan. Ang bahaging ito ay maaaring maiakma sa mga pangangailangan ng tagapakinig. Ang tagapagbahagi ng ebanghelyo ay dapat subukang pangalanan ang mga bagay na malamang na pinagkakatiwalaan ng tagapakinig.

#5

Ang pinakasimpleng paraan upang maipaliwanag ang pagbabayad-sala ay ang pagsasabi na "namatay si Jesus sa krus bilang isang handog upang mapatawad tayo." Ang layunin ng bahaging ito ay tulungan ang nakikinig na maunawaan na dapat siyang umasa sa kaligtasan na ibinigay ng Dios.

#6

Sa bahaging ito ay dapat subukan ng nagbabahagi ng ebanghelyo na dalhin ang tagapakinig sa isang sandali ng pagpapasya. Kailangang maunawaan ng tagapakinig na kailangan niyang gumawa ng isang personal na desisyon. Dapat niyang malaman ang tamang kahulugan ng pagsisisi, upang malaman niya na ang pagsisisi ay higit pa sa pagsasabi at pag-iisip na siya ay nagsisisi. Dapat niyang malaman na dapat siyang manalangin upang humingi ng tawad sa Dios.

#7

Sa puntong ito, dapat sikapin ng nagbabahagi ng ebanghelyo na aminin ng tagapakinig na kailangan niya ang kaligtasan. Ang paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyong ito ay nakadisenyo upang tulungan maunawaan ng mga taong hindi pa ligtas na siya ay nananatiling hindi ligtas. Ang tanog ay maingat na binibigkas. Maraming tao ang nag-iisip na dapat silang araw-araw na humingi ng kapatawaran habang patuloy silang namumuhay sa kasalanan. Ang tanong ay tumutukoy sa isang espesyal na oras kung kailan naligtas ang isang tao at nagkaroon ng pagsisimula sa bagong buhay. Dapat niyang maunawaan na kung hindi niya naranasan ang pagbabalik-loob, siya ay nananatiling hiwalay sa Dios dahil sa kanyang mga kasalanan. Pagkatapos, ay mag-aalok ang nagbabahagi ng ebanghelyo ng magkasamang pananalangin para sa kanyang kaligtasan.

Kung hindi maunawaan ng tagapakinig ang kanyang pangangailangan o hindi handang magsisi, hindi dapat itulak sa kanya ng nagbabahagi ng ebanghelyo ang pananalangin. Kung siya ay mananalangin ng walang tunay na pagsisisi at tunay na karanasan ng pagbabalik-loob, maaaring magkaroon siya ng isang maling garantiya ng kaligtasano maaaring paniwalaan niya na ang pagbabalik-loob ay hindi maaaring mangyari para sa kanya. Kahit alin, maaaring mas maliit ang posibilidad na siya ay maligtas sa mga susunod na pagkakataon.

Ang pagguhit ay maaaring maibahagi ng mabilis. Kung mayroon kang pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo, maaari mong itanog, "Maaari ko bang mahiram ang iyong dalawang minuto upang ipakita sayo ang isang drawing na naglalarawan kung ano ang sinasabing paraan ng Biblia upang masigurado mong ikaw ay ligtas?" Iyon ang nagpapaalam sa tao na hindi ka humihingi sa kanya ng maraming oras. Kung siya ay magiging interesado at nais na pag-usapan ito, maaari kang magbigay ng mas maraming oras.

Karaniwan, ang mga tao ay nagiging interesado dahil sa mga larawan. Kadalasan ay hinihiling ng isang tao na itatabi niya ang ginuhit na larawan pagkatapos magpresenta ng tagapagbahagi ng ebanghelyo.

*Sumunod, dapat ipakita ng tagapanguna ng klase ang presentasyon nang mas marami pang beses. Dapat niyang iwasan ang pagdagdag ng mga komento o paliwanag sa presentasyon sapagkat mas madali itong matututunan ng mga mag-aaral kung maikli ito. Pagkatapos ng maraming pagpapakita ng halimbawa, iba't-ibang mag-aaral ang maaaring magpalit-palit sa pagpapakita ng demonstraston sa grupo, habang tinutulungan sila ng mga miyembro ng pangkat na alalahanin ang mga detalye. Pagkatapos, ang mga mag-aaral ay maaaring hatiin sa mga pares at pagsanayan ang pagbabahagi sa bawat isa.*

## Takdang-Aralin

(1) Ipakita ang ebanghelyo gamit ang diagram ng tulay sa hindi bababa sa tatlong hindi mananampalataya. Magsulat ng isang talata na naglalarawan sa bawat karanasan at maging handa na sabihin ito sa susunod na sesyon ng klase.

(2) Bilang paghahanda para sa susunod na leksiyon, basahin at pagbulay-bulayan ang Romakabanata 1-3, 5, and 10.

# Leksiyon 10
# The Roman Road

**Paalala sa Tagapanguna ng Klase:**

*Dapat iulat ng mga mag-aaral ang kanilang pagsasanay ng pagtatanghal ng ebanghelyo gamit ang digram ng tulay.*

*Bilang paghahanda para sa saraling ito, dapat basahin ng mga mag-aaral ang Roma kabanata 1-3, 5, and 10.*

**Panimula sa Aklat ng Roma**

Plano ni Pablo na maglakbay patungo sa Roma. Nais niyang ipangaral ang ebanghelyo doon (1:15), palakasin ang mga mananampalataya (1:11-12), at makuha ang supporta ng iglesia sa Roma para sa isang misyong paglalakbay sa Espanya (15:24).

Ang layunin ng liham para sa mga Romano ay upang ipakilala si Pablo at ang kanyang teolohiya ng kaligtasan sa mga mananampalatayang Romano. Ang liham ay nagpapakita ng batayan para sa pangdaigdigang pagmimisyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng teolohiya ng kaligtasan.

Plano ni Pablo na gamitin ang iglesia sa Roama bilang isang lugar na kampo/pagsisimulan ng paglulungsad ng pagmimisyon sa Espanya, na siyang pinamatandang kolonya ng Roma sa kanluran at sentro ng sibilisasyong Romano sa bahaging iyon ng mundo.

Ang pagbisita ni Pablo sa Roma ay hindi nangyari sa paraang kanyang plinano. Siya ay nakulong sa Jerusalem. Nang tila sa kanyang palagay ay hindi siya makakakuha ng hustisya, umapela siya kay Caesar. Pagkatapos ng isang mapanganib na paglalakbay, na kasama ang pagkawasak ng ng barkong sinasakyan niya, siya ay dumating sa Roma bilang isang bilanggo noong A.D. 60. Kahit na siya ay nakakulong, malaya siya na tumanggap ng mga bisita; at, nagkaroon siya ng ministeryo na umabot sa buong lungsod (Gawa 28:30-31). Sinabi ni Pablo na ang mga pangyayari iyon ay naganap para sa "pagpapalawak ng ebanghelyo"
(Filipos. 1:12). Mayroon din mga nagbalik-loob kahit na mula sa sambahayan ni Caesar. Siya ay pinalaya makalipas ang dalawang taon. Kung siya man ay nag punta o hindi nakapunta sa Espanya, ang mga ito ay hindi naitala.

Mayroong ilang katanungan na natural na lilitaw bilang tugon sa kahilingan ni Pablo na tulungan siyang ilungsad ang isang paglalakbay para sa kanyang pagmimisyon. Maaring itanong ng isa, "Bakit ikaw ang dapat pumunta?” Kaya, sinimulan ni Pablo ang liham sa pamamagitan ng pagbabanggit ng kanyang dedikasyon sa pagbabahagi ng ebanghelyo (1:1). Pagkatapos ay ipinaliwanag niya ang kanyang natatanging tungkulin at tagumpay bilang apostol sa mga Hentil (15:15-20).

Ang isa pang posibleng katanungan ay, "Bakit kailangang marinig ng lahat ang ebanghelyo? Siguro ay hindi naman talaga kinakailangan ang mensaheng ito para sa lahat ng lugar." Ipinaliwanag ni Pablo ang kahalagahan ng ebanghelyo para sa sangkatauhan sa buong mundo (1:14,16, 10:12) at ang pangangailangan na tugunan ang pagmimisyon at pag-eebanghelyo (10:14-15). Ipinakita niya na ang mensahe ay nalalapat sa bawat tao sa mundo at kailangang marinig ito nang lahat ng tao.

## Ang Aklat ng Roma mula Noon Hanggang Ngayon

Ang mga liham ay nagsisilbi parin ng kanyang orihinal na layunin na magbigay ng isang batayan para sa pagmimisyon at pag-eebanghelyo. Gayunpaman, ginagawa nito ang mas higit pa. Tulad ng ipinapaliwanag ni Pablo kung bakit kinakailangang marinig ng bawat tao ang mensahe ng ebanghelyo, ipinaliwanag niya kung ano ang mensahe ng ebanghelyo at kung bakit sa pamamagitan lamang nito maliligtas ang tao. Siya ay tumugon sa ilang mga karaniwang katanungan at pagtutol. Ang paliwanag na ito at pagtatanggol sa mensahe na kanyang ipinapangaral ang sumasaklaw sa halos kabuuan ng libro at nagbibigay ng istruktura nito.

Ang mayroon tayo sa aklat ng Roma ay isang paliwanag tungkol sa teolohiya ng kaligtasan. Ang Teolohiya ni Pablo patungkol sa kaligtasan ang ipinagtanggol sa liham ay nagbibigay ng agarang pagtatanggol laban sa mga Judaizers; gayundin, ito ay nagsisilbing tagapagwasto ng mga kamalian sa modernong soteriology (doktrina ng kaligtasan).

Si William Tyndale, sa kanyangprologue sa aklat ng Roma, sinabi niya, "Ang nasa isipan ni Pablo ay upang maunawaang mabuti mula sa maikling liham na ito ang lahat ng buong kaalaman patungkol sa ebanghelyo ni Cristo at maghanda ng isang pagpapakilala sa lahat ng Lumang Tipan."[33]

Sa buong kasaysayan, ginagamit ng Dios ang liham sa mga taga-Roma upang mapanumbalik ang pinakamahalagang katotohanan kapag ito ay kanilang nakakalimutan.

Noong 386, Si Augustine ay nagdesisyon na wawakasan ang kanyang makasalanang pamumuhay matapos basahin ang Roma 13:13-14.

Noong 1515, naunawaan ni Martin Luther ang kahulugan ng Roma 1:17. Nakita nita na ang taong maliligtas mula sa paghatol ng Dios ay ang taong mayroong nakapagliligtas na pananampalataya. Ito ang nagbigay sa kanya ng batayan para sa isang katiyakan ng kaligtasan na matagal na niyang hinahangad. Ito ang naging batayan ng kanyang mensahe nasa pamamagitan lamang ng pananampalataya ang tanging daan upang maligtas.

Noong 1738, natagpuan ni John Wesley ang katiyakan ng pansariling kaligtasan nahinahangad niya nang maraming taon. Nangyari ito habang siya ay nasa isang pagpupulong kasama ang iba pang kabataang lalaki na regular na nagtitipon upang pag-

[33] William Tyndale, "Prologue to Romans," *English New Testament*, 1534.

aralan kung paano sundin ang pagiging Kristiyano ayon sa banal na kasulatan. Habang may nagbabasa ng paunang salita ni Luther patungkol sa aklat ng Roma, naramdaman ni Wesley na ang kanyang puso ay "uminit ng kakaiba." "Naramdaman kong nagtiwala ako kay Cristo, kay Cristo lamang, para sa aking kaligtasan: at ako ay binigyan ng kasiguraduhan na tinanggal na niya ang *aking mga kasalanan*, at iniligtas ako mula sa batas ng kasalanan atkamatayan."[34]

Para sa tatalong mga kalalakihang ito, ang pag-unawa sa mensahe ng aklat ng Roma ay isang motibasyon upang magkaroon ng kasigasigan na mag-ebanghelyo. Ang aklat ay patuloy na tinutupad ang layunin ng pagbibigay ng isang batayan para sa mga misyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa teolohiya ng kaligtasan.

***Ang buong aklat ng Roma ay ipinaliwanag sa mga talatang ipinahayag sa 1:16-18.***

Ang lahat nang nasa talatang 1-14 ay tumutukoy sa ipinahayag sa talata 15 kung saan sinabi ni Pablo na, “Handa akong ipangaral ang ebanghelyo.” Ang mga talata 16-18 ay nagpapaliwanag nang malinaw kung ano ang ebanghelyo at kung bakit kailangan ito ng lahat. Ang ebanghelyo ay ang mensahe kung saan ang isang taong makasalan ay maaaring ituring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang kadahilanan kung bakit kailangan ng lahat ang mensaheng ito ay dahil nasa ilalim sila ng poot ng Dios.

> Ang pangkalahatang hangarin ng liham na ito ay ipahayag ang walang hanggan, hindi mababagong latunin o kautusan ng Dios, na kung saan, “Ang sumasampalataya ay maliligtas: ang hindi sumasampalataya ay mapapahamak."
>
> - John Wesley

**Ang isa pang paraan upang maipahayag ang pangunahing layunin ng aklat ng Roma ay ang pagpapaliwanag patungkol sa ebanghelyo, ayon sa kautusan ng Dios na ang sinuman sumampalataya ay maliligtas at ang sinumang hindi sumampalataya ay mapaparusahan.**

Ang kasukdulan ng aklat ng Roma ay nagsimula sa 10:13-15, ay kung saan ipinaliwanag ni Pablo kung bakit kinakailangan na mag-ebanghelyo upang madala ang ebanghelyo sa iba. Ang mga tao ay naliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit hindi sila mananampalatayamalibang marinig nila ang ebanghelyo.

## Isang Pagbabahagi ng Ebanghelyo mula sa aklat ng Roma

Ang ebanghelyo ay maipapaliwanag gamit ang mga talatang mula lamang sa aklat ng Roma. Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay kadalasang tinatawag na “Roman Road.”

Ang unang pangungusap ng paliwanag para sa bawat sanggunian ay ang pinakamahalagang dapat tandaan.

[34] John Wesley, *The Works of John Wesley,*(Kansas City: Nazarene Publishing House, n.d.), 103.

**Roma 3:23 “Lahat ay nagkasala at nagkulang sa kaluwalhatian ng Dios.”**

Ang bawat tao ay nagkasala sa paggawa ng mga bagay na alam nilang mali. Ipinapakita ng talatang ito ang totoong problema ng mga tao. Hindi nila sinunod ang Dios; sadya nilang sinuway ang Dios. Walang taong hindi nagkasala. Walang taong maaaring tanggapin ng Dios sa batayan ng palaging gumagawa ng tama.

Para sa karagdagang diin sa puntong ito, maaari mong gamitin ang talata 3:10 (“Walang matuwid”) at 5:12 (“Ang kamatayan ay lumaganap/ipinasa sa lahat, sapagkat lahat ay nagkasala”).

**Roma 6:23 “Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggang sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.”**

Ang mga makasalanan ay nahatulan sa walang hanggang kamatayan, ngunit ang Dios ay nag-aalok ng buhay na walang hanggang bilang isang regalo sa pamamagitan ni Jesus.

Ipinapakita ng talatang ito kung bakit hindi pwedeng balewalain ang kasalanan. Dahil sa kasalanan, ang parusa ng kamatayan sa lumaganap sa bawat tao. Ito ay walang hanggang kamatayan, ang paghuhukom ng Dios ay nararapat sa bawat makasalanan.

Sa kabaligtaran ng kamatayang tinanggap natin, nag-aalok ang Dios ng regalo ng isang buhay, isang bagay na hindi natin magagawang makamtan sa sariling kakayahan.

**Roma 5:8 “Ngunit ipinakita ng Dios ang kanyang pag-ibig sa atin, kahit noong tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.”**

Ang regalo ng Dios ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo para sa atin.

Hindi hinayaan ng Dios na tanggapin natin ang paghatol na nararapat sa atin. Dahil sa pag-ibig niya sa atin, nagbigay siya ng paraan para tayo ay makatanggap ng kanyang awa. Si Jesus ay namatay bilang isang handog upang tayo ay mapatawad. Hindi tayo hinintay ng Dios na gumawa ng isang bagay upang maging karapat-dapat makatanggap ng kaligtasan – dumating ito sa atin “habang tayo ay mga makasalanan pa.” Ang kaligtasan ay hindi inalok sa mabubuting tao, kundi sa mga makasalanan.

**Roma 10:9 “Kung aaminin mo . . . at maniniwala ka . . . maliligtas ka.”**

Ang tanging kinakailangan para sa kaligtasan ay ang amini ng makasalanan na siya ay isang makasalanan at naniniwala sa pangako ng Dios ng kapatawaran dahil sa pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus.

Ano ang tungkol sa pagsisisi? Kung inaamin ng isang tao na siya ay nagkamali at nais na siya ay mapatawad, ipinapahiwatig din niya na handa niyang talikuran at tigilan ang kanyang mga kasalanan.

**Roma 10:13 "Ang sinumang tumawag sa oangalan ng Panginoon ay maliligtas."**

Ang alok na kaligtasan ay para sa bawat tao. Walang taong hindi kasama. Walang iba pang mga kwalipikasyon.

**Roma 5:1 "Nabibigyang-katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, tayo ay may mapayapang-ugnayan sa Dios"**

Ang paniniwala sa pangako ng Dios ang nagbibigay sa atin na maging kaibigan ng Dios, hindi na nabibilang na nagkasala.

Ang pagkakaroon ng mapayapang-ugnayan sa Dios ay nangangahulugang hindi na niya tayo mga kaaway; tayo ay nakipagkasundo. Ang kasalanan na naghihiwalay sa atin sa Dios ay inalis na mula sa pagkakaharang nito. Ang pagturing sa atin bilang matuwid ay nangangahulugang hindi na tayo nabibilang na nagkasala. Ang pagturing sa atin bilang matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangahulugang naniniwala tayo na ang paniniwala sa pangako ng Dios ang tanging kinakailangan para sa ating kapatawaran.

**Roma 8:1 "Kaya't ngayon ay walang nang kahatulang parusa para sa mga nakipag-isa na kay Cristo Jesus."**

Dahil tayo ay nakipag-isa na kay Cristo, hindi na tayo hahatulan ng kaparusahan para sa mga kasalanan na ating nagawa.

Si Cristo ay nabuhay ng walang kasalanan at nagawa ang lahat ng kinakailangan ng hustisya sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus. Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay nakipag-isa sa kanya at tinanggap ng Dios Ama. Itinuturing tayo ng Dios na parang hindi tayo nagkasala.

**Konklusyon**

Ito ay nagpaliwanag na ang isang makasalana ay maaaring maligtas sa pamamagitan ng pananalangin sa Dios, pag-amin na siya ay isang makasalanan at humihingi ng kapatawaran batay sa sakripisyong kamatayan ni Jesus at kanyang muling pagkabuhay.

## Para sa Pag-aaral at Pagsasanay

Ang pinakamahusay na paraan upang matutunan at mapagsanayan ang pamamarang ito ay sapamamagitan nangpagmamarka ng bilog o salungguhitng bawat talatang ginamit sa aklat ng Roma. Pagkatapos ay maglagay ng numero sa tabi ng bawat talatang minarkahan na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng paggamit nito. Halimbawa:sa tabi ng talata na unang gagamitin, isulat ang numero 1.

Pagsanayan ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Basahin ang bawat talataat ibigay ang paliwanag na kasama nito. Tiyaking isama ang mga konsepto na nasa unang pangungusap pagkatapos ng bawat talata. Idagdag ang anumang paliwanag na kinakailangan, gamit ang iba pang mga pangungusap kung sila ay kapaki-pakinabang. Hindi kinakailangan na gumamit ng eksaktong mga salita na ibinigay sa leksiyong ito.

Magsanay hanggang sa magawa mo ito nang walang pagtingin sa anumang bagay maliban sa Biblia.

## Pagsasanay sa Silid-aralan

Ang dalawa o tatlong mag-aaral ay dapat ipakita ang paggamit ng Roman Road para sa pangkat. Dapat talakayin ng pangkat ang mga paraan kung paano pa nila mapapabuti ang pagbabahagi. Pagkatapos, ang mga mag-aaral ay dapat maghati-hati bilang pares upang makapagsanay. Ang bawat mag-aaral ay dapat na magbahagi ng dalawang beses, sa iba't ibang mga tagapakinig.

## Takdang Aralin

(1) Ibahagi ang ebanghelyo gamit ang pamamaraang ito sa hindi bababa sa tatlong tao. Magsulat ng isang salaysay tungkol sa bawat pag-uusap at maging handa na ibahagi ito sa susunod na sesyon ng klase.

(2) Maging handa na magsulat mula sa memorya (gamit lamang ang iyong Biblia) ang mga sanggunian ng Banal na Kasulatan na ginamit sa Roman road at kahit isang pangungusap ng paliwanag para sa bawat isa.

(3) Ang susunod na leksiyon ay tungkol sa ebanghelikong pangangaral /evangelistic preaching. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng isang balangkas o buod ng isang ebanghelikong sermon na ka nyang ipinangaral, isa na narinig niya, o isang nais niyang maipangaral. Dapat niyang dalhin ito sa susunod na sesyon ng klase.

**Pagsubok sa Leksyon 10**

Isulat ang mga sanggunian para sa mga banal na kasulatan na ginamit sa presentasyon ng Mga Kalsada ng Roma para sa ebanghelyo. Sa ibaba ng sanggunian, isulat ang hindi bababa sa isang pangungusap na paliwanag. Huwag isulat ang mga talata.

(1) Mga Taga-Roma _______

(2) Mga Taga-Roma _______

(3) Mga Taga-Roma _______

(4) Mga Taga-Roma _______

(5) Mga Taga-Roma _______

(6) Mga Taga-Roma _______

(7) Mga Taga-Roma _______

# Leksyon 11
# Ebanghelikong Pangangaral

**Paalala sa Tagapanguna ng Klase:**

*Ang bawat mag-aaral ay dapat magdala ng kanyang balangkas o buod ng isang ebanghelikong sermon na kanyang ipinangaral, kanyang narinig, o nais niyang maipangaral.*

**Panimula**

*Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 1:17-25 para sa pangkat.*

► Ano ang pamamaraan ng Dios sa pagliligtas sa mga nawawala?

Ang mga Hudyo ay naghahanap ng kapangyarihan upang mailigtas ang kanilang bansa. Gusto nila ng isang mensahe ng kapangyarihan na may mga palatandaan ng kapangyarihan upang patunayan na gagana ito.

Ang mga Hentil ay nagnanais ng karunungan para maunawaan ang buhay at para maging matagumpay sa mundo. Nais nila ang isang mensahe na magpapaliwanag kung paano nila makukuha ang kanilang nais.

Ang krus ay kumakatawan sa pagsuko at handog. Sa mga Hudyo na nagnanais ng kapangyarihan, para sa kanila ito ay kahinaan. Sa mga Hentil na nagnanais ng makamundong karunungan, para sa kanila ito ay kamangmangan. Sa tunay na buhay, ang kapangyarihan at karunungan ng Dios ay ipinakita sa pagkamatay ni Cristo. Ang krus ay parang kahinaan at kamangmangan ng Dios, ngunit mas malaki ito kaysa sa pinakamahusay na pagsisikap ng mga tao.

Ang mensahe ng ebanghelyo ay sumasalungat sa natural, makasalanang pagnanasa ng sangkatauhan. Nanawagan itong magkaroon ng pagsisisi at pagsuko sa Dios. Ito ay parang isang kahangalang mensahe, sapagkat nais marinig ng mga tao ang tungkol sa kung paano nila makukuha ang kanilang mga nais.

Pinili ng Dios na gamitin ang ebanghelyo upang maligtas ang mga tao. Ibinigay niya ang gawain ng pakikipagugnayan sa mga mananampalataya. Ang salitangpangangaral ay hindi lamang tumutukoy sa isang taong nagsasalita sa isang grupo ng tao, ngunit sa pakikipag-ugnayan ng ebanghelyo sa iba't-ibang paraan at anyo. Ang punto ng talata ay hindi ang pampublikong pangangaral ang napiling pamamaraan ng Dios. Ang punto ay ebanghelyo ang siyang pamamarang napili ng Dios.

► Ano ang kahulugan ng talata kapag sinasabi na ang pangangaral patungkol sa mensahe ng krus ay kamangmangan para sa mga hindi sumasampalataya?

## Pagtukoy sa Ebanghelikong Pangangaral

Ang salitang*pangangaral*ay maaaring magamit sa isang mas malawak na diwa upang tukuyin ang iba't-ibang anyo ng pakikipag-ugnayan upang maibahagi ang Salita ng Dios. Gayunpaman, sa leksiyong ito, gagamitin natin ang salitang *pangangaral* sa karaniwan nitong kahulugan: upang tukuyin ang isang indibidwal na nagbabahagi ng Salita ng Dios sa isang pagpupulong ng mga tao.

Ang Ebanghelikong pangangaral ay nagaganap kapag ang ebanghelyo ay ipinapahayag sa isang pagpupulong ng mga tao. Hindi lamang ito isang pagpapahayag ng anumang paksa o talata sa Banal na Kasulatan. Ito ay isang pagpapahayag ng ebanghelyo.

Ang tagapangaral ng Ebanghelyo ay kadalasang sinusubukang mahikayat ang kanyang mga tagapakinig upang gumawa ng agarang tugon sa mensahe, na may layunin na sila ay agarang magbalik-loob. Ang mensahe ay idinesenyo upang tawagin sila sa pagpapasyang iyon.

Ang impormasyon sa isang ebanghelikong mensahe ay maingat na pinili. Ang layunin ng mensahe ay hindi bilang isang pangunahing kaalaman. Sinisikap ng nangangaral na magbigay ng impormasyon na kailangan ng mga tagapakinig para sa pagpapasya na magbalik-loob. Kabilang sa mga impormasyong ito ay ang paliwanag ng pangunahing ebangelyo, kung paano dapat tumugon ang nakikinig, at posibleng mga kahihinatnan ng pagpapasya.

Ang nangangaral ay maaaring maganap sa isang tahimik, maayos na kaganapan katulad ng pagsasama saman ng mga miyembro ng iglesisa sa isang gusali, simbahan o sa isang pagsasama-sama ng mga tao sa ibang lugar kung saan nagtitipon para sa ibang layunin. Ang mga tagapakinig ay maaaring maging mabuti sa mensahe, o maaaring hindi.

► Ano ang iba't ibang mga kalagayan kung saan mo nakikita na ipinapangaral ang ebanghelyo?

## Mga Gabay para sa Ebanghelikong Pangangaral

Dahil may mga pagkakaiba-iba sa pagitan ng pangangaral sa isang simbahan at pangangaral sa iba't ibang uri ng pangkat, sa una ay magbibigay kami ng mga gabay na nalalapat sa ebanghelikong pangangaral sa isang iglesia. Sa isang dulong bahagi ng leksiyong ito, magbibigay kami ng ilang mga gabay na nalalapat para sa pangangaral sa labas ng iglesia.

### (1) ipaliwanag ang isang talata sa banal na kasulatan.

Ang Salita ng Dios ay napakamakapangyarihan, kaya't kailangan ng Nangangaral na gamitin ito. Hindi kinakailangan na mahaba ang talata o ang paggugol ng mahabang panahon sa pagpapaliwanag ng mga detalye tungkol dito. Dapat niyang gamitin ang Banal na Kasulatan na sumusuporta sa mensahe ng ebanghelyo. Kaya dapat niyang tiyakin na ang kanyang pinakamahalagang pahayag ay batay sa Banal na Kasulatan, upang ang kapangyarihan ng

Salita ng Dios ay magamit. Hindi siya dapat pumili ng bahagi ng isang talata upang magamit sa isang kahulugan na naiiba sa kahulugan na mayroon ito mula sa konteksto ng talata.

**(2) Dapat niyang tukuyin ang mga terminong*pagsisisi atpananampalataya.***

Ang mga tagapakinig ay maaaring magkaroon ng mga maling ideya tungkol sa kung ano ang kahulugan ng mga salitang ito. Maaari nilang isipin na ang pagsisisi ay nangangahulugang gawing tama ang iyong buhay upang tanggapin ka ng Dios. Kailangan nilang malaman na ang pagsisisi ay nangangahulugang ikaw ay lubos na humihingi ng tawad sa iyong mga kasalanan na ikaw rin ay handang magpaligtas mula sa mga kasalang ito.

Maaaring isipin ng mga tagapakinig na ang pananmpalataya ay nangangahulugang paniniwala sa isang relihiyon o pagsasagawa ng mga nakaugalian sa relihiyon. Kailangan nilang malaman na ang pananampalatayang nakapagliligtas ay ang ganap at lubusang pagbibigay nang iyong tiwala sa pagbabayad-sala ni Cristo para sa kaligtasan.

**(3) Bigyaang-diin na ang isang tao ay nagiging isang Kristiyano sa isang sandali ng kanyang pagbabalik-loob.**

Maraming tao ang may maling idea tungkol sa kung ano ang kahuluganng pagiging isang Kristiyano at kung paano ang isang tao ay nagiging isang Kristiyano. Maaring ipagpalagay nila na nais lamang ng nangangaral na mas maging relihiyoso sila o maging bahagi ng kanyang simbahan. Maaari nilang isipin na nais lamang ng nangangaral na magkaroon sila ng panibagong simula sa buhay na mayroong mas mahigpit na pamumuhay. Bigyang diin na sa pagbabalik-loob ng isang makasalanang nagsisisi, ay makakatanggap ng kapatawaran, at magkakaroon ng simula ang personal na kaugnayan sa Dios.

**(4) Itanggi ang mga maling kadahilanan ng mga tao sa pag-aangkin na sila ay mga Kristiyano.**

Sa ilang lipunan, karamihan sa mga tao ay nagiisip na sila ay mga Kristiyano. Maaari nilang isipin na sila ay mga Kristiyano dahil nagpupunta sila sa isang simbahan, gumagawa ng mabubuting bagay, naniniwala sa ilang mga bagay, o nagkaroon ng ilang espirituwal na karanasan. Bukod sa pagbibigay diin sa pagbabalik-loob, paglalarawan ng isang buhay na may kaugnayan sa Dios at ang pagsunod pagkatapos ng pagsisisi.

**(5) Tiyaking maiintindihan ka ng mga taong hindi pa kabilang sa iglesia.**

Huwag gumamit ng mga termino na ang mga relihiyoso lamang ang may alam. Huwag tukuyin ang mga kaugalian ng relihiyon na hindi nila naiintindihan.

► Ano ang ilang mga termino o salitang ginagamit sa inyong iglesia na hindi nauunawaan ng inyong kapitbahay o mga tao sa inyong lugar?

**(6) Mag-alok ng kapatawaran, ng kaugnayan sa Dios, at buhay na walang hanggan.**

Ito ang pinakamahalagang benepisyo ng kaligtasan. Ipinapakita nito ang kabigatan ng kalagayan ng makasalanan sa pamamagitan ng paglalarawan ng paghatol at walang hanggang parusa na darating sa mga makasalanan.

**(7) Iwasan ang mangako ng mga benepisyo na hindi ipinangako sa ebanghelyo.**

Kung iniisip ng mga tao na kabilang ang materyal na benepisyo sa alok ng kaligtasan mula sa Dios o sa iglesia, ang kasaganahan, pagpapagaling ng may sakit, o iba pang uri ng pagpapabuti ng sitwasyon ng buhay, maaari nilang subukang tanggapin ang mga benepisyo ng hindi talaga nagsisisi.

Maaari mong ipaliwanag na kapag ang Dios ang siyang nasa kontrol ng buhay ng isang tao, siya ay gagabayan ng Dios, pagpapalain, at tutulungan sa kanilang mga problema. Gayunpaman, hindi natin dapat ipangako na ang lahat ng kanilang mga problema ay malulutas kung sila ay magiging Kristiyano. Para sa ilang mga tao, ang buhay ay maaaring mas maging mahirap dahil sa pag-uusig.

**(8) Huwag ikonekta ang pagbabalik-loob sa pagiging kasapi ng isang lokal na iglesia.**

Ang pagiging kasapi ng isang Iglesia ay dapat na makamtam ng isang tao sa sandaling siya ay tunay na magbalik-loob, ngunit ang mga pamantayan ng pagiging kasapi ay kailangang maipaliwanag pagkatapos niyang magbalik-loob. Huwag magsalita ng tungkol sa mga kinakailangan upang maging isang kasapi ng isang iglesia habang sinusubukan na hikayatin ang isang tao na magsisi sa kanyang mga kasalanan. Ang tagapagturo ng ebanghelyo ay dapat na magtuon ng pansin sa pagdadala sa nakikinig tungo sa karanasan ng pakikipag-ugnayan sa Dios.

► Ano ang ilang kailangan upang maging kasapi sa iyong iglesia na hindi naman kinakailangan para sa kaligtasan?

**(9) Huwag magtakda ng mga kinakailangan para sa pagbabalik-loob na kasama ng kanyang paglago.**

Tawagin ang mga tagapakinig na magsisi sa mga kasalanan na kanyang naiintindihan. Huwag mong sabihin sa kanya ang mga patakaran tungkol sa mga detalye ng buhay na hindi naman niya maiintindihan hanggang sa maging Kristiyano siya nang ilang saglit na panahon. Ang panawagan na magsisi at manampalataya ay mabigat na. Huwag mo nang dagdagan ang bigat na siyang maaring maging dahilan upang tanggihan ng isang tao ang ebanghelyo.

**(10) Ipaliwanag kung ano ang nais mong gawin nila.**

Huwag ipagpalagay na alam ng tagapakinig na dapat siyang manalangin at humingi ng kapatawaran sa Dios. Huwag ipagpalagay na alam na niya kung paano lalapit at luluhod. Kapag inanyayahan mo ang mga tagapakinig na tumugon, ipaliwanag kung ano mismo ang nais mong gawin nila. Hangga't maaari ay isipin mo kung paano ito gagawing mas madali para sa isang taong tahimik sa isang pagtitipon sa iglesia.

### Ang Pananalangin kasama ang mga Naghahanap

Ang mga tao ay maaaring magtipon upang manalangin sa altar dahil sa iba't ibang kadahilanan. Minsan ay iniimbitahan ng pastor ang mga tao na manalangin tungkol sa iba't ibang pangangailangan. Ang mga gabay na nakalista dito ay hindi laging nalalapat sa lahat ng pagkakataon ng pananalangin sa altar. Ang mga gabay ay nalalapat sa pananalangin sa mga taong tumugon sa paanyaya pagkatapos ng isang ebanghelikong mensahe.

Dapat tiyakin ng pastor na ang ilang mga tao sa iglesia ay nasanay upang tulungan ang mga taong nananalangin para sa kaligtasan. Dapat niyang ihanda ang mga taong ito upang tumulong kapag nagbigay siya ng isang paanyaya ng pagtugon sa ebanghelyo.

Minsan ang isang tao na nais tumulong sa iba na manalangin ay nagiging isang hadlang sa halip na isang tulong. Dapat magbantay ang pastor upang tingnan kung mayroong magiging mga problema sa altar at maging handa sa pagtulong. Kung ang isang tao ay hinahadlangan ang oras ng pananalangin sa altar na may hindi kanais-nais na pag-uugali o maling pagpapayo, dapat gawin ng pastor ang anumang kinakailangan upang iwasto ang problema.

Naniniwala tayo na ang isang tao ay maaaring magsisi, manampalataya, at makaranas agad ng pagbabalik-loob. Ang pananampalatayang ito ang siyang gumagabay sa ating mga patakaran sa pananalangin kasama ng hindi pa mananmpalataya na nagnanais manalangin.

### Mga Patakaran Sa Pananalangin Kasama Ng Hindi Pa Mananampalataya

**(1) Dapat ay may isa man lang na matanda na sa pananampalataya ang tumulong sa bawat hindi pa manampalatayang nagnanais manalangin.**

Huwag iwanan mag-isang manalangin ang hindi pa mananampalataya at huwag hayaang walang tumutulong sa altar. Nais nating dumating sa isang tiyak na tagumpay sa nagnanais manalangin.

**(2) Alamin kung bakit nagdarasal ang taong hindi pa mananampalataya.**

Huwag ipagpalagay na nagdarasal siya para sa kaligtasan. Kahit kakatapos pa lamang na isang ebanghelikong mensahe, ang mga tao ay lumalapit sa altar para sa iba't ibang kadahilanan. Hindi kinakailangan na pigilan o putulin ang panalangin ng isang hindi pa mananampalataya; ngunit sa isang punto, ang mananampalatayang tumutulong sa kanya ay dapat na magtanong, "Ano ang nais mong gawin ng Dios para sayo?" Pagkatapos ay maaari ng ipanalangin ng mananampalataya ang anumang kailangan niya.

**(3) Hikayatin ang taong hindi pa mananampalataya na magkaroon ng lubusang pagsisisi.**

Itanong, "Handa ka bang pagsisihan ang iyong mga kasalanan, at hayaang iligtas ka ng Dios mula sa kasalanan?" Hikayatin siyang sabihin sa Dios ang kanyang pagsisisi. Hindi kinakailangang sabihin niya ang kanyang mga kasalanan sa pastor o sa ibang tao, maliban kung may tiyak na pagkakasala laban sa mga taong iyon.

**(4) Tiyakin sa isang taong nagnanais na manampalataya na siya ay patatawarin ng Dios.**

Sabihin sa kanya na humingi siya ng tawad sa Dios at magtiwala sa pangakong kapatawaran mula sa Dios. Kung tila nahihirapan siya at nagdududa, ipakita sa kanya ang isang pangako sa banal na kasulatan (1 Juan 1:9, Juan 3:16, Roma 5:8).

Kung ang taong nagnanais manampalataya ay tila nahihirapan manalangin gamit ang kanyang sariling mga salita, ang taga-tulong ay maaaring mag-alok sa kanya ng tulong upang matulungan siya sa isang panalangin na uulitin ng taong nagnanais manampalataya. Ito ay maaaring maging katulad nito:

"Panginoon, alam kong Ako ay isang makasalanan at karapat-dapat sa walang hanggang kaparusahan. Patawarin nyo po ako sa aking mga kasalanan at handa po akong talikuran ang mga ito. Hinihiling kong patawarin nyo ako–hindi dahil karapat-dapat ako, ngunit dahil namatay si Jesus para sa akin.Salamat po sa kaligtasan. Simula sa mga oras na ito, Ako ay mabubuhay para sa iyo."

Karaniwan, kapag ang isang nagnanais manampalataya na nahihirapan manalangin sa isang tiyak na tagumpay, mayroon nananatili pa din na kasalanan na ayaw niyang tigilan. Hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya upang siya ay mapatawad hanggang hindi siya tunay na nagsisisi.

**(5) Hilingin sa taong nagbalik-loob ang isang patotoo.**

Kung ang isang nagnanais manampalataya ay tila nakahanap ng tagumpay, dapat ay magtanong sa kanya ng, "Ano ang ginawa ng Dios para sa iyo?" Hikayatin siyang gumawa ng isang tiyak na pahayag. Maaari niya itong ipatotoo sa harap ng mga miyembro ng iglesia, ngunit dapat niyang sabihin muna ito sa nakasama niyang manalangin.

**(6) Bigyan ng naka-print na paliwanag tungkol sa kaligtasan.**

Dapat bigyan ng naka-print na paliwanag tungkol sa kaligtasan ang bagong nagbalik-loob. Ito ay dapat may paliwanag tungkol sa kaligtasan. Ito ay makakatulong sa kanya na maunawaan ang nangyari at makakatulong din ito sa kanya upang ipaliwanag sa iba.

**(7) Itakda ang unang hakbang sa pagiging disipulo.**

Ang unang hakbang sa pagiging disipulo ay karaniwang isang pulong o pakikipagkita sa isang pastor o isang taong matanda na sa pananampalataya. Tiyaking nauunawaan ng nagbalik-loob ang mga nangyari sa kanya. Pagkatapos nito, maaari siyang sumali sa isang maliit na grupo o regular na pag-aaral ng Salita ng Dios kasama ng isang tao.

Dapat din na may isang taong bumisita sa kanyang pamilya, siguraduhing alam nila ang tungkol sa pagbabalik-loob, at anyayahan sila sa iglesia. Maaaring magkaroon ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa kanila.

► Ano ang mga kaugalian sa iyong iglesia para sa pananalangin kasama ng mga hindi pa mananampalataya? Ano ang mga dapat mong gawin upang maidagdag ang mga bagay na nakalista sa itaas?

## Pangangaral sa Labas ng Iglesia

Ang Pangangaral sa labas ng iglesia ay para sa layunin na maabot ang mga taong hindi nagpupunta sa iglesia. Ito ay mahirap dahil ang mga tagapakinig ay naroon para sa ibang layunin at maaaring hindi magbigay ng pansin. Posibleng maingay doon at may konting kaguluhan. Walang senyales ng pagsamba na katulad ng pagsambang nagaganap kapag nagtitipon-tipon ang mga miyembro ng iglesia.

Ang isang tagapangaral sa labas ng iglesia ay dapat mayroon siyang malakas na boses na may sapat na lakas upang marinig siya ng mga tao, o dapat siyang gumamit ng ilang uri ng amplifiyer.

Ang unang hamon para sa pangangaral sa labas ng iglesia ay ang pagkuha ng kanilang pansin. Ang mga tao sa lugar ay mabilis na nagpapasya kung nais nilang makinig o hindi. Ang ilang tagapakinig ay makikinig lamang sa loob ng ilang minuto. Marami ang makikinig lamang sa isa o dalawang pangungusap bago magpasya kung interesado man sila o hindi.

Ang tagapagbahagi ng ebanghelyo ay dapat gumamit ng mga maiikling pangungusap, at ang bawat pangungusap ay dapat mahalagang pakinggan at isang kapaki-pakinabang na pahayag. Dapat niyang alalahanin na ang bawat pangungusap ay magiging unang pangungusap na na maririnig ng ilan niyang tagapakinig. Ang paggawa ng isang punto sa bawat pangungusap ay makakatulong na mahuli ang kanilang pansin. Kung siya ay nagtagumpay sa pagkuha ng pansin ng isang pangkat upang makinig, maaari niyang masabi ang mga ilustrasyon at mas malinaw na maipaliwanag ang mga puntos.

Kung maaari, ang tagapagbahagi ng ebanghelyo ay dapat may kasamang isang grupo ng mga mananampalataya. Kung ang mga taong dumadaan ay nakikita ang iba na nakikinig, mas malamang na sila ay tumigil at makinig. Kung mayroong mga musikero na maaaring tumugtog ng mga kanta bago ang pagbabahagi ng ebanghelyo, ito ay kadalasang nakakatulong upang makapagtipon ng maraming tao.

Dapat antatahan ng tagapagbahagi ng ebanghelyo ang mga tagapakinig na mas lumapit at manalangin para sa kaligtasan.

Ang mga tumutulong ay dapat na magpamahagi ng mga naka-print na impormasyon sa mga tao sa lugar.

► Ano ang mga posibleng kaganapan na mayroon sa pangangaral sa labas ng iglesia sa inyong lugar?

### Talakayan sa Klase

*Ang bawat mag-aaral ay dapat na tingnanangebanghelikong sermon na kanyang dinala. Dapat niyang isaalang-alang kung paano nito nagagampanan ang sampung alituntunin para sa ebanghelikong pangangaral. Dapat niyang planuhin kung paano niya ito babaguhin o uulitin.*

*Maaaring walang oras upang talakayin ng klase ang sermon ng bawat mag-aaral, ngunit dapat nilang talakayin ang ilan sa kanila upang makapagbigay ng mga halimbawa.*

### Takdang Aralin

Bumuo ng isang ebanghelikong sermon na nakasunod sa mga pamantayan na ibinigay sa leksiyong ito. Ang sermon ay hindi kailangang isulat ng buo, ngunit dapat na isulat ang pangunahing pahayag. Dalin ito sa susunod na sesyon ng klase para sa talakayan.

### Paalala sa Tagapanguna ng Klase:

*Ang susunod na sesyon ng klase ay hindi dapat masaklaw o matalakaw ang isang aralin. Ang mga mag-aaral ay dapat magpakita ng kanilang ebanghelikong sermon at pagkatapos ay talakayin ang mga ito. Hindi kinakailangan ipangaral nila ng buo ang kanilang sermon, ngunit paikliin ito sa isang pagpapahayag na aabot ng 5-7 minuto ang bawat isa. Ang susunod na nakatakdang sesyon ay pagkatapos ng sesyon ng pagsasanay na gagamitin sa Leksiyon 12.*

# Leksiyon 12
# Pagbubukas ng mga Pintuan

## Panimula

► Dapat ba nating ipanalangin ang mga makasalanan? Saan sa Biblia sinasabi sa atin na dapat nating ipanalangin ang mga makasalanan?

Hindi madaling makahanap ng isang talata sa Biblia na nagsasabi ng diretso na dapat nating ipanalangin ang mga makasalanan na magbalik-loob. Ang alam nating matatagpuan ay mga talata na nagsasabing dapat nating ipanalangin ang pagkakaroon ng mabisang pagkalat ng ebanghelyo (2 Tesalonica 3:1, Efeso 6:19, Colosas 4:4, Acts 4:29).

Alam natin na dapat nating ipanalangin ang pagbabalik-loob ng mga makasalanan kasabay ng pananalangin para sa tagumpay ng ebanghelyo. Sinabihan tayong manalangin para sa lahat, kabilang dito ang pananalangin na magbalik-loob ang mga makasalanan (1 Timoteo 2:1). Sinabihan din tayo na subukang ituwid ang mga tao upang magsisi (2 Timoteo 2:25), at nararapat na manalangin para sa tulong ng Dios sa gawaing iyon.

## Ang Pagbabahagi ng Ebanghelyo noong Unang Henerasyon

Kapag ang iglesia ay nasa kanyang kasigasigan, ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay tila nangyayari ng kusa at natural. Sa unang henerasyon ng iglesia na inilarawan sa aklat ng Gawa, tila lahat ay masayang nagbabahagi ng ebanghelyo.

*Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Gawa 2:46-47 para sa pangkat.*

Sa katunayan, ang ugnayan ng miyembro ng iglesia ay napakalakas at buhay na buhay kung saan ay natural itong nakakatawag pansin ng iba. Ito ang nagsasabi sa atin na kung ang isang iglesia ay hindi nakakaakit ng mga bagong tao, ang kanilang pakikipag-ugnayan ay hindi kasing lakas ng nararapat na ugnayan.

*Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Gawa 5:42 para sa pangkat.*

Ang mga apostol at iba pang mga kristiyano ay nakakita ng oprtunidad na ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng dako at sa lahat ng oras. Ang ilang iglesia ay hindi ipinapangaral ang ebanghelyo sa labas ng iglesia, at hindi sila sigurado kung paano magsisimula. Hindi nila alam kung paano makahanap ng mga oprtunidad upang ipangaral ang ebanghelyo.

*Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Gawa 8:1-4 para sa pangkat.*

Dahil sa pag-uusig, maraming mga Kristiyano ang umalis sa Jerusalem upang manirahan sa ibang lugar. Ibinahagi nila ang ebanghelyo sa lahat ng lugar na kanilang pinuntahan. Para sa kanila, ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay bahagi ng kanilang pamumuhay bilang Kristiyano.

## Mga Pagtatalo o Agrumento patungkol sa mga Iglesia

Dapat mong iwasan ang mga argumento patungkol sa ibang iglesia sa harapan ng mga taong hindi pamananampalataya. Huwag mong punain ang ibang iglesia kapag ibinabahagi mo ang ebanghelyo. Ang mga taong wang pananampalataya ay walang espirituwal na pang-unawa upang magkaroon ng tamang konklusyon sa mga argumento patungkol sa iglesia. Maraming tao sa mundo ang nagsasabi na ang mga pagtatalo-talo sa pagitan ng mga iglesia ay ang dahilan kung bakit hindi sila naniniwala sa Kristiyanismo.

Kung ang isang tao ay nagpipilit magtanong tungkol sa mga pagkakaiba sa doktrina, magbigay ng mga dagot mula sa banal na kasulatan, ngunit subukang ibalik siya sa prayoridad ng ebanghelyo. Maaari mong sabihin na, "Ang mga tanong na iyan ay mahalaga, ngunit ang pinakamahalagang bagay ay maging ligtas at magkaroon ng kaugnayan sa Dios." Kung sabihin nila sa iyo ang tungkol sa isang Kristiyanong kanilang kilala, marahil ay isa nilang kamag-anak o isang pastor, subukang huwag sabihin ang mga kritikal na bagay tungkol sa doktrina ng taong iyon.

Kung kailangan mong ipaliwanag kung bakit naiiba ang iyong simbahan sa iba, maari mong sabihin na, "Mahalaga para sa isang tao na magsisi sa kasalanan, mapatawad, at mamuhay ng may pagsunod sa Dios. Ang aming iglesia ay binibigyang diin ang mga prayoridad na ito, kaya naiiba kami mula sa ibang mga iglesia na nagbibigay diin sa ibang bagay."

## Mahihirap na Tanong

Ang ilang Kristiyano ay natatakot magbahagi ng ebanghelyo dahil natatakot sila sa mga mahihirap na tanong. Mabuti ang patuloy na matututo, ngunit sa katunayan ang karamihan sa mga Kristiyano ay hindi alam kung paano sasagutin ang lahat ng mgahirap na katanungan. Hindi mo kinakailangang malaman ang lahat ng sagot.

Kung may magtanong sayo nag tanong na hindi mo kayang sagutin, maaari mong sabihin ang ganito: "Hindi ko alam ang pinakamahusay na sagot sa tanong na iyan. Ang isa sa aming miyembro sa iglesia ay maaaring makatulong sayo sa tanong na iyan. Ngunit ang mas mahalaga, naniniwala ako sa Biblia, at naniniwala ako na ang pinakamahalang bagay ay ang makilala ang Dios at maging ligtas. Alam ko kung paano ka maliligtas."

Kung sabihin sa iyo ng isang tao na, "Hindi ako naniniwala sa Biblia," o kaya naman ay "Hindi ako naniniwala sa Dios," mayroong dalawang magkaibang direksyon na maaari mong gawin sa pag-uusap na iyon. Maaari mo siyang tanungin sa kanyang mga dahilan ng kanyang opinyon at subukang bigyan siya ng ilang mga katibayan. Ang ibang direksyon ay ang pagsasabi ng, "Marahil ay naisip mo ito at sinubukan mong magkaroon ng isang lohikal na konklusyon. Ngunit, kahit hindi ka naniniwala sa Biblia, bilang isang taong matalino ay nais mong malaman ang pangunahing mensahe ng Biblia. Maaari ko bang ipakita sayo kung ano ito?" Sa ganitong paraan ay maibabahagi mo ang ebanghelyo ng hindi ka nakikipagtalo. Maaaring magamit ng Dios ang mensahe upang maapektuhan siya sa mga susunod na araw.

Kapag ikaw ay nagbabahagi ng ebanghelyo, maaari kang makakilala ng isang taong nais lang makipagtalo o argumento. Dapat mong iwasan ang pag-aaksaya ng maraming oras sa kanya. Kahit na sabihin mo ang lahat ng mga tamang bagay, marahil ay hindi niya tatanggapin ang katotohanan. Subukan mong ibahagi ang pangunahing katuruan ng ebanghelyo, magpatuloy ka at makipag-usap sa ibang tao.

## Ipagtanggol ang Ebanghelyo

*Basahin ang Tito 1:9-11.*

► Ano ang ibinigay na mga dahilan ng talatang ito kung bakit dapat nating ipagtanggol ang ebanghelyo?

Isa sa mga kakayahan na dapat mabuo ng isang pastor ay ang kakayahang ipagtanggol ang katotohanan ng Kristiyanismo laban sa mga pilosopiya ng mundo. Hindi ito tumutukoy sa pakikipag-argumento patungkol sa mga doktrina ng iba't ibang iglesia, ngunit ang pagsalungat ng mundo laban sa ebanghelyo.

Ang kadahilanan na dapat nating ipagtanggol ang katotohanan ay hindi lamang upang subukang magbalik-loob ang taong nakikipagtalo, ngunit upang matulungan ang mga taong kanyang naimpluwensyahan. Maraming tao ang hindi pa napanakapagpapasya kung ano ang dapat paniwalaan. Kailangan nilang marinig ang pagtatanggol sa katotohanan ng Kristiyanismo.

Karamihan sa mga Kristiyano ay hindi lubos na handa para sa ganitong uri ng argumento. Ang bawat Kristiyano ay dapat na mas matuto hanggat kaya niya, ngunit ang ilan ay may natural na kakayanan at handa siya upang gawin iyon.

Habang nag-aargumento, mahalaga na ipakita ang iyong layunin. Hindi ka nagsisikap na manalo sa isang kompetisyon. Hindi mo kinakalaban ang isang tao bilang isang personal na kaaway. Kailangan mong ipakita na ang katotohanan ay mahalaga sayo sapagkat ikaw ay nagmamalasakit sa mga tao. Kung hindi niya pinaniniwalaan ang ebanghelyo, ang kanyang kaluluwa ay maliligaw. Iyon ang dahilan kung bakit nais mong baguhin ang kanyang isip. Maaari mong sabihin na, "Nais kong makilala mo ang Dios at nais kong maligtas ka, natatakot din ako na naniniwala ka sa isang bagay na hindi magdadala sayo palapit sa Dios."

## Pagbuo ng Kasanayan sa Paggawa ng mga Oportunidad

Mayroon tayong ilang lista ng mga nakatalang pagkakataon sa Biblia kung saan natagpuan ng tagapagbahagi ng ebanghelyo ang isang espesyal na oprtunidad upang makapagbahagi siya ng ebanghelyo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Gawa 8:26-39 para sa pangkat. Ang isa pang mag-aaral ay maaaring hilingin na ibuod ang kuwento para sapangkat. Paano naging katibo ang Espiritu ng Dios sa kaganapang ito? Paano nalaman ni Felipe ang isang pagkakataon para ibahagi ang ebanghelyo?

Ang isa pang halimbawa ng isang tagapagbahagi ng ebanghelyo na nalaman ang isang pagkakataong upang ibahagi ang ebanghelyo ay si Jesus mismo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Juan 4:7-14 para sa pangkat. Ang isa pang mag-aaral maaaring hilingin na ibuod ang kwento.

Kabilang sa pag-uusap na ito sa pagitan ni Jesus at ng babaeng Samaritano ang paksa patungkol sa di pagkakasundo ng mga etniko, kontrobersiya sa relihiyon, at ang mga karaniwang tungkulin sa buhay. Si Jesus ay hindi gumugol ng maraming oras sa mga paksang iyon, ngunit pinatnubayan ang pag-uusap sa paksa ng espirituwal na pangangailangan ng babae.

Kapag natutunan mong magbahagi ng ebanghelyo, hahanap hanapin mo ang mga pagkakataong upang maibahagi ang ebanghelyo sa mga tao. Kadalasan, may magsasabi sayong nais nilang marinig ang ebanghelyo, ngunit ang mga pagkakataon ay karaniwang hindi gaanong halata.

Pakiramdam ng ilang Kristiyano na mahirap ibahagi ang ebanghelyo dahil sa palagay nila ay hindi interesado ang mga tao na pankinggan ito. Iniisip nila na mahirap magsimula ng pag-uusap tungkol sa relihiyon.

Ang ebanghelyo ay tumatalakay sa maraming alalahanin na mayroon ang mga tao. Kaya, hindi mahirap magpanimula ng usapan patungkol sa ebanghelyo.

Sa leksiyon na ito, ang susunod nating tatalakayin ay ang mga dahil kung bakit nagiging interesado ang mga tao sa ebanghelyo.

## Ang Iba't-ibang Uri ng Motibo

Ang mga tao ay may iba't-ibang uri ng motibo sa kanyang pagtugon sa alok na kaligtasan. Kadalasan ang kanilang mga motibo ay hindi tama, ngunit marami din namang may tamang motibo.

► Ano ang iyong dahilan sa pagtanggap sa ebanghelyo? Hayaaan ang ilang mga mag-aaral na ilarawan ang kanilang sariling mga kadahilanan sa pagbabalik-loob.

Narito ang iba't ibang uri ng motibo na nagiging sanhi ng pagnanasa ng mga tao na magkaroon ng kaligtasan.

- Upang pumunta sa langit, hindi sa impyerno (o takot na mahatulan)
- Upang magkaroon ng katuparan at layunin sa buhay
- Upang magkaroon ng seguridad, kapayapaan ng isip, kalayaan mula sa takot
- Upang magkaroon ng kapatawaran, kalayaan mula sa pagkakasala (malinis na konsensya)
- Upang maging malinis at buo sa espoirituwal na aspeto
- Upang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Dios (upang makilala ang Dios)
- Upang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga Kristiyano
- Upang magkaroon ng kasiyahan sa mga espirituwala na hangarin (tunay na kaligayahan)
- Upang magkaroon ng paglaya mula sa kasalanan
- Upang malaman ang katotohanan

Ang mga ito ay direktang pakinabang ng pakikipagkasundo sa Dios. Ang mga ito ay hindi makamundong alalahanin na sumasalungat sa mga walang-hanggang halaga. Ang isang tao ay nagkukulang sa mga bagay na ito kung siya ay hiwalay sa Dios.

► Tingnan ang listahang ito at isaalang-alang kung alin ang mahalaga sayo. Alin dito ang naging kaakit-akit sayo bago ka magbalik-loob? Alin sa mga ito ang naging mahalaga sayo pagkatapos ng iyong pagbabalik-loob?

Ang isang taong hindi pa mananampalataya ay maaaring magpakita sa kanyang pakikipag-usap na nararamdaman niya ang pangangailangan para sa isa sa mga pakinabang ng pagkakaroon ng kaligtasan. Ang tagapagbahagi ng ebanghelyo ay maaaring iangkop ang kanyang diskarte sa pagbabahagi ng ebanghelyo upang matugunan ang pangangailagan. Maaari niyang sabihin na, "Ang dahilan kung bakit ang mga tao ay walang _______ ay dahil sila ay hiwalay at walang kaugnayan sa Dios. Sibasabi sa atin ng Biblia kung paano bumalik sa pakikipag-ugnayan sa Dios."

Mahalagang tiyakin na hindi tayo nangangako ng makamundong kaligayahan sa sinumang tao na magiging isang Kristiyano. Ang isang tao na nagpapasya na maging Kristiyano dahil sa ganoong kadahilanan ay hindi tunay na nagsisisi sa kasalanan at, samakatuwid, ay hindi makakakuha ng mga pakinabang ng pagkakaroon ng kaligtasan. Ang isa pang kadahilanan kung bakit hindi tayo dapat mangako ng makamundong kaligayahan ay dahil ang Biblia ay hindi nangangako ng magandang kalagayan para sa mga Kristiyano; sa halip, ito ay nagbibigay ng pahayag ng pagkakaroon ng pag-uusig (2 Timoteo 3:12).

Ang pinakamahalagang dahilan para sa isang tao upang maging isang Kristiyano ay ang maunawaan niya ang kanyang pagkakasala at darating na paghuhukom. Ang iba pang mga bagay na nasa listahan sa itaas ay maaaring magamit upang matulungan ang isang tao na maunawaan na siya ay nahiwalay sa Dios.

## Ang Pagkilatis ng mga Oportunidad sa Pag-uusap

► Ano ang iyong ginagamit na mga panimula sa magbukas ng isang oportunidad upang maibahagi ang ebanghelyo?

► Mahirap ba para sa inyo ang pagbubukas ng isang oprtunidad upang maibahagi ang ebanghelyo? Ano sa palagay nyo ang dahilan?

Kadalasan ang oportunidad ay madaling dumarating. Sa mga pagkakataong iyon, maaari mo ng simulang ipaliwanag ang ebanghelyo. Kung nais mong ipakita sa kanila ang mga talata ng Banal na kasulatan, maaari mong itanong, "Maaari ko bang mahiram ang ilang minuto upang ipakita sayo ang sinasabi ng Biblia kung paano maging isang Kristiyano?" Kung nais mong ipakita ang pagguhit ng isang tulay, maaari mong itanong, "Maaari ko bang mahiram ang ilang minuto upang ipakita sayo ang isang pagguhit na naglalarawan sa sinasabi ng Biblia ang paraan upang malaman na ikaw ay siguradong maliligtas?"

Ang mga pagkakataon ay lumilitaw sa mga pag-uusap sa ibat'ibang uri ng mga paksa. Alinman sa mga pagkakataon ng pagbubukas ng usapan ay na isinalarawan dito ay maaaring magamit para sa pagbabahagi ng ebanghelyo katulad ng pagguhit ng tulay o pagbabahagi mula sa Banal na Kasulatan katulad ng Roman Road.

► Ilan na ang nakarinig ng mga reklamo ng tao tungkol sa mahirap na kondisyon ng kanilang buhay?

Minsan ang mga tao ay nagrereklamo tungkol sa mga mahirap na kalagayan sa kanilang buhay. Sila ay nagtatanong, "Bakit napakahirap ng buhay?" Matapos silang tumugon, maaari mong sabihin na "Maaari ko bang ipakita sayo ang isang pagguhit na naglalarawan kung bakit napakahirap ng buhay?" Magsimula sa pagsasabi na ninais ng Dios na mabuhay tayo ng maykaugnayan sa kanya at hindi niya nilayon na maging ganito ang buhay. Ang mundo ay nasira ng kasalanan. Pagkatapos ay magpatuloy at ipakita ang pagguhit ng larawan.

Upang magamit ang pagpapahayag na diretsong mula sa Banal na Kasulatan, katulad ng Roman Road, Maaari mong sabihin, "Ipinapaliwanag ng Biblia na ang buhay ay mahirap dahil ang lahat ng tao ay nagkasala. Nagdala ng isang sumpa sa mundo." Magpatuloy sa Roman Road.

Kung ang isang tao ay tila relihiyoso, maaari mong itanong kung ano ang pinakamahalagang paniniwala para sa kanya. O kaya ay maaari mo siyang tanungin kung, "Ano ang pinaniniwalaan mo kung paano malalaman ng isang tao na siya ay mapupunta sa langit?" Pagkatapos marinig ang kanyang sagot, itanong "Maaari ko bang mahiram ang ilang minuto

upang ipakita sayo ang isang pagguhit na naglalarawan kung ano ang sinasabi ng Biblia kung paano makakapunta ang isang tao sa langit?”

► Narinig mo ba na nag-uusap ang mga tao tungkol sa masamang kalagayan ng mundo o mga problema sa bansa? Paano mo ito magagamit bilang isang pagkakataon upang maibahagi ang ebanghelyo?

Kung ang isang tao ay nagsasalita tungkol sa mga problema sa bansa, katulad ng kagutuman o kahirapan sa buong mundo, o ang panganib na dulot ng digmaan, maaari mo siyang tanungin, "Maaari ko bang ipakita sayo ang ilang talata sa Banal na Kasulatan na nagpapaliwanag kung bakit nagkaganito ang mundo?”

Ipakita na ang kalagayan ng mundo ay dahil ang mga makasalanan ay nahiwalay sa Dios. Huwag ipahiwatig na matatapos agad ng kaligtasan ang lahat ng uri ng problema, ngunit ipakita na ang indibidwal na kaligtasan ay pasimula ng solusyon ng Dios. Balang araw ay magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa at mawawala na ang lahat ng mga problema ng mga nanumbalik sa Dios.

### Paggamit ng mga Panimulang Katanungan

Ang mga katanungan ay maaaring magamit upang magsimula ng isang pag-uusap, at pagkatapos ay magbubukas ang isang pag-uusap upang maibahagi ang ebanghelyo.

Ang pinakamadaling tanong ay ang pagtatanong lamang ng “Ikaw ba ay isang Kristiyano?” Karamihan sa mga tao ay hindi nasasaktan sa tanong. Kung sabihin ng isang tao na, “Hindi,” maaari mong itanong, “Maaari ko bang sabihin sayo ang tungkol sa sinasabi ng Biblia kung paano nagiging isang Kristiyano ang isang tao?”

Kung sabihin ng isang tao na, “Oo, ako ay isang Kristiyano,” maaari mong sabihin na, “iyan ay napakabuti. Paano ka naging Kristiyano?” Kung mali ang kanyang sagot o tila nalilito, maaari kang mag-alok upang ipaliwanag kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa kung paano ang isang tao ay nagiging Kristiyano.

Ang mga katanungan sa seksyon sa itaas ay maaaring mgamit bilang ibang pamamaraan ng pambungad na katanungan sa pag-uusap. Sa baba ay may ilan pang mga katanungan.

“Ano sa palagay mo ang layunin ng buhay?” Hayaan siyang magbigay ng kanyang opinyon. Sumang-ayon sa anumang mabuti sa kanyang mga pahayag. Pagkatapos ay sabihin na, “Ang pinakamahalagang bahagi ng layunin ng ating buhay ay makilala ang Dios. Idinesenyo Niya na mamuhay tayo ng may kaugnayan sa kanya. Maaari ko bang ipakita sayo ang tungkol sa sinasabi ng Biblia kung paano magkaroon ng kaugnayan sa Dios?”

“Ano sa palagay mo ang susi upang magkaroon ng kaligayahan?” Anuman ang kanilang imungkahi, Maaari mong sabihin na, “Maraming tao na mayroon niyan ay parang hindi nagiging masaya ng matagal. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang kaligayahan ay nagmumula sa Dios (Awit 16:11). Maaari ko bang ipakita ang isang pagguhit na naglalarawan kung paano nagkakaroon ang isang tao ng kaugnayan sa Dios?”

"Naniniwala ka ba sa buhaypagkatapos ng kamatayan? Ano sa palagay mo ang katulad nito?" Pagkatapos ay maaari mong sabihin na, "Sinasabi sa atin ng Biblia na ang bawat tao ay mapupunta sa langit o kaya naman ay sa impiyerno. Maaari ko bang ipakita sayo ang tungkol sinasabi ng Biblia kung paano makakarating sa langit?"

"Ano sa palagay mo ang pangunahing mensahe ng Biblia?" Nagbibigay ito sayo ng pagkakataon na ipakita ang ginuguhit na larawan mula sa leksiyon 9.

► May gumamit na ba sa inyo ng pamamaraan na kagaya nito? Paano ito gumana?

Hindi lahat ng miyembro ng klase ay magiging komportable sa bawat pamamaraan na inilalarawan sa leksiyong ito. Posible na ang isang pamamaraan ay maaaring hindi angkop sa bawat kultura.

Ang layunin ng leksiyong ito ay upang matulungan ang mag-aaral na makahanap ng isang paraan upang masmapaghusay ang kanyang sariling pamamaraan.

## Takdang Aralin

Habang nagpapatuloy ka sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa linggong ito, subukan ang ilan sa mga pambungad na tanong o magbuo ng iyong sariling pambungad na tanong.Obserbahan kung paano ito gumagana at magsulat ng isang talata na naglalarawan ng iyong karanasan. Maging handa na ibahagi ang iyong karanasan sa susunod na sesyon ng klase.

## Paalala sa Tagapanguna ng Klase

*Ang susunod na leksiyon ay may kasamang mga gabay para sa pagbabahagi ng mga tracts ng ebanghelyo. Kailangang malaman ng mga mag-aaral kung saan kukuha ng ilang mga tracts para sa pamamahagi. Kung maaari, magdala ng isang supply sa susunod na sesyon ng klase.*

# Leksiyon 13
# Pag-akma o Paggamit sa Ibang Paraan ng Pag-eebanghelyo

## Panimula

► Sa palagay mo, paano naiiba ang gawain ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa ngayon mula sa noong panahon ng Bagong Tipan?

► Sa palagay mo, paano naiiba ang gawain ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa inyong bansa kumpara nung unang dumating ang mga unang misyonero?

## Ang Pag-eebanghelyong naitala sa Kasaysayan: Ang mga halimbawa nina John Wycliffe at John Wesley

Si John Wycliffe ay isang pastor sa Inglatera. Nabuhay siya noong 1324-1384. Noong panahong iyon, ang Biblia ay hindi pamaaaring mabasa sa wika ng pangkaraniwang mamamayan. Ang mga tao ay kailangang dumepende kung ano ang itinuturo sa kanila ng Iglesia ng Romanong Katoliko. Karamihan sa mga mamamayan ay hindi alam ang ebanghelyo. Kahit ang ibang Katolikong pari ay hindi gaanong alam ang tungkol sa Biblia. Ang mga pari ay naglalakbay sa bansa at gumagawa ng mga relihiyosong ritwal at humihingi ng pera. Karamihan sa mga simbahan ay kinokontrol ng mga pari na hindi naman nangangaral ng tungkol sa ebanghelyo. Si Wycliffe at ang kanyang mga katuwang ay isinalin ang Biblia sa Ingles. Ang Paglilimpag sa pamamagitan ng mga makinarya ay wala pa noong mga panahong iyon, kaya kinokopya nila ang Banal na kasulatan sa pamamagitan ng sulat kamay. Naglalakbay sila ng magkapares at itinuturo ang Biblia sa mga grupo kahit saang lugar. Tinatawag sila ng mga tao na "mahihirap na pari" dahil hindi sila humihingi ng pera.

Ang mga pamamaraan ng pag-eebanghelyo ay dapat na ibagay sa mga kondisyon ng isang lipunan. Si Wycliffe at ang kanyang mga katuwang ay nagawa ang pangunahing bahagi ng pag-eebanghelyo; diretso nilang dinala ang mensahe ng Biblia sa mga tao.

Si John Wesley ay nabuhay sa Inglatera noong 1703-1791. Noong mga panahong iyon, Ang Anglican Church ay naging isang simbahan ng mga mayayaman na tao. Sila ay mahilig sa mga rituwal at hindi nagtuturo ng malinaw na ebanghelyo. Ang karamihan sa mga mahihirap na mamamayan ng bansa ay hindi tinatanggap sa mga simbahan at hindi alam ang ebanghelyo. Si Wesley ay isang paring Anglican, ngunit nais niyang dalin ang ebanghelyo sa mga tao. Isang umaga, nagpunta siya sa isang bukid kung saan maraming minero ng uling ang dumaraan papunta sa kanilang trabaho. Siya ay nangaral, at marami ang humihinto upang makinig. Pagkatapos nito, siya ay nangaral sa labas ng iglesia halos araw-araw hanggang sa kanyang huling buhay. Daan-daang tao ang nagbalik-loob dahil sa kanyang ministeryo.

► Anong uri ng misyonero ang natatandaan sa pagiging isa sa unang nagdala ng ebanghelyo sa inyong lugar?

## Ang Pangangailangan na i-akma o gamitin ang Mga Pamamaraan

Noong 2003, may isang lalaki na naglalakbay sa Inglatera kasama ng kanyang pamilya at huminto sa isang parke upang magpahinga. Napansin niya ang isang baba na nakatayo sa isang burol sa parke. Ang babae ay may hawak na Biblia at nangangaral. Lumapit ang lalaki upang marinig niya ang sinasabi ng babae tungkol sa isang relihiyosong bagay. Napansin niya na mayroon itong isang kaibigang nakatayo sa malapit sa kanila, kaya tinanong niya ang kaibigan kung ano ang nangyayari. Sinabi ng kaibigan ng babae na, "Kami ay bahagi ng isang pangkat na nagpapatuloy ng tradisyon nang pangangaral sa labas katulad ng ginawa ni Wesley. Kadalasan, kami ay nagpupunta sa isang publikong lugar upang mangaral." Gayunpaman, napansin ng lalaki na ang babae ay nakatayo sa isang lugar kung saan kokonti lamang ang mga taong dumadaan, kokonti lang ang nakakarinig sa kanya, at ang kanyang estilo ay hindi epektibo para makakuha ng atensyon ng mga tao sa labas. Sinusubukan ng babae na ipagpatuloy ang tradisyon, ngunit nawala na ang lahat ng orihinal na aspeto kung bakit epektibong ang ganoong pamamaraan.

Ang pamamaraan ay dapat na inaakma sa mga pangyayari. Kadalasan ay ipinapalagay ng mga tao na may isa lamang na paraan upang gawin ang pagbabahagi ng ebanghelyo, at nagpapatuloy sila sa isang pamamaraan na hindi na epektibo. Kadalasan ay iniisip ng mga tao na ang isang pamamaraan na epektibo sa isang lugar ay magiging epektibo din sa iba pang mga lugar, ngunit hindi iyon totoo.

Sa maraming lugar ang eglesia ay nangangaral sa pamamagitan ng pagpunta sa bahay-bahay at kumakatok sa mga pintuan ng mga taong hindi pa nila nakikilala. Maraming nagbalik-loob ang naging bunga ng pamamaraang ito, ngunit hindi ito magiging epektibo para sa lahat ng lugar.

Ang ilang iglesia ay bumili ng mga bus at nag-aalok sa mga tao na dalhin sila sa simbahan. Kapag Linggo ng Umaga, minamaneho nila ang bus sa buong lugar upang daanan ang taong kanilang nais na maabot ng ebanghelyo. Maraming tao ang nagbalik-loob sa pamamagitan ng "ministeryo sa pamamagitan ng bus," ngunit ang pamamaraang iyon ay hindi gagana sa bawat lugar.

Maraming iglesia ang nag-eebanghelyo sa pamamagitan ng pangangaral tungkol sa ebanghelyo sa isang grupo ng tao na nagpupunta sa simbahang gusali kapag araw ng Linggo. Inaanyayahan nila ang mga tao na lumapit upang lumuhod sa altar at manalangin na maligtas. Daang-daang tao ang nagbalik-loob sa pamamagitan ng paraang ito, ngunit ang karamihan sa mga hindi ligtas ay hindi nagpupunta sa iglesia. Maraming tao ang hindi maririnig ang ebanghelyo maliban kung may magbahagi sa kanila nito ng personal sa isang pag-uusap.

Ang Apostol na si Pablo ay isang modelo ng pagpamit o pagaangkop ng pamamaraan sa pag-eebanghelyo. Maaari siyang mangaral sa mga simbahan ng mga Hudyo sapagkat siya ay isang kwalipikadong tagapagturo ng mga Hudyo, at ipinapaliwanag niya sa kanila na si Jesus ang Mesias. Nagsasalita din siya sa mga lugar kung saan nagtitipon ang mga tao upang maglahad ng mga pilosopiyang ideya. Minsan ay nangangaral siya sa mga pamilihan. Kadalasan, siya ay nagbabahagi ng ebanghelyo sa mga grupo na nasa tahanan.

## Ang ilang mga Modernong Pamamaraan

Gumagamit ang mga tao ng iba't ibang uri ng pamamaraan upang magsimula ng isang pag-uusap tungkol sa ebanghelyo. Ang ilang mga iglesia ay gumagamit ng mga katanungang ginagamit sa pagkalap ng impormasyon. Nag iikot-ikot sila sa buong kumonidad at nagtatanong ng mga ganito: "Ano sa palagay mo ang dapat ginagawa ng iglesia para sa kumonidad? Ano ang pinaka mahalagang paniniwala ng Kristiyanismo? Paano mo maipapaliwanag kung ano ang isang Kristiyano? Paano nagiging isang Kristiyano ang isang tao?" Matapos ng matiyagang pakikinig sa opinyon ng isang tao, maaaring tanungin ng isang Kristiyano, "Maaari ko bang sabihin sayo kung ano ang pinaniniwalaan namin sa sinasabi ng Biblia kung ano ang isang Kristiyano?"

Minsan ang mga nagbabahagi ng ebanghelyo sa isang pampublikong lugar ay nakakakuha ng pansin sa pamamagitan ng pagpipinta ng isang larawan o diagram na naglalarawan ng ebanghelyo. Ang iba naman ay gumuguhit gamit ang chalk. Minsan ang mga nagbabahagi ng ebanghelyo ay naglalagay ng makukulay na larawan sa isang pisara habang nagsasalaysay sila ng kwento mula sa Biblia. (Para sa halimbawa ng pamamaraang ito, tingnan ang mga websites sa http://www.oacgb.org.uk/ and http://www.oacusa.org/).

Ang ilang iglesia naman ay nag-aalok ng isang seminar patungkol sa mga praktikal na paksa na kinakailangan ng mga tao sa kanilang pamayanan. Ang paksa ay maaaring tungkol sa pag-aasawa, pagpapalaki ng kanilang mga anak, mga prinsipyo sa pagnenegosyo, kalusugan, o pagsasanay para sa ilang uri ng trabaho. Ang iglesia ay gumagawa ng isang bagay na mabuti kapag nakakatulong ito sa mga pangangailangan ng pamayanan. Ang iglesia ay may responsibilidad na ipakita kung paano naaangkop ang katotohanan sa Biblia sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang seminar ay maaaring hindi direktang nagpapahayag ng ebanghelyo, ngunit nagtuturo ito ng mga katotohanan na mula sa Biblia at bumubuo ng ugnayan sa pagitan ng iglesia at ng kumonidad.

Ang ilang iglesia ay nagtatayo ng isang pansamantalang prayer station sa isang pampublikong lugar kung saan maraming tao ang dumadaan. Naglalagay sila na isang karatula na may nakalagay na "Prayer Station" at nag-aalok na manalangin para sa mga taong dumaraan. Itinatanong nila, "Mayroon ka bang pangangailangan na nais mong ipanalangin ko?" Nagpapakita sila ng pagmamalasakit sa mga pangangailangan at hindi nagsisimula ng isang argumento. Kadalasan, ay nagkakaroon sila ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo. (Para sa mga larawan at impormasyon, tingnan ang website sa).

Ang pinakamahalagang pangunahing elemento ng pamamaraan sa pagbabahagi ng ebanghelyo ay maipabahagi ito ng malinaw sa mga taong kailangang makarignit nito. Dahil ang Dios ang nagbibigay ng kapangyarihan sa kanyang Salita at ang Banal na Espiritu ang kumukumbinsi sa mga nakakarinig, ang isang paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay mas malamang na magiging epektibo kung ipapahayag nito ang ebanghelyo ng malinaw at direkta.

Ang hamon para sa mga iglesia sa bawat lugar at sa bawat oras ay makahanap ng isang paraan upang makuha ang atensyon ng mga tao at maipahayag ang ebanghelyo sa buong lipunan.

► Ano ang ilang mga paraang ginagawa ng mga iglesiasa inyong lungsod upang makatawag pansin ng mga tao? Ang mga pamamaraan bang ginagamit ay nagpapahayag ng tungkol sa ebanghelyo?

## Pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga Kaibigan

Ang pinaka-epektibong anyo ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay kapag ang isang tao ay direktang nagpapaliwanag ng ebanghelyo sa isang taong nakakakilala at nagtitiwala sa kanya.

Ang isang Kristiyano ay dapat maging mas epektibo sa pagpapatotoo sa mga kaibigan at kakilala dahil nakikita nila ang mga halimbawa ng kanyang buhay. Kung ang kanyang halimbawa ay mabuti, mas malamang na igalanag nila ang kanyang patotoo. Mahalaga para sa isang Kristiyano na maipakita ang kanyang pananampalataya upang laging malaman ng mga tao na siya ay isang Kristiyano. Hindi siya dapat mahiya na makita ng mga tao na nagbabasa siya ng Biblia o kaya naman ay nananalangin. Ang mga taong nakakakilala sa kanya ay hindi dapat magtaka kapag nalaman nila na siya ay isang Kristiyano.

Ang isang Kristiyano ay maaaring iginagalang dahil sa kanyang halimbawa sa paaralan o trabaho kahit na ang mga taong hindi gusto ang Kristiyanismo. Kahit na ang mga taong umuusig sa kanya ay igagalang ang kanyang halimbawa kung siya ay paling naaayon sa tama ang kanyang mga aksyon at pag-uugali. Kaya ang ilang tao ay lumalapit sa kanya para sa panalangin at payo.

## Mga Personal na Nakatagpo

Iniisip ng ilang tao na dapat nilang kialala na ng matagal ang isang tao bago sila magpatotoo sa kanya. Sinusubukan nilang maging isang kaibigan bago makipag-usap sa isang tao tungkol sa Dios. Totoo na ang isang tao ay mas malamang na makinig sa isang kaibigan. Gayunpaman, posible rin na agad magpakita ng taos-pusong pag-aalala at interes sa isang tao. Kung hindi natin matututunan kung paano ibabahagi ang ebanghelyo sa mga taong nakatagpo natin, malalagpasan natin ang maraming pagkakataon upang maging epektibo. Ang nakaraang aralin tungkol sa "Pagbubukas ng mga pintuan" ay nagbibigay ng mga pamamaraan ng pagsisimula ng mga pag-uusap para maibahagi ang ebanghelyo.

Sinabi ng isang lalaki, "Anumang oras na nag-iisa ako kasama ng isang tao nang ilang minuto, ginagamit ko ito bilang isang pulong na inayos ng Dios." Ibig niyang sabihin ay naniniwala siya na ang Dios ang nagbigay sa kanya ng pagkakataon matagpuan upang maibahagi ang ebanghelyo.

### Ang Ebanghelyo na nakalimbag/naka-Print

Maaari kang gumawa ng isang bagay upang maipalaganap ang ebanghelyo na hindi kayang gawin ni Apostol Pablo.

Mayroon tayong isang paraan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo na hindi nagawa sa mga iglesia noong mga nakaraan siglo: ang mga impormasyon ay maaaring mai-pint/malimbag sa papel sa pamamagitan ng mga makinarya.

► Ano sa palagay mo ang kakaiba sa ministeryo bago magamit ang paglilimbag/pagpriprint?

Subukang isipin ang ministeryo sa mga panahong bago pa magkaroon ng pag-print. Ang bawat kopya ng isang libro ay nangangailangan ng maraming araw na pagtratrabaho ng isang edukadong tao dahil kailangan itong isulat ng kamay. Maaari mong isipin na ang mga libro ay mahal na, ngunit isipin ang pagbabayad para sa isang librong na pareho ng presyo ng bayad sa pag-arkila ng isang bihasang propesyonal para sa sampung araw na trabaho.

Halos walang sinuman ang may sariling kopya ng Banal na Kasulatan. Kahit na ang pastor ay maaaring hindi magkaroon ng kopya ng buong Biblia. Isipin kung paano na kung walang posibilidad na mabasa mo ang Biblia sa bahay.

Ang pagsasanay ng mga pastor ay kadalasang nagagawa sa pamamagitan ng pagsasalita, at kailangan nilang subukang alalahanin kung ano ang narinig nila.

Walang paraan upang magpadala ng nakalimbag na pagsasanay sa ibang mga lugar. Kung wala ang pag-priprint/paglilimbag, walang maisusulat at maipamamahagi sa isang malaking bilang.

► Ano ang ilang mga paraan na nakatulong ang paglilimbag/pag-priprint para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo?

Ang mga tract ay maliit na nakalimbag na mga artikulo, kadalasang nagpapahayag ng patungkol sa ebanghelyo. Maaaring ibigay ng mga Kristiyano ang mga tracts sa mga taong kanilang nakakatagpo. Maaari rin sailang magbigay sa maraming tao sa isang pampublikong lugar. Maaari silang mamigay o mag-iwan sa mga lugar kung saan maaaring mabasa ito ng mga tao.

Kung ang isang tao ay hindi nakikibahagi sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga estranghero, ang pagbibigay ng mga tract ay isang mabuting paraan upang magsimula.

Ang isang tract ay dapat makulay at magkaroon ng isang kagiliw-giliw na pamagat. Kapag namamahagi ng mga tract sa mga tao sa kalye o ilang pampublikong lugar, ngumiti at batiin

sila. Maaari mong sabihin, "Kamusta, nakakuha ka na po ba ng isa sa mga ito?" Iyan ang nagbibigay sa kanila ng pagnanais na tingnan kung ano ito.

Maaring tila hindi interesado ang karamihan sa mga tao sa mga tracts na ibinibigay mo sa kanila. Maraming tao ang maaaring itapon ang mga ito nang hindi binabasa ang tracts. Gayunpaman, may mga magagandang resulta din naman. May mga taong nagbabalik-loob dahil sa mensahe ng isang tract. Kadalasan ay hindi mo malalaman ang bunga ng mga tracts na ibinigay mo.

### Pagtugon sa mga Praktikal na Pangangailangan

Minsan ay nag-aalala tungkol sa ilang mga praktikal na pangangailangan sa buhay. Ang mga ito ay nagkukulang sa pagkain o sapat na tirahan o pananalagang medikal. Nararamdaman nila na ang mga pangangailangan iyon ay mas higit na kailangan kaysa sa kanilang espirituwal na pangangailangan. Ang mga iglesia ay maaaring tumugon sa mga praktikal na pangangailangan bilang isang paraan upang maibahagi ang ebanghelyo. Ang potensyal na problema ay maging focus ang atensyon ng iglesia sa pagtutuon sa mga makamundong pangangailangan sa halip na pang-espirituwal na pangangailangan, katulad ng pokus ng mga taong hindi mananampalataya.

Ang iglesia ay dapat tumugon sa mga praktikal na pangangailangan ngunit dapat mapanatili ang ilang mga kasanayan na nagbibigay diin sa espirituwal na prayoridad.

1. Dapat nilang ipaliwanag na ibinabahagi nila ang pag-ibig ng Dios kapag natutugunan nila ang mga pangangailangan.
2. Dapat silang magtulungan bilang isang pamilyang mananmpalataya, sa halip na maging isang samahan na naiiba sa iglesia.
3. Dapat nilang anyayahan ang mga tao na makibahagi sa pakikipag-ugnayan sa iglesia kung saan ang mga tao ay nagmamalasakit sa isa't-isa.
4. Dapat nilang ibahagi ang ebanghelyo, na nagtuturo na ang buhay na walang hanggan at mga biyaya ay nagmumula sa pagkakaroon ng kaugnayan sa Dios.

> Ang mga misyonero sa India, Uganda, at iba pang mga lugar ay inakusahan ng "pagbili" ng mga nagbabalik-loob sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pera, pagkain, tulong sa edukasyon, at mga serbisyong medikal, o ayon sa iba pang mga uri ng tulong.
>
> - J. Herbert Kane,
> "The Work of Evangelism"

Maraming ministeryo ang nag-aalok ng mga programa na tumutugon sa mga materyal na pangangailangan. Inaabot nila ang mga pangangailangan ng komunidad hanggang sa abot ng kanila makakaya. Ang kanilang hangarin ay lumikha ng mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo. Iniisip nila na sa kanilang pagtulong sa mga tao katulad ng pagtugon sa mga praktikal na pangangailangan ay makapaglalapit sa kanila upang maging kaibigan at

makakuha ng atensyon para sa pagbabahagi ng ebanghelyo.The formula ay Programa, pagkatapos ay Relasyon, pagkatapos ay pagbabahagi ng Ebanghelyo.

Maraming posibleng dahilan kung bakit nagiging mali ang isang programa ng pagtulong. Ang pagtulong ay maaaring hindi makalikha ng relasyon maliban sa relasyon ng isang nagbibigay/ at tumatanggap. Kadalasan ang ebanghelyo ay tila nakahiwalay mula sa mga ibinigay na bagay, at ang mga tao ay maaaring makakuha ng tulong ngunit hindi nagiging interesado sa ebanghelyo. Kahit ang mga taong nakikibahagi sa gawain ng programa ay nagiging abala sa pagbibigay ng tulong at hindi nagbabahagi ng ebanghelyo.

Ang formula ay dapat na baligtarin. Dapat bigyang-diin ng iglesia ang ebanghelyo bilang unang pakikipag-egnayan sa lahat.

Kapag ibinahagi ng iglesia ang ebanghelyo sa mundo, dapat silang maging tapat na isama ang isang paglalarawan ng isang bagong buhay sa iglesia. Ang kaligtasan ay hindi lamang isang pang personal na bagay, o isang indibidwal na pagpapasya na nag-iiwan sa isang tao na mag-isa sa kawalan sa kanyang bagong buhay. Ang mga makasalanan ay pangkaraniwang hindi tinatanggap ang ebanghelyo maliban kung naakit sila sa pamayanan ng mga mananampalataya na nagbahagi ng ebanghelyo.

Sa ministeryo ni Jesus at ng mga apostol, nakita natin na ang ebanghelyo ay ang "mabuting balita" tungkol sa kaharian ng Dios. Ito ang mensahe na ang makasalanan ay maaaring mapatawad at magkaroon ng kaugnayan sa Dios. Siya ay naligtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ginawang isang bagong nilalang. Siya ngayon ay napabilang na sa pamilya ng mga mananampalataya kung saan ang kanyang mga kapatid sa pananampalataya ay hinihikayat siya ay tinutulungan siya sa kanyang mga pangangailangan.

Dapat makita ng iglesia ang pangunahing misyon nito na maipahayag ang ebanghelyo. Ang iglesia ay dapat na kumilos ng tuloy-tuloy ayon sa kanyang layunin. Ang bawat isa ay dapat malaman na ang tungkulin ng iglesia ay ang pakikibahagi sa pag-eebanghelyo para sa kaligtasan ng kaluluwa. Pagkatapos, ang iglesia ay maaakit ang mga tamang tao. Naaakit nito ang mga taong interesado sa ebanghelyo. Ang mga taong ito ay nakikipag-ugnayan sa iglesia, kaya ang ministeryo ng pag-eebanghelyo ay lumilikha ng isang relasyon.

Kung gayon, tinutulungan nito ang mga taong may kaugnayan sa iglesia.Marahil ay hindi lahat ng taong iyon ay ligtas na, ngunit mayroon silang kaugnayan at naaakit ng ministeryo ng pag-eebanghelyo ng iglesia.

Kaya, ang baligtad na formula ay Ebanghelyo, pagkatapos ay Relasyon, pagkatapos ay tulong (hindi isang programa). Ang iglesia ay hindi dapat maging isang samahan lamang na nag-aalok ng mga programang tulong. Sa halip, ang iglesia ay isang pangkat ng tao na tumutulong sa mga taong may kaugnayan sa kanila. Kapag nagsimula sila ng mga programa, ang mga tao ay darating lamang para makilahok sa programa ng walang relasyon.

**Takdang Aralin**

(1) Obserbahan ang mga pamamaraan para sa pagbabahagi ng ebanghelyo na ginagamit ng mga iglesia sa inyong lugar. Matagumpay ba ang mga pamamaraan sa pagkuha ng atensyon ng mga tao sa labas ng iglesia? Malinaw ba nilang ipinapaalam ang ebanghelyo? Sumulat ng 2-3 pahina ng iyong mga obserbasyon.

(2) Mamahagi ng hindi bababa sa 100 na mga tracts. Magsulat ng ilang mga pangungusap na naglalarawan ng iyong karanasan.

# Leksiyon 14
# Ang Ministeryo sa mga Bata

## Panimula

*Basahin ang Mateo 18:2-6, 10-14.*

► Ano ang mga babala na nakita natin sa mga talatang ito? Paano mo mailalarawan ang kahalagahan na nakikita ng Dios sa mga bata?

Minsan ay sinasabi ng mga tao na ang mga bata ay mahalaga sapagkat sila ang susunod na henerasyon, ang kinabukasan ng iglesia, at ang mga magiging pinuno sa hinaharap. Ang lahat ng ito ay totoo; ngunit una sa lahat, ang mga bata ay mahalaga dahil sila ay mga tao. Minsan ang mga matatanda ay nakakalimutan na ang mga bata ay taong may pangwalang hanggang kaluluwa at hindi alam na potensyal.

> May isang manlalakbay na huminto sa isang maliit na nayon. Nakita niya ang isang matandang nakaupo sa tabi ng lansangan at sinabi niya, "Hindi ko pa naririnig ang tungkol sa nayon na ito. may mga dakilang tao bang ipinanganak dito?" sinabi ng matanda, "wala, mga sanggol lamang."

## Utos ng Dios para sa mga Ministeryo sa Bata

Binigyan ng Dios ang mga tao noong sinaunang Israel ng isang tipan. Ipinangako niya na pagpapalain at pangangalagaan sila. Binigyan sila ng mga pamantayan/pangangailangan na sumunod.

Nais ng Dios na ang tipan ay maging para sa lahat ng mga henerasyon. Sinabi niya sa kanila, "Ang mga salitang ito, na inuutos ko Sayo sa araw na ito, ito'y itanim ninyo sa inyong puso: at ang mga ito'y matiyaga ninyong ituro sa inyong mga anak" (Deuteronomio 6:7).

Ang pagpapalaki ng mga anak na sundin ang kalooban ng Dios ay mahalaga para sa tipan, sapagkat marami sa mga pagpapala ng Dios ang may kondisyon at nakasalalay sa patuloy na pagsunod ng kanyang mamamayan. Kung ang susunod na henerasyon ay pipiliin na hindi maging tapat ay masunurin sa Dios, kung gayon mawawala sa kanila ang benepisyo ng pagkakaroon ng kaugnayan sa Dios. Ito ay nangangahulugan na ang maingat na pagtuturo sa mga bata ay kinakailangan.

► Ano sa palagay mo ang magagawa ng mga Israelita upang matiyak na ang kanilang mga anak ay gagawa ng sedidyon na sundin ang Dios?

Binigyan sila ng Dios ng ilang mga direksyon para sa pagsasanay sa kanilang mga anak.

> "Ituro ninyo ito sa inyong mga anak, pag-aralan ninyo ito sa inyong tahanan, sa inyong paglalakbay, sa inyong pagtulog sa gabi, at sa inyong pagbangon sa umaga. Isulat ninyo ito sa mga hamba ng pintuan ng inyong bahay at tarangkahan” (Deuteronomio 11:19-20).

Ano ang ibig sabihin ng Dios? Dapat silang magturo ng masigasig, tuloy-tuloy, at palagian, hindi lamang paminsan-minsan. Dapat ay mayroon silang mga paalala ng kautusan ng Dios na nakalagay sa mga nakikitang lugar. Dapat nilang makita ang Banal na Kasulatan kahit saan. Hindi nila dapat makalimutan o huwag pansinin ang mga utos ng Dios.

Ang tuloy-tuloy na pagtuturo ay nangangahulugang hindi sila magkakaroon ng mga dekorasyon o mga libangan o mga pag-uugali na salungat sa kautusan ng Dios.

Kaya, binibigyang diin ng mga talatang ito na ang mga magulang ay responsible sa pagtuturo palagi at tuloy-tuloy sa kanilang mga anak ng mga kautusan ng Dios at palagiang bantayan sila mula sa mga turo at halimbawa na gumagawa ng kabaligtasan sa kautusan ng Dios.

► Ang kautusan ay ibinigay sa mga magulang. Ano ang mga aplikasyon na dapat nating gawin sa ministeryo sa iglesia?

Una, alam natin na ang pagsasanay ng mga bata ang unang responsibilidad ng mga magulang. Dapat turuan ng iglesia ang mga magulang kung paano tuturuan ang kanilang mga anak. Hindi natin dapat isipin na ang mga bata ay makakakuha ng espirituwal na gabay mula sa iglesia lamang dahil sa pag aakala na hindi ito kayang gawin ng mga magulang.

Pangalawa, ang iglesia ay dapat magministeryo sa mga bata sa konteksto ng kanilang pamilya hangga’t maaari. Tulungan ang mga bata sapamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga magulang. Kapag nagbabahagi ng ebanghelyo, dapat subukan ng iglesia na akitin ang mga pamilya na magpunta sa iglesia.

Ang ilang kabataan mula sa mga hindi mananampalatayang pamilya ay pumupunta sa iglesia at naliligtas. Kapag nangyari iyon, dapat subukan ng iglesia na magministeryo sa pamilya. Kung ang mga magulang ay hindi tumugon, ang iglesia ang dapat magsilbing espirituwal na pamilya para sa mga bata. Ang mga miyembro ng iglesia ay dapat na maging mga matatandang kamag-anak na nagpapakita ng pangangalagang espirituwal.

### Pagsuri sa Ministeryo ng Iglesia sa mga Bata

► Paano mo masusuri ang tagumpay ng ministeryo sa mga bata ng isang partikular na iglesia?

- Ang iyong ministeryo sa mga bata ay hindi tiyak na matagumpay kahit na…
- Ang iyong mga guro ay may sapat na kakayahan.
- Ang bilang ng mga bata at guro ay tumataas.
- Ang mga bata ay natututo ng impormasyon tungkol sa Biblia.

- Gumagamit ang mga guro ng dekalidad na materyales.
- Nasisiyahan ang mga bata sa ministeryo.

Ang mga katangiang iyon ay dapat na umiiral kung ang isang ministeryo sa mga bata ay matagumpay. Kung ang isang ministeryo ay kulang ng mga ganitong katangian, magkakaroon ng mga problema. Gayunpaman, posible para sa isang ministeryo na magkaroon ng ilan, o lahat, ng mga katangiang iyon ngunit nabibigo pa rin.

Ang iyong ministeryo sa mga bata ay matagumpay kung . . .

- Ang mga bata ay nagbalik-loob at may nagkaroon ng katiyakan ng kaligtasan.
- Ang mga bata ay unti-unting lumalago sa espirituwal.
- Habang tumatanda ang mga bata, sinusunod nila ang mga alituntunin ng isang Kristiyano.

Ang iyong ministeryo ay hindi matagumpay sa isang bata na . . .

- Hindi naging isang Kristiyano.
- Pinipili ang mga makamundong modelo.
- Sinusundan ang hindi magagandang libangan at mga relasyon habang tumatanda siya.
- Tinatanggihan ang kalooban ng Dios para sa kanyang buhay at sumusunod sa mga personal na ambisyon.

**Ang paghubog ng isang buhay upang itugma sa katotohanan ng Dios ay gawain ng pagdidisipulo. Ito ay upang paunlarin ang isang tao na maging isang mature na tagasunod ni Jesus. Sa sandali ng pagbabalik-loob ay hindi awtomatikong nakasama ang katotohanan ng Dios sa lahat ng pag-iisip, pag-uugali, pagpapalagay, at pamumuhay ng isang tao. Ang pagsasama ng katotohanan ay nangangailangan ng panahon upang mangyari. Iyon ang tunay na gampanin ng pagdidisipulo.**

## Ang Unang Kinakailangan para sa Ministeryo sa mga Bata

► Ano sa palagay mo ang unang bagay na kailangan mo para sa ministeryo sa mga bata?

Ang isang ministeryo para sa mga bata ay mabilis na nakabubuo ng isang pangkat ng mga kalahok na kinabibilangan ng mga bata at mga matatandang nakikilahok. Ang pangkat ay may pinuno, mga taong nakakaimpluwensya sa iba sa pamamagitan ng kanilang mga personalidad, kahit na hindi sila nasa isang opisyal na posisyon. Ang ilan sa mga matatanda at kabataan ay mga natural na pinuno.

Ang unang kinakailangan para sa ministeryo ay isang Kristiyanong kapaligiran namay positibong espirituwal na kalagayan. Doon ay maaari mong alagaan ang mga Kristiyano na wala pang sapat na pang-unawa sa mental, pisikal, espirituwal, at social.

Ito ay nangangahulugan na ang mga matatanda ay dapat na mga taong may espirituwal na halimbawa. Hindi ka maaaring gumamit ng mga taong hindi seryoso sa pagiging isang Kristiyano para sa ministeryo sa mga bata. Hindi mo maaaring isama ang mga bata na malakas ang impluwensya sa iba bata na tanggihan ang iyong mensahe.

Ang iyong ministeryo sa mga bata ay bigo kung . . .

- Ang mga matatanda na tumutulong sa ministeryo ay nanduon dahil sa isang espesyal na kakayahan o ibang kadahilanan, ngunit hindi mahusay sa pagiging isang espirituwal na halimbawa.
- Ang mga bata ay walang interes sa mga espirituwal na bagay ang siyang nangingibabaw sa mga pag-uusap at pakikipag-ugnayan sa pangkat.
- Ang lahat ng mga espirituwal na aktibidad ay pinamumunuan lamang ng mga matatanda ng walang tiyak/makabuluhang pakikibahagi ng mga bata.
- Iilan lamang na bata ang nagnanais makibahagi at nagpapakita ng espirituwal na interes, at hindi sila tinatanggap ng karamihan sa lipunan.

Tingnan ang pangkat ng mga bata at tanungin ang iyong sarili ng mga katanungang ito.Kung ang isang bagong batang lalaki ay nagsimulang sumali sa iyong ministeryo, aling mga bata sa pangkat ang mas malamang niyang sundin? Kung ang isang bagong batang babae ay sumali, sino ang gusto niyang sundin? Ang mga nagiimpluwensya bang iyon ay mabuti o masama?

Ang unang panganagilangan ng ministeryo ay isang positibong Kristiyanong kapaligiran. Ang ministeryo sa mga bata ay dapat simulan na may isang positibong Krisityanong kapaligiran. Kung sa ministeryo ay wala nito, dapat na gumawa ng bagong pagsisimula, at kung hindi, ay hindi nito makakamit ang tamang layunin.

### Ang Prinsipyo ng Pakikipag-ugnayan sa Buhay

Ang pagkakilala sa Dios ay nagmumula sa mga relasyon.

Nang kausapin ng Dios si Jacob, ipinakilala niya ang kanyang sarili. Hindi niya sinabi, "Ako ang Dios ng buong kalawakan," o, "Ako ang Dios na lumikha ng mundo"; kahit na alinman sa mga pahayag na iyon ang kanyang gamitin ito ay tunay na totoo. Sinabi niya, "Ako ang Panginoong Dios ni Abraham na iyong Ama, at ang Dios ni Isaac" (Genesis 28:13). Ipinapakita ng Dios ang kanyang sarili sa pamamagitan ng mga tao.

Si Abraham ay naging isang taong may pananampalataya at ang iba ay naniwala sa Dios dahil sa kanya. Ang kanyang lingkod na si Eliezer ay nanalangin sa “Dios ng aking panginoon na si Abraham” (Genesis 24:12).

Dapat ay magkaroon ng mga taong lalapit upang mas makilala ang Dios dahil siya ang iyong Dios.

Minsan ay ipinapalagay natin na ang pagdidisipulo ay ang pagsasabi lamang sa mga tao kung ano ang kailangan nilang malaman at kung ano ang dapat nilang gawin. Hindi lamang ganoon. Una, kailangan mong ipakita sa kanila ang isang buhay na nanaisin nilang sundin. Kung nais nilang mabuhay katulad ng ginagawa mo, kung magkagayon ay pakikinggan nila ang iyong mga direksyon tungkol sa kung paano ito gagawin.

Ang pagdidisipulo ay ang pagbahagi ng iyong buhay. Isang klase ng pamumuhay, kasama ang mga motibo at pangunahing pamantayan, ay inililipat mula sa isang tagapagdisipulo at idinidisipulo.

**Ang prinsipyo ng pagbabahagi ng kalagayan ng buhay ay nagsasabi na ang pagiging disipulo ay nangyayari kapag ibinahagi ng tagapagdisipulo ang kanyang pamumuhay, kasama ang mga motibo at pangunahing pamantayan, sa isang mag-aaral.**

Ang mga tagapagturo noong Unang-siglo ay naunawaan ang pagdidisipulo ay ang pagbabahagi ng buhay. Kung ang isang binata ay nais na maging mag-aaral ng isang tagapagturo, hihilingin niya sa tagapagturo na tanggapin siya. Kung tinanggap siya, sisimulan niyang ibahagi ang kanyang buhay sa tagapagturo. Halos palagi niyang sasamahan niya ang kanyang tagapagturo, hindi lamang para sa kaalaman sa kanyang doktrina ngunit upang matutunan din ang kanyang diskarte sa buhay.

Si Jesus ay ibang-iba mula sa kaugalian noong mga panahong iyon sa pamamagitan ng pagpili ng mga kalalakihan na hindihiniling na maging kanyang alagad. Ngunit, sinunod niya ang kaugalian sa pagdidisipulo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanyang buhay kasama ng kanyang layunin sa pagbabahagi nito.

Matapos ang kamatayan ay pagkabuhay na mag-muli ni Jesus, ang ilan sa kanyang mga alagad ay naaresto at dinala sa harap ng parehong korte na humatol sa kanya. Ang malamang na inisip ng Sanhedrin na natapos na ang kanilang mga problema mula ng maalis si Jesus. Ipinagpalagay nila na ang ilang banta ay sapat ng takutin na lamang at patahimikin ang mga tagasunod ni Jesus. Nang sinuri nila ang mga disipulo, nakita nilang hindi sila mga lalaking may mataas na pinag-aralan, tiyak na mas mababa ang pinag-aralan kaysa sa mga miyembro ng korte. Ngunit, sinabi ng Banal na Kasulatan na napagmasdan ng Sanhedrin na sila ay nakasama ni Jesus (Gawa 4:13). Minarka ni Jesus ang kanyang buhay sa kanyanyang mga disipulo.

Ano ang nakita sa disipulo na katulad ng kay Jesus? Ito ba ay ang kanyang mga pamamaraan o istilo ng pagsasalita? Siguro; ngunit may mas higit pa. Nakita nila ang tapang na nagmumula sa isang pakiramdam ng banal na pagkakatawag. Nakita nila ang isang matatag na commitment sa katotohanan sa anumang maging kapalit nito. Nakita nila ang isang paggalang sa awtoridad ngunit tinatanggihan ang kompormiso at pagkukunwari.

Sigurado na ang mga puso ng mga tiwaling pulitiko at mapagkunwaring tagapanguna sa relihiyon ay nayanig ng kanilang maunawaan na ang kanilang mga problema ay nagsisimula pa lamang. Naparami ni Jesus at nagpatuloy ang kanyang impluwensya sa pamamagitan ng pagdidisipulo.

Si Dr. Paul Brand ay nag-oobserba sa ilang mga batang mag-aaral ng midesina habang nagsasanay sila sa pagsusuri at pag-diagnose ng mga pasyente sa isang ospital sa India. Habang pinanonood niya ang isa sa kanila na malumanay na nakikitungo sa isang pasyente, siya ay namangha sa isang tiyak na ekspresyon na dumating sa mukha ng intern. Ang ekspresyong perpektong tumugma sa mukha ni Dr. Pilcher, ang surgeon na nagsasanay kay Dr. Brand sa Inglatera. Ipinaliwanag ni Dr. Brand sa mga intern na siya ay nagulat dahil alam niya nasi Dr. Pilcher ay hindi pa nakakapunta sa India, at hindi pa niya nauunawaan na maaring gayahin siya ng mga intern. Sa wakas, sinabi ng isa sa mga intern na, "Hindi namin kilala ang sinumang Dr. Pilcher, ngunit ang Dr. Brand, iyon ang iyong ekspresyon na suot."[35]

Ito ang itinuturo mo kapag hindi mo sinusubukan na magturo ang siya pang nagiging pinakamalaki ang epekto. Itinuturo mo ang mas higit kapag hindi mo sinusubukan na magturo ng anupaman. Tulad ng sinabi ng isang tao, "Nagtuturo ka ng kaunti ng sinasabi mo, higit mula sa iyong ginagawa, at karamihan ay mula kung ano ka."

Mag-ingat sa lakas ng iyong halimbawa. Palagi kang nagtuturo. Karamihan ay naituturo mo mula sa iyong pamumuhay.

Ipinapakita mo sa kanya kung paano tutugon sa kanyang mga problema sa pamamagitan ng iyong pagtugon sa iyong mga problema.

Ang Pagmamalasakit, kagandahang-loob, at pagtitiyaga ay mahalaga sa pagtulong sa mga bata. Ang ilang tao ay nagagawang mas higit na maging mapagmalasakit, magalang, at mapagpasensya sa mga bata kaysa sa iba.

Ipinapakita mo na pinahahalagahan mo ang isang tao kung binibigyan mo siya ng buo mong atensyon. Huwag mong ipakitang nagmadali ka kapag nakikipag-usap ka sa kanya. Suriin mo ang mensaheng sinasabi ng iyong mga kilos, kung ikaw ay tumalikod, naglalakad papunta sa iyong susunod na gawain, nagtratrabaho sa isang bagay habang siya ay nagsasalita, o inililipat ang iyong pansin sa ibang trabaho.

Pagsanayan ang gawi ng pakikinig ng mabuting. Ang mga signs ng pakikinig ng mabuti ay ang pagtingin sa mata, isang ekspresyon na nakatutukok sa nagsasalita, hindi pinapansin ang mga abala, at pagtugon sa mga patawa ng nagsasalita o iba pang mga emosyon.

Kung kailangan mo talagang magmadali at hindi maaaring tumigil upang makinig, maaari mong ipaliwanag sa kanya. Hindi iyon makakasakit sa kanila kung karaniwan mo silang binibigyan ng pansin na kanilang kinakailangan. Kung sa pangkalahatan ay napaparamdam

---

[35] *In His Image*, 18-19.

mo na masyado kang abala para maglaan ng oras para sa kanila, sa pag-iisip na kailangan mo na "matapos ang isang bagay," kailangan mong huminto at isaalang-alang kung ano ang iyong tunay na gawain.

► Anong mga bata ang bahagi ngiyong buhay? Ano ang ilang mga paraan na maipapakita mo sa kanila na mahalaga sila? Mayroon ka bang mga gawi na dapat mong baguhin?

Bigyang-diin na ang ating panahon para sa Dios ay mas mahalaga kaysa sa ating mga kakayahan. Kailangan ng Dios ang kanilang panahon kaysa sa kanilang mga abilidad. Bibigyan sila ng Dios ng mga kakayahan na kinakailangan upang matupad ang tungkuling inilaan sa kanya ng Dios.

Ang mga kabataan ay may posibilidad na hindi maging matatag sa maraming bagay. Mula sa isang araw hanggang sa susunod ay maaari silang lumipat mula sa tila espirituwal tungo sa tila nagrerebelde, mula sa mapagbigay tungo sa makasarili, o mula sa pagiging mature patungo sa pagiging bata. Hindi ito dahil sa pagiging mapagkunwari. Sila ay nasa punto ng kanilang pag-unlad, at ang kanilang personalidad ay hindi pare-pareho.

> Kapag ang isang tao ay wala ng paki-alam sa mga kabataan, ang kanyang pakinabang sa mundo ay malapit nasa walang kabuluhan.
>
> - George MacDonald

Ang mga kabataan ay hindi matatag, ngunit kailangan ka nila na maging matatag sa iyong pagtingin o mga inaasahan. Kung sa kanilang masamang araw ay sasabihan mo sila na hindi sila magiging mahalaga, ibinababa mo ang kanilang pagtingin sa kanilang sarili. Hindi pa nila alam kung magiging ano sila, at ang iyong pagsusuri ay nakakaimpluwensya kung magiging ano sila.

Magsalita ka ng madalas tungkol sa espesyal na plano ng Dios para sa kanilang buhay. Sabihin mo sa kanila na ang bawat isa sa kanila ay binigyan ng Dios ng espesyal na kakayahan. Magsalita din ng tungkol sa kasiyahan kapag natagpuan ang kalooban ng Dios.

Ang isang kabataan na may potensyal sa pamumuno ay maaaring magkaroon ng maraming ideya ngunit hindi magaling sa pag-alis ng mga masasamang ideya. Ang isang aspeto ng pagiging mature ay ang kakayahang makita ang pagkakaiba ng mga mabuting ideya at mga masasamang ideya. Tulungan siyang matutunan ang karunungan, ngunit huwag siyang i-discourage sa pagkakaroon ng mga ideya.

Higit sa lahat, alalahanin na ang Dios ay may sukdulang plano para sa bawat tao, at siya ay kumikilos upang iasakatuparan ito. Manalangin para sa pagkakaroon ng tamang pag-unawa upang maaari kang makibahagi sa plano ng Dios ng pagpapaunlad para sa mga mag-aaral. Manalangin para sa mga himala ng biyaya at patnubay sa mga buhay ng mga mag-aaral upang mapunta siya sa tamang direksyon.

## Pagpapabuti sa Mga Pamamaraan ng Pagtuturo

► Ano ang ilang katangian ng isang mahusay na istilo ng pagtuturo? Kapag nakakakita ka ng nagtuturo, paano mo malalaman na siya ay isang mahusay na tagapagturo?

Ang guro ay may kontrol sa istilo ng pagtuturo. May ilang **mga aspeto ng estilo** na dapat maingat na planuhin ng guro.

### (1) Rate ng Pagtuturo

Ang mga tao ay katulad ng mga plorera na may makitid na leeg.Kung bubuhusan mo ng napakabilis, marami ang tatapon at hindi papasok. Kung itinuturo mo ng mabilis ang mga impormasyon, hindi nila ito matututunan. Habang ang isang tao ay natututo ng mga bagong impormasyon, dapat niya itong maikonekta sa mga alam na niya. Dapat din niyang isipin ang tungkol sa kung paano naaangkop ang impormasyong ito sa kanyang buhay. Kaya't, may mga limitasyon sa bilis ng impormasyon na maaaring malaman ng isang tao.

Mas mabuting gumawa ng isang punto sa isang di malilimutang paraan kaysa sa masakop ang maraming mga puntos na malilimutan nila. Mas mabuti para sa kanila na matutunan kung paano talaga isabuhay ang isang pangunahing konsepto kaysa sa marinig ang napakaraming impormasyon kung saan wala silang nakikitang kabuluhan.

### (2) Talakayan sa Pangkat

Karamihan sa mga tao ay nangangailangan ng ilang talakayan na kasama ng iba habang natututo sila. Kailangan nilang nakapagtatanong at ulitin ang isang konsepto sa kanilang sariling salita. Kung ang estilo ng pagtuturo ng isang guro ay hindi pinahihintulutan ang pakikipag-ugnayan mula sa mga nakikinig, hindi sila gaanong matututo.

Maaari mong ipakita ang isang tema gamit ang mga tanong, katulad ng "Bakit mahalaga na...?" o "Ano ang pinakamahalagang bagay na alam mo tungkol sa...?" Huwag maglaan ng maraming oras sa pambungad na talakayan, ngunit gamitin ito upang maging interesado sila.

Pagkatapos ng paglalahad ng ilang impormasyon, maaari kang magtanong upang ipaliwanag nila ang isang konsepto sa kanilang sariling paliwanag. Halimbawa, "Ano ang nagawang pagkakamali ng tao sa kwento . . .?" o "Bakit mahalaga para sa atin na . . . ?" Magbigay ng mga katanungang kinakailangan nilang sagutin ng may paliwanag, sa halip na mga tanong na masasagot lamang ng oo o hindi. Ang katanungan ay kinakailangang maging madali lamang na halos karamihan sa kanila ay makakakuha ng magandang sagot mula sa mga bata. Mawawalan sila ng interes kung ang kanilang mga sagot ay karaniwang mali.

- Huwag pilitin ang isang mag-aaral na magbahagi ng isang bagay na personal. Sa halip, subukang lumikha ng isang kapaligiran kung saan ay mararamdaman niya na siya ay malayang makakapagbahagi.

- Huwag pahintulutan na iisa lamang ang nagsasalita. Maaari kang magdirekta ng isang katanungan sa isang tahimik na miyembro: "Ano sa palagay mo, Charles?" Dapat mong hikayatin ang pakikibahagi ng iba: "Para sa iba, Ano ang naiisip ninyo?"
- Huwag payagan ang mga mag-aaral sa klase na magkaroon ng kanilang sariling talakayan habang hindi pinapansin ang pangkat.
- Huwag pahintulutan ang sinuman na makagambala kahit na ang isang bata na nagsasalita.
- Subukan na sang-ayunan ang bawat komento sa ilang paraan bago punahin ito. Kung nangangailangan ito ng pagwawasto, subukang iwasto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag nito.

**(3) Kaugnayan**

Laging tanungin ang iyong sarili ng katanungang ito, "Bakit mahalaga ang materyal na ito?" Kung hindi mo alam, hindi rin nil malalaman. Ano ang pagkakaiba na dapat mangyari sa kanila? Mayroon bang mga tiyak na pagsasabuhay na dapat nilang gawin? Kung wala kang maisip, marahil ay wala rin silang maiisip.

Kung nakikita nila na ang paksa ay may kaugnayan sa kanila, mas makikinig sila ng mabuti. Upang makontrol ang klase, mas magtuon ng pansin na gawin itong mas kawili-wili kaysa sa pagpapanatili ng disiplina.

**(4)Kahalagahan**

Ipakita ang mga resulta ng katotohanan na iyong itinuturo. Ano ang mangyayari kapag nalaman ito ng mga tao at sinunod ito? Ano ang mangyayari kapag tinanggihan ng mga tao ang katotohanang ito.

Himukin mo sila gamit ang mahuhusay ng mga tema. Iwasang mag-laan ng maraming oras sa mga mas maliliit na usapin. Ikwento mo sa kanila ang mga istorya tungkol sa buhay ng iba na ipinamuhay ang katotohanang ibinabahagi mo. Hindi nila maaalala ang iyong mga balangkas, ngunit maaalala nila ang iyong mga kwento.

Magbigay ka sa kanila ng kanilang magiging bayani. Hinahanap nila ang mga tao na hahangaan at tutularan. Ikwento sa kanila nag tungkol sa mga bayani sa pananampalataya– hindi lamang ang mga nakakita ng malaking himala, kundi pati ang mga nakagawa ng magagandang bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios. Tulungan mo silang makita ang misyon ng iglesia na maikalat ang ebanghelyo at gawing mga alagad ang siyang pinakadakilang hamon at pinaka-fulfilling na gawin sa mundo.

**(5) Visuals**

Kung posible, gumamit ng mga makukulay na larawan kapag nagkwekwento ng mga istorya. Kapag nagtuturo ng mga konsepto, isulat sa pisara ang mga pangunahing salita at mga pahayag. Mas maaalala nila ang mga ito kung nakikita at naririnig nila.

**(6) Pagkilos**

Ang mga tao ay natututo sa pamamagitan ng paggawa. Ang mga bata ay maaaring matuto sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay o pag-arte ng isang istorya. Ang guro ay maaari pa rin na gabayan sila sa kanilang pag-arte habang ikinukwento niya ang isang istorya mula sa Biblia. Ito ay nangangailangan ng oras, kaya hindi ka maaaring palaging umaksyon sa oras ng buong kwento, ngunit dapat kang humanap ng mga paraan upang maglagay ng ilang aksyon sa kwento.

► Talakayan sa Klase: Maaaring pag-usapan ng ilang mga miyembro ang tungkol sa mga nakaraang leksiyon o sermon na kanilang inilahad at ilarawan kung paano nila dapat mas mahusay na gamitin ang mga aspeto ng istilong ito. Maaaring ilarawan ng ilan kung ano ang kanilang ginawa upang mailapat o magamit ang mga aspetong ito.

## Isang Paraan ng Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa mga Bata: Ang Librong Walang Salita

Ang bawat pahina ng librong walang salita ay may iba't ibang kulay at kumakatawan sa mga bahagi ng ebanghelyo.

Nasa ibaba ang isang buod ng mensahe na tumatalakay sa bawat pahina. Kapag ginamit mo ang Aklat na Walang Salita, dapat kang magdagdag ng karagdagang paliwanag at hayaan ang mga bata na makilahok at magtanong.

Tandaan: ang ilang tao ay inilalagay ang gintong pahina sa simula, pagkatapos ay itim, at nagpatuloy sa iba pang kulay katulad ng pagkakasunod-sunod ng nakalista dito.

**Itim:** Ang itim ay nagpapaalala sa atin ng ating kasalanan, ang mga masasamang bagay na ating nagawa. Sinasabi ng Biblia na ang lahat ay nagkasala. Dahil sa kasalanan, tayo ay nagkasala sa Dios. (sa puntong ito, dapat mong hilingin sa bata na aminin na siya ay isang makasalanan.)

**Pula:** Ang pula ang nagpapaalala sa atin na si Jesus, ang Anak ng Dios, ay namatay para sa atin upang mapatawad tayo. Ang kulay pula ang kumakatawan sa dugo ni Jesus. Si Jesus ay namatay, ngunit siya ay nabuhay mula samga patay at inihahanda ang langit para sa atin.

**Puti:** Nang tayo ay pinatawad ng Dios ay nilinis na niya ang ating mga puso.Kinalimuitan na niya ang lahat ng ating mga nagawang kasalanan. Maaari kang manalangin at hilingin sa Dios na patawarin ka. Handa kang patawarin ng Dios kung ikaw ay humihingi ng tawad sa iyong mga kasalanan.

**Ginto:** Ang Ginto ay kumakatawan sa langit, ang lugar na inihahanda ng Dios para sa atin. Kapag natapos na ang ating buhay dito sa mundo, tayo ay mamumuhay kasama ng Dios sa langit kung saan wala ng lungkot, sakit, o kasamaan.

**Berde:** Kapag ikaw ay pinatawad, ikaw ay naging anak ng Dios. Lalago ang iyong relasyon sa kanya. Ang kulay berde ay kumakatawan sa paglago. Mas marami kang malalaman tungkol sa Dios at matutunan mo kung paano ka niya nais mamuhay. Dapat mong basahin ang iyong Biblia, manalangin araw-araw, at makinig sa iba na alam kung paano mabuhay ng malapit sa Dios.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa kung ano ang sasabihin kapag ginamit mo ang Librong Walang Salita, tingnan ang isa sa mga link na ito.

http://berean.org/bibleteacher/wb.html

http://www.abcjesuslovesme.com/ideas1/bible/bible-themes/1150-wordless-book

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano gumawa ng isang Librong Walang Salita o mga katulad na bagay, tingnan ang link na ito:  .

## Takdang Aralin

(1) Tingnan muli ang materyal sa leksiyong ito sa ilalim ng pamagat na "Ang Prinsipyo ng Pakikipag-ugnayan sa Buhay." Isaalang-alang ang iyong pakikipag-ugnay sa mga bata, hindi lamang sa pagtuturo, ngunit anumang oras na makatagpo mo sila. Ano ang kailangan mong baguhin?Magkaroon ng isang pag-uusap sa isang tao na kilala kang mabuti. Ipakita sa kanya ang materyal at ipaliwanag ang iyong pagsusuri sa iyong sarili. Hingin ang kanilang matapat na opinyon. Kailangan mong iulat na ginawa mo ang takdang aralin na ito, ngunit maaari mong piliin kung magbibigay ka o hindi ka magbibigay ng mga detalye ng iyong pagsusuri.

(2) Maghanda ng isang aralin o sermon para sa mga bata.Idisenyo ito ng mabuti gamit ang anim na aspeto ng estilo. Maging handa na maipaliwanag kung paano mo ito idinesenyo.

(3) Maghanap ng isang paraan upang bumili o gumawa ng isang librong walang salita. Pag-aralan ang pagbabahagi nito at ibahagi ito sa hindi bababa sa tatlong tao. Magsulat ng isang talata na naglalarawan sa bawat karanasan.

# Leksiyon 15
# Ang Disenyo ng Iglesia

## Panimula

Mahilig makipag-usap si Erictungkol sa mga unang taon ng kanyang iglesia. "Nagsimula kaming magkita sa isang parke, inanyayahan namin ang lahat ng aming makita. Kapag lumalamig na, nakikita kami sa isang lumang bus. Wala kaming kahit anong banyo. Di naglaon, ay sa isang gymnasium kami nagkikita para sa maikling panahon, at pagkatapos ay umapa ng isang lugar sa isang lumang gusali ng iglesia."

Ang iglesia ni Eric ay lumago sa mga taon na iyon. Ang mga tao na committed sa iglesiang iyon ay hindi naakit ng gusali. Naakit sila dahil sa mga grupo ng tao.

Sa leksiyong ito, kapag pinag-usapan natin kung paano magdisenyo ng isang iglesia, hindi natin pinag-uusapan ang isang gusali. Maraming malalaking iglesia ang may mga kwento tungkol sa kung paano sila nagsimula sa mahihirap na kalagayan.

Ang iang iglesia ay nagsasabi na hindi nila maakit ang mga tao dahil ang kanilang gusali ay hindi ganoon kaayos. Ang katotohanan ay kulang sila ng ibang bagay na mas mahalaga kaysa sa isang gusali.

## Ang Kahulugan ng Paanyaya sa Iglesia

Ang mga Kristiyano sa lahat ng dako ay inaanyayahan ang mga tao na bisitahin ang kanilang mga simbahan. Inaasahan nila na magustuhan ng mga bisita ang iglesia at ninanais na patuloy silang bumalik. Inaasahan nilang tutugon ang mga bisita sa ebanghelyo.

► Kapag inanyayahan mo ang isang tao na dumalo sa iglesia, ano ang kahulugan ng paanyaya? Ano ang iyong inaalok?

Hindi natin hinihiling na makibahagi sila sa mga kaugalian sa relihiyon, na para bang matutugunan ang pangangailangan o matutupad nito ang isang tungkulin. Hindi tayo naniniwala na ang pakikibahagi sa mga kaugalian sa relihiyon ay epektibo para sa isang tao na walang pananampalataya.

Hindi natin inaasahan na mauunawaan nila ang pagsamba sa Dios habang hindi pa sila nagbabalik-loob.

Inaasahan ntin na magugustuhan nila ang palakaibigan ng mga tao at nanaisin na makasama silang muli.

Inaasahan nating tutugon sila sa ebanghelyo.

Sinusubukan ng ilang iglesia na gawing kaakit-akit ang kanilang programa para sa mga taong walang interes sa espirituwala na bagay. Inaasahan nila na kung masisiyahan ang

mga tao sa programa, magpapatuloy sila sa pagdalo. Ang problema ay kung magtagumpay ang kasiyahan, umaakit ito ng mga grupo ng tao na walang tamang interes. Ang kongregasyon ay nagiging isang halo-halong pangkat na kinabibilangan ng maraming tao na hindi interesado sa pagsamba ngunit naliligayahan lamang dahil sa mga kasiyahan/entertainment. Ang mga nangunguna sa pagsamba at mga musikero ay nagiging mga performers. Sa katunayan, ang mga tagapanguna sa pagsamba na nahubog ngunit hindi naman interesado sa pagsama. Ang pagsamba ay nagiging sira.

► Isaalang-alang muli ang tanong na ito. Kapag inanyayahan mo ang isang tao sa iglesia, ano ang iyong inaalok? Ano ang dapat mong inaalok?

Isipin ang malaking pagbabago na nangyayari kapag ang isang tao ay nagbalik-loob. Iniwan niya ang kanyan dating relihiyon, na maaari ring makapaghiwalay sa kanya mula sa kanyang pamilya at mga kaibigan. Nagsisi siya sa kasalanan, na nangangahulugang iwanan ang karamihan sa mga bagay na naiisip niyang maliligayahan siyang gawin. Isinuko niya sa Dios ang kontrol sa kanyang buhay.

Dahil sa malaking pagbabago na nagyari kapag ang isang tao ay nagbalik-loob, hindi karaniwan para sa isang tao na tanggapin ang pagbabalik-loob ng hindi iniisip ang pamayanan na kanyang iiwan at ang pamayanang kanyang papasukin.Kung ang isnag tao ay naakit sa pamamagitan ng patotoo ng isang Kristiyano, nais niyang makita ang pamayanan ng mananampalataya na kinakatawa ng kristiyanong iyon. Nais niyang makita kung paano talaga ipinapamuhay ang pananampalataya. Ipinapalagay niya na ang mensahe na kanyang naririnig ay lumikha na ng isang pamayanan ng mananampalataya na kanyang papasukin kapag siya ay nagbalik-loob.Na para bang itinatanong niya na, “Nasaan ang pangkat na mga taong naniniwala at ipinapamuhay ang mensaheng ito? Ano kaya ang pakiramdam na makabilang sa pangkat na iyon?”

Ipinangaral ni Jesus ang tungkol sa “ebanghelyo ng kaharian” at madalas na nangangaral tungkol sa kaharian ng langit. Sinabi niya na malapit na sa kanila ang kaharian ng Dios (Luke 10:9). Ang mga pumasok sa kaharian ng Dios ay tinatanggap ang pamamahala ng Dios, namumuhay sa pamamagitan ng kanyang mga kautusan, at nagbabahagi ng buhay na magkakasama. Ang kanilang katapatan sa Dios ay ang nagtulak sa kanila upang bumuo ng isang pamayanan ng mga mananampalataya.

Dahil kailangang makita ng mga tao ang pamayanan ng mga mananampalataya ng nilikha ng ebanghelyo, ang pag-eebanghelyo ay hindi maaaring gawin lamang ng mga indibidwal na humihikayat sa mga indibidwal. Ito ay nangangahulugan na kinakailangan ang lokal na iglesia. Ang lokal na iglesia ay dapat maging kaakit-akit bilang isang pamayanan ng mga mananampalataya.

► Ano ang nais makita ng isang tao bago siya mag-commit sa isang pamayanan ng mga mananampalataya?

Ang iglesia ay may likas na disenyo ng Dios at isang misyon na ibinigay ng Dios. Ang bawat lokal na iglesia ay dapat na maging pinakamahusay sa pamamagitan ng pamantayan ng Dios. Hindi natin dapat gawing iba ang iglesia sa ibang bagay upang makaakit ang mga tao. Hindi natin dapat subukang ipakita ang iglesia bilang isang bagay na naiiba sa kung ano ito.

> Itinayo ni Jesus sa kanyang mga alagad ang istraktura ng isang iglesia na hahamon at magtatagumpay sa lahat ng mga kapangyarihan ng kamatayan at Impyerno. Ito ay nagsimula lamang na maliit na katulad ng isang butil ng mustasa, ngunit lalaki ito at lalakas . . .
>
> - Robert Coleman, *The Master's Plan*

Kung tinutupad ng isang iglesia ang layunin na ibinigay ng Dios, maaakit nito ang mga tamang tao at bubuo ng isang pangkat na committed sa iglesia.

## Mga katangian ng isang Kaakit-akit na Lokal na Iglesia

**(1) Ipinapakita ng mga miyembro ng iglesia na ang kanilang kaugnayan sa Dios ay tunay at kasiya-siya.**

Ang mga hindi pa mananampalataya ay walang kaugnayan sa Dios. Kapag nakita niya ang halimbawa ng buhay na kapiling ang Dios, mararamdaman niya ang isang pangangailangan na magkaroon nito. Ang mga miyembro ay ipinapakita ito sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa kagalakan ng pagkakilala sa Dios at sa pamamagitan ng pamumuhay na tapat. Kung ang isang miyembro ay patuloy na namumuhay sa kasalanan kapag wala siya sa iglesia, ipinapakita niyang hindi siya kontento sa Dios.

**(2) Ang iglesia ay nagpapahayag ng mga doktrina parehong katotohanan at termino para sa pakikipag-ugnayan sa Dios.**

Itinuturo natin ang doktrina sapagkat ito ay totoo, ngunit hindi lamang dahil ito ay totoo kaya natin itinuturo. Ang Doktrina ay isang bagay na dapat nating malaman dahil nais nating mamuhay kasama ng Dios. Tulad ng pag-asawa ito ay isang relasyon na may kasamang pangako, ang ating kaugnayan sa Dios ay may kasamang pangngako na dapat tayong maging tapat. Ipinapaliwanag ng Doktrina kung paano tayo dapat mamuhay na may kaugnayan sa Dios.

**(3) Ipinapakita ng iglesia ang kagalakan ng pagsamaba sa Dios.**

Ang kalakan ng pagsamba ay hindi kapareho ng kasiyahan sa libangan. Ang mga taong hindi sumasamba sa totoong Dios ay hindi nararamdaman ang kagalakan na nagmumula sa pagsamba sa kanya. Tayo ay nakadisenyo para sa pagsamba; kaya, ang mga taong hindi pa mananampalataya na nakakakita ng masayang pagsamba ay makadarama ng kanyang pangangailangan.

**(4) Ipinapakita ng mga miyembro ng iglesia ang layunin ng buhay sa pamamagitan ng pananaw tungkol sa buhay na walang hanggan.**

Hindi kailangang magtaka kung ang kanilang buhay ay makabuluhan. Ang mga Kristiyano ay may kasiyahan at katapangan sa mga mahihirap na panahon ng buhay. Ang mga taong hindi mananampalataya ay nahihirapang mahanap ang isang kasiya-siyang layunin sa buhay, at hindi nila alam kung paano haharapin ang kamatayan at buhay na walang-hanggan/walang-hanggang kaparusahan.

**(5) Ipinapakita ng iglesia ang kahalagahan/prayoridad ng mga relasyon, sa halip na mga makasariling layunin.** Ang iglesia ay hindi nagbabahagi ng ebanghelyo o nangangalaga sa kanyang kongregasyon para sa layunin ng pagbuo ng pansariling samahan. Ang mga tao sa mundo ay nagpapabaya sa mga relasyon o ginagamit ang mga relasyon upang makamit ang mga makasariling layunin.

**(6) Ang mensahe ng iglesia ay lubos na natutugunan ang mga malalim na pangangailangang espirituwal.** Ang mga taong hindi mananampalataya ay may espirituwal na kagutuman na hindi matutugunan ng anumang bagay na inaalok ng sanlibutan. Ang pangangaral at pagtuturo at ang pagpapayo ng iglesia ay dapat tumugma sa totoong pangangailangan ng mga tao.

**(7) Ang iglesia ay isang pamilya ng mananampalataya na nagmamahal at nagmamalasakit sa mga miyembro nito.** Ang iba pang uti ng mga pangkat ay maaaring makatulong sa ilang pangangailangan ng kanilang mga miyembro, ngunit ang mga Kristiyano lamang ang maaaring magkaroon ng tunay na Christian fellowship.

► Ano ang ilang tiyak na paraan kung saan maipapakita ng iglesia ang mga katangiang ito? Ano ang ilang bagay na dapat dimulan ng isang iglesia upang mas maipakita ang mga tamang prayoridad?

## Paghahanda ng Iglesia para sa Pag-eebanghelyo

Dapat tiyakin ng iglesia na ang mga programa at organisasyon nito ay nakakatulong upang matupad ang kanyang misyon ng pag-eebanghelyo at pagdidisipulo. Ang lahat ng ginagawa ng iglesia at dapat na naaayon sa prayoridad na iyon.

### Pagtanggap sa mga Bisita

Ang iglesia ay dapat maging handa na tanggapin ang mga bisita at tulungan silang maging komportable. Ang ilang tao ay hindi pamilyar sa mga kaugalian ng iglesia. Kapag bumisita sila sa isang iglesia, hindi nila alam kung ano ang kanilang aasahan. Hindi nila alam kung ano ang aasahan mula sa kanila. Mula sa unang ilang minuto ng kanilang pagdating sa isang iglesia, sila ay matutuwa na sila ay pumunta o nanaisin nilang sana ay hindi sila nagpunta. Dapat magtalaga ang iglesia ng mga tao na handa para tanggapin at batiin ang mga bisita.

Hindi dapat ibukod ng iglesia ang mga tao dahil sila ay mahirap. Ang pananamit na inaasahan ng mga tao sa iglesia ay hindi dapat maging dahilan para ibukod ang mga mahihirap.

Ang iglesia ay dapat na nakahanda sa pag miministeryo sa mga bata na darating ng walang kasamang magulang. Dapat ay magtalaga ng mga tao at sanayin sila na tumugon sa mga batang nagpupunta sa iglesia.

Ang mga bisita ay dapat na anyayahang dumalo sa isang pagtitipon ng isang maliit na pangkat o pagtitipon sa bahay kung saan siya matututo at maaaring makapagtanong.

**Pag-abot sa mga Nasa Labas**

Ang unang responsibilidad ng iglesia ay ang pag-aalaga sa mga tapat na miyembro ng kongregasyon. Gayunpaman, ang iglesia ay dapat palaging inaabot ang mga tao sa kanilang lugar. Ang iglesia ay dapat magkaroon ng mga aktibidad na nakikita ng mga tao sa labas ng iglesia ang mga gawain at naririnig ang ebanghelyo. Ang ilan sa mga gawaing ito ay maaaring mangyari ng tuloy-tuloy. Ang mga tagapanguna ay kailangang isaayos din ang iba. Ang mga miyembro na mayroong abilidad ay dapat na anyayahan ay sanayin para sa mga ganitong gawain.

Ang iglesia ay dapat makahanap ng mga paraan upang matugunan ang mga pangangailangan sa kanilang lugar. Ang dapat paring prayoridad ay ang pagpapakita ng pagmamahal ng Dios at pagpapakita ng halimbawa ng mga alituntunin mula sa biblia.

**Ministeryo ng Maliit ng Grupo**

Kapag naligtas ang isang tao ay hindi lamang siya dapat imbitahan sa pagsamba tuwing linggo. Kailangan siyang maimbitahan sa isang sistema ng malalim na pagtuturo. Maaaring magsimula ito sa personal na pagbisita sa isang pastor. Maaari siyang anyayahan sa isang maliit na grupo na nagtatagpo ng linguhan.

Ang isang malusog na iglesia ay karaniwang may ilang uri ng mga maliliit na grupo kung saan napapanatili ang kanilang espirituwal na buhay. Ang mga grupo na ito ay maaaring isang iglesia sa bahay, mga Sunday school classes, o iba pang uri ng mga pangkat. Ang espirituwal na pananagutan at pagbabagong buhay ay karaniwang nangyayari sa pamamagitan ng maliit na grupo. Ang tagapanguna ng iglesia ay dapat tiyakin na ang mga maliliit na grupo ay nagaganap at natutupad ang mga layunin nito. Kung ang umiiral na mga istraktura sa iglesia ay hindi natutugunan ang espirituwal na buhay, ang mga pagbabago ay kinakailangan.

**Nakikita ang Pagiging Miyembro**

Ang mga taong nagnanais mag-commit sa iglesia ay kailangang malaman ang partikular na kahulugan kung ano talaga ang commitment. Ang ilang iglesia ay nagsasabing wala silang istraktura ng pagiging miyembro, ngunit ang bawat iglesia ay may ilang paraan upang

malaman kung sino-sino ang kanilang mga miyembro. Kailangang malaman ng bawat isa kung sino-sino ang mga tao na bumubuo sa iglesia.

Dapat malaman ng bawat isa kung anong mga commitment ang kinakailangan para sa pagiging miyembro. Ang mga kinakailangan at isang paglalarawan ng proseso para sa pagiging isang miyembro ay dapat na naka-print/nakalimbag.

Ang isang taong nagbalik-loob na handa ng mag-commit sa iglesia ay dapat na agad na makatulong sa iglesia. Hindi ito nangangahulugan na dapat siyang bigyan ng isang position o responsibilidad sa pamumuno. Ito ay mahalaga para malaman niya na siya ay bahagi ng iglesia.

**Mabilis na Tugon sa Mga Bagong Nagbalik-loob**

Ang pagdidisipulo ay nagsisimula sa pagbabalik-loob. Ang isang bagong mananampalataya ay may mga pangangailangan na kailangang matugunan agad. Upang magpatuloy ang kaugnayan sa Dios na kanyang sinimulan, kailangan niyang malaman kung paano manalangin at basahin ang Biblia. Kailangan din niya ng isang bagong pamayanan ng mga kaibigan dahil marami sa kanyang dating kaibigan ay mawawala. Kailangan niya ng mga patnubay sa mga isyu sa pamumuhay.

Kailangang simulan agad ng iglesia ang pagdidisipulo sa bagong nagbalik-loob. Ang *agad*ay hindi nangangahulugang sa susunod na Linggo. Ito ay nangangahulugan ng oras na itinaas niya ang kanyang ulo mula sa pananalangin upang maligtas. Dapat ay may umako ng responsibilidad para sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa bagong mananampalataya sa kanyang unang linggo. Dapat siyang makipagkita ng ilang beses sa iba pang Kristiyano sa lokal na iglesia. Dapat siyang magkaroon ng mga pagkakataon upang talakayin at makapagtanong tungkol sa mga pagbabago na nangyayari sa kanya.

Ang bagong mananampalataya ay dapat na imbitahan na sumali sa isang maliit na grupokung saan maaari siyang magtanong at makakuha ng encouragement. Kung posible, dapat siyang ipakilala sa iba pang kasali sa grupo sa mga araw unang araw bago ang kanilang unang pagkikita na kanyang dadaluhan. Ang ilan sa mga miyembro ay maaaring tumawag sa kanya bago ang kanilang pagkikita upang makilala niya sila at ma-welcome siya sa kanilang grupo. Ito ang nagsisimula ng pagbuo ng kanyang pakiramdam na siya ay kabilang sa isang pamayanan.

Ang isang bagong mananampalataya ay dapat sumali sa isang grupo sa susunod nilang pagkikita. Ang leksiyon ay dapat na matalakay habang nakapaikot upang ang isang miyembro ay maaaring madagdag anumang oras. Sa ganitong paraan ay makakakuha agad ang bagong mananampalataya ng suporta mula sa grupo. Ang mga miyembro ay indibidwal na nagtatapos mula sa kurso kapag natapos nila ang lahat ng mga leksiyon.

### Pangangalaga sa mga Pangangailangan

Dapat alagaan ng iglesia ang mga pangangailangang pinansyal ng mga miyembro ng kongregasyon. Ang karamihan sa mga pangangailangan ay dapat matugunan ng mga taong tumutulong sa bawat isa ng walang pangangasiwa ng mga tagapanguna sa iglesia. Kung karamihan sa mga miyembro ay hindi nakadarama ng responsibilidad na tulungan ang iba, hindi pa sila nakakabuo ng isang mature na iglesia.

Ang iglesia ay dapat mayroong deacons/diakono na titingin upang matiyak na mapapansin ang mga pangangailangan. Ang iglesia sa aklat ng Gawa at nagtalaga ng unang deacons/diakono para sa layuning ito.

Ang pangangalaga sa mga pangangailangan ay kinakailangan para sa misyon ng pag-eebanghelyo. Kailangang makita ng mga tao na ang iglesia ay isang pamilya ng mga mananampalataya kung saan ang mga miyembro ay nagmamalasakit sa bawat isa.

### Takdang Aralin

Isipin ang isang iglesia na ginagawa ang lahat ng bagay na inilarawan sa leksiyong ito. Magsulat tungkol sa isang kathang-isip na tao na bumisita sa iglesia, nagbalik-loob, at naging isang committed na miyembro ng iglesia. Ilarawan kung paano ito nangyari.

# Leksiyon 16
# Ang Tunay na mga Disipulo

## Ang Pagsunod kay Jesus

► Ano ang kahulugan na maging isang disipulo ni Jesus?

Iniisip ng ilang tao na ang mga Kristiyano ay sinumang taong mabuti. Ang ilan naman ay iniisip na ang pagiging isang Kristiyano ay nangangahulungan ng paniniwala sa ilang mga bagay. Para sa karamihan ng mga taong ito, ang mga paniniwala ay hindi nakakagawa ng malaking pagbabago sa kanilang buhay.

Ang iba ay mas malapit sa katotohanan. Alam nila na dapat magkaroon ng oras para sa pagbabalik-loobo pagbabago, kapag ang isang tao ay naging isang Kristiyano. Naniniwala sila na nangyayari ito kapag dumating sa isang tao ang isang punto na siya ay naniwala na siya ay pinatawad. Maraming naniniwala na ang isang tunay na nagbalik-loob ay may katiyakan na siya ay mapupunta sa langit kahit ano man ang kanyang nagawa pagkatapos niyang magbalik-loob.

Totona na ang pagbabalik-loob ay dapat maging tunay. Totoo na ang kapatawaran ay ibinigay sa pamamagitan ng biyaya bilang tugon sa pananampalataya. Totoo na ang isang Kristiyano ay namumuhay sa pagsunod sa Dios. Ngunit, hindi iyon ang buong kahulugan ng pagiging isang disipulo/tagasunod ni Jesus.

Maaari nating makita kung ano ang mangyayari kapag ang ginawang tanging pamantayan sa pagiging Kristiyano ay ang isang sandali ng pananampalataya lamang – humahantong ito sa antinomianism, ang katuruan na nagsasabi na ang mga kautusan ng Dios ay hindi na nakakabit/gumagapos sa isang Kristiyano. Sa halip na libreng biyaya, ito ay nagiging isang kathang-isip na biyaya upang bigyangkatwiran ang kasalanan.

Ang iglesia na nag-aanunsyo ng kathang–isip na biyaya ay may mga miyembro na dumadalo sa iglesia ngunit lantarang namumuhay sa kasalanan. Ang kanilang mga pastor iba pang tagapanguna ay nabubuhay ng mas maayos kaysa sa kongregasyon ngunit maaari ring mayroong makasalanang gawi. Sinasabi nila na hindi kinakailangan na mamuhay ng may kumpletong pagsunod sa Dios dahil tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya. Nawala na nila ang komisyon na ibinigay ni Jesus sa iglesia, na kung saan ay inutusan ang iglesia na dalin ang mga tao sa pagsunod sa mga kautusan ni Cristo. Ang natatanging gawain ng iglesia ay ang gawing mga pinabanal na sumasamba sa Dios ang mga taong makasalanan, at ang iglesia ay wala ng ibang mas mabuting dahilan bukod dito.

Kahit na ang mga iglesia na nagpapanatili ng pangangailangang sumunod sa Dios ay may ilang tao parin na nasa ibang kamalian. Ang mga ito ay sinusunod ang kanilang buhay sa mga bagay na pinaniniwalaan nilang tama, ngunit wala silang espiritu na tulad ng kay

Cristo. Ang mga ito ay malulupit at hindi nagpapatawad. Hindi sila makapagbigay ng isang mapagpakumbaba at mabiyayang paghingi ng tawad. Mabilis silang humatol sa iba. Sila ay may tiwala sa iilang tao. Hindi nila pinagdududahan ang kanilang sariling katwiran. Mayroon silang sagot sa bawat isyu, at walang paggalang sa mga hindi sumasang-ayon sa kanila. Wala silang sigasig para maibalik ang mga nawawala, ngunit masigasig na masigasig sa pagtatanggol sa kanilang mga opinyon. Nasisiyahan sila sa kanilang sarili, at walang planong magbago.

Kilala ba talaga ng nga taong ito si Jesus at nagnanais na maging katulad niya?

Ang maging isang Kristiyano ay nangangahulugang maging isang disipulo ni Jesus.

Ang ang kahulugan ng pagiging isang disipulo? Upang sundin si Cristo? Tiyak na nangangahulugang ito ng ganoon kahit papaano. Sa Dakilang Komisyon, kung saan sinabi ni Jesus sa kanila na pumunta sila sa lahat ng dako at gawin silang mga disipulo, sinabi niya, "turuan nyo silang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko."

> Pinalitan Cristo Jesus ang anumang idolo na naghari sa gitna ng ating mundo, at siya mismo ang naupo sa trono. Ito ang napakalaking pagbabago o marahil ang simula ng katapatan na bumubuo ng pagbabalik-loob. Pagkatapos na kuhanin ni Cristo ang kanyang nararapat na lugar, ang lahat ng iba pa ay nagsisimula ng magbago.
>
> - Lausanne Committee for World Evangelization, *The Willowbank Report*

Ang pagsunod sa mga utos ni Jesus ay hindi ang siyang buong kahulugan ng pagiging isang disipulo.

Ang mga disipulo ng mga tagapagturong Hudyo ay nagbabahagi ng buhay sa kanila, hindi lamang matutunan ang kanilang itinuturo, kundi ang kanilang pamumuhay. Natutunan nila ang kanilang mga saloobin at prioridad.

Nang tinawag ni Jesus ang mga disipulo, sinabi niya “Halika at sumunod ka sa akin,” iyon ang ibig niyang sabihin. Tumatawag pa rin siya ng mga magiging disipulo sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Paano nagiging isang disipulo ang isang tao?

Una, dapat kang maniwala sa kanya – wala kang ibang dahilan upang sumunod sa kanya maliban kung ikaw ay maniwala sa kanya.

Kailangan mong baguhin ang direksyon na pupuntahan mo. Walang taong nagsimula na tagasunod na ni Jesus – tayong lahat ay nagsimula patungo sa ating mga sariling pamamaraan. Kailangan mong magpasya na sundin si Jeus sa halip na ang iyong sariling paraan. Ito ay nangangahulugan na may nakikita kang mali sa iyong sariling paraan. Ang pagsunod ay nagsisimula sa pagsisiai – hindi mo siya masusunod nang hindi ka humihingi

ng tawad sa iyong mga kasalanan. Kung hindi ka nagsisisina sapat para huminto ka sa iyong mga kasalanan, ay pinipili mo pa rin ang iyong sariling pamamaraan.

Naranasan mo ang kanyang kapatawaran at sinimulan ang isang relasyon sa kanya. Nagsimula kang makilala siya at nais mong maging katulad niya.

*Basahin ang Mateo 16:21-25.*

Sa pag-uusap na ito kasama ng kanyang mga disipulo, inilarawan ni Jesus ang kanyang darating na kamataya. Nagulat si Pedro sa mga sinabi ni Jesus. Hindi nakita ni Pedro ang pagdurusa at kamatayan bilang angkop para kay Jesus. Nagsimula siyang makipagtalo kay Jesus, sinubukan niyang himukin si Jesus na itanggi ang pag-iisip tungkol sa kamatayan.

Sinaway ni Jesus si Pedro at sinabi na hindi niyiya naiintindihan ang mga bagay na nais ng Dios. Sinabi ni Jesus na ang paraan upang maging kanyang disipulo ay dapat itanggi ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa kanya. Ito ay nangangahulugang tanggapin ang kamatayan para sa kanyang sarili. Ang pagsaway ay laban sa mga natural na likas na katangian ng tao katulad ng kagustuhan nitong matupad ang mga nais niyang gawin, maitaas ang kanyang sarili, at maipagtanggol ang sarili – mga bagay na taliwas sa tunay na pagdidisipulo.

► Bakit isang tao ay may likas na katangiang lumalaban/tumataliwas sa pagdidisipulo?

Hindi nakita ng mga disipulo ang pagdurusa at kamatayan bilang naaangkop para sa kanilang mga sarili. Hindi pa nila lubusang nauunawaan kung ano ang ibig sabihin na sundin siya. Walang bayad upang ikaw ay mapatawad, ngunit ang lahat-lahat sa iyong buhay ang hinihinging kapalit upang sumunod kay Cristo. Ang pagsunod sa kanya ay magreresulta ng patuloy na pagsaliksik sa kanyang puso, pagpapakumbaba, at pagbabago.

► Ipaliwanag ang pahayag, "ang lahat-lahat sa iyong buhay ang hinihinging kapalit upang sumunod kay Cristo."

Ang "pasanin ang krus" ay ang yakapin ang isang uri ng kamatayan alang-alang sa buhay na walang hanggan kasama ng Dios. Ito ay kamatayan sa sariling kagustuhan, kamatayan sa iyong sariling pagpapasya. Hindi lamang ito pagpapasakop sa mga panlabas na bagay, ngunit ito ay pagpapasakop hanggang sa puso. Ito ay isang kababaang-loob na inilarawan ni Jesus bilang kinakailangan para makapasok sa kanyang kaharian.

Katulad ng mga unang disipulo, marami sa panahon ngayon ang hindi nakakaunawa kung ano ang kahulugan ng maging isang disipulo. Ito ang mga iglesia na nag-aalok ng biyaya sa mga hindi nagsisisi. Hindi ito nagsisimula ng tamang daan para sa mga nagbabalik-loob o naghahanda sa kanila para sa darating na pagsubok. Ito ay ibang-iba sa daan ng pamumuhay ng mga tunay na Kristiyano.

Si Dietrich Bonhoeffer ay isang pastor na Aleman na binitay sa ilalim ng pamumuno ni Adolph Hitler. Sinulat niya ang mga linyang ito sa kanyang aklat naThe Cost of Discipleship.

> Ang mahal na biyaya ay ang nakatagong kayamanan sa bukid; alang-alang dito ay masayang umalis ang isang lalaki at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian. Ito ay ang perlas na may malaking halaga upang mabili ay kailangan ibenta ng mangangalakal ang lahat ng kanyang kalakal para dito. Ito ang paghahari ni Cristo, alang-alang dito ay handang dukutin ng isang lalaki ang kanyang mata na nagdudulot sa kanya sa pagkakadapa; ito ang pagtawag ni Cristo Jesus kung saan iniiwan ng disipulo ang kanyan lambat upang sumunod sa kanya . . . ang nasabing biyaya ay malaki ang hinihinging kapalit sapagkat tinawag niya tayo upang sumunod.

Ang pagsunod sa kanya ay ang pagtulad sa kanya. Ito ay ang mamatay sa sariling kagustuhan dahil lubusan siyang sumuko. Hindi lamang ito pagtigil sa paggawa ng ilang maling bagay, kundi pagtigil sa mga ito dahil ito ang nais ni Jesus. Sinisubukan nating gawin kung ano ang ginawa ni Jesus sa kanyang kadalisayan, pagkahabag, kabaitan, at pagpapatawad.

Hindi natin ginagawa ang tama ngunit taliwas naman dito ang ating puso. Nais natin na ang ating puso ay maging katulad ng sa kanya. Hindi niya kinapopootan ang sinuman. May mga taong pinipili na maging kanyang mga kaaway, ngunit wala siyang kaaway. Kahit ng siya ay nakapako sa krus ay nagpatawad siya.

Ang kanyang mga tunay na tagasunod ay hindi mainisin.Mabuti ang kanilang ginagawa sa mga taong nagkakamali sa kanila. Pinagpapala nila ang iba at hindi nila sinusumpa ang sinuman. Hindi nila nililimitahan ang kanilang pagpapatawad. Isinuko na nila ang kanilang mga personal na karapatan at sa halip ay naglilingkod sila.

Walang puwang upang itigil ang ganitong uri ng pamumuhay na lubusang nakasuko ang sarili. Ang taong sinusubukang iligtas ang kanyang kaluluwa ay mawawalan nito – ang nagbibigay ng kanyang buhay para sumunod kay Jesus ay maliligtas.

► Paano natin tatawagin ang mga tao patungo sa kaligtasan sa isang paraan na makapaghahanda sa kanila para sa pagdidisipulo?

## Espirituwal na Bagbuo[36]

Mayroong isang proseso ng espirituwal na pagbuo na nagdadala sa isang mananampalataya tungo sa espirituwal na maturity/paglago.

Ang isang mananampalataya ay dapat na magpatuloy na lumago sa buong buhay niya, ngunit mayroong isang antas ng maturity/paglago na kanyang maabot na maaaring tawaging espirituwal na adulthood/hustong gulang. Sinabi ni Apostol Pablo na ang mga mananampalataya ay maaaring umabot sa isang antas upang hindi na sila ituring na mga bata.[37]

---

[36] "Ang espirituwal na pagbuo ay ang mabiyayang proseso ng pagiging katulad sa wangis ni Cristo Jesus alang-alang sa iba." Definition adapted from M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (IL: InterVarsity Press), 12.
[37] Efeso 4:14.

Ang espirituwal na pagbuo ay bahagyang nakakamit sa pamamagitan ng pag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Apostol Pablo na isang katangian ng walang sapat nagulang sa pananampalataya ay ang pagiging hindi handa para sa mas malalalim na doktrina.[38] Sinabi niya na ang isang katangian ng may sapat na gulang sa pananampalataya ay matatag na sa doktrina. Dahil ang pagkatuto ay bahagi ng espirituwal na pagbuo, ang pagtuturo ay bahagi ng gawain ng pagiging disipulo.

Ang espirituwal na pagbuo ay hindi nakakamit sa pamamagitan lamang ng pag-aaral.

Sinabi ng apostol na ang sapat na gulang sa pananampalataya ay ang mapabilang sa samahan ng mga Kristiyano, ang pagkakaroon ng kaalaman sa Anak ng Diosd, at pagiging katulad ni Cristo.[39] Ang pagiging sapat na gulang sa pananampalatayang ito ay higit pa sa kaalaman at hindi nagmumula sa kaalaman lamang.

*Basahin ang 2 Pedro 1:2-11.*

Ang talatang ito ay tungkol sa paglagong espirituwal. Pansinin ang mga pangunahing punto sa talatang ito.

**Bersikulo 3:** Ibinigay ng Dios ang lahat ng kailangan upang maging banal tayo at tinawag tayo na magkaroon ng Kristiyanong pamantayan.

**Bersikulo 4:** Ibinigay ng Dios ang pangako ng biyaya na nakapagpapabago na siyang magliligtas sa atin mula sa kasalanan at nagbibigay sa atin ng banal na katangian ng Dios.

**Bersikulo 5-7:** Hindi tayo dapat tumigil sa pananampalatayang nakapagliligtas, ngunit umunlad upang makabuo ng mga katangian ng isang Kristiyano.

**Bersikulo 8:** Ang mga katangiang ito ang siyang nagbibigay sa atin ng espirituwal na bunga.

**Bersikulo 9:** Ang taong hindi nagkakaroon ng mga katangiang ito ay hindi nagpapatuloy mula sa kanyang paglaya mula sa kasalanan, at hindi rin niya nakikita kung saan siya papunta.

**Besikulo 10-11:** Huwag maging panatag sa katiyakan ng kaligtasan ng hindi man lang kumikilos upang magkaroon ng mga katangian ng isang Kristiyano. Ito ang magdadala sayo sa kaligtasan at malaking tagumpay sa walanghanggang kaharian ng Dios.

Ang ikalawang kabanata ng liham na ito ay nagsasabi tungkol sa mga taong tumatanggi sa espirituwal na pag-unlad. Nais lamang nilang matawag na isang Kristiyano. Dahil tumatanggi silang lumago sa espirituwal, pinangangatwiranan nila ang kanilang mga kasalanan. Bumubuo sila ng maling doktrina para suportahan ang kanilang kasalanan. Ang kanilang maling doktrina ang nagdudulot na mahulog sa kapangyarihan ng kasalanan ang

---

[38] 1 Corinto 3:1-2. Tingnan din ang Hebreo 5:12-14.
[39] Efeso 4:13.

mga bagong mananampalataya at mas naging malala pa kaysa sa kung ano sila na para bang hindi pa nila nararanasan ang biyaya ng pagliligtas (2 Pedro 2:18-22).

Ang sulat ay nagtapos sa isang babala. Dapat nating iwasan na muling mabalik sa kasalanan dahil sa mga maling katuruan, at sa halip ay, ituon ang sarili sa paglago sa kagandahang-loob (2 Pedro 3:17-18).

Sinabi ni Jesus sa Dakilang Komisyon na ang gawain ng pagdidipulo ay upang dalin ang mga tao sa pagsunod sa kanya. Malinaw na, ang taong natututo ay dapat sumunod sa katotohanan na natutunan niya; kung hindi, hindi siya lalago. Ang layunin ng kaalaman ay upang ipakita sa kanya kung paano magbigay lugod sa Dios at upang gabayan ang pagbuo ng kanyang pagkatao. Kung ang isang tao ay patuloy na natututo ngunit hindi nagpapatuloy sa pagsunod, hindi siya isang disipulo. Maraming tao sa mga iglesia ay mayroong maraming kaalaman sa relihiyon, ngunit hindi ipinapakita ang pamumuhay ng isang taong matanda na sa pananampalataya.

*Basahin ang Filipos 1:9-11.*

Ang iglesia sa filipos ay isang kahanga-hangang grupo ng mga mananampalataya, at ang liham ni Pablo sa kanila ay mayroong maligayang tema.

Sa mga talatang ito, inilarawan ni Pablo ang espirituwal na paglago para sa mga taga-Filipos. Ang paglalarawan ay makabuluhan sapagkat inuugnay nito ang kaalaman, pag-unawa, pagmamahal, at pag-uugali.

Ipinagdasal ni Pablo na lumago ang kanilang pagmamahal at maipakita ang pagmamahal sa kanilang tamang pag-unawa, upang mapili nila ang mga saloobin at pinakawastong pag-uugali. Ang buhay na ito ay magiging walang kapintasan sa harap ng Dios kapag bumalik si Jesus. Ang kanilang buhay ay mapupuno ng espirituwal na bunga na makapagbibigay ng kaluwalhatian sa Dios.

► Batay sa ating pinag-aralan, ano ang isang disipulo ni Jesus?

Ang isang disipulo ni Jesus ay isang mananampalataya na namumuhay sa pagsunod sa katotohanang kanyang natutunan, na masidhing ninnanais na higit niyang maunawaan ang kalooban ng Dios, at umasa sa kapangyarihan ng Dios na siyan bubuo ng katangian at pag-uugaling Kristiyano.

► Ngayong nauunawaan na natin ang espirituwal na pagbuo, paano mo mailalarawan ang isang taong nagdidisipulo/nagtuturo sa iba?

Itinuturo niya ang katotohanan ng Biblia. Siya ay isang halimbawa ng pagsunod kay Jesus. Hinihikayat niya ang iba na matuto, na sumunod, at hayaang kumilos ang Dios sa kanilang buhay.

## Ang Potensyal ng Biyaya

Sa nakaraang bahagi ng leksiyon ay pinag-aralan natin ang 2 Pedero 1:2-11. Sa talatang iyon, natutunan na ang Dios ay nangako ng biyaya na magliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng makasalanang pagnanasa at bibigyan tayo ng isang banal na katangian. Ang kaalaman ay gumagabay sa ating espirituwal na paglago.

Ang ilang tao ay naniniwala na imposible para sa isang tao na mamuhay ng hindi sumusuway sa Dios. Naniniwala sila na imposible para sa isang tao na magkaroon ng isang banal na puso. Ang mga idea na ito ay nakakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagiging disipulo.

Ang pagdidisipulo ay nangangahulugan ng pakakatuto at pagsunod sa mga utos ni Cristo. Kung hindi natin paniniwalaan na posible ang lubos na pagsunod, humahanap tayo ng ibang paraan upang suriin ang ating espirituwal na kalagayan.

Naniniwala si John Wesley na walang sinuman ang maaaring tumupad ng mga kautusan ng Dios ng wala ang pagkilos ng biyaya, ngunit naniniwala siya na ang pagkilos ng biyaya ay inaalok sa bawat tao. Naniniwala si Wesley na ang bawat makasalanan ay may kakayahan, hindi sa pamamagitan ng likas na katangian kundi sa pamamagitan ng pagkilos ng biyaya, upang makatugon sa alok ng ebanghelyo. Naniniwala rin siya na ang bawat Kristiyano ay binigyan ng biyaya upang makapamuhay ng may lubos na pagsunod sa Dios.

Ang isang hermeneutical na prinsipyo na mula sa Wesleyan theology ang tinawag na "Promise Principle." Naniniwala ang mga Wesleyans na anuman ang iutos ng Dios, at tutulunga niya ang mga tao upang matupad ito. Ito ay nangangahulugan na ang bawat kautusan sa Banal na Kasulatan ay maaaring tingnan bilang isang pangako ng biyaya.

Ang mga sumusunod na talata ay paliwanag ni Wesley tungkol sa prinsipyong ito.[40]

> Ang isang karaniwang pagtutol tungkol dito ay wala daw pangako tungkol sa [pagiging perpekto ng isang Kristiyano] mula sa Salita ng Dios. Ngunit mayroong isang malinaw na pangako na mamahalin nating lahat ang Dios na ating Paninoon ng buong puso. Mababasa natin, "Babaguhin ng Panginoon na inyong Dios ang mga puso ninyo, at mga puso ng inyong lahi, para mahalin ninyo siya ng buong puso, at buong kaluluwa" (Deut. 30:6). Katulad ng malinaw na sinabi ng ating Panginoon, **kung saan ay hindi ito tinukoy na pangako, ngunit nasa anyo ng isang utos**: "Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong pag-iisip" (Mateo 22:37). Wala ng ibang salita ang mas maging malakas kaysa dito; Walang pangako ang maaaring mas mahalaga. Katulad ng, "Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili," ay isang tiyak na pangako dihil ito ay isang utos.

---

[40] John Wesley, "Christian Perfection," mula sa *A Timeless Faith: John Wesley for the 21st Century* (Evangel: Nappanee, IN, 2006),Stephen Gibson, ed.

At ang walang limitasyong pangako na namumuno sa buong panahon ng ebanghelyo, "Ilalagay ko sa kanilang mga isip ang aking kautusan, at isusulat ko ito sa kanilang mga puso," **gagawing pangako ang lahat ng kautusan**; kasama ang isang ito, "Hayaan na ang kaisipan na ito ay sumainyo katulad ng kay Cristo Jesus." **Ang kautusan na ito ay katumbas ng isang pangako, at nagbibigay sa atin ng dahilan upang asahan na siya ang kikilos sa atin kung ano man ang kanyang naisin sa ating buhay.**

**Ang kautusan ng Dios na ibinigay ni Pedro, "Magpakabanal kayo, sapagkat ang tumawag sa inyo ay banal, sa lahat ng uri ng pag-uusap," ay nagpapahiwatig ng isang pangako na tayo ay magiging banal**, kung hindi tayo aayaaw. Walang maaaring kulang sa bahagi ng pagkilos ng Dios. Tulad ng pagtawag niya sa atin sa kabanalan, walang duda na ito ay nais niya, gayun din ito ay kaya niya, na gawin ang kabanalang ito sa atin. **Sapagkat hindi niya hinahamak ang kanyang nilalang na walang magagawa, at hindi niya tayo tatawagin upang ibigay ang isang bagay na hindi niya nais ibigay.** Ang pagkakatawag sa atin tungo sa kabanalan ay hindi maikakaila; samakatuwid, ibibigay niya ito kung hindi tayo sumusuway sa kanyan makalangit na pagtawag.

"Ngunit ipinangako niya na ililigtas tayo mula sa kasalanan habang tayo ay nasa katawan?" Walang duda na ito ay gagawin niya. Sapagkatang **isang pangako ayipinapahiwatigsa bawat kautusan ng Dios,** kabilang dito ang, "Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at buong pag-iisip."

Dapat tayong magkaroon ng pag-asa sa biyaya ng Dios batay sa ating pananaw sa katangian ng Dios. Inaasahan natin na anuman ang iutos ng Dios ay tutulungan niya tayo, dahil ang kanyang mga kautusan ay taos-puso at hindi matutupad sa pamamagitan ng ibang paraan.

Maaari nating seryosohin ang lahat ng nakasulat sa Banal na Kasulatan. Hindi natin dapat baluktutin ang payak na kahulugan ng mga pahayag sa biblia. Ang Prinsipyo ng mga Pangako ay karangalan sa Dios, sapagkat inaasahan nito na ang Dios ay may kapangyarihan at kahandaang kumilos sa buhay ng mga mananampalatayan upang pabanalin ayon sa pagkakatawag sa kanya ng Dios. Ang mga babala, mga pangako, at mga panalangin mula sa Banal na Kasulatan ay hindi dapat balewalain. Ang mahusay na teolohiya ay pinakamahusay na mapapatunayan sa paraan ng paggamit ng Banal na Kasulatan.

Bakit hindi pinabanal ng Dios na Makapangyarihan ang kaluluwa habang tayo ay nabubuhay sa mundo? Hindi ka ba niya maaaring pabanalin habang ikaw ay nasa bahay na ito, pati na rin sa labas kung saan umiihip ang hangin? Mapipigilan kaya siya ng mga pader ng ladrilyo o bato? Kahit alinman sa pader man ng laman o pader ng dugo ay hindi makakapigil sa kanya nasa isang iglap lamang ay kaya ka niyang lubos na pabanalin. Madali para sa kanya na iligtas ka mula sa lahat ng kasalanan

habang tayo ay nabubuhay dito sa mundo. ”Ngunit ipinangako niya na ililigtas tayo mula sa kasalanan habang tayo ay nabubuhay dito sa mundo?” Walang duda na iyon ang nais niya. Sapagkat ang isang pangako ay ipinapahiwatig sa bawat kautusan ng Dios, kabilang ang, “Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong pag-iisip.” Sapagkat ito at ang bawat iba pang kautusan ay ibinigay, hindi sa mga patay, ngunit para sa mga buhay.

Ipinahayag ito sa mga salitang binanggit sa itaas, tna dapat tayong lumakad “sa kabanalan sa harapan niya sa bawat araw ng ating buhay.”[41]

Maraming tao ang nagsasabi na sila ay Kristiyano sa maraming taon ngunit hindi nagkakaroon ng tagumpay laban sa kasalanan. Lumalago sila sa kaalaman at mga kasanayan sa ministeryo ngunit hindi sa pinakamahalagang bagay.

Malinaw na itinuturo ng Biblia na ang pamantayan ng Dios para sa mga mananampalataya ay mayroon siyang katagumpayan sa kasalanan at isang pusong banal.[42] Kung ang mauunawaan ng isang mananampalataya na hindi ang nais niya ang nais ng Dios, dapat magmadali siya at seryoso niyang hanapin ang nakakapagpabago at nakapagpapalakas na pagkilos ng Espiritu ng Dios.

Ang taong nasa ministeryo ng pagdidisipulo ay dapat na linawin ang kanyang mga prioridad. Ang katagumpayan sa kasalanan ay ang unan niyang prayoridad. Kung ang isang tao ay nahulog sa kasalanan, dapat na akayin siya ng nagdidisiplina tungo sa pagsisisi at tagumpay bago ang anupamang bagay na gagawin.

### Takdang Aralin

Sumulat ng ilang talata tungkol sa bawat sumusunod na katanungan:

- Ano ang dapat asahan ng isang tao kung nais niyang maging isang disipulo ni Jesus?
- Paano mo ipapaliwanag ang sentral na katotohanan na sinabi ni Pedro tungkol sa espirituwal na paglago?
- Ano ang “Prinsipyo ng Pangako”?

Ang kabuuang haba ay dapat na humigit-kumulang dalawang pahina.

> Kung ang kanyang kasaganaan ay katumbas ng kanyang katarungan, ang kanyang mga pangako ng biyaya ay dapat na maunawaan na ito marahil ay nanganaghulugan ng kanyang mga pamantayan ng katarungan. Kung nalulugod siya sa pagbibigay ng mas marami kaysa sa pagtanggap, ang kanyang mga pangako ay marahil nangangahulugan ng kanyang hinihinging pamantayan sa pakikipag-ugnayan.
>
> – Charles Finney,
> *Systematic Theology*

[41] From "Christian Perfection," in *A Timeless Faith: John Wesley for the 21st Century*, edited by Stephen Gibson.
[42] Tito 2:11-12; Gawa 15:9; 1 Juan 3:2-10, 5:1-4.

# Leksiyon 17
# Patungo sa Espirituwal na Paglago

## Ang Ministeryo ng Pagtuturo ng Iglesia

Sa pagbabalik-loob ay nagaganap ang pagbabago. Ang bagong mananampalataya ay may bagong pagnanais at mga bagong prayoridad – ang pagbabago ay nakamamangha na inilarawan siya ng Biblia bilang isang "bagong nilalang" (2 Corinto 5:17).

Ngunit, ang ilang mga bagay ay tumatagal ng ilang panahon. Ang bagong mananampalataya ay hindi agad nakikita kung paano maisasabuhay ang mga alituntunin ng Kristiyano sa lahat ng bahagi ng kanyang buhay. Kailangan niyang matutunan ang mga prinsipyo, pagkatapos ay makita ang mga paraan upang maisabuhay ang mga ito.

Mayroon din na proseso ng personal na paglago sa pananampalataya. Ang bagong mananampalataya ay isang "Sangol na nakay Cristo."

*Tingnan ang 1 Corinto 3:1-2.*

► Ayon sa mga talatang ito, ano ang katangian ng isang bagong mananampalataya?

*Tingnan ang Hebreo 5:13-14.*

► Ano ang gatas na tinutukoy sa talata?Ano ang karne na tinutukoy? Ano ang katangian ng paglago sa pananampalataya?

Sa simula ng kursong ito, tiningnan natin ang Dakilang Komisyon na ibinigay ni Jesus sa iglesia. Muli natin itong tingnan.

*Basahin ang Mateo 28:18-20.*

► Sa talatang ito, anong responsibilidad ang ibinigay ni Jesus na lampas sa pag-eebanghelyo?

Bago ibinigay ang Dakilang Komisyon, sinabi ni Jesus na nasa kanya ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa. Pagkatapos ay ibinigay niya ang responsibilidad sa iglesia na dalin ang mga tao tungo sa pagsunod sa kanyang awtoridad.

Sinabi ni Jesus sa mga alagad na hindi lamang ipangaral ang ebanghelyo, kundi ay ituro ang lahat ng mga bagay na inutos niya. Ang pag-eebanghelyo ay unang bahagi lamang ng gawain. Ang pagtuturo sa mga nagbalik-loob na sumunod sa lahat ng mga utos ni Jesus ay ang proseso ng pagdidisipulo. Ang pagkabigo sa pagdidisipulo ay kasing seryoso ng pagkabigo sa pag-eebanghelyo.

Ang ministeryo ng pagtuturo ng iglesia ay para dalin ang mga bagong mananampalataya sa espirituwal na paglago.

Sa efeso ay sinabi sa atin na tinawag ng Dios ang mga tao para sa mga espesyal na tungkulin ng ministeryo para sa layunin ng paglago ng mga mananampalataya upang hindi na sila ituring na mga bata (Efeso 4:11-14). Ang isa sa resulta ng kanilang pag-abot sa paglagong espirituwal ay ang katatagan ng kanilang doktrinang pinaniniwalaan.

Ang isang pasto ay may pananagutan lalo na sa pagdidisipulo. Sinabi ni Pablo kay Timoteo, "Bigyang-pansin ang pagbabasa ng Banal na Kasulatan, sa pangangaral, at pagtuturo" (1 Timoteo 4:13). Hindi niya pangunahing tinukoy ang tungkol sa personal na pag-aaral ni Timoteo; ang sinasabi niya ay ang tungkol sa ministeryo. Ang ministeryo ni Timoteo ay nakatuon sa pagbabasa at pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan, pagbibigayng espirituwal na direksyon, at pagtuturo ng doktrina ng Kristiyano. Ang isa sa mga kwalipikasyon ng isang pastor ay ang kakayanang magturo (1 Timoteo 3:2).

Sapagkat ang pag-aaral ay bahagi ng espirituwal na paglago, ang pagtuturo ay bahagi ng gawain ng pagdidisipulo. Ang mga tagapagturo ay mahalaga sa iglesia, at ang iglesia ay dapat palaging kumikilos upang humubog ng mga tagapagturo.

"At ang mgabagay na narinig mo mula sa akin kasama ng maraming saksi, ay ituro mo mo rin sa mga taong mapagkakatiwalaan at may kakayahang magturo naman sa iba."[43] Ang tagubiling ito ay ibinigay ni Pablo kay Timoteo, mula sa isang bihasang tagapag-ebanghelyo at pastor patungo sa mas batang ministro. Si Pablo ay hindi lubos ang tiwala na maipapasa ang pananampalataya sa pamamagitan lamang ng pangangaral. Ang bawat indibidwal ay kailangang sanayin sa pamamagitan ng espeyal na pagsisikap at maging handa na sanayin ang iba. Kung ang gayong pagsasanay ay hindi maisasakatuparan sa pamamagitan ng pangangaral sa kongregasyon, ang mga "matapat na kalalakihan" na ito ay kailangang sanayin ng paisa-isa o sa isang maliit ng grupo.

> Ang unang layunin ng plano ni Jesus ay ang tawagin ang mga kalalakihan na maaaring magpatotoo tungkol sa kanyang buhay at ipasa sa kanila ang gawain pagkatapos niyang bumalik sa Amak.
>
> - Robert Coleman, *The Master’s Plan*

Maraming pagtuturo ang dapat gawin. Anong pastor ang mga oras para gawin ang lahat ng iyon, lalo na dahil hindi lahat ay handa para sa parehong pagtuturo ng sabay? Ngunit hindi sinabi sa Efeso 4:11 , "Nagbigay siya ng pastor" (isang tao lamang at isang gampanin lamang). Sa halip, mayroong iba’-ibang gampanin at maraming tao ang kinakailangan para

[43] 2 Timothy 2:2.

sa mga tungkulin. Tinawag ng Dios ang mga tagapagturo, binigyan sila ng kakayahan na makapagturo, at ihinanda sila sa pamamagitan ng iglesia para sa ministeryo ng pagtuturo.

### Ang Komunidad ng mga Kristiyano at Espirituwal na Pananagutan

Ang tunay na pagdisipulo ay higit pa sa pagtuturo ng mga impormasyon; kabilang dito ang paghubog ng mga paniniwala, prayoridad, saloobin, at pamumuhay. Ang prosesong ito ay maaaring mangyari lamang sa isang komunidad ng mga Kristiyano na may espirituwal na pananagutan.

Nakita natin sa buong Banal na Kasulatan na nilayon ng Dios na mamuhay ang mga tao sa isang komunidad, na nagsimula sa pahayag ng Dios na hindi mabuti para kay Adan na mag-isa (Genesis 2:18).

Ang ilang pakinabang ng isang pamayanan ay inilarawan sa Mangangaral 4:9-10:"

> Ang dalawa ay mas mabuti kaysa sa isa, sapagkat mayroon silang mahusay na gantimpala para sa kanilang paggawa. Sapagkat kung sila ay mahulog, iaangat ng isang tao ang kanyang kasama: ngunit kaawa-awa siya na mag-isa sapagkat kung siya ay mahulog, ay wala siyang kasama para tulangan siya.”

Sinabi ng Dios kay Moises na ang kanyang plano para sa Israel ay gawin itong isang kaharian ng mga pari at isang banal na bansa (Exodo 19:6). Ang pamana ay naipasa sa pamamagitan ng mga sumunod na pamilya, na inilarawan sa tinatawag na "Dakilang Kautusan" (Deuteronomio 6:4-9).

Ang Banal na Espiritu ang nagbigay inspirasyon sa mga manunulat ng Bagong Tipan upang gamitin ang mga termino sa Bagong Tipang upang tukuyin ang iglesia (1 Pedro 2:9).

Nais ng Dios para sa bawat taong may kaugnayan sa kanya na magkaroon din ng kaugnayan sa bawat isa. Ang ating kaugnayan sa Dios ay bumubuo sa atin sa isang pamayanan ng mananampalataya. Katulad ng ating kaugnayan sa Dios ay nangangailangan ng commitment, ang ating kaugnayan sa mga mamamayan ng Dios ay nangangailangan din ng commitment. Mali para sa isang tao na isipin na maaari siyang magkaroon ng tamang kaugnayan sa Dios ngunit pinipili na huwag makipag-ugnayan sa mamamayan ng Dios.

Gumamit si Pablo ng mga talinghaga/metaphor ng bahagi ng katawan upang ilarawan ang kaugnayan sa mga miyembro ng iglesia (1 Corinto 12). Walang miyembro ang maaaring makakilos ng maayos kung sinusubukan nitong maging hiwalay sa katawan. Ang mga miyembro ay dapat na magtulungan at mag-alaga sa isa’t-isa, at kung hindi ay walang gaganang bahagi ng katawan. Kung ang isang miyembro ay nasaktan, lahat ay nagdurusa. Ang aksyon ng isang miyembro ay nakakaapekto sa buong katawan. Nagsalita si Pablo tungkol dito nang kinompronta niya ang sitwasyon ng isang lalaking nasa imoral na relasyon, bagaman ang ginamit niya ay ang talinghaga ng tinapay. Sinabi niya, "Hindi mo ba alam na ang isang maliit na lebadura ay nakakaapekto sa buong masa?" (1 Corinto 5:6).

Dapat nating makita ang ating sarili bilang isang mahahalagang bahagi ng pamayanan ng Mananampalataya.

Maraming mga kautusan sa Bagong Tipan ay hindi masusunod ng wala ang tulong ng pamayanan. Upang matupad ang mga kautusan ng Dios, ang mga Krisityano ay dapat mamuhay ng may commitment sa isa't isa. Ito ay nangangahulugan na ang pamayanan ng mananampalataya ay humahantong sa espirituwal na pananagutan.

Natagpuan natin ang maraming lugar mula sa Biblia kung saan ang pamayanan ng mga mananampalataya ay konektado sa espirituwal na pananagutan.

> "Sumunod kayo sa mga namamahaka sa inyo, at magpakop kayo, dahil sila ang nangangalaga sa espirituwal ninyong kalagayan, at alam nilang may pananagutan sila sa Dios sa pangangalaga sa inyo. Kung susundin ninyo sila ay magiging masaya sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Ngunit kung hindi, malulungkot sila, at hindi ito nakakatulong sa inyo" (Hebreo 13:17).

Ang talatang ito ay nagsasabi sa mga mananampalataya na magpasakop sa mga nasa posisyon ng espirituwal na awtoridad. Ang kautusan ay nagbibigay din ng isang malaking responsibilidad sa mga tagapanguna sa espirituwal. Ang kanilang responsibilidad ay hindi lamang mamuno sa pamamagitan ng awtoridad, ngunit magbantay para sa mga kaluluwang nasa ilalim ng kanilang pag-aalaga. Upang magawa iyon, dapat silang maging mahusay makipagkila sa kanilang mga miyembro para makapagbigay ng personal na direkson sa espirituwal na bagay, at dapat silang magkaroon ng kaugnayan sa kanilang miyembro upang gawing posible na makapagbigay ng ganoong direksyon.

Ang pamayanang Kristiyano at Espirituwal na pananagutan ay inilarawan din sa talatang ito:

*Basahin ang Hebreo 10:24-26.*

► Ang ang inuutos sa talatang ito?

Inutusan tayo dito na magkaroon ng kamalayan sa pangangailangan ng ibang mga Kristiyano at hikayatin silang gawin ang tama.

► Ilarawan angkinakailangang pakikipag-ugnayan ng bawat mananampalataya sa isa't-isa para matupad ang responsibilidad na ito.

Ang ating panghihikayat ay hindi epektibo kung wala tayong tamang kaugnayan sa iba. Kailangan nating makilala sila ng lubusan at maipakita ang pagmamahal at pagmamalasakit. At kung hindi, ay masasaktan sila sa mga personal na payo.

> "Kaya mga kapatid, mag-ingat kayo, at baka maging masama ang puso ninyo na siyang magpapahina ng pananampalataya ninyo hanggang sa lumayo kayo sa Dios na buhay; sa halip, magpaalalahanan kayo araw-araw, habang ang panahon ay

> matatawag pang ‘Ngayon,’ upang walang sinumang madaya sa inyo ay maging alipin ng kasalanan" (Hebreo 3:12-13).

Tayo ay tinawag na magkaroon ng pananagutan sa isa’t-isa. Ang pagpaalalahanan ay dapat na lumampas sa mga nakatakdang pagsasama-sama ng buong katawan ng iglesia, sapagkat inutusan tayo na magpaalalahanan "araw-araw." Ito ay nangangailangan ng pakikisalamuha sa isang indibidwal o maliit na pangkat. Ang Pagsasama ng ganitong uri ay hindi lang ang sabay-sabay na pagkain o pagbisita, ngunit magkaroon ng isang espirituwal na layunin. Upang maisakatuparan ang layuning ito, ay dapat nating sadyain planuhin ang mga pag-uusap at mga pagtitipon ng mga maliit na pangkat na gamit ang prayoridad na iyon.

Sa paraang makikinabang tayo sa isa’t-isa ay inilarawan sa Kawikaan 27:17:

> "Kung paanong pinatatalim ng bakal ang kapwa bakal, gayon din naman ang isang tao ay matututo sa kanyang kaibigan."

Ang isang tao ay hindi kailangang maging higit sa iba pa bago makinabang sa kanya ng mga espirituwal na direksyon ay panghihikayat. Sa katunayan, ang espirituwal na patnubay na ibinigay ng mapagpakumbaba ay mas malamang na tatanggapin.

> "Aminin ninyo sa isa’t-isa ang inyong mga pagkakasala, at ipanalangin nyo ang isa’t-isa, upang gumaling kayo. Amalaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid" (Santiago 5:16).

Ang pagtatapat ng mga personal na pagkakamali ay hindi karaniwang nangyayari sa malaking grupo; kaya, ang utos na ito ay hindi madaling isinasagawa sa mga gawain sa iglesia. Ang konteksto ay nagpapakita ng dahilan para sa kautusan: upang ang mga nagkamali ay maaaring maibalik.

> "Pasanin ninyo ang kabigatan ng isa’t-isa, at sa ganitong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo" (Galacia 6:2).

Kadalasan ay nararamdaman ng isang Kristiyano na walang nagmamalasakit sa kanyang pinagdadaanan. Ang mga kapwa Kristiyano ay mag-mamalasakit kung mauunawaan nilang mabuti kung ano ang kanyang pinagdadaanan, ngunit karaniwan ay hindi nila siya kilalang mabuti upang maunawaan siya. Paano natin madadala ang pasanin ng iba kung hindi natin talaga alam kung ano ang kanilang mga pinagdaraanan?

Sa mga unang araw pagkatapos ng kapanganakan ng iglesia, ang isang malapit na ugnayan ng bawat isang mananampalataya aynormal lamang.

> "Kaya araw-raw ay nagtitipon sila sa tamplo, at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang mga bahay, lubos ang kagalakan nila sa kanilang puso dahil sa pakikibahagi sa pagkain."[44]

Sinabi ni John Wesley na walang bagay tulad ng indibidwal na Kristiyano.

► Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ni Wesley sa kanyang pahayag?

Ang espirituwal na pananagutan ay nangyayari sa isang malusog na pamayanang Kristiyano.

Upang magkaroon ng espirituwal na pananagutan ay dapat magtatag ng kaugnayan sa isang tao o grupo kung saan natin inuulat ang ating mga espirituwal na kalagayan, ang ating tagumpay o pagkabigo sa mga espirituwal na disiplina, at mga pangako para sa kaunlaran.

Kung walang espirituwal na pananagutan ay hindi natin matutupad ang lahat ng utos ng Banal na kasulatan, at mapapabayaan natin ang dahilan kung bakit idinisenyo ng Dios ang pagbibigay sa atin ng biyaya.

### Mga Katangian ng Pagtanda sa pananampalataya

Ano ang ibig sabihin ng matanda na sa pananampalataya? Paano mo mailalarawan ang isang Kristiyanong matanda na sa pananampalataya?

Sapagkat ang pagtanda sa pananampalataya ay nangangailangan ng ilang panahon, ito ay kaladalasan kasama ng pagtanda sa edad.[45] Malinaw, ang ilang tao ay tumatanda sa edad ngunit hindi tumatanda sa pananampalataya tulad ng nararapat, at may mga kabataan na nagpapakita ng hindi pangkaraniwang pagtanda sa pananampalataya.

Karamihan sa mga katangian ng pagtanda sa pananampalataya ay hindi ganap na nakakamit sa isang tiyak na punto, ngunit unti-unting nadadagdagan. May mga panahon na bigla na lang ito tataas ng bigla dahil sa isang espirituwal na karanasan o isang karanasan sa buhay. Kahit na ang isang tao ay dapat na magpatuloy upang mabuo ang kanyang buhay, mayroon isang antas na maabot niya na maaaring tawagin na pagtanda sa pananampalataya.

Ang mga katangian ng pagtanda sa pananampalataya ay inilarawan sa maraming talata sa Banal na Kasulatan.

► Ang iba’t ibang mag-aaral ay dapat basahin ang mga ito apara sa pangkat:Efeso 4:11-14, Hebreo 5:12 - 6:1, 1 Corinto 3:1-2, at 1 Juan 2:12-14.

---

[44] Gawa 2:46.

[45] Tito 2:1-5.

Nasa ibaba ang isang listahan ng mga katangian na mga palatandaan ng pagtanda sa pananampalataya. Hindi ito isang kumpletong listahan, at ang ilang mga puntos sa listahan ay hindi ganap na makita ang pagkakaiba mula sa iba pang mga puntos.

Ang isang Kristiyanong matanda na sa pananampalataya ay maaaring hindi nagtataglay ng lahat ng katangiang ito, ngunit lumalago. Maaaring hindi niya napapagtanto ang ilan sa kanyang mga pagkakamali, ngunit tumutugon sa patuloy na pagkilos ng Banal na Espiritu sa kanyang puso.

## Ang Sampung Katangian ng Pagtanda sa Pananampalataya

### (1) Pagiging katulad ni Cristo sa motibo, saloobin, at mga kilos

Ang pagiging katulad ni Cristo ay nagmula sa pagkahilig na makilala si Cristo sa kanyang mga katangian, sa pamamagitan ng espirituwal na karanasan ng kanyang kamatayan ay muling pagkabuhay (Filipos 3:10). Maaaring kabilang dito ang pakikibahagi sa kanyang pagdurusa at sa pag-uusig. Ang taong nagmamahal kay Cristo na katulad nito ay mababago upang maging katulad niya.

Ang maging katulad ni Cristo ay dapat na nakabatay sa pagmamahal at hindi ang pansariling kapakanan o pagmamataas. Ang isang Kristiyano ay nagnanais na maging katulad ni Cristo at malungkot sa anumang oras na naiisip niyang hindi siya katulad ni Cristo sa isang bagay na kanyang sinabi o nagawa.

### (2) Malapit na ugnayan sa Dios

Ang isang tao dapat na lumago sa kanyang kaugnayan sa Dios. Ang mga palatandaan na isang maayos na kaugnayan sa Dios ay ang kasiyahan sa presensya ng Dios, mahal ang Salita ng Dios, at oras na ginugugol sa panalangin.

### (3) Nagpapakita ng mga Bunga ng Espiritu

Ang Banal na Espiritu ay nagdudulot ng bunga sa buhay ng mananampalataya, na kinabibilangan ng pag-ibig, kagalakan, pagtitiyaga, at pagpipigil sa sarili. Ang isang mananampalataya ay nagiging mas tuloy-tuloy na mabait at banayad habang hinahayaan niyang kumilos ang Banal na Espiritu sa kanyang mga pag-uugali.

### (4) Tagumpay laban sa panlabas at panloob na kasalanan

Natututunan ng mananampalataya kung paano umasa sa Dios para sa katagumpay laban sa tukso. Nagpapasakop siya sa paglilinis ng Dios upang magkaroon siya ng isang banal na puso. Nakakabuo siya ng mga gawi at disiplina na makakatulong sa kanya na mamuhay ng tuloy-tuloy sa katagumpayan.

Kung napasakop siya sa isang tukso, ipinagtatapat niya ito sa Dios at nananalangin upang humingi ng kapatawaran. Dapat niyang ibahagi ang kanyang mga kabiguan sa isan malapit na kaibigang Kristiyano na nananalangin para sa kanya (Santiago 5:16).

**(5) Ang Pagtatatag ng Espirituwal na Disiplina**

Ang mga Espirituwal na disiplina ay ang mga paraan upang sanayin na gawin ang ating pakikipag-ugnayan sa Dios bilang ating unang prayoridad. Ang isang tao na hindi nagpapatuloy sa pananalangin, pagbabasa ng Biblia, at pag dalo sa iglesia ay isang Kristiyanong hindi matanda sa pananampalataya.

**(6) Nakakabuo ng Katangian ng isang Kristiyano**

Ang isang Kristiyano ay natututo na itulad ang kanyang buhay sa mga alituntunin ng katapatan, maaasahan, at tapat na paggawa.

**(7) Nagpapatuloy sa Pamumuhay bilang Kristiyano**

Ang isang mananampalataya ay natututong isabuhay ang mga alituntunin sa buhay ng isang Kristiyano. Ang isang Kristiyanong matanda na sa pananampalataya ay dapat na naising makita palagi sa kanya ang pagiging isang Kristiyano sa kanyang pag-uugali at saloobin. Habang napapagtanto niya na ang isang bagay na kanyang nasabi o nagawa ay hindi naaayon sa pag-ibig sa kanyang puso, siya ay umaasa sa pagkilos ng kapangyarihan ng Dios upang gumawa ng pagbabago sa kaya.

**(8) Malusog na Relasyon**

Ang isang Kristiyanong matanda na sa pananampalataya ay nakakabuo ng malalim na pakikipagkaibigan sa ibang mga Kristiyano. Napapanatili niya ang mga kaugnayan na ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng katapatan, pagtitiyaga, at kapatawaran. Siya ay mapagpakumbaba at umaamin ng kanyang mga pagkakamali. Dahil maaaring hindi niyamaunawaan ng maayos ang isang sitwasyon, maaaring hindi siya maging pasensyoso, o aminin agad ang kanyang mga pagkakamali, o magkaroon ng tamang opinyon tungkol sa ibang tao.

**(9) Isang Personal na Ministeryo**

Ang isang mananampalataya ay dapat kilalanin ang kanyang mga espirituwal na kaloob. Dapat niyang mahanap ang kanyang lugar sa iglesia upang maging pagpapala sa iba. Ang isang mananampalataya ay maaaring maglingkod sa iglesia sa pamamagitan ng pagtulong sa pag-eebanghelyo at pagdidisipilo sa iba sa kanilang buhay Kristiyano.

**(10) Pagtitiis sa mga mahihirap na kondisyon**

Ang isang mananampalataya ay dapat matutong magtiwala sa Dios kapag nangyari ang masasamang bagay. Dapat siyang umasa sa Dios kapag siya ay nasa mabibigat na sitwasyon. Ang isang Kristiyanong matanda na sa pananampalataya ay hindi nawawalan ng pananampalataya kapag hindi niya naiintindihan kung bakit nangyari ang isang bagay.

## Konklusyon

Ang mga katangian ng pagiging matanda sa pananampalataya ay hindi nakasalalay sa likas na talento.

Hindi sila katulad ng mga kasanayan sa ministeryo.

Ang pagiging matanda sa pananampalataya ay hindi kadalasang kinabibilangan ng kakayahang mamuno. Mabuti kung ang isang tagapanguna ay matanda na sa pananampalataya, ngunit kadalasan ang isang tao ay nagiging tagapanguna dahil sa kanyang mga kakayahan, habang hindi pa siya nagiging matanda sa pananampalataya. Minsan ang isang tao ay matanda na sa pananampalataya, ngunit wala siyang kakayahang mamuno.

Ang ilang uri ng personalidad ay tila mas natural na matiyaga at mabait. Ang mga natural na katangian ng pagkatao ay hindi kapareho ng pagiging matanda sa pananampalataya. Ang Dios ay kumikilos sa ating mga personalidad ay tinutulungan tayong ibalanse ang ating mga pag-uugli. Kung pag-aaralan natin ang isang partikular na tao, ay hindi natin makikita ng mabuti ang pagkakaiba ng kanyang natural na personalidad at ang mga katangian ng kanyang espirituwal paglago.

Ang mga problema sa kalusugan ay maaari ring makaapekto sa pang-unawa at mga reaksyon. Hidi tayo dapat maging mabilis sa paghusga sa iba.

## Takdang Aralin

(1) Suriin ang iyon sarili sa pamamagitan ng 10 katangian ng isang Krisityanong matanda na sa pananampalataya. Ipanalanging mabuti ang iyong pagsa-alang-alang kung alin ang iyong mga kulang. Planuhin kung paano sadyaing mapaunlad ang mga iyon, sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral, mga payo mula sa iba, at pag-asa sa tulong ng Dios.

(2) Paano maisasakatuparan ng iglesia ang kanyang mga responsibilidad sa pagtuturo at espirituwal na pananagutan? Sumulat ng dalawang pahina na naglalarawan ng isang planong aksyon para sa isang iglesia.

# Leksiyon 18
# Manwal Para sa Maliit na Grupo

## Paalala sa Tagapanguna ng Klase:

*Ang leksiyong ito ay hindi nakaayos bilang isang sesyon sa klase na katulad ng iba. Maituturo ito ng tagapanguna sa klase, at maraming paksa para sa pagtatalakayan. Maaaring kailanganin na magkita-kita nang higit sa isang beses para sa leksiyong ito.*

*Dapat maglaan ng oras ang klase espesyal para talakayin ang kanilang mga gagawin sa hinaharap. Dapat silang magplano nang sama-sama kung paano sila makatutulong sa kanilang lokal na iglesya sa mga gawain ng pag-eebanghelyo at pagdidisipulo.*

## Ang Kahalagahan ng Maliliit na Grupo sa Pagdidisipulo

Ang ministeryo sa maliliit na grupo ay maraming anyo sa buong mundo. Maraming klase ng maliliit na grupo, na nakadisenyo para sa iba't-ibang layunin. Maaaring magkita-kita ang maliliit na grupo para mag-aral, espirituwal na pananagutan, ministeryo, pananalangin o mga espesyal na proyekto.

May mga iglesya na hinati-hati sa mga grupo na nagkikita-kita sa mga tahanan. Ang mga grupo ay gumaganap nang tulad sa maliliit na iglesya. Ang mga iglesya sa Bagong Tipan ay tila ganito ang naging tungkulin.

Ang mga lumalago, at epektibong mga iglesya ay karaniwang nagtataglay ng mga klase ng sistema ng maliliit na grupo.

Sa seksiyong ito, pag-uusapan natin ang pagiging epektibo ng maliliit na grupo para sa pagdidisipulo.

## Ang Modelo ni Wesley

Hindi si John Wesley (Great Britain, ika-18 siglo) ang unang nag-organisa ng maliliit na grupo, subali't pinaunlad niya ang isang sistema na lubhang epektibo.

Bumuo si Wesley ng isang sistema ng pagdidisipulo na may iba't-ibang laki ng grupo na tinatawag na lipunan, klase at banda.[46] Ang mga pamamaraan ni Wesley ay hindi kumpletong sistema sa simula, subali't napaunlad nang unti-unti upang makatugon sa mga pangangailangan. Marami sa mga nahikayat ni Wesley ay humihiling ng pagpapalakas ng

[46] Tingnan ang "A Plain Account of the People Called Methodists," sa *The Works of John Wesley, Vol VIII* (Grand Rapids: Zondervan), 249-258.

loob, payo at panalangin. Dahil sa dami ng kanilang bilang, itinakda niya sila upang magkita-kita tuwing Huwebes.

Sa bawat lugar kung saan dinadala ni Wesley at ng kanyang mga tagapangaral ang ebanghelyo, inorganisa nila ang mga nagbabalik-loob sa mga grupo na regular na nagkikita-kita. Dahil malalaki ang kongregasyon, marami ang hindi nakapagsasabi ng kanilang personal na pangangailangang espirituwal at hindi nakatatanggap ng atensiyon na kanilang kailangan. Nabuo ang maliliit na grupo na tinatawag na klase, kung saan ang mga tagapanguna ay nagsilbi bilang mga pastor upang palakasin ang loob at gabayan ang mga miyembro. Ang sinumang miyembro na nagpapatuloy sa lantarang kasalanan at hindi nagbabago ay inaalis sa pagiging miyembro at hindi pinahihintulutang pumunta sa mga pagtitipon.

Ang mga grupong mas maliit kaysa sa mga klase ay binuo upang ang mga miyembro ay makapagbahagi ng kanilang espirituwal na mga struggles/paghihirap at magkaloob sa isa't-isa ng espirituwal na pananagutan. Ang maliliit na grupong ito ay tinatawag na mga banda. Sa mga pagtitipong ito, ilalarawan ng tagapanguna ang kanyang sariling espirituwal na kalagayan, pagkatapos tatanungin ang iba ng mga nagsisiyasat na mga tanong tungkol sa kanilang mga kundisyon, kasalanan, at mga tukso. Sa mga grupong ito, ang mga miyembro ay pare-pareho ng kasarian.

Ang tagumpay ni Wesley ang naging dahilan upang sabihin ng tanyag na si George Whitefield ang ganito: "Matalinong kumilos ang aking Kapatid na si Wesley –ang mga kaluluwang nagising sa ilalim ng kanyang ministeryo ay isinama niya sa klase, at sagayun ay naingatan ang bunga ng kanyang pagpapagal. Ito ang aking napabayaan, kung kaya't ang aking mga tao ay katulad ng isang lubid na buhangin."

Ang mga pamamaraan ni Wesley ay ipinagpatuloy ng American Methodist Church sa mga unang taon, subali't ang kanyang mga prinsipyo sa pagdidisipulo at mga doktrina ay kinaligtaan ng modernong Metodismo.

## Pag-unawa sa Kinakailangang Iglesya

Ang pinakamaagang gusali ng iglesya na natagpuan ay tinatayang itinayo mga A.D.250. Para sa unang dalawang siglo, tiningnan ng iglesya ang kanyang sarili bilang tao, hindi isang gusali o organisasyon. Ang iglesya ay binubuo ng mga grupo ng Kristiyano na sama-samang sumasamba, nag-eebanghelyo at sumusunod sa Biblia.

Ang maliliit na grupo ng mga tao ang pangunahing blokeng pantayo ng bawat epektibong istruktura ng iglesya. Ang programa sa pagdidisipulo sa maliit na grupo ay hindi isang bagong institusyon na sa paglipas ng panahon ay hindi na gagamitin dahil laos na. Hindi ito isang bagong pamamaraan na maaaring magamit sa ilang lugar at hindi sa ibang lugar. Sa halip, ang maliliit na grupo ang pangunahing bloke sa pagtatayo ng isang iglesya. Ang ministeryo sa maliliit na grupo ay maaaring isagawa sa iba't-ibang paraan upang harapin ang mga hamon na kinakaharap ng alinmang lokal na iglesya.

Hindi matutupad ng isang iglesya ang kanyang layunin maliban na ang mga tao nito ay regular na pinatitibay at sinasanay sa mga sitwasyong mas personal kaysa sa buong kongregasyon o karamihan sa mga paaralang panLinggo.

### Isang Babala

Ang maliliit na grupo ay espirituwal lamang ayon sa kalagayan ng mga taong kasama dito. Kung sila ay hindi mga disipulong nagtalaga ng sarili sa prayoridad ng pagbibigay-lugod sa Dios, matapat na pamumuhay, at pagtupad sa misyon ng iglesya, maraming dahilan/paraan kung paano maaaring magkamali ang grupo.

## Ang Pangangailangan sa Espirituwal na Pananagutan

Ang pagkakaroon ng espirituwal na pananagutan ay ang pagtatatag ng relasyon sa isang tao o grupo kung kanino ka mag-uulat ng iyong kalagayang espirituwal, ang iyong tagumpay o kabiguan sa iyong mga espirituwal na disiplina, at sa iyong mga pangako sa pag-unlad. Sinasabi nila sa iyo kapag sa palagay nila ay gumagawa ka ng kamalian. Sinasabi mo sa kanila ang iyong mga pagtatalaga sa sarili, at tinatanong ka nila pagkaraan kung tinutupad mo ba ang iyong mga pagtatalaga sa sarili.

Ang batayan sa Biblia ng espirituwal na pananagutan sa isang malusog na komunidad ng Kristiyano ay mas malinaw na ipinaliwanag sa isang naunang seksiyon. Kung walang espirituwal na pananagutan, hindi natin matutupad ang lahat ng mga kautusan sa Kasulatan; at, mapapabayaan natin ang isang paraan na idinesenyo ng Dios sa pagbibigay sa atin ng biyaya.

> “Kaya nga ipagtapat ninyo sa mga kapatid ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ang isa’t-isa, upang kayo’y gumaling."[47]

Hindi ipagtatapat ng isang tao ang mga pribadong mga kamalian maliban sa isang relasyon na ginagawa itong madali. Kung hindi siya nagtatapat sa taong nananalangin para sa kanyang mga kamalian, pinababayaan niya ang paraang idinesenyo ng Dios upang matugunan ang mga pangangailangang iyon.

> “Magtulungan kayo sa pagbuhat ng pasanin ng isa’t-isa. Sa gayung paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo."[48]

Malibang kilala natin nang mabuti ang isang tao, hindi natin malalaman kung ano ang kanyang mga pinakaseryosong pasanin. Hindi natin matutupad ang kautusang ito sa kasulatan nang wala sa relasyon na ginagawa itong posible.

> “Sikapin din nating gisingin ang damdamin ng bawat isa sa pagmamahal sa kapwa at sa paggawa ng mabuti."[49]

[47] Santiago 5:16.
[48] Galacia 6:2.
[49] Hebreo 10:24.

Dapat nating suriin nang malapitan ang isa't-isa na ang motibo ay pag-ibig upang makita kung anong pagpapalakas ng loob at pagsaway ang kinakailangan. Ang mga pagpapalakas ng loob ay magiging mababaw, ang mga pagsaway ay tututulan malibang mayroon tayong espesyal na relasyon sa isang tao.

Makatutulong ang mga sumusunod na tanong upang matukoy ng isang tao kung mayroon o wala siyang naitalagang espirituwal na pananagutan sa kanyang buhay.

> Bagaman ginawa niya ang kanyang makakaya upang tulungan ang napakaraming tao, kailangan niyang iukol ang kanyang sarili pangunahin sa iilang lalaki, sa halip na sa karamihan, upang ang karamihan sa wakas ay maligtas. Ito ang katalinuhan ng kanyang estratihiya.
>
> - Robert Coleman, *The Master's Plan*

Anong mga relasyon mayroon ako kung saan may isang taong tumutulong sa akin na pasanin ang aking pinakaseryosong mga pasanin sa buhay; ipinapahayag ko sa kanya ang aking mga pagkakamali; tinutulungan ko ang isang tao na magpasan ng kanyang mga kabigatan; at may isang tao na tumutugon sa aking kasalukuyang kalagayang espirituwal?

May mga pagkakataon ba na wala akong masandalan, mga pagkakataong ako'y masaya dahil walang nakakaalam ng aking kalagayan, at mga pagkakataong mahihiya akong iulat sa iba ang aking oras ng pananalangin o oras ng pagbabasa ng Biblia?

Karamihan sa mga iglesya ay hindi nakatutupad sa kanilang tungkulin sa pananagutang espirituwal malibang magsaayos sila ng isang sistema sa pagsasagawa nito. Para sa marami, iyon ay isang sistema ng maliliit na grupo.

## Mga Kuwalipikasyon ng Isang Tagapanguna sa Maliit na Grupo

Ipinakita ni Jesus ang prayoridad ng pagdidisipulo. Mula sa simula ng kanyang ministeryo pumili siya ng iilang lalaki na tatanggap ng responsibilidad ng paggabay sa iglesya. Hindi niya ginugol ang lahat ng kanyang panahon sa pangangaral sa libo-libong sumunod sa kanya; sa halip, madalas siyang nag-uukol ng panahon sa pagsasanay sa labindalawa. Pinalawak niya ang kanyang ministeryo sa pamamagitan ng mga lalaking sinanay niya.

Ang isang taong nagdidisipulo ay dapat magtaglay ng mga sumusunod na katangian. Maaaring hindi siya maging napakahusay sa bawat katangian, subali't dapat sikaping umunlad sa lahat ng ito. Kung nagkukulang siya ng alinman sa mga ito, hindi siya magiging tunay na epektibo. Ang isang taong hindi nagtataglay ng mga katangiang ito ay maaari pa ring makatulong sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang halimbawa.

### (1) May hustong gulang sa espirituwal

Dapat siyang magtaglay ng mga katangian ng isang may gulang sa espirituwal na inilarawan sa isang naunang seksiyon. Kung hindi husto ang kanyang gulang espirituwal, hindi siya

makapagbibigay ng mabuting halimbawa at hindi magkakaroon ng karanasang kinakailangan niya.

**(2) Naroon kung kailangan**

Kapag ang kanyang iskedyul ay sobrang puno na at hindi maaayos na napamamahalaan, wala siya roon kung kailangan para sa ministeryo sa maliit na grupo. Dapat niya itong gawing prayoridad.

**(3) Mapagkakatiwalaan**

Dapat tumutupad siya sa kanyang mga pangako. Dapat siyang tumupad sa mga appointments. Kailangan maalaala niya na may pananagutan ang iba sa mga ipinangako nila.

**(4) May tiwala (sa sarili)**

Dapat siyang maniwala na kaya niyang matuto kung paano mangunguna sa isang grupo. Kung mayroon siyang kakayahan subali't hindi naniniwala doon, kailangan muna niyang magkaroon ng ginabayang karanasan na magpapatibay sa kanyang tiwala sa sarili.

**(5) Kaya niyang Lumutas ng Mga Di-pagkakasundo/Gusot**

Kailangang kaya niya na magpanatili ng tamang saloobin kapag di nagkakasundo ang mga tao at nakalilikha ng suliranin. Kailangang kaya niyang tumulong na lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng ibang tao.

**(6) May kakayahang Magturo**

Nauunawaan ba ng mga tao ang kanyang mga paliwanag? Ang tagapanguna ay isang taong hindi nagiging dahilan upang malito ang mga tao.

**(7) May pagkagutom sa Salita ng Dios**

Dapat mayroon siyang kasiyahan sa Salita ng Dios, upang maanyayahan rin niya ang iba na ma-enjoy din ito. Dapat gawin niyang mahalaga ang Biblia sa kanyang relasyon sa Dios.

**(8) Nakadepende sa Dios**

Dapat niyang maunawaan na ang mga espirituwal na resulta ay mangyayari lamang dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu. Dapat siyang maging handang makipagtulungan sa Banal na Espiritu. Dapat siyang dumepende sa paghirang ng Dios. Hindi siya dapat magtiwala na ang kanyang mga paliwanag ay magtatagumpay nang dahil lamang sa kanyang sariling kakayahan.

**(9) Handang Maglingkod**

Dapat siyang magkaroon ng pakiramdam na mayroon siyang ginagawang mahalagang bagay kapag siya'y naglilingkod sa iba. Hindi niya dapat naisin na siya ang paglingkuran.

Hindi siya dapat maghanap ng ministeryo sa layuning ipakita lamang ang kanyang mga talento. Dapat siyang tumugon sa mga pangangailangan at handang magboluntaryo sa gawain.

### (10) Nasa Ilalim ng Espirituwal na Awtoridad

Dapat mayroon siyang espirituwal na pananagutan sa isang tao. Dapat siyang sumunod sa mgsa direksiyon ng mga tagapangunang espirituwal.

### (11) Matapat sa Iglesya

Ang tagapanguna sa grupo ay dapat isang miyembrong nagtalaga ng sarili sa isang lokal na iglesya. Ang ministeryo ng pagdidisipulo ay dapat maging dahilan upang pahalagahan ng mga tao ang iglesya at higit pang magtalaga ng sarili para dito.

### (12) Masigasig Upang Magtagumpay

Kapag mayroon siyang pagsisikap upang magtagumpay, hindi siya madaling sumuko. Siya ay aangkop sa mga pangyayari. Hahanap siya ng mga impormasyon upang tulungan siyang maging mas epektibo. Magkukusa siya kapag mayroong mga suliranin o mga pagkakataon. Magkakaroon siya ng lakas at sigasig.

### (13) Tumpak ang mga Doktrina

Dapat mayroon siyang mabuting pundasyon ng doktrinang ebangheliko at naaayon sa Biblia.

### (14) Sinanay para sa Ministeryo

Hindi kinakailangang gawin ang pagsasanay sa ministeryo sa isang akademikong institusyon/paaralan. Nagsisimula ang pagsasanay sa pag-oobserba, kung saan makikita ng mananampalataya kung paano isinasagawa ang ministeryo. Lumalalim ang pagsasanay sa pamamagitan ng pakikilahok, habang siya ay binibigyan ng mga responsibilidad sa ilalim ng paggabay. Napakahalaga ng pagbasa at pag-aaral ng mabuting materyal.

## Pagbuo ng Programa sa Pagdidisipulo

Ang pinakamabuting paraan upang mangyari ang pagdidisipulo ay sa isang lokal na iglesya na nakauunawasa responsibilidad at prayoridad ng pagdidisipulo, at nagtatrabaho nang nagkakaisa.

Samakatuwid, ang mga direksiyong ito ay nakaukol sa mga tagapanguna at mga miyembrong inilaan ang sarili sa isang iglesya.

Kung nalalaman ng isang iglesya na kailangan nilang pagbutihin pa ang pagdidisipulo, dapat muna nilang pag-aralan ang Kasulatan at mga puntos sa kursong ito tungkol sa pagdidisipulo. Maaaring ipresenta ng mga tagapanguna ang materyal. Dapat makibahagi,

hanggat maaari, ang lahat ng mga miyembro ng iglesya na itinalaga ang kanilang sarili, upang sila man ay makibahagi sa pangitain.

Ang ikalawang bahagi ng paglago ay ang pag-oobserbakung ano na ang ginagawa ng iglesya. Karamihan sa mga iglesya ay may mga grupo kasalukuyang kumikilos na, kahit na hindi naman nila sinadyang magsimula ng programa sa maliliit na grupo. Halimbawa, may isang grupo ng manunugtog sa iglesya na madalas na nagkikita-kita. Maaaring may isang choir na nagsasanay. Maaaring mayroong isang board ng diyakono. Maaaring mayroong mga klase ng paaralang panLinggo, at ang mga guro ng lingguhang klaseay maaari ring magbuo ng isang grupo. Maaaring magkita-kita rin paminsan-minsan ang mga kabataan. Maaaring magkaroon ng mga komite na nangangasiwa sa iba't-ibang responsibilidad. Ang isang grupo ay maaaring magbuo sa hindi pormal na paraan ng mga taong sama-samang nagtatrabaho sa isang proyekto. Maaaring may mga pamilya sa iglesya napaminsan-minsan ay nagsasama-sama para sa fellowship. Maaaring mayroong pag-aaral ng Biblia at pagmimiting sa pananalangin.

Ang mga grupong ito ay maaaring hindi binuo para sa layunin ng pagdidisipulo o espirituwal na pananagutan, subalit makatutulong ang mga ito upang matupad ang mga layuning ito. Ang alinmang iglesya na mayroon nang buhay espirituwal ay may mga grupong kumikilos upang suportahan ang buhay na iyon. Kapag nagpasya ang iglesya upang pabutihin ang kanyang programa sa pagdidisipulo, dapat nitong suriin ang mga grupong naroon na at tuklasin kung ano ang nangyayari, pagkatapos ay pag-isipan kung paanong ang mga layunin ay mas mabuting matutupad.

Maaaring kailanganin ang mga bagong grupo. Marahil iba't-ibang klase ng mga grupo ang kinakailangan. Maaaring may mga grupo na nagbibigay ng praktikal na pagsasanay para sa ministeryo. Maaaring may mga grupo na pangunahing nag-aaral ng Biblia at nananalangin. Maaaring mayroong maliliit na grupo para sa seryosong espirituwal na pananagutan.

Ang layunin ng grupo ang magtatakda kung sino sino ang dapat naroon at kung paano kikilos ang grupo. Halimbawa, ang isang grupo para sa seryosong espirituwal na pananagutan ay dapat magkaroon ng mas kaunti kaysa 10 tao. Kapag masyadong malaki ang grupo, bumababa ang pagiging lihim, nagiging mababaw ang pagbabahaginan, mas higit ang kailangang pagkontrol, posible ang mas kaunting pakikilahok, at ang pagdalo ay nagiging mas masama. Ang lalim ng personal na pagbabahagi ay magiging limitado kapag mayroong lalaki at babae sa grupo.

Ang layunin ng grupo ang magtatakda kung ito ba ay magiging bukas o hindi sa mga bagong miyembro. Kung ang layunin ay pananagutang espirituwal, hindi ito dapat magdagdag ng mga bagong miyembro kapag ang grupo ay nakapagtipon-tipon na ng ilang beses. Karamihan sa mga tao ay hindi magbabahagi tungkol sa kanilang kalagayang espirtuwal hangga't hindi nila nararamdaman na sila ay ligtas sa iba pang nasa grupo. Kung ang layunin ng grupo ay pag-aralan ang isang serye ng mga leksiyon, hindi praktikal na magdagdag ng mga tao sa kabuuan ng serye ng mga pagtitipon.

Maaaring may grupo para sa mga bagong nagbalik-loob. Mahalaga na ang isang bagong nagbalik-loob ay hindi maghintay ng ilang linggo bago sumali sa isang grupo. Samakatuwid, ang grupong ito ay nangangailangan ng umiikot na serye ng mga aralin upang ang mga bagong tao ay makakasali sa anumang pagkakataon. Dapat mapagtanto ng mga tagapanguna na ang ilan sa mga bagong nagbalik-loob ay titigil sa pagdalo. Ang katotohanan na ang ilang tao ay aalis sa grupo ay hindi nangangahulugan na ang grupo ay hindi kumikilos nang maayos. Kahit na ang ilan ay aalis sa grupo, ang grupo para sa mga nagbalik-loob ay dapat maging bukas para sa mga bagong tao.

Kung ang grupo ay para sa pagsasanay para sa ministeryo o mas malalim na paglagong espirituwal, ang mga miyembro ng grupo ay dapat mga taong nagnanais na lumago sa espirituwal at handang magtalaga ng sarili sa mga layunin ng grupo. Kung ang ilan sa mga miyembro ay hindi nagtalaga ng sarili, ang grupo ay hindi gaanong magiging matagumpay sa pag-abot sa mga layunin nito.

Karamihan sa mga miyembro ay nahihikayat sa pamamagitan ng personal na pag-aanyaya. Huwag nang hintayin na humiling ang mga tao na makikisali sila sa grupo.

Hindi lahat ng nasa iglesya ay makikilahok sa isang programa para sa maliliit na grupo. Kung ikaw ay isang tagapanguna sa iglesya, huwag mong itaboy palayo ang mga tao sa pamamagitan ng pagpuna sa kanila dahil hindi sila kabilang sa maliit na grupo. Isulong mo ang ministeryo ng grupo sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga benepisyo nito.

Sa unang pagtitipon, tiyakin na nauunawaan ng lahat ang kahalagahan ng grupo. Magbahagi ng Kasulatan at impormasyon na nagpapakita ng kahalagahan ng pagdidisipulo.

Upang matulungan ang pagdalo, ang grupo ay maaaring itakdang magkita-kita sa loob ng ilang linggo. Ipaliwanag na ang grupo ay mag-aaral ng tiyak na bilang ng serye ng leksiyon at sabihin sa kanila kung kailan matatapos ang serye. Sa gayung paraan, alam ng bawat miyembro kung ano ang kanyang sinasalihan. Bigyang-diin ang pangangailangan sa perpektong pagdalo/pagdalo sa lahat ng pagtitipon. Sa katapusan ng panahong iyon, ang grupo ay maaaring magsimulang muli sa mga nais na magpatuloy.

### Talakayan sa Klase

Si Andre ay isang Kristiyano na sa loob ng ilang taon. Siya ay miyembro ng iglesya at tumutulong sa kanyang iglesya. Siya ay nag-aalala na ang kanyang iglesya ay walang plano sa pagdidisipulo. Iniisip niya na ang iglesya ay dapat magsimula ng maliliit na grupo, subalit ang mga tagapanguna ay hindi interesado.

► Ano ang dapat gawin ni Andre?

Dapat kausapin ni Andre ang mga tagapanguna sa iglesya at hingin ang kanilang pagsang-ayon na siya ay manguna sa maliit na grupo. Hindi niya dapat punahin ang ministeryo ng iglesya, sa halip ay ilarawan ang mga benepisyo na maidudulot ng grupo dito. Kung mabuti

ang magiging takbo ng grupo, magsisimulang maunawaan ng iglesya ang mga benepisyo ng ganoong klase ng ministeryo.

## Pangunguna sa Isang Epektibong Grupo

Sa pagsisimula ng isang grupo, mayroong kagalakan at maraming inaasahan. Marami sa mga miyembro ay hindi nalalaman nang eksakto kung ano ang kanilang inaasahan, subali't umaasa sila na makakukuha ng tulong mula sa grupo.

Ang mga sumusunod na direksiyon ay makakatulong sa grupo upang maging epektibo at matutupad ang layunin nito. May mga mahahalagang prinsipyo para sa pagkilos ng mga maliliit na grupo. Kung tinutulungan ng tagapanguna ang grupo upang sundin ang mgas prinsipyong ito, mababawasan niya ang pagkabigo at kawalan ng pag-asa.

Ang unang pagkikita ay magiging iba sa ibang pagkikita dahil ang grupo ay natututo pa lang kung paano isasagawa ang mga pagtitipon. Gayunman, ang unang pagkikita ay siyang magtatakda ng istilo ng mga susunod pang pagtitipon. Kung ang isang tao ay hindi nagsasalita sa unang pagtitipon, aasahan niya na maging tahimik rin sa mga susunod na pagtitipon. Kung ang isang tao ay nangingibabaw sa pagtatalakayan, aasahan ng grupo na sa mga susunod na pagtitipon ay mangingibabaw pa rin ang parehong tao. Kung ang pagtitipon ay tulad ng isang klase na kaunti lang ang pakikilahok, aasahan nila na ganito rin ang gagawin sa mga susunod na pagtitipon.

May mga miyembro na maaaring umalis pagkatapos ng ilang beses na pagtitipon dahil ang grupo ay hindi tulad na kanilang inaasahan. Mahalaga na maayos na pangunahan ang pagtitipoin upang ang mga miyembro na umaasa sa mga wastong bagay ay hindi mabibigo.

## Mga alituntunin para sa Pagiging Epektibo

**(1) Itakda ang grupo upang magtipon linggo-linggp, kung maaari. Ang ilan ay maaaring mangailangan ng tulong sa pag-aalaga ng mga bata.**

**(2) Ang format/anyo ng mga pagtitipon ay dapat Oras ng Pag-aaral- pagkatapos Pagbabahaginan ng mga personal na pangangailangan sa panalangin – pagkatapos ay Pananalangin.**

Kung ang pangunahing layunin ng grupo ay pag-aaral, ang oras ng pag-aaral ay maaaring maging mahaba habang ang ibang bahagi ay maiikli; subali't ang tatlong bahagi ay dapat pa rin kabilang dito. Kung ang layunin ng grupo ay espirituwal na pananagutan, ang oras ng pag-aaral ay maaaring maikli, subalit dapat mayroon pa rin silang materyal na pinag-aaralan.

Kung ang grupo ay mayroong personal na pagbabahagi at talakayan subalit walang leksiyon na pinag-aaralan, ito'y magiging magulo. Mangingibabaw dito ang personalidad ng ilang miyembro. Ang mga materyal ng leksiyon ay ginagawa silang lahat para tumugon sa kaotohanan nang higit pa sa kanilang sariling mga pag-iisip.

**(3) Simulan at tapusin sa oras ang mga pagtitipon.**

Kapag huli ka nang magsimula at magtapos, ang mga taong nagpapahalaga sa kanilang sariling oras ay magsisimulang dumating ng huli o kaya'y lumiban na sa ibang mga pagtitipon.

**(4) Itakda ang petsa kung kailan magtatapos ang klase.**

Kailangang malaman ng mga miyebro kung gaano katagal ang kanilang pagtatalaga sa sarili. Karaniwan, ang mga bagong miyembro ay hindi dapat pahintulutang sumali sa grupo pagkatapos ng ilang pagtitipon, malibang ang grupo ay nag-uulit ng mga aralin para sa mga bagong nagbalik-loob. Kapag ang grupo ay nag-aarl ng isang serye ng mga leksiyon, ang bilang ng mga aralin ang magtatakda ng bilang ng linggo na sila ay magkikita-kita. Kapag sila ay nagtitipon para sa espirituwal na pananagutan, maaari nilang itakda ang pagtitipon sa anim na buwan. Sa katapusan, maaari silang muling magtipon-tipon. Sa panahong iyon, ang ilang miyembro ay maaaring umalis, at maaaring pag-isipan ng grupo kung papayagan nila o hindi na makilahok ang mga bagong miyembro.

**(5) Kapag nag-aaral, bigyang diin ang layuning nakakabago ng buhay sa halip na magkaroon lamang ng kaalaman.**

Mararamdaman ng isang miyembro na kapaki-pakinabang ang grupo kapag nagagawa niyang makakuha ng personal at tiyak na mga aplikasyon sa buhay mula sa pag-aaral.

**(6) Kapag may isang nagbahagi ng suliranin at pagkatapos ay nangakong may gagawin siyang aksiyon tungkol dito, tanungin siya sa susunod na pagtitipon kung naisagawa niya ang sinabi niyang gagawin niya.**

**(7) Ang tagapanguna ay dapat naroroon upang makipagkita nang isa-isa sa mga miyembro upang magbigay ng espirituwal na paggabay.**

Ang ibang mga miyembro ay maaari ring magkita-kita sa ibang mga pagkakataon para magpalakasan ng loob.

**(8) Pumili ng isang mabuting lugar ng pagtitipon.**

Ito ay dapat isang hindi pormal na lugar ng pagtitipon na may kapaligirang tulad sa isang tahanan. Ang pag-upo ay dapat pabilog kung maaari, upang nakikita ng mga miyembro nang harapan ang isa't-isa. Ito ay makahihikayat sa pakikilahok. Magkita sa isang lugar kung saan walang magiging mga pang-abala o paggambala.

**(9) Magsanay ng mabubuting kaugalian sa pakikinig.**

Ang mga tanda ng mabuting pakikinig ay ang pagtingin ng mata sa mata, isang ekspresyon ng matiim na atensiyon, pag-iwas sa mga paggambala, at pagtugon sa mga pagbibiro ng tagapagsalita at iba pang mga emosyon.

**(10) Tiyakin na walang miyembro na laging tahimik.**

Idirekta ang tanong sa isang miyembro na hindi gaanong nagsasalita ("Ano ang palagay mo tungkol dito, Charles?").

**(11) Huwag pilitin ang isang miyembro na magbahagi ng mga bagay na personal.**

Sa halip, sikaping lumikha ng kapaligiran kung saan mararamdaman niya malaya siyang makapagsasalita. Bigyan ng pagtitiwala sa sarili ang isang miyembro sa pamamagitan ng pagtingin sa kanyang mga mata at papurihan ang anumang kanyang sinasabi.

**(12) Sikaping gumamit ng mga tanong na makakaya nilang sagutin upang makabuo ng kanilang pagtitiwala.**

Kapag may sumagot nang mali, sikaping bigyang halaga ang anumang mabuti tungkol sa kanyang sagot bago punahin ito.

**(13) Sikaping pagtibayin sa anumang paraan ang bawat komento bago ito punahin.**

**(14) Kapag may isang tila may tendensiya na laging nagsasalita at sinasagot ang lahat ng tanong, humanap ng paraan upang limitahan siya.**

Ang isang paraan ay ang idirekta ang mga tanong sa mga espesipikong mga miyembro. O maaari mong itanong, "Ano naman ang iniisip ng iba pa sa inyo?" Sa isang pagtatalakayan, maaari mong sabihin, "Pakinggan naman natin ang isang hindi pa nakapagsasalita tungkol dito."

Kapag ang isang miyembro ay labis pa ring nagsasalita, maaari siyang kausapin ng tagapanguna sa labas ng pagtitipon. Maaari siyang magsalita ng katulad nito: "Charles, mabilis kang mag-isip at agad na nakatutugon sa mga pagtatalakayan, subali't nag-aalala ako na ang ilan sa atin ay hindi makikilahok kung sasagutin natin agad ang lahat ng mga tanong. Maaari mo ba akong tulungan na pasalihin ang lahat (sa talakayan)?"

**(15) Huwag hayaang may dalawa o tatlong miyembro na magkaroon ng kanilang sariling pagtatalakayan habang hindi pinapansin ang grupo.**

Kung may isang nagnanais na makipagtalo nang mahabang oras tungkol sa isang paksa, sabihan siya na ang talakayan ay kinakailangang tapusin sa ibang oras sa labas ng pagtitipon.

**(16) Huwag hayaan ang sinuman na pahintuin/abalahin ang iba.**

Itaas ang iyong kamay, mariing pahintuin ang nang-aabala, at hayaan ang makatapos ang naunang nagsasalita. Kung hindi gayun, sa pagtatalakayan ay lagi nang mangingibabaw ang mga miyembrong hindi gaanong magalang. Ang mga taong hindi mapamilit ay mabibigo dahil hindi nila natatapos ang kanilang mga sinasabi.

**(17) Makinig sa mga reklamo.**

Ang alinmang reklamo ay maaaring magpakita ng suliranin maaaring maitama. Huwag ipagwalang-bahala ang mga tanda na hindi nasisiyahan. Kung ang sinuman ay hindi nasisiyahan sa pagtitipon ng grupo, maaaring hindi niya nauunawaan ang layunin, o maaaring mayroon siyang balidong reklamo.

**(18) Kung ang sinuman ay nagpapatuloy sa pagiging palaaway, nakagugulo, nakikipagtalo o naiinip, maaaring hindi niya tinatanggap ang mga layunin ng grupo.**

Ang grupo ay maaaring hindi ang kanyang inaasahan. Kausapin mo siya ng sarilinan upang tulungan siyang makita ang layunin ng grupo.

**(19) Hindi kinakailangang alam ng tagapanguna ang lahat ng sagot sa bawat suliranin.**

Ang kanyang tungkulin ay hindi ang magkaroon ng sagot sa lahat ng bagay kundi ang akayin ang grupo na dalhin ang mga kabigatan sa pananalangin.

**(20) Maging marunong makiayon at matiyaga sa mga paggambala sa iskedyul.**

Tandaan na ang mga pangyayari sa ating mga buhay ay bahagi ng pagpapaunlad ng Dios sa atin. Ang isang suliranin ay isang pagkakataon.

**(21) Kung ginagamit ng isang miyembro ang buong panahon ng pagtitipon sa pagbabahagi ng kanyang mga pangangailangan, alukin siya na pagpayuhan sa ibang pagkakataon; kung hindi gayun, ang ibang miyembro ay magkakaroon ng pakiramdam na nananakaw ang pagtitipon sa kanila.**

Huwag hayaang mawala sa layunin ang grupo, maliban kung sama-samang nagkakasundo ang mga miyembro na ang layunin ay dapat baguhin.

**(22) Huwag hayaang maging subersibo ang mga pagtatalakayan.**

Huwag hayaang ang grupo ay maging lugar upang punahin ang lokal na iglesya at iba pang tagapanguna.

**(23) Alalahanin na ang pagiging epektibo ng isang grupo ay nakadepende sa kapangyarihan ng Dios na kumikilos sa pamamagitan nito.**

Ang grupo ay isa lamang istrukturang ayon sa kasulatan na ginagamit ng Dios.

# Leksiyon 19
# Pagdidisipulo: Pananalangin at Pagsasagawa Nito

**Paalala sa Tagapanguna ng Klase:**

*Sa huling araling ito, pag-aaralan ng grupo kung paanong ang mga panalangin ni Pablo para sa mga mananampalataya ay gumagabay sa ating pananalangin at ministeryo.*

*Pagkakatapos, ipinakikilala ng leksiyon ang serye ng mga leksiyon para sa pagdidisipulo. Dapat tingnan ng klase ang ilan sa mga leksiyong iyon habang pinag-aaralan ang leksiyong ito, at pagplanuhan kung paano tutuparin ang takdang aralin ng pagsasagawa nito.*

*Kinakailangang magkita ang grupo nang higit pa sa isang beses lang upang tuparin ang takdang araling ito*

*Pagsasagawa/Pagsasanay: Ang mga mag-aaral na nakatapos na ng leksiyon para sa kursong Pag-eebanghelyo at Pagdidisipulo ay dapat pagsanayan ang mga leksiyong ito sa mga bagong nagbalik-loob. Una, may isang dapat ipakita kung paano ituturo ang leksiyon sa pamamagitan ng pagtuturo ng isa sa grupo. Pagkatapos, ang bawat miyembro ng klase ay dapat magsanay ng pagtuturo ng kahit man lang isang leksiyon. Pagkatapos makita ng grupo kung paano ipakita ang isang leksiyon, maaari nilang hati-hatiin sa mas maliliit na grupo upang mas marami ang sabay-sabay na makapagsasanay sa pangunguna. Sa grupo na may apat na tao, ang bawat miyembro ay maaaring manguna sa isang leksyon at obserbahan ang tatlong iba pa sa grupo habang sila'y isa-isang nangunguna sa leksiyon.*

**Pananalangin ng Panalangin ni Pablo Para sa Mga Mananampalataya**

Sinasabi ng panalangin ni Pablo para sa mga bagong mananampalataya kung ano ang kinakailangang mangyari sa isang bagong Kristiyano. Ang mga panalanging ito ang gagabay sa atin sa pananalangin para sa mga batang Kristiyano dahil dapat nating ipanalangin ang parehong mga bagay na ipinanalangin ni Pablo para sa kanila. Gumagabay din ang mga panalanging ito sa ating mga ministeryo dahil dapat tayong makipagtulungan sa ginagawa ng Dios para sa kanila.

Tingnan natin ang mga panalangin ni Pablo para sa tatlong magkakaibang grupo.

### Ang Mga Taga-Tesalonica

*Basahin ang 1 Tesalonica 5:23-24.*

Ang unang sulat sa mga taga-Tesalonica ay tumatawag para sa kabanalan. Ang bawat mananampalataya ay tinawag upang mamuhay nang matagumpay at may kadalisayan, at ipinapangako ng Dios na ito ay posible sa pamamagitan ng pananampalataya. Dapat tayong manalangin at magturo na may layuning akayin ang bawat mananampalataya sa tagumpay at kadalisayan.

**Ang Mga Taga Filipos**

*Basahin ang Filipos 1:9-11.*

Sinasabi ng mga talatang ito ang tungkol sa nagpapatuloy na proseso sa buhay ng isang mananampalataya. Ang kanyang pag-ibig ay dapat nagpapatuloy sa paglago. Habang nangyayari ito, ang kanyang kakayahang malaman kung ano ang pinakamabuti ay dapat ding lumakas. Habang nauunawaan niya ang mga bagay, iniaangkop niya ang kanyang buhay upang ituon sa pinakamabuti. Dapat nangyayari ito upang siya ay maging dalisay (sinsero) at walang nasasaktan.

Ang mga taong sinulatan ni Pablo sa mga talatang ito ay matagal nang mga Kristiyano. Gayunman, idinadalangin ni Pablo na sila magpatuloy sa pagpapalago sa kanilang pag-ibig sa Dios, at , sa pag-ibig na iyon, mas higit na mauunawaan ang kalooban ng Dios para sa kanila.

Narito ang ilang mga tanong na dapat pag-isipan ng isang bagong mananampalataya:

- Ano ang isang halimbawa ng pagbabago na ginawa ko sa aking buhay nang ipakita sa akin ng Dios na ang aking saloobin, pag-uugali, o pagkilos ay hindi ang pinakamabuti.
- Mayroon bang anumang bagay sa aking buhay na mayroon akong pangamba?
- Payag ba akong hayaang ipakita sa akin ng Dios sa panalangin ang anumang pagbabago na dapat kong gawin.

**Ang Mga Taga-Colosas**

*Basahin ang Colosas 1:9-12.*

Ipinanalangin niya na nawa'y tumanggap ng kaalaman tungkol sa kalooban ng Dios, sa karunungan at espirituwal na pagkaunawa. Hindi pa nauunawaan ng isang bagong nagbalik-loob ang lahat ng tungkol sa kalooban ng Dios para sa kanyang paraan ng pamumuhay. Unti-unti makikita niya na may mga kaugalian, pagsasalita at mga saloobin sa kanyang buhay na dapat magbago. Dahil mahal niya ang Dios, unti unti niyang iaayon ang kanyang buhay sa kalooban ng Dios. Ang nagdidisipulo ay dapat nananalangin at maingat na nagtuturo sa batang Kristiyano upang kilalanin ang kalooban ng Dios.

Sinabi niya na sila, bilang resulta ng mas mabuting pagkaunawa sa kalooban ng Dios ay, "magkakaroon ng paglakad na karapat-dapat sa Panginoon." Sila ay magiging mas angkop na mga kinatawan ng Dios. Ang kanilang mga buhay ay magiging mas angkop sa kanilang pagpapahayag na sila'y binago ng biyaya. Ang dapat tandaan ng nagdidisipulo ay hanggang ang prosesong ito ay nagpapatuloy ng ilang panahon, may mga pagsasalungatan na lilitaw sa buhay ng batang Kristiyano.

Isang bahagi ng "paglakad [na] karapat-dapat" ay may kasamang "pagiging mabunga sa bawat mabuting gawa." Hindi tayo dapat magulat kapag ang isang batang Kristiyano ay

hindi pa mabunga sa bawat mabubuting gawa. Maaaring hindi pa siya talagang responsable at may kamulatan sa tungkuling dapat.

Sinasabi rin ng mga talata sa atin na maaari tayong magkaroon ng "tiyaga at pagtitiis nang may kaligayahan." Ang taong nakapagpapanatili ng kaligayahang Kristiyano habang siya'y naglilingkod at nagtitiis ay tumanggap ng espirituwal na *maturity*.

**Pagwawakas Tungkol sa Mga Panalangin ni Pablo**

Maraming sinasabi sa atin ang mga panalangin ni Pablo para sa mga batang Kristiyano tungkol sa gawain ng pagdidisipulo. Dapat tayong magkaroon ng wastong layunin para sa pagpapaunlad ng mga mananampalataya. Dapat kilalanin natin ang mga pag-unlad. Hindi tayo dapat magulat pag nakakita ng mga pagsasalungatan, di-pagkakaunawaan, at pagiging iresponsble ng isang batang Kristiyano. Hindi natin dapat asahan na ang lahat ng katangiang kristiyano ay lilitaw agad.

Dapat nating pansinin na hindi pinakamahalaga kay Pablo ang tungkol sa kanilang pagsasanay sa ministeryo o pagpapaunlad sa kanilang mga kakayahan sa ministeryo. Mas pinahahalagahan niya ang pagpapaunlad sa kanilang pananampalataya at karakter na Kristiyano. Hindi tayo dapat masiyahan sa mga taong makagagawa ng mga gawaing pangministeryo subali't nagkukulang naman sa karakter na Kristiyano.

Ang guro ay mahalaga dahil sa kanyang halimbawa at dahil sa halaga ng impormasyon. Binibigyang-diin ang pagkatuto sa dalawa sa mga panalangin sa itaas. Ang kaalaman ay kabilang sa prosesong espirituwal. May malaking epekto ang guro sa pamamagitan ng kanyang paggamit ng katotohanan.

Dapat nating ipanalangin ang panalangin ni Pablo para sa mga batang Kristiyano na ating naiimpluwensiyahan. Dapat tayong makipagtulungan sa Banal na Espiritu upang mangyari ang mga prosesong ito sa kanilang buhay.

Ang sumusunod na panalangin ay batay sa panalangin ni Pablo para sa mga bagong Kristiyano.

**Isang Panalangin Para Sa Isang Batang Kristiyano**

Ama namin sa Langit,

Idindalangin ko po si ___________ na lubos mo siyang pababanalin. Dalangin ko na siya'y maging banal sa kanyang mga kilos, saloobin at mga motibo.

Tulungan mo po na patuloy na lumago ang kanyang pag-ibig sa iyo, upang mas higit niyang maunawaan kung ano ang iyong perpektong kalooban para sa kanya. Tulungan mo po siya na mabatid kung ano ang pinakamabuti at laging ito ang kanyang piliin, upang ang kanyang buhay ay mamunga para sa iyong kaluwalhatian.

Tulungan mo po siyang mamuhay kung paano dapat mamuhay ang isang Kristiyano, binibigyang kasiyahan ka sa lahat ng bagay, at matututo pa ng higit tungkol sa iyong landas.

Tulungan po ninyo siya na kumuha ng lakas mula sa iyo, upang makapamuhay siya nang matagumpay at magtiis ng mga pagsubok nang may kagalakan. Lagi nawa siyang magpasalamat para sa biyayang ibinibigay mo.

Ito po ang dalangin ko,

Sa Pangalan ni Jesus

Amen

# Leksiyon para sa Paglago

## 12 Leksiyon para sa Pagdidisipulo

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

# Ang Disenyo ng Leksiyon

Ang bawat leksiyon ay may dalawang-pahinang worksheet para sa mga mag-aaral. Dapat tingnan ng tagapagturo ang mga pahinang iyon bago ang bawat leksiyon, upang alam niya kung anong bahagi mayroon ang mag-aaral. Ang mga salitang isusulat sa mga patlang sa edisyon ng mag-aaral ay may salungguhit sa edisyon ng tagapagturo.

Ang larawan ng isang piraso ng puzzle na nakikita nang ilang beses sa karamihan sa mga leksiyon ay tanda ng isang tanong na nakadisenyo upang makilahok ang mga miyembro. Dapat maghintay ang tagapanguna ng sagot pagkatapos magtanong, sa halip na ibigay agad ang sagot. Madalas nakatutulong ang mga sagot upang maghanda para sa susunod na materyal.

Karamihan sa mga talata sa Biblia na gagamitin ay nakaimprenta sa materyal ng guro, subali't wala sa worksheet ng mga mag-aaral. Dapat hilingan ng guro ang isang mag-aaral upang hanapin ang talata at basahin ito ng malakas. Paminsan-minsan, makatitipid siya ng oras kung babasahin niya mismo ito mula sa kanyang notes, espesyal na kapag maraming talata ang ginagamit, subali't hindi niya ito dapat gawin nang madalas. Kapag ipinahahanap sa mga mag-aaral ang mga talata ay nagbibigay sa kanila ng isa pang paraan upang makilahok, sinasanay sila at ginagawang pamilyar sa Biblia, at sinasanay sila na makita ang mga talata sa konteksto nito. Patuloy na pinalalakas nito ang katotohanan na ang Biblia ang ating pangwakas na awtoridad (final authority).

Ang bawat leksiyon ay nagtatapos sa isang takdang-araling pag-aaralan. Paminsan-minsan ang grupo ay maaaring maglaan ng oras upang talakayin ang mga resulta ng kanilang sari-sariling pag-aaral.

Ang panalangin sa dulo ng bawat leksiyon ay makatutulong sa mga miyembro upang ipanalangin ang katuparan ng katotohanan sa kanilang mga buhay. May isang dapat bumasa ng panalangin sa dulo, at ang mga miyembro ay dapat hikayating balik-balikan ito sa buong linggo at tunay na gawin itong panalangin mula sa kanilang mga puso.

Ang block ng materyal na may tanda na “Para sa Pagbabahaginan ng Grupo” ay nagbibigay ng mga tanong upang simulan ang talakayan sa dulo ng leksiyon. Para sa maraming mga paksa, ang pagtatalakayan ay maaaring magsimula nang madali, at ang mga tanong ay maaaring hindi kailanganin. Hindi kailangang gamitin ang lahat ng mga tanong.

Marami sa mga tanong ay humihikayat sa mga miyembro na gumawa ng tiyak na pagtatalaga ng sarili upang isagawa ang katotohanang natutuhan. Dapat ilista ng tagapanguna ang mga pagtatalaga ng sarili na ginawa at tanungin ang mga miyembro sa susunod na mga panahon kung natupad nila ang mga iyon.

# Leksiyon para sa Paglago

<table>
<tr><th>Leksiyon</th><th></th><th></th></tr>
<tr><td>(1) Ang nakapagliligtas na Tagpo</td><td>173</td><td>237</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Ang isang nakapagliligtas na tagpo sa Dios ay nagsisimula sa aking relasyon sa kanya.”<br>Layunin: Upang maunawaan kung bakit kinakailangan ang pagsisisi at kapatawaran upang ang isang makasalanan ay makapagsimula ng isang relasyon sa Banal na Dios.</td></tr>
<tr><td>(2) Katiyakan ng Pagtanggap ng Dios</td><td>179</td><td>239</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Tinanggap ako ng Dios bilang Kanyang anak nang ako ay magsisi at naniwala sa Kanyang pangako.”<br>Layunin: Upang makita na ang tunay na katiyakan ng kaligtasan ay nakasalalay sa pagsunod sa mga tagubilin ng ebanghelyo.</td></tr>
<tr><td>(3) Pakikipag-usap sa Dios</td><td>183</td><td>241</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Mas makikilala ko ang Dios dahil nakikipag-ugnayan ako sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin.”<br>Layunin: Upang maunawaan na ang ating kaugnayan sa Dios ay naipapahayag sa ating pakikipag-usap sa Kanya.</td></tr>
<tr><td>(4) Pagpapalawak ng Aking Pagsunod</td><td>189</td><td>243</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Mas nakikita ko at nasusunod ang kalooban ng Dios habang lumalaki ang pagmamahal ko sa Kanya.”<br>Layunin: Upang matutunan na sundin ang kalooban ng Dios sa sampung bahagi ng aking araw-araw na pamumuhay.</td></tr>
<tr><td>(5) Debosyonal na Pag-aaral ng Biblia</td><td>193</td><td>245</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Ang Salita ng Dios ay araw-araw na nakakaapekto sa aking buhay at pananampalataya.”<br>Layunin: Upang matutunan ang tamang kadahilanan at tamang paggamit ng personal na pag-aaral ng Biblia.</td></tr>
<tr><td>(6) Pananalangin Katulad ni David</td><td>199</td><td>249</td></tr>
<tr><td colspan="3">"Ang pakikipag-usap sa Dios ay nagbibigay ng wastong kahulugan sa bawat bahagi ng aking buhay."<br>Layunin: Upang matutuan na ang pananalangin ay pagbabahagi sa Dios ng lahat ng ating damdamin at kaganapan sa buhay at pagtanggap ng Kanyang pananaw.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td>(7) Ang Pagpapadalisay ng Pananampalataya</td><td>205</td><td>251</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Lumalago ako sa aking espirituwal habang tinitiis ng aking pananampalataya ang mga pagsubok.”<br>Layunin: Upang makita kung paano sinusubok at pinapatatag ang ating pananampalataya ng pitong uri ng pagsubok.</td></tr>
<tr><td>(8) Pagbuo ng Mga Espirituwal na Disciplina</td><td>211</td><td>255</td></tr>
<tr><td colspan="3">"Inilalaan ko ang aking oras at pagsisikap upang paunlarin ang aking kaugnayan sa Dios."<br>Layunin: Upang makita kung paano nakakatulong sa ating espirituwal ang sampung nakaplanong kasanayan.</td></tr>
<tr><td>(9) Pagtanggap sa Espirituwal na Pananagutan</td><td>217</td><td>259</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Hinuhubog ako ng Dios sa isang malapit na pamayanan ng mananampalataya.”<br>Layunin: Upang makita ang gampanin ng pakikipag-ugnayan sa ibang mga Kristiyano para sa espirituwal na paglago.</td></tr>
<tr><td>(10) Passion para sa Misyon</td><td>223</td><td>261</td></tr>
<tr><td colspan="3">"Mayroon akong taimtim na sigasig para sa kaligtasan ng mga makasalanan."<br>Layunin: Upang suriin ang mga kadahilanan na nag-uudyok sa atin na ikalat ang ebanghelyo.</td></tr>
<tr><td>(11) Kailangan Natin ang Iglesia</td><td>227</td><td>263</td></tr>
<tr><td colspan="3">"Hindi ko matutupad ang lahat ng layunin ng Dios kung mag-isa akong kikilos."<br>Layunin: Upang matulungan ang mananampalataya na mag-commit sa lokal na iglesia.</td></tr>
<tr><td>(12) Katagumpayan laban sa Tukso</td><td>231</td><td>265</td></tr>
<tr><td colspan="3">“Maaari akong manalo laban sa tukso sa pamamagitan ng patnubay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu.”<br>Layunin: Upang maunawaan kung paano dumarating ang tukso at kung paano aasa sa Dios para sa katagumpayan</td></tr>
</table>

# Leksiyon 1
# Ang Nakapagliligtas na Tagpo

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

“Isang nakapagliligtas na tagpo sa Dios ay nagsisimula sa aking kaugnayan sa Kanya.”

## Layunin ng Leksiyon

Upang maunawaan kung bakit kinakailangan ang pagsisisi at kapatawaran upang ang isang makasalanan ay magkaroon ng kaugnayan sa Banal na Dios.

## Panimula

► Ano ang pinakasimula ng anumang relasyon?

Bago magkaroon ng isang relasyon ang mga tao, dapat silang magtagpo. Ang pinakasimula ng isang relasyon ay isang **personal na tagpo.** Ano ang katulad ng unang tagpo sa pagitan ng Dios at ng isang makasalanan? Hindi ito katulad ng tagpo ng dalawang estranghero, o pagbabatian, at normal na simula upang magkakilala. Ito ay magiging mas katulad ng iyong unang pakikipagtagpo sa isang taong nagawaan mo ng mali o masamang bagay.

Isipin na may isang lalaking nagngangalang Laurence na umupa ng isang bahay. Habang nakatira siya duon, ay ginawa niya ang kanyang motor sa sala at nasira ang karpet. Pinapana niya ang isang target na iginuhit sa dingding. Itinatabi niya ang kanyang alagang kambing sa loob ng bahay, at kapag ito at di mapakali o nagugutom ay sinisipa nito ang dingding at nagkakabutas. Si Laurence ay hindi pa kailanman personal na nakikita ang may-ari ng bahay.

Pagkatapos, isang araw ay nakaupo siya sa silid kung saan hinihintay ang dentista, nagsimulang makipag-usap si Laurence sa isang estranghero at nagustuhan niya ito, ngunit nalaman niya ito pala ay ang may-ari ng bahay na kanyang inuupahan.

► Ano ang dapat mangyari bago sila maging magkaibigan?

Ano ang kinakailangan para sa pagkakaibigan kung ang isang tao ay nakagawa ng pagkakamali sa iba?

Ang nagkamali ay dapat **aminin** at **magsisi**. Ang pagsisisi ay nangangahulugang hindi na niya ipagpapatuloy ang paggawa ng mali sa taong iyon.

Ang nagawan ng pagkakamali ay dapat maging handa na **magpatawad**, kahit na nangangahulugan ito na ang nakagawa ng mali ay hindi kayang magbayad para sa kanyang nagawang pinsala.

Ang kwentong ito ay naglalarawan ng ating nagawang pagkakamali laban sa Dios, kung tutuusin ay mas malala pa ang ating nagawa. Ang unang pagkakataong makatagpo natin ang Dios, ay mayroon ng problema dahil sa ating mga nagawang masama laban sa Kanya. Ang problemang iyon ay dapat na malutas bago magsimula ang isang relasyon.

Ngayon ay tingnan natin ang kalagayan ng taong hiwalay sa Dios at tingnan kung ano ang kinakailangan upang maging kaibigan siya ng Dios.

### Ang kalagayan ng Taong Hiwalay sa Dios

Ang kalagayan ng taong hiwalay sa Dios ay inilarawan sa Efeso 2:2-3:

> "Sinunod ninyo noon ang masamang takbo ng mundong ito, at napailalim kayo sa prinsipe ng kasamaan, ang espiritung naghahari sa mga taong ayaw pasakop sa Dios, Ang totoo, tayong lahat ay dati ring namumuhay ayon sa ating laman, at sumusunod sa masamang hilig ng katawan at pag-iisip, Kaya't sa ating likas na kalagayan, ay kabilang tayo sa mga taong kinapopootan ng Dios."

Ayon sa talatang ito, "tayong lahat" ay dating namuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng mga likas na hilig ng katawan, na kung saan tayo ay pamumuhay sa kasalanan. Tayo ay kabilang sa "mga anak na suwail," na pinamumunuan ni Satanas. "Sa Likas na katanginan" tayo ay namumuhay sa paraan na nagiging kaaway tayo ng Dios, "anak ng poot/children of wrath" na may kauting oras lamang hanggang sa matanggap natin ang poot ng Dios na nararapat sa atin.

► Ngunit hindi naman mukhang napakasama ng lahat ng taong hindi ligtas, tama? May nakilala ka bang tao na parang isang taong mabuti, matapat, mabait, at responsable? Mahirap bang isipin na ang isang taong katulad nito bilang taong nagkasala at kailangang magsisi?

Mayroong ilang taong hindi mananampalataya na ang buhay ay tila hindi nagpapakita ng kasamaan. Maaari nilang isipin na hindi sila makasalanan, ngunit namuhay sila sa kanilang sariling pamamaraan sa halip na magpasakop sa Dios. Ito ba ay isang seryosong problema para sa isang mabuting tao na namumuhay ayon sa kanyang sariling pamamaraan?

Tingnan ang Isaias 53:6.

> "Lahat tayo ay tulad ng mga tupang naligaw; tayo ay tumalikod, bawat isa, patungo sa kanyang sariling daan; at ipinatong ng Panginoon sa kanyang sarili ang lahat ng ating kasamaan."

Para sa isang tao na angkinin ang karapatang pumili ng kanyang sariling pamamaraan ay nangangahulugang tinatanggihan niya ang kanyang Manlilikha na may karapatang magdirekta sa kanya. Ito ang bunga ng kasalanan. Paghihimagsik laban sa awtoridad ng Dios. Ito ang kasalanan nina Adan at Eba, ang unang mga tao, nang sila ay tinukso na maging kanilang sariling dios, na nagsisikap na maging malaya mula sa Dios.

Mayroong isang uri ng tao na mabilis na mag-isip na siya ay ligyas kapag narinig niya na ang kaligtasan ay natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi siya tunay na nagsisi, sapagkat hindi niya nakikita na kailangan niyang magsisi. Hindi niya kailanman nakikita ang kanyang sarili bilang isang makasalanan na karapat-dapat sa paghuhukom ng Dios. Dahil tinatanggap niya ang katotohanan ng pagiging Kristiyano at itinuturing ang kanyang sarili na isang mabuting tao, itinuturing niya ang kanyang sarili bilag Kristiyano; ngunit wala siyang pagbabago. Hindi kailanman niya isinuko ang kanyang sariling kalooban; sa halip, tinatanggap lamang niya ang Dios bilang isang bahagi ng kanyang buhay at namumuhay parin ayon sa kanyang sariling kagustuhan. Hindi ito ang simula ng isang nakapagliligtas na kaugnayan sa Dios, ayon sa pagsasalarawan ng Banal na Kasulatan.

Ang isang tao ay maaaring magmukang mabuti; ngunit kung hindi siya naglilingkod sa Dios, nilalabag niya ang unang utos ng Dios: na wala dapat tayong ibang dios maliban sa kanya. Ang taong ito ay hindi namumuhay araw-araw na may pag-aalala tungkol sa kautusan ng Dios; sa halip, itinatakda niya ang kanyang sariling mga layunin at namumuhay sa kanyang sariling pamamaraan. Alam niya ang tungkol sa Dios, ngunit hindi niya siya binibigyan ng kaluwalhatian bilang Dios [Iyon ay, hindi niya siya ginagawang tunay na Dios sa kanyang buhay.]; kaya, wala siyang maidadahilan.[50]

Inilalarawan ng Biblia ang taong hindi pa nagbabalik-loob bilang isang bulag, nasa kadiliman, naaalipin, nahihimok ng mga masasamang pagnanasa, at bilang patay. Ang kanyang kondisyon ay walang pag-asa kung ang Dios ay hindi nag-abot ng tulong sa mga pangangailangan ng mga makasalanan.

---

[50] Roma 1:20-21 ". . . sila ay walang maidadahilan: dahil kilala nila ang Dios, ngunit hindi nila siya pinarangalan bilang Dios . . ."

## God’s Intervening Grace/ Ang Biyaya ng Dios na Tumutulong

Ginawa ng Dios ang mga unang hakbang patungo sa pagdadala sa atin sa isang pakikipagtagpo sa kanya, upang malutas ang ating problema sa kasalanan at upang makapagsimula ng kaugnayan sa kanya. Nagbigay siya ng para sa ating kapatawaran at binigyan niya tao ng pagnanais at na tumugon sa kanyang alok.

Handa ang Dios na magpatawad at magbayad ng halaga para sa ating kapatawaran. Ipinakita nita ang kanyang pagnanais sa pamamagitan ng pagbibigay ng handog ng pagkamatay ni Jesus sa krus.

Kahit na may inialay na handog, ang isang makasalanan ay mawawalan ng pag-asa kung wala ang biyaya ng Dios na kumikilos sa kanyang puso. Ang biyaya ng Dios ay umaabot sa puso ng isang makasalanan, ipinapakita sa kanya ang mga kasalanan at ipinapaunawa sa kanya na siya ang may kasalanan sa kanyang pagkakahiwalay sa Dios. Hindi lamang ipinapakita sa kanya ang kanyang pagkakasala, ngunit binibigyan siya ng pagnanais na humungi ng kapatawaran at binibigyan siya ng kakayahang tumugon sa alok

► May nais ka bang ibahagi kung paano ka dinala ng Dios sa isang pakikipagtagpo sa Dios?

Kung wala ang biyaya, ang isang makasalanan ay hindi maaaring lumapit sa Dios. Ang biyaya ay dumarating sa bawat tao bago siya magsimulang hanapin ang Dios, kahit na wala siyang nagawa upang maging karapat-dapat para dito.

Tandaan ang ang Efeso 2:2-3– ano ang ibinigay nitong pagsasalarawan ng walang pag-asaw? Ngunit, tingnan ang dalawang talata na sumusunod pagkatapos ng paglalarawang iyon.

> “Subali’t napakasagana ng habag ng Dios at napakadakila ng kanyang pag-ibig sa atin, kahit noong tayo’y mga patay pa dahil sa ating mga pagsuway, tayo’y binuhay niyang kasama ni Cristo, (naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob)” (Efeso 2:4-5).”

Kung ang isang tao ay hindi ligtas, hindi ito dahil sa hindi kailanman siya nagkamit ng biyaya, kundi dahil ayaw niyang tumugon sa biyaya ibinigay na sa kanya.

## Ang Personal na Pakikipagharap

Ang Kristiyano ay isang taong nakaranas na ng personal na pakikipagharap sa Dios. Maaaring mayroong proseso habang ang isang tao ay nagsisimulang maunawaan ang ebanghelyo at nagiging handang magsisi. Subsalit ang isang tao ay nagiging isang Kristiyano sa sandali ng pakikipagharap sa Dios. Sa sandaling iyon, tumutugon siya sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pagsisisi sa kanyang mga kasalanan at pananampalataya sa pangako ng Dios na siya ay patatawarin.

Ang nagsisisi, sumasampalatayang makasalanan ay tumatanggap ng kapatawaran at nakapagpapabagong biyaya. Inihahambing ang kaligtasan sa pagtanggap ng paningin,

pagdating sa liwanag, pagtubos mula sa pagkaalipin, paglaya mula sa masasamang pagnanasa, at muling pagkabuhay.

Inilalarawan ng Mga Gawa 26:18 ang pagbabago na ginagawa ng ebanghelyo sa isang makasalanan. Isinugo si Pablo "upang buksan ang kanilang mga mata, at ibabalik sila mula sa kadiliman patungo sa kaliwanagan, at mula sa kapangyarihan ni Satanas, ibabalik sa Dios. Sa pamamagitan ng pananampalataya nila sa akin, sila'y patatawarin sa kanilang mga kasalanan at mabibigyan ng lugar kasama ng mga taong ginawang banal ng Dios."

► Batay sa iyong natutuhan sa araling ito, ano ang isang tunay na Kristiyano?

Ang isang tunay na Kristiyano ay ang nagkaroon na ng pakikipagharap sa Dios nang siya'y magsisi sa kanyang mga kasalanan,[51] sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumanggap ng kapatawaran,[52] at itinalaga ang sarili sa isang buhay ng pagsunod sa Salita ng Dios.[53] Ang pakikipagharap na ito ang nagsisimula ng kanyang personal na relasyon sa Dios.[54]

Kapag ang isang tao ay wala sa ganitong klase ng relasyon sa Dios, tinatanggihan niya ang biyaya na iniaalok ng Dios sa kanya. Dapat siyang magsisi sa kanyang mga kasalanan at sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanggapin ang kapatawaran ng Dios at nakapagpapabagong biyaya.

## Para sa Pagbabahaginan ng Grupo

► Ang ilan sa kanila ay maaaring magbahagi ng maikling patotoo tungkol sa kanilang nakapagliligtas na pakikipagharap sa Dios, na nagpapakita ng pagkakaiba ng "bago at pagkatapos".

► Dapat itanong ng bawat isa sa kanyang sarili, "Nagkaroon na ba ako ng pakikipagharap sa Dios nang ako'y magsisi at sumampalataya, na sinimulan ang aking relasyon sa Dios; o ipinalagay ko ang aking sarili na isang Kristiyano ayon sa maling dahilan?"

► Ang isang tao na wala pang relasyon sa Dios ay maaaring magnais na ibahagi ang kanyang damdamin ng pangangailangan upang maipanalangin siya ng grupo.

## Panalangin

Aking Ama sa Langit,

Salamat po sa pag-abot sa akin noong ako'y naliligaw at nahiwalay sa iyo. Salamat po sa pagkakaloob ng sakripisyo ni Jesus sa krus upang ako'y mapatawad.

---

[51] Lucas 13:5 "Sinasabi ko sa inyo . . . malibang kayo ay magsisi, kayo ring lahat ay mapapahamak tulad rin nila."

[52] Efeso 2:8 "Dahil sa biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa inyong sarili; ito ay biyaya ng Dios."

[53] 1 Juan 3:6 "Ang nananatili sa Kanya ay hindi nananatili sa pagkakasala. Ang sinumang nagpapatuloy sa pagkakasala ay hindi nakakita ni nakakilala man sa Kanya."

[54] 1 Juan 1:3 ". . . tunay na ang ating fellowship ay kasama ng Ama at ng Kanyang Anak na si Jesukristo."

Salamat po sa pagpapakita sa akin ng aking kasalanan; sa pagbibigay sa akin ng pagnanais na mapatawad; at pagbibigay sa akin ng kakayahang tumugon sa iyo.

Salamat po sa mga dakilang pagbabago na ginawa mo sa aking buhay. Nais kong laging mamuhay nang may mapagmahal na pagsunod sa iyo.

Amen

### Takdang Araling Pag-aaralan

Basahin an Efeso 2. Pag-aralan ang dakilang pamamagitan na ginawa ng Dios sa ating mga buhay. Ang verses 1-3 ay naglalarawan sa ating dating kalagayan; ang verse 4 ay naglalarawan ng pagbabagong ginawa ng Dios. Pansinin ang mgas pagtukoy sa mga relasyon sa kabuuan ng kabanata, espesyal na sa 4, 6, 7, 14 at 19. Sumulat ng ilang paragraphs tungkol sa iyong nakita.

# Leksiyon 2
# Katiyakan ng Pagtanggap ng Dios

### Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Tinanggap ako ng Dios bilang kanyang anak nang ako'y magsisi at sumampalataya sa kanyang pangako. "

### Layunin ng Leksiyon

Upang makita na ang tunay na katiyakan ng kaligtasan ay depende sa pagsunod sa mga direksiyon ng ebanghelyo.

### Panimula

► Paano matitiyak ng isang tao na siya ay ligtas?

► Ligtas ba na pagtiwalaan ang iyong mga pakiramdam? Baskit hindi?

*Hangga't maaari, pagtibayin ang iba't-ibang sagot. Maaari mong higit na ipaliwanag ito sa bandang dulo ng leksiyon.*

May mga tao na dumidepende sa kanilang mga nararamdaman sa kalooban, subalit ang mga nararamdaman ay nagbabago at maaaring makadaya.

Sinasabi sa atin ng Biblia na maaari nating matiyak kung tayo ay ligtas na. Maaari tayong magkaroon ng pagtitiwala na tinanggap na tayo ng Dios. Hindi natin kailangang mamuhay sa takot dahil ang Espiritu ng Dios ang nagbibigay katiyakan sa atin na tayo ay mga anak na inampon na ng Dios.

> Ang Espiritu ang nagpapatotoo sa ating espiritu na tayo ay mga anak ng Dios." (Roma 8:16)

Ang katiyakang ito ay kumpleto na kaya't maaari tayong magkaroon ng katapangan sa Araw ng Paghuhukom, na hindi nag-aalala kung tayo ba ay papasa o hindi sa pamantayan ng Dios. May mga tao na nagsasabi na umaasa sila na makararating sila sa langit, subalit maaari tayong magkaroon ng mas mabuting katiyakan kaysa roon.

> "Sa ganitong paraan ay naging ganap ang pag-ibig sa atin, kaya panatag tayo pagdating ng Araw ng Paghuhukom, dahil ang pamumuhay natin dito sa mundo ay katulad ng kay Cristo" (1 Juan 4:17).

► Ang isang nabagong buhay ay ebidensiya ng kaligtasan, subalit hindi maaaring iyon ang unang katiyakan na mayroon ang isang tao. Bakit hindi?

Ang isang nabagong buhay ay ebidensiya na ang isang tao ay naligtas, subali't ang ebidensiyang iyon ay hindi nakikita sa unang pagkakataon. Sa oras ng pagbabalik-loob, ang mga bunga ng kaligtasan ay hindi pa nagkakaroon ng sapat na oras upang makita. Samakatuwid, sa sandali ng pagbabalik-loob, ang isang nabagong buhay ay hindi ang batayan ng katiyakan. Ang mananampalataya ay maaaring makatiyak sa kanyang kaligtasan sa pagkaalam na sinunod niya ang paraan ng **kaligtasan ayon sa kasulatan**.

Ang daan tungo sa kaligtasan ay nagsisimula sa pagsisisi. Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang makasalanan ay nakikita ang kanyang sarili na at nararapat para sa kaparusahan,[55] at handa siyang talikuran ang kanyang mga kasalanan.

> "Talikuran na ng mga taong masama ang masasama nilang ugali at baguhin na ang masasama nilang pag-iisip. Magbalik-loob na sila sa Panginoon na ating Dios, dahil kaaawaan at patatawarin niya sila" (Isaias 55:7).

Kung hindi nakikita ng isang tao ang kanyang sarili na tunay na nagkasala, walang maidadahilan, at dapat lamang na maparusahan, hindi pa siya nagsisisi. Kapag inaamin niya na siya ay makasalanan ngunit nagnanais ng isang relihiyon na magpapahintulot sa kanya na magpatuloy sa pagkakasala, hindi pa siya nagsisisi dahil nais pa rin niyang ipagpatuloy ang mga bagay na dahilan upang siya'y magkasala. Hindi niya talagang inaamin na ang kasalanan ay masama.

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na ang isang makasalanan ay dapat itama ang kanyang buhay at gawin ang kanyang sarili na matuwid bago siya patawarin ng Dios. Iyon ay imposible dahil ang makasalanan ay nasa ilalim ng kontrol ng kasalanan; subali't ang makasalanan ay dapat maging handang sumang-ayon na iligtas siya ng Dios mula sa kanyang mga kasalanan.

Kasama o pagkatapos ng pagsisisi, dumarating ang pananampalataya na kinakailangan para sa kaligtasan. Ang pagkakaroon ng "pananampalatayang nakapagliligtas" ay nangangahulugan na ang isang tao ay sumasampalataya sa ilang tiyak ng mga bagay.

1. **Nakikita niya na wala siyang magagawa upang ang kanyang sarili.**

> "Sapagkat sa biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa inyong sarili; ito ay kaloob ng Dios, hindi sa pamamagitan ng inyong mga gawa, upang walang sinumang magmapuri." (Efeso 2:8-9).

Nalalaman niya na wala siyang magagawa (mabuting gawa) na gagawin syang karapat-dapat na iligtas, khit bahagya man lang.

[55] 1 Juan 1:9 "Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan upang patawarin ang ating mga kasalanan at linisin tayo sa lahat ng kalikuan."

2. **Naniniwala siya na ang sakripisyo ni Cristo ay para sa kanyang kapatawaran.**

   "At siya mismo ang kapalit na kabayaran para sa ating mga kasalanan, at hindi lamang para sa atin, kundi para rin sa buong mundo." (1 Juan 2:2)

Ang *kapalit na kabayaran* ay nangangahulugan ng sakripisyong ginagawang posible ang kapatawaran. Wala nang anumang kinakailangang idagdag sa sakripisyo ni Cristo para sa ating kapatawaran.

3. **Naniniwala siya na ipinapangako ng Dios na siya'y patatawarin sa nag-iisang kinakailangan ng.**

   "Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan na patatawarin ang ating mga kasalanan at lilinisin tayo sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9).

Kung iniisip niya na mayroon pang ibang kinakailangan, inaasahan niyang maliligtas kahit man lang maliit na bahagi sa pamamagitan ng kanyang mga gawa sa halip na lubusang sa pamamagitan ng biyaya.

Kung tunay siyang nagsisisi at sumasampalataya tulad ng sinasabi ng Biblia, mayroon siyang g maniwala na pinatatawad siya ng Dios. Hindi sapat na maniwala na ang kaligtasan ay iniaalok; ang isang tao ay dapat maniwala na siya mismo ay ligtas.

May espesyal na pagpapatunay na ibinibigay ang Dios sa nagsisising mananampalataya sa sandaling siya ay magsisi at sumampalataya.

> "Tinanggap ninyo ang Espiritu ng pag-ampon, na sa pamamagitan nito'y nakakatawag tayo ng 'Abba, Ama'. Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo sa ating espiritu na tayo ay mga anak ng Dios."[56]

Kung ang isang tao ay sumusunod sa paraan ng kasulatan sa paraan kung paano maliligtas at dumidepende sa pamamaraan ng kasulatan para sa agad na katiyakan, sa halip na ibang klase ng katiyakan, hindi siya madaling malilinlang. Ang katiyakang ito ay batay sa Salita ng Dios, na lubusang maaasahan. Laging tumutupad ang Dios sa kanyang mga pangako.

### Para sa Pagbabahaginan ng Grupo

*Sa sandali ng pagbabalik-loob ng isang tao, maaaring hindi pa niya nalalaman ang ibig sabihin ng pagsisisi at pananampalatayang nakapagliligtas. Ngayon na siya ay nagbalik-loob, dapat siyang lumingon sa nakaraan at makita na tunay ngang nangyari iyon.*

► Tanungin kung sinong mga miyembro ang nakatitiyak na pupunta siya sa langit kung siya ay mamamatay sa sandaling ito.

---

[56] Roma 8:15-16.

► Anyayahan ang mga miyembro na ibahagi kung paano nila naranasan ang elemento ng pagsisisi o pananampalataya.

Talakayin ang maaaring maging pinsala kung iisipin ng isang tao na siya ay nagbalik-loob gayunman ay itinatanggi ang isa sa mga nakalistang elemento Halimbawa:

► "Ano ang magagawang pinsala nito: kung ang isang tao ay tunay na hindi iniisip na ang kanyang mga kasalanan ang dahilan kung bakit dapat siyang hatulan ng Dios?"

► "Paano kung ang isang tao ay nag-iisip na ang mabubuting bagay na kanyang ginagawa na idinadagdag sa biyaya ng Dios ang magliligtas sa kanya?"

Ang pinsala ng bawat pagkakamali ay ipinahiwatig sa teksto sa itaas.

Dapat makatulong ang leksiyong ito upang makita ng tao kung mayroon siyang maling dahilan upang isipin na siya ay nagbalik-loob na. Dapat itong makatulong sa isang tunay na nagbalik-loob upang magkaroon ng mas malinaw na pagkaunawa sa ebanghelyo na kanya nang tinanggap.

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa iyong pangako na patatawarin ang makasalanang nagsisisi at sumasampalataya. Nagsisi na po ako sa aking mga kasalanan, at sumasampalataya sa iyong pangako.

Nalalaman ko na ang sakripisyon ni Jesus sa krus ay sapat na para sa aking kapatawaran.

Nalalaman ko na hindi ako dapat ikatakot ang paghuhukom dahil ang aking mga kasalanan ay pinatawad na.

Salamat po sa pagpapatotoo ng iyong Espiritu na ako ay iyong anak.

Amen

## Takdang- Aralin

Pag-aralan ang Hebreo 10:11-25. Ano ang batayan para sa pansarilin katiyakan ang ibinigay sa passage na ito? Anong mga direksiyon ang ibinigay sa atin dahil taglay natin ang katiyakang ito? Ilista ang mga utos at pag-isipan kung paano mo iyon personal na matutupad.

# Leksiyon 3
# Pakikipag-usap sa Dios

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Mas makikilala ko ang Dios dahil nakikipag-usap Ako sa kanya sa panalangin."

## Layunin ng Leksiyon

Upang maunawaan na ang ating pakikipag-usap sa Dios ay nagpapahayag ng ating kaugnayan sa kanya.

## Panimula

Ang pagsasanay na manalangin ay isa sa mga tanda ng pagiging isang Kristiyano. Gayunpaman, posible na ang isang tao ay magkaroon ng isang kaugalian ng pananalangin na hindi totoong panalanging Kristiyano. Minsan ang isang tao ay may maling dahilan sa kanyang pananalangin.

► Anong uri ng sitwasyon ang maaaring maging sanhi upang manalangin ang isang tao na hindi pa nananalangin dati?

Ang isang tao ay maaaring manalangin sa kanyang kauna-unahang pagkakataon dahil sa isang krisis (kahit ang mga sundalong hindi relihiyoso ay nananalangin kapag nasa gitna ng barilan), o dahil sa palagay niya ay makukuha niya ang nais niya sa pamamagitan ng panalangin. Ang katunayan na ang isang tao ay interesado sa pananalangin ay hindi nangangahulugan na interesado siyang maligtas at makilala ang Dios. Maaaring interesado lamang siya sa pagkuha ng mga bagay mula sa Dios sa pamamagitan ng panalangin.

Maraming tao ang interesado sa mga espiritu, mga angel, at kapangyarihang psychic para sa mga benepisyo sa negosyo at kalusugan. Ang mga tao ay hindi sigurado na ang agham ay may sagot sa lahat ng bagay, at naghahanap sila ng tulong mula sa hidi pangkaraniwang bagay. Ang paghahanap na ito para sa benepisyo mula sa hindi pangkaraniwang bagay ay kadalasang nasa anyo ng paganong dios-diosan o mga kulto.

Iniisip ng ilang tao na ang panalangin ay may kapangyarihan tulad ng isang mahiwagang pormula. Isinasaalang-alang nila ang panalangin na may halaga lamang hanggang sa sukdulang minamanipula nito ang Dios na ibigay sa kanila ang nais nila.

► Ang mga tao ng ibang relihiyon ay nananalangin din. Paano naiiba ang pananalangin ng isang Kristiyano sa panalangin ng isang pagano?

## Ang isang Kristiyano ay Hinahanap ang Kalooban ng Dios sa kanyang panalangin

Ang isang mahalagang kaibahan ng panalangin ng isang Kristiyano ay ang pagpapasakop natin sa kalooban ng Dios sa halip na subukan na utusang gawin ng Dios ang nais natin.

Ang pagano ay maaaring iniisip na ang kanyang panalangin ay para lamang sa pagkuha ng isang supernatural na kapangyarihan upang gawin ang nais niya. Maraming tao ang nagsasagawa ng paganong diskarte sa pananalangin, nananalangin lamang kapag kailangan nila ang isang bagay o may isang krisis. Sinusubukan nila na utusan ang Dios na gawin ang kanilang nais, sa halip na subukang alamin kung ano ang kanyang kalooban.

Bilang mga Kristiyano ay nagtitiwala tayo sa kalooban ng Dios na siyang mas mabuti para sa atin kaysa sa ating sariling **hangarin**. Alam natin na dahil ang Dios ay may perpektong **karunungan** at perpektong pag-ibig, ang kalooban ng Dios ang pinakamagandang bagay na maaaring mangyari sa atin. Kaya, kahit sa ating pananalangin ay hinihiling natin kung ano sa tingin natin ang ating kailangan, iniiwan natin ang pagpili sa Dios—hindi lamang dahil kailangan natin, ngunit dahil **nagtitiwala** tayo sa kanya.

Dapat tayong manalangin ng partikular upang magkaroon ng kasagutan ang ating panalangin. Kung palagi tayong nananalangin ng hindi malinaw, hindi natin madalas nakikita ang mga partikular na tugon ng Dios sa ating mga panalangin. Kinakausap natin ang Dios tungkol sa ating mga pangangailangan, at hayaang ipakita niya sa atin kung paano natin ito dapat makita. Sa ating pananalangin para sa solusyon, tinutulungan niya tayo upang malaman kung ano ang dapat nating ipanalangin.

Ang pananalangin ay hindi lamang pagsusumite ng isang listahan ng mga kahilingan; ito ay **pakikipag-ugnayan** sa Dios. Sa ating pagsasabi sa kanya ng ating mga kailangan, nagtitiwala tayo sa kanya na tugunan ang mga pangangailangan na iyon sa kanyang sariling pamamaraan. Minsan ay ipinapakita niya kung ano ang nais niyang gawin natin.

### Ang Isang Kristiyanpo ay Pinahahalagahan ang Kanyang Pakikipag-ugnayan sa Dios Higit sa kahit Anopaman na Makukuha Niya mula sa Dios

Ang ating pinakahinahanap sa ating panalangin ay ang Dios mismo.

Alam mo bang may dating isang dakilang santo na inaaalala ngayon bilang Saint Bernard?

Sinabi ni Bernard ng Clairvaux, "Ang ating oras sa Dios, at ang **prayoridad** na ibinibigay natin dito, ay ang tunay na sukatan ng ating pagmamahal para sa kanya." Ang pagmamahal ay umiiral sa isang relasyon, at ang relasyon ang naipapakita sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan. Ang isang relasyon ay hindi maaaring lumago ng walang komunikasyon at posibleng mawala kung mapapabayaan ang komunikasyon.

Ano ang mararamdaman mo kung mayroon kang isang kaibigan na kinakausap ka kapag may kailangan lamang siya sayo? Paano kung tila wala siyang interes na mas makilala ka ng mabuti o marinig ang tungkol sa iyong mga interes at mga alalahanin? Hindi mo matatawag na isa iyon na mabuting relasyon, ngunit maraming tao ang may relasyon sa Dios tulad nito.

Ang ating pagmamahal sa Dios ay hindi nasusukat kung gaano tayo nagtratrabaho para sa kanya (kahit na ang pag-ibig sa kanya ang dapat mag-udyok sa atin) o ng pagiging mahigpit

sa ating pamumuhay (kahit na ang pag-ibig sa kanya ang dapat na maging dahilan natin upang bantayan ang ating sarili mula sa kasalanan). Ang isang empleyado na nakatuon sa kanyang trabaho ngunit hindi niya nais makita ang kanyang amo o makipag-usap sa kanya ay marahil ay may pangit na relasyon sa kanyang among pinagtratrabahuhan. Ang ating relasyon sa Dios ay dapt na mas maging mahusay kaysa doon.

Ang komunikasyon ay maaaring nasa iba't-ibang antas. Sa isang mababaw na relasyon ay may ugnayan na pangunahing binubuo ng mga paulit-ulit na salita, mga pagbati na paulit-ulit mula sa mga nakasanayang gawi. Ang isang mas malalim na relasyon ay may ugnayan ng mga opinyon at damdamin. Ang pinakamagandang relasyon ay may ganap na **katapatan**.

Kaya't tila tama si Bernard. Ang ating buhay panalanangin ang sumusukat sa ating pagmamahal sa Dios, katulad na anumang relasyon ay nasusukat ng komunikasyong meron ito.

### Ang Panalangin ay Isang Palatandaan ng Espirituwal na Buhay

Ang ating espirituwal na buhay ay umiiral sa ating kaugnayan sa Dios, at ang panalangin ay tanda ng espirituwal na buhay.

Ang isa sa mga palatandaan na nagbago si Saulo na taga-usig aey nagsimula siyang manalangin (Gawa 9:11).[57]

► Kapag dumating ang isang manggagamot upang iligtas ang isang taong malubhang nasugatan, ano ang una niyang gagawin?

Una niyang sinuri ang "mahahalagang palatandaan" (mga palatandaan ng buhay), tulad ng tibok ng puso at paghinga. Tinitingnan niya ang mga palatandaan ng pisikal na buhay. Mayroon ding mga mahahalagang palatandaan sa espirituwal. Ang pananalangin ay isang palatandaan ng espirituwal na buhay.

Ang pananalangin ay ang **paghinga** ng kaluluwa–isang mahalagang palatandaang espirituwal.

Humihinga tayo sa espirituwal na buhay mula sa Dios at humihinga ng papuri at **pagsamba** pabalik sa Dios, na espesyal na naipapahayag sa ating pananalangin. Gaano katagal kayang mabuhay sa pisikal na aspeto ng isang tao ng hindi humihinga? Gaano katagal kayang mabuhay sa espirituwal na aspeto ng isang tao ng hindi nananalangin?

► Kailan ka dapat manalangin?

- Manalangin ka sa iyong paggising sa umaga.
- Manalangin ka sa isang espesyal na oras na naka-iskedyul araw-araw.
- Manalangin ka kung lalo kang sinusubok.

[57] Tingnan din ang 1 Corinto 1:2. Ang pananalangin ay isang bagay na pare-pareho sa lahat ng mga Kristiyano.

- Manalangin ka kung ikaw ay nabigo.
- Manalangin ka kapag kailangan mong pasalamatan ang Dios para sa isang bagay.

## Sa buod

Ang panalanging Kristiyano ay naiiba sa paganong panalangin sapagkat nais natin ang **kalooban** ng Dios at pinahahalagahan natin ang pagkakakilala sa Dios higit sa pagpapahalaga sa kung ano ang **makukuha** natin mula sa kanya.

Ang panalangin ay isang **sukatan**ng ating pag-ibig sa Dios.

Ang panalangin ay isang espirituwal na "mahalagang tanda" na nagpapakita na tayo ay **buhay** sa espirituwal.

## Para sa Pagbabahagi ng Grupo

Talakayin ang katotohanan na nasa panalangin na dapat natin hanapin ang Dios mismo higit pa sa mga bagay na nakukuha natin mula sa Dios. Itanong, "Tunay ka bang nananalangin na may ganoong prayoridad? Ano ang kinalabasan nito?"

Mag-imbita ng mga tutugon sa konsepto na ang ating buhay panalangin ay nagpapakita ng ating pag-ibig sa Dios. Tanungin kung nagdudulot iyon ng pagka hindi-kompotableng pagsusuri sa sarili, na may tanong na tulad ng, "Sa palagay mo ba ay tunay na masusukat ang iyong pag-ibig sa Dios sa pamamagitan ng iyong buhay panalangin?" o, "Nararamdaman mo ba na ang iyong pag-ibig sa Dios ay mas malaki kaysa sa ipinapakita sa iyong buhay panalangin?"

Humingi ng ilang mga resolusyon: "Para mas maipakita at madagdagan nag aking pag-ibig sa Dios sa aking buhay panalangin, dapat akong . . . ."

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat sa dakilang pribilehiyong makausap ko kayo. Masaya ako na maaari ko kayong makausap tungkol sa aking mga pangangailangan. Ngunit, higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa inyo para sa pribilehiyong makilala kita.

Tulungan mo akong ipakita ang aking pag-ibig sayo sa pamamagitan ng madalas na pakikipag-usap sayo. Palakihin mo ang aking pag-ibig sayo dahil nagsisimula na akong mas makilala ka ng mabuti.

Tulungan mo ako na gawing pinakamahalaga sa buhay ko ang aking oras sayo.

Amen

**Takdang Aralin na Pag-aaral**

Tingnan ang mga pahayag ng ginawa ni Jesus tungkol sa panalangin sa Mateo 6:5-18. Ilista ang mga sanggunian sa mga personal na pangangailangan at sanggunian sa kaugnayan sa Dios.

# Leksiyon 4
# Pagpapalawak ng Aking Pagsunod

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

“Mas mabuti kong nakikita ko at nasusunod ang kalooban ng Dios habang lumalago ang pagmamahal ko sa kanya.”

## Layunin ng Leksiyon

Upang matutunang sundin ang kalooban ng Dios sa sampung bahagi ng aking pang-araw-araw na pamumuhay.

## Panimula

► Ano ang ilang mga resulta kung mas mamahalin ng isang tao ang Dios?

Ang isang resulta ng higit na pagmamahal para sa Dios ay inilarawan sa Filipos 1:9-11.

> "Idinadalangin ko sa Dios na ang inyong pagmamahal ay patuloy na lumagosa kaalaman at pagkaunawa, upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat. Sa gayon, pagbalik ni Cristo, matatagpuan kayong malinis, walang kapintasan, at sagana sa magagandang katangiang kaloob sa inyo ni Cristo Jesus, sa ikararangal at ikadadakila ng Dios."

Ang mga talatang ito ay nagsasabi tungkol sa isang nagpapatuloy na proseso sa buhay ng mananampalataya. Ang kanyang pag-ibig ay dapat na magpatuloy na lumago. Kapag iyon ay nagnyari, lalago rin ang kanyang kakayahang mapili kung ano ang pinakamahalaga. Habang inuunawa niya ito, inaakma niya ang kanyang buhay na ituon ito sa kung ano ang pinakamabuti. Ito ay dapat na mangyari upang maging malinis siya at walang kapintasan.

Hindi natin naiintindihan ang lahat ng katotohanan na dapat nating isabuhay sa mga oras na tayo ay unang naligtas. Ang mga taong sinulatan ni Pablo sa mga nabanggit na talata ay mga matagal ng Kristiyano. Gayunpaman, ipinanalangin ni Pablo na magpatuloy sila at higit pang mas mahalin ang Dios, sa pamamagitan ng pagmamahal na iyon, mas maunawaan ang kalooban ng Dios.

Dapat nating asahan na ang patuloy na pagpapabuti ng ating buhay dahil sa pagbibigay ng Dios ng kaalaman at pangunawa. Nais ng Dios ang ating kumpletong pagsunod sa lahat ng aspeto ng ating buhay, hindi lamang sa pagsunod sa mga kaugalian sa relihiyon.

Hindi natin dapat ipagpalagay na alam na natin ang lahat ng kailangan nating malaman tungkol sa kung paano dapat mamuhay. Hindi natin dapat ipagpalagay na nagawa na natin ang lahat ng kinakailangang pagsasaayos sa ating buhay.

**Ang ilang bahagi kung saan dapat mapabuti ng isang mananampalataya ay**

**(1) Pag-iingat sa Impluwensya.**

Mayroon bang mga bagay na iyong ginagawa na ayaw mong gawin ng iba?

**(2) Pagtitimpi.**

Kinokontrol mo ba ang iyong damdamin at pagnanasa na sapat upang gawin mo ang mga bagay na dapat mong gawin, o minsan ay kumikilos ka sa paraang nakikita sa isang hindi Kristiyano?

**(3) Pangangalaga sa Kalusugan.**

Pinapangalagaan mo ba ang iyong katawan bilang isang grupo ng hindi mapapalitang mga kasangkapan para sa gawaing ibinigay ng Dios? Dahil ang iyong katawan ay pag-aari ng Dios, hindi ito dapat masira. Hindi mo ito dapat tratuhin ng pabaya.

**(4) Pagpili ng mga Libangan.**

Ang iyong libangan ba ay may posibilidad na dalhin ka sa mga pakikibaka sa tukso sa pamamagitan ng pagdudulot ng mga maling pag-iisip o pag-uugali? Mag-ingat sa anumang bagay na nagpapakita ng kasalanan bilang kaakit-akit o nakakatawa.

**(5) Mga asala.**

Itrato ang iba ng may paggalang, katulad ng mga tao na kalarawan ng Dios na may walang hanggang kapalaran. Ang mga taong nakakasalamuha mo ay may mga kaugalian sa pagpapakita ng paggalang. Dapat mong matutunang gumalang sa paraang kinikilala nila. Maging mabait kahit na ang isang tao ay hindi karapat-dapat sa paggalang.

**(6) Etika sa Negosyo.**

Ikaw ba ay ganap na matapat sa lahat ng iyong transaksyon? Inilalarawan mo ba ang mga bagay ng eksakto sa kung ano ito o iniiba mo upang isipin ng isang tao ang isang bagay na hindi totoo?

**(7) Pagiging eksakto sa oras.**

Ang oras ay isang mahalagang bagay na dapat gamitin para sa Dios. Binibigyan mo ba ng halaga ang iyong oras at ang oras ng iba sa pamamagitan ng pagpapanatiling iskedyul hanggat maaari?

**(8) Pananamit.**

Ipinapakita ba ng iyong kasuotanang kahalagahan ng pagiging desente (pagtatago ng sapat sa katawan), kababaang-loob (hindi sinusubukang akitin ang pansin o paghanga sa pamamagitan ng iyong sinusuot), at pagiging matipid (hindi pagbili ng mga mamahaling kasuotan kaysa sa kailangan mo)?

**(9)Pananalita.**

Ang iyong pananalita ba ay maayos at magalang sa Dios at sa iba? Marami sa mga salitang makamundo ay ginagamit bilang mga bulalas na nagmumula sa mga kahalayan o kataga para sa Dios.

**(10) Maaasahan.**

Napapanatili mo ba ang iyong mga pangako? Maaari ka bang maasahan ng mga tao na gawin kung ano ang sinasabi mo? Nakakalimutan mo ba ang iyong mga pangako kung hindi sila madaling gawin?

Maraming tao ang hindi sineseryoso ang kanilang pangangailangan na isaayos ang mga ito. Sa tingin nila ay responsible lamang sila sa mga payak na utos ng Banal na Kasulatan, at hindi inuunawa na ang mga utos na iyon ay maraming akplikasyon.

Kailangan nating maunawaan na ang pagpapabuti ay nakaugnay sa paglago ng ating pagmamahal sa Dios. Kailangan nating maging seryoso sa pagninilaynilay sa mga talatang sinimulan natin sa leksiyong ito. Kung ang ating pagmamahal ay lumalago, ang ating pang-unawa at pagpili ng tamang pag-uugali ay dapat na lumalago rin.

**Para sa Pagbabahagi sa Grupo**

Itanong ang mga katanungang ito para sa indibidwal na tugon:

► Ano ang isang halimbawa ng isang pagbabagong ginawa mo sa iyong buhay ng ipakita sayo ng Dios na ang iyong pag-uugali, gawi, o kilos ay hindi ang pinakamabuti?

► Mayroon bang isang bagay sa iyong uri ng pamumuhay na alam mo na dapat mong baguhin? Gagawin mo ba ito?

► Mayroon bang anumang bagay sa iyong buhay na pinagdududahan mo?

► Handa ka ba na hayaang ipakita sayo ng Dios sa pamamagitan ng panalangin ang mga pagbabago na dapat mong gawin?

► "Mangako tayong manalkangin sa linggong ito ng may bukas na puso upang maipakita sa atin ng Dios ang kanyang mga pamantayan at anumang mga pagbabago na nais niyang gawin natin sa ating buhay. Mangangako ka bang gagawin iyon? Sa susunod na linggo ay tatanungin kita kung ito ba ay nagawa mo."

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Nais kong patuloy na lumago ang aking pagmamahal sayo. Nais kong mas maunawaan ang iyong kalooban para sa akin.

Tulungan mo akong maunawaan kung ano ang pinaka nakalulugod sayo upang makapamuhay ako ng may kadalisayan at walang kapintasan.

Tulungan mo akong makita ang mga ugali at gawi na kailangang baguhin at mapalitan ito nga mga gawi at pag-uugali na nakakalugod sayo.

Nais kong magbunga para sa kaluwalhatian ng Dios.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaaral

Pag-aralan ang 1 Corinto 13. Ang kabanatang ito ay naglalarawan ng buhay ng isang tao na may pagmamahal na dapat mayroon siya para sa iba. Hayaang ipakita sayo ng Dios kung paano, niya nais na baguhin ka upang gawing mas tuloy-tuloy sa buhay mo ang pag-ibig. Maglista ng ilang pagbabago na nais mong makita.

# Leksiyon 5
# Debosyonal na Pag-aaral ng Biblia

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

“Ang Salita ng Dios ay araw-araw ng nakakaapekto sa aking buhay at pananampalataya.”

## Layunin ng Leksiyon

Upang matutunan ang tamang dahilan at tamang paggamit ng personal na pag-aaral ng Biblia.

► Bakit dapat basahin ng mga Kristiyano ang Biblia araw-araw?

► Bakit mahirap para sa ilang tao na regular na mag-aral ng Biblia?

## Mga Dahilan sa Pag-aaral ng Biblia

### (1) Para sa Kaugnayan sa Dios

Awit 119, ang pinakamahahabang kabanata sa Biblia, na binanggit ang tungkol Salita ng Dios sa halos bawat talata. Sinasabi nito na ang Salita ng Dios ay isang pagpapahayag ng sariling katangian ng Dios at, samakatuwid, ang Banal na Kasulatan ay isang paraan upang makilala ang Dios.

Ang ilang mga kadahilanan para sa pag-aaral ng Biblia ay ibinigay sa 2 Timoteo 3:16:

> "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Dios at nagagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatama sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay."

Kaya’t ang pangalawang dahilan sa pag-aaral ng Biblia ay . . .

### (2) Upang Malaman at Paniwalaan ang Katotohanan

Maaaring ito ang dahilan para sa pag-aaral ng Biblia na unang naiisip ng karamihan. Mahalaga ito. Ang "Doktrina" ay tumutukoy sa katotohanan na pinaniniwalaan at itinuturo natin. Ang Biblia ang ating pinagkukunan ng doktrina. Inihahayag ng Biblia ang likas na katangian ng Dios, ang kalagayan ng tao, at ang kaligtasan.

### (3) Upang Kumuha ng MgaDireksyonpara sa Buhay

Ang "Pagsaway, pagwawasto, at tagubilin para sa matuwid na pamumuhay" ay mga pagkilos ng Salita ng Dios upang ipakita sa atin kung paano dapat mamuhay.

**(4) Para Maging Epektibo sa <u>Ministeryo</u>**

Ang "Pagsaway, pag wawasto, at tagubilin para sa matuwid na pamumuhay" ay nagaganap hindi lamang sa personal na pag-aaral, ngunit kapagginagamit natin ang Salita ng Dios upang maglingkod sa iba.

> "Upang ang lingkod ng Dios ay maging karapat-dapat at handa sa lahatng mabuting gawain" (2 Timoteo 3:17).

**(5) Para sa Espirituwal <u>naPaglago</u>**

> "Dapat sana'y mga tagapagturo na kayo, subalit hanggang ngayon'y kailangan pa kayong turuan ng mga panimulang aralin tungkol sa mga Salita ng Dios. Dapat sana'y kumakain na kayo ng matigas na pagkain ngunit hanggang ngayon, gatas pa lamang ang inyong kaya. Ang sanggol pa ay nabubuhay sa gatas at kulang pa ang kaalaman sa salita ng katuwiran" (Hebreo 5:12-13).

Habang ang isang tao ay nagsasagawa ng pagtuklas ng katotohanan mula sa Salita ng Dios, siya ay lumalago at nagkakaroon ng kakayahang gamitin ang Salita ng Dios upang magturo sa iba.

**Ang Debosyonal na Pag-aaral ng Biblia ay walang layuninna katulad ng sumusunod:**

**(1) Upang Mag-imbento ng mga bagong pagbibigay kahulugan.**

Ang ilang tao ay naghahanap ng kakaiba, mga bagong pagbibigay kahulugan na may kaunting suporta mula sa talata. Dapat tayong maging malikhain sa paglalapat at pagpapahayag ng Banal na Kasulatan, ngunit hindi sa pagbibigay kahulugan nito. Anuman ang ibig sabihin nito ay iyon na ang kahulugan nito, at hindi tayo dapat lumikha ng isang bagong kahulugan para dito.

"Ang kasiglahan ng Banal na Kasulatan ay hindi nakabatay kasaganahan ng pagbibigay kahulugan" (Calvin).

**(2) Upang Kumalap ng mga Katibayan para sa Pakikipagdebate.**

Minsan ang Biblia ay dapat gamitin sa mga kontrobersya, at kinakailangan ang pag-aaral para sa hangaring iyon. Gayunpaman, hindi iyon ang layunin ng debosyonal na pag-aaral ng Biblia. Kung ang isang tao ay nagbabasa lamang ng Biblia para magamit sa pakikipagtalo, siya ay nagkakaroon ng baluktot na pananaw at maaaring makita lamang ang nais niyang makita.

**(3) Upang Maramdaman ang Kalakasan/<u>Encouraged</u>.**

Siyempre, kailangan natin ang Biblia upang mapanatili ang kalakasan at kagalakan, ngunit hindi lahat ng talata ay nakasulat upang maging sanhi ng mga masasayang damdamin. Kabilang sa mga Layunin ng Banal na Kasulatan ang Doktrina, pagsaway, pagwawasto, at

tagubilin para sa matuwid na pamumuhay. Kung ang isang tao ay palaging mabilis na nililipat ang mga pahina para humanap ng mga talatang makakatulong sa kanyang damdamin, hindi niya hinahayaan na ang Biblia na magsalita tungkol sa buo nitong mensahe.

**Kung pinapabayaan ng isang tao ang pag-aaral ng Biblia, maaaring dahil wala siyang tamang dahilan upang mag-aral, na nakalista sa simula ng leksiyong ito. Kung wala siyang tamang dahilan para mag-aral, maaaring magsimula siyang makaramdaman na ang kanyang pag-aaral ay hindi nagtagumpay o hindi sulit.**

## Paano Debosyonal na Pag-aralan ang Biblia

### (1) Magsimula sa pamamagitan ng pananalangin para sa pang-unawa sa talata.

Ihanda ang iyong puso na tanggapin ang totoong mensahe ng talata. Hindi ka nag-aaral upang malaman lang ang kalooban ng Dios, ngunit upang gawin ito. Ang iyong panimulang panalangin ang naghahanda sayo hindi lamang upang maunawaan ito kundi para sundin ito.

### (2) Bigyang kahulugan ang talata.

Ano ang tunay na sinasabi ng talata? Ilista ang mga pahayag at isulat ito sa gamit ang sariling salita. Siguraduhin na ang iyong pagbibigay kahulugan ay umaangkop sa mga talata na nauna at mga sumunod na talata. Siguraduhin na ang iyong mga konklusyon ay hindi sumasalungat sa simpleng katuruan ng Banal na Kasulatan sa iba pang talata. Isa-alang-alang kung paano nauunawaan ang talata ng mga unang mananampalataya.

### (3) Personal na isabuhay ang talata.

Mayroon bang . . .

**K**asalanang kailangang iwasan o ihingi ng tawad?
**P**angakong kailangang panghawakan?
**U**galing kailangang baguhin?
**K**autusan na dapat sundín?
**H**alimbawa na dapat sundan?
**M**ga kailangang ipanalangin?
**M**ga pagkakamali na dapat tigilan?
**T**ukso na dapat iwasan?
**O** Isang Bagay na dapat ipagpasalamat at papurihan ang Dios?

Maaaring may ilan sa mga ito ang nasa isang talata.

### (4) Ipanalangin ang katuparan ng katotohanan sa buhay mo.

Ipanalangin na gawin ng Dios ang kinakailangang pagbabago sa iyong puso at buhay.

**(5) Ipanalanging mabuti ang pagpili kung ano ang babaguhin mo dahil sa pagsasabuhay na ito.**

Ang tiyak na pagbabago ay dapat:

- **Personal** – isang bagay na kailangan mong gawin sa iyong sarili.
- **Praktikal** – hindi lamang theoretical, ngunit nagreesulta sa isang bagay na kayang magawa.
- **May Pananagutan** – ginagawa sa loob ng isang itinakdang oras.

Halimbawa: Hindi "Kailangan kong manalangin ng mas madalas," kundi, "Magrereserba ako ng oras tuwing 8:00 ng umaga upang manalangin." Hindi "Kailangan kong hikayatin ang mga tao," kundi, "Ngayong araw ay tutulungan ko ang pinsan ko na nasa mahirap na sitwasyon."

Minsan ay hindi natin makakayanang gumawa ng mga espisipikong aplikasyon, ngunit plagi dapat tayong humanap ng mga paraan upang maisabuhay ang katotohanan tungkol sa Dios sa ating mga aksyon at pag-uugali.

### Para sa Pagbabahagi sa Grupo

► Sabihin, "Pinag-usapan natin ang tungkol sa olang mga pakinabang ng debosyonal na pag-aaral. Ang ilan ba sa mga iyon ay hindi mo talaga naisip na dahilan para sa pag-aaral ng Biblia?"

► Itanong, "Ano ang isang dahilan para sa pag-aaral ng Biblia na naging lalong mas mahalaga para sayo?"

Kung ang isang Kristiyano ay naghahanap ng mga aplikasyon, tulad ng mga nakalista sa hakbang 3, at nangako na gagawa ng mga pagbabago na espisipikong inilarawan sa hakbang 5, ang kanyang buhay ay nagsisimulang magpakita ng malaking pagbabago.

► Itanong, "Kung nagsimula kang isabuhay ang Biblia katulad nito araw-araw, sa tingin mo paano ito makakaapekto sa iyo?"

*Hilingin sa mga miyembro na sundin ang mga hakbang na ito para sa pang-araw-araw na pag-aaral ng Biblia nang hindi bababa sa isang linggo, pagkatapos ay mag-ulat. Gumawa ng isang tanda bilang paalala upang tanungin sila tungkol sa kanilang mga resulta.*

## Panalangin

Ama naming Nasa Langit,

Salamat sa kayamanan na ibinigay mo sa amin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

Salamat sa pagpapahayag sa amin ng katotohanan tungkol sa kung paano ka namin makikila, paano mamuhay, at kung paano tumulong sa iba.

Tulungan mo akong pag-aralan ang iyong salita ng masigasig. Bigyan mo ako ng pang-unawa sa kayoyohanan na iyong ipinahayag. Tulungan mo akong ipamamuhay itong may katapatan.

Idinadalangin ko ito Sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang 1 Tesalonica 5, habang sinusundan ang mga hakbang sa debosyonal na pag-aaral ng Biblia na nakalista sa leksiyong ito. Ilarawan ang ilang mga personal na aplikasyon na iyong natuklasan.

# Leksiyon 6
# Pananalangin Katulad ni David

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Ang pakikipag-usap sa Dios ay nagbibigay ng wastong kahulugan sa bawat bahagi ng aking buhay."

## Layunin ng Leksiyon

Upang matutunan na ang pananalangin ay pagbabahagi sa Dios ng lahat damdamin at pangyayari sa ating buhay at pagtanggap sa kanyang pananaw.

## Panimula

Marami sa Mga Awit ay mga panalangin. Marami sa mga ito ay isinulat ni David.

► Alam mo bang sa isa sa Mga Awit ay ipinanalangin ng isang manunulat na basagin ng Dios ang ngipin ng isang tao? Napansin mo ba ang mga bagay sa Mga Awit na mahirap maintindihan?

Ang Mga Awit ay nagsasabi sa atin ng isang bagay na mahalaga tungkol sa pananalangin.

Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Dios, at ang pakikipag-usap ay may kahalagahan. Katulad ng katotohanan na angpagsasalita kung ano ang nangyayari ay mahalaga. Ang katunayan na ang ilang mga tao ay hindi nakikipag-usap sa isa’t-isa ay nagpapakita na ang pakikipag-usap mismo ay may kahalagahan.

Sinabi ng isang pinuno bago ang isang negosasyon upangmaiwasan nag isang digmaan, "Kapag naubusan ng mga salita ang mga kalalakihan, ay aabutin nila ang kanilang mga espada; ipanalangin natin na mapanatili natin silang nagsasalita." Alam niya na kapag tumigil ang pagsasalita ng mga negosyador, iyon ay nangangahulugan na sumusuko na sila na magkaroon ng isang kasunduan.

Kung hihinto ka sa pakikipag-usap sa Dios o ayaw mong pag-usapan ang ilang mga bagay, maaaring dahil sa palagay mo ay hindi ka maaaring sumang-ayonsa kanya sa mga bagay na iyon.

Ang Mga Awit ay palaging popular na ginagamit sa mga personal na pag-aaral ng Salita ng Dios, ngunit may ilang mga bagay doon na mahirap maintindihan. Ano ang dapat nating

isipi tungkol sa mga talata na ipinapanalanging ng baliin ng Dios ang braso ng isang tao[58] o ang talata na nananalangin upang bunutin ng Dios ang kanilang mga ngipin?[59]

Ipinapakita ng Mga Awit na dapat tayong nakikipag-usap sa Dios tungkol sa **lahat ng bagay** sa ating buhay at lahat ng ating **nararamdaman**. May mga bagay sa Mga Awit na tila nakakagulat kung iisipin natin ang mga ito bilang pormal na mga panalangin tungkol sa mga paksa sa relihiyon. Ngunit, kung naaalala natin na dapat tayong nakikipag-usap sa Dios tungkol sa lahat, kung gayon ay dapat nating asahan na naroroon ang mga bagay na iyon.

Bakit natin kailangang makipag-usap sa Dios tungkol sa lahat ng bagay? Dahil kung ano ang sinasabi mo ay nagpapakita ng **saklaw** ng iyong relasyon.

Ang isang relasyon ay ang pagbabahagi ng **buhay**. Lahat tayo ay may limitadong pakikipag-ignayan sa kapwa tao. Mayroong mga taong iyong katrabaho, at sa kanila marahil ay ibinabahagi mo lamang ang isang aspeto ng iyong buhay. Dahil doon, Maraming mga bagay ang ang hindi mo sinasabi.

► Mayroon bang nagpunta sa inyo sa isang doktor o dentisata kamakailan lang?

Sinabi mo ba sa kanya ang tungkol sa iyong mga alalahanin sa pananalapi? Sinabi mo ba ang tungkol sa iyong mga problema sa pamilya? Pinag-usapan nyo ba ang tungkol sa kanyang alalahanin sa pananalapi o problema sa pamilya?

S iyong doktor, nagbabahagi ka ng isang aspeto ng buhay at pinag-uusapan ito. Hindi pangkaraniwang magkaroon ng isang napaka-personal na pag-uusap sa pagitan ng iyong doktor tungkol sa mga bagay na walng kaugnayan sa iyong pisikal na kalagayan. Iyon ay dahil limitado ang iyong relasyon sa kanya; nauugnay ito sa isang aspeto lamang ng iyong buhay.

Ano ang mgabagay na sinasabi mo sa Dios? Mayroon lang bang ilang uri ng mga bagay na iyong sinasabi? Tinatrato mo ba ang Dios tulad ng isang propesyonal (katulad ng isang doktor, mekaniko, o tubero) kung saan humihingi ka ng tulong sa ilang uri ng mga problema? Pinapanatili mo ba ang iyong kaugnayan sa Dios sa isang maliit na bahagi na tinatawag na "religion zone"? Bakit hindi mo ibinabahagi sa Dios ang ibang bahagi ng iyong buhay?

Kung wala kang gaanong sinasabi sa Dios, ang iyong pakikipag-ugnayan sa kanya ay makitid at mababaw. Ang ilang tao ay hindi nakikipag-usap sa Dios maliban kung mayroon silang inilalapit na mga problemana “Dios lang ang tanging solusyon”.

[58] Awit 10:15.
[59] Awit 58:6.

Karamihan sa mga kabataan na nag-iisip na sila ay nagmamahal ay iniisip na kailangan nila ng maraming oras upang makipag-usap. Pinag-uusapan nila ang tungkol sa maraming bagay at pati na rin ang tungkol sa bawat isa. Habangnakikipag-usap tungkol sa anumang bagay, nagpapaliwanag sila ng isang bagay tungkol sa kanilang sarili, at ang bawat isa ay mas nalalaman ang tungkol sa isa't-isa.

Minsan ang mga bagay ay nangyayari sa isang relasyon na naglalagay ng mga **limitasyon** dito. Minsan sa pag-aasawa, ang mag-asawa ay hindi masyadong nagsasalita. Sinasadya nilang huwag mag-salita tungkol sa ilang mga bagay. Ang kanilang relasyon ay umabot sa isang limitasyon.

Paano naman ang iyong kaugnayan sa Dios? Mababaw ito kung wala masyadong pag-uusap. Maaaring nangangahulugan ito na nakikita mo ang karamihan sa mga aspeto ng iyong buhay bilang bahaging walang koneksyon sa Dios.

Sa mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao, kung minsan ang ilang mga paksa ay nagkakaroon ng limitasyon. Maaaring nais mong gawin ng isang tao ang isang bagay o ihinto ang isang bagay na ayaw niyang gawin. Matapos talakayin ng maraming beses, ang usaping iyon ay naging isang sensitibong paksa, at walang sinuman ang nais na pag-usapan dahil ito ay magsisimula ng pagtatalo.

Minsan ang isang tao ay ayaw makipag-usap sa Dios tungkol sa isang bagay, sapagkat alam na niya ang kalooban ng Dios at at ayaw niya itong tanggapin. Ano ang mangyayari sa iyong pakikipag-ugnayan sa Dios kung patuloy kang tatanggi na gawin ang isang bagay na nais ng Dios na gawin mo?

► Ano ang mga dahilan upang magpatuloy sa paglago ang isang relasyon?

Ang isang relasyon ay nagpapatuloy sa paglago habang ang mga tao ay mas nalalaman ang tungkol sa isa't-isa at habang ang parehong tao ay nakikibagay. Ang isang relasyon ay tumitigil sa paglago kapag tila wala ng mahalagang malalaman tungkol sa isa't-isa o kapag ang mga tao ay tumigil sa pakikibagay. Maaari nating panatiling mas makilala ang Dios, ngunit hindi niya kailangang magbago. Dapat tayong maging handa na patuloyna mabago sa pamamagitan ng ating relasyon sa kanya.

Ipinapakita ng Mga Awit na ang bawat bahagi ng buhay ay dapat kasama sa ating kaugnayan sa Dios, sapagkat ang mga manunulat ng Mga Awit ay ipinapahayag sa panalangin ang kanilang mga damdamin tungkol sa lahat ng nangyayari sa kanila.

Sa katunayan ang lahat ng alalahanin ay karaniwang ipinapanalangin ng mga tao, ngunit ang Mga Awit ay nagpapahayag ng mga alalahanin na maaaring hindi naaangkop para sa pananalangin.

Paano ang tungkol sa galit laban sa mga tao at pagnanais na mabigyan ng katuwiran? Ang mga panalanging ito ay panawagan sa Dios na ipakita na siya ay isang Dios ng hustisya.

Tama bang magkaroon ang isang tao ng lahat ng damdaming nakikita natin sa Mga Awit? Marahil hindi, ngunit paano kung ganoon ang pakiramdam ng isang tao? Ano ang dapat niyang gawin? Hindi ba ang pakikipag-usap sa Dios tungkol dito ang siyang pinakamagandang gawin? Dapat niyang bigyan ng pagkakataon ang Dios na tumugon sa kanyang damdamin. Mabuti iyon kaysa sa paggawa ng isang uri ng padalos-dalos na aksyon.

Paano naman kapag tila hindi ka tinutulungan ng Dios tulad ng nararapat? Ang ilang talata sa Mga Awit ay nagtanong sa Dios, "Bakit ka nakatayo sa napakalayo; bakit mo ako pinagtataguan kapag kailangan kita?"[60] Ginagawa ba talaga iyon ng Dios? Alam natin na ang Dios ay tapat, ngunit kung minsan ay hindi natin naiintindihan kung bakit hindi niya ginagawa ang isang bagay na sa palagay natin ay dapat niyang gawin. Isang pagkakamali na isipin na ang Dios ay hindi nagiging matapat;ngunit kung ganoon ang iyong nararamdaman, ano ang pinakamabuting gawin? Kausapin mo siya tungkol duon. Bigyan mo siya ng pagkakataong magpaliwanag. Tutulungan ka niya na makita ang mga bagay na katulad nito. Iyon ay mas mas mabuti kaysa sa pagiging asar o galit.

Tama bang manalangin para sa hustisya kung may nagawang mali sayo ang iba? Tama bang humingi ng mga gantimpala para sa iyong katapatan kung sa palagay mo ay mas nararapat kang tumanggap ng higit kaysa sa nakukuha mo? Tama bang manalangin para tulungan ka kahit na alam mong karapat-dapat ka sa sitwasyong pinasok mo? Ang lahat ng mga panalangin na ito ay nasa Mga Awit. Ipinapakita sa atin ng Mga Awit na dapat nating ilapitang lahat ng bagay sa Dios.

Kung tayo ay nasa isang relasyon sa Dios na walang mga limitasyon, ay nakikibahagi siya sa bawat bahagi ng ating buhay; lahat ng bagay ay nakalaan para sa kanya. Nangangahulugan ito na ang lahat sa ating buhay ay nagkakaroon ng tunay na kahuluganmula sa Dios. Ang mga bagay na mayroon tayo ay may katuturan lamang sa paraan kung paano niya ito nakikita. Dapat nating maunawaan ang mga bagay na nangyayari sa atin sa pamamagitan ng liwanag ng ugnayan na iyon.

Ang lahat ng bagay ay nakukuha ang wasto nitong lugar athalagasa pamamagitan ng paglalapit nito sa Dios para sa pagsasa-ayos. Kalaunan ay maraming bagay ang hindi magkakaroon ng kahulugan, Maliban kung ikaw ay nananalangin tungkol sa lahat ng bagay. Ang mga damdamin ay magiging malayo sa proporsyon. Ang mga pagpapasya ay maliligaw. Ang mga pag-uugali ay magiging hindi-magkakatugma. Magsisimula kang magkaroong ng panghihina ng kalooban at pagka-galit.

Ang isang taong nabibigatan sa problema, nag-aalala, naguguluhan, naaasar sa iba, o kahit na maunlad at mali nag pinagtutuunan ng pansin ay hindi nakikipag-usap sa Dios tungkol sa lahat ng bagay kung saan ay dapat niyang sainasabi sa Dios. Ang isang taong maraming

[60] Paraphrased mula sa Mga Awit 13:1.

alalahanin ay isang taong hindi masyadong nananalangin; ang isang taong palaging nananalangin ay isang taong kokonti ang alalahanin.

Ang isang guitara ay dapat na itinotono paminsan-minsan, lalo na kung ito ay dinadala, o nabangga, o nabagsak, o natapakan, o nasipa. Tayo ay katulad ng mga guitara. Kailangan natin ang patuloy nag pagtotono na ibinibigay ng Dios sa atin kapag ipinapakita natin ang ating sarili sa kanya.

Ang Dios ay malapit sa mga may espiritu ng pagsisisi (Awit. 34:18). Dapat tayong maging **mapagpakumbaba** at **nagpapasakop**, iharap ang lahat sa Dios at hayaan na sagutin niya ito sa kanyang paraan. Maaari nating bigyang kahulugan ng tama ang mga bagay kapag inihaharap natin ang mga ito sa Dios para hingin ang kanyang tugon.

► Ano ang mga sinasabi mo sa kanya? Ano ang ilang mga bagay na kailangan mong sabihin sa kany?

### Pagbabahagi sa Grupo

Gumamit ng ilan sa mga sumusunod na katanungan upang hikayatin ang pagbabahagi:

► Ikaw ba ay natukso na naging dahilan upang ikaw ay magalit sa Dios?

► Ikaw ba ay nakaramdam na dapat ay iba na lang ang ginawa ng Dios?

► Ikaw ba ay nagkaroon na ng pagbabago sa iyong pag-uugali tungkol sa isang bagay habang ikaw ay nananalangin patungkol sa bagay na iyon?

► May naiisip ka bang bahagi ng iyong buhay na iniiwasan mong sabihin sa Dios? Bakit?

► Mayroon bang bahagi ng iyong buhay na hindi mo pinag-iisipan kung ito ba ay ipapanalangin mo?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Nais kong itakda mo ang wastong halaga ng lahat ng mayroon ako at ang kahulugan ng lahat ng nangyayari sa akin.Nais kong ilapit sayo ang aking damdamin tungkol sa lahat ng bagay upang iyong isa-ayos.

Tulungan mo akong buksan sayo ang lahat ng mga bahagi ng akingbuhay.

Nais kong maging ganap na ilaan ang buhay ko para sayo. Nais kong isama ang lahat ng bahagi ng buhay ko sa aking kaugnayan sayo.

Tulungan mo akong magpatuloy na mabago sa pamamagitan ng pagkakilala sayo ng mas mabuti.

Ipinapanalangin ko ito sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang Awit 34. Sumulat ng isang talata tungkol sa kumpiyansa ni David na ang lahat ay maaaring ilapit sa Panginoon. Pansining mabuti ang talata 15 at 18.

# Leksiyon 7
# Ang Pagpapadalisay ng Pananampalataya

**Ang Isang Buod ng Leksiyon**

"Lumalago ako sa aking espirituwal habang tinitiis ng aking pananampalataya ang mga pagsubok."

**Layunin ng Leksiyon:**

Upang makita kung paano sinusubok at pinatatatag ng pitong uri ng pagsubok ang aking pananampalataya.

**Panimula**

► Mayroon ba sa inyong dumanas ng pagsubok kamakailan lang?

► Nagtataka ka ba kung bakit damating ang mga pagsubok?

Lahat tayo ay dumadaan sa mga pagsubok, at magkakaroon ng ilang beses sa iyong buhay kung saan ay daranas ka ng sobrang hirap na kalagayan.

Ang isang paliwanag kung bakit mahalaga ang mga pagsubok ay ipinaliwanag sa 1 Pedro 1:6-7.

> "Ito'y dapat ninyong ikagalak, kahit na maaaring dumanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon, Ang gintong nasisira ay pinaparaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay, gayundin naman, ang inyong pananampalataya, na higit na mahalaha kaysa ginto, ay pinaparaan sa pagsubok upang malaman kung ito'y talagang tapat. Sa gayon kayo'y papapurihan, dadakilain at pararangalan sa Araw na mahayag si Cristo Jesus."

Ang ginto ay dumaraan sa isang matinding proseso ng pagpapadalisay dahil sa halaga nito. Ang karbon ay tinitimbang ng tonelada; ang ginto ay tinitimbang ng ounce o gramo.

Ang pananampalataya ay higit na mahalaga at, samakatuwid ay, napakahalagang padalisayin.

► Ano ang pananampalataya

Minsan ay binabanggit ng mga tao ang Hebreo 11:1 bilang kahulugan ng pananampalataya: "Ang pananampalataya ay ang katiyakan na matatanggap natin ang mga bagay na inaasahan natin, at ito ay ang kasiguraduhan ng mga bagay na hindi natin nakikita."

Maaaring may iba't ibang uri ng pananampalataya. Ngunit, mayroong isang uri na pangunahing mayroon sa bawat isa, at kailangan ito para sa ating kaugnayan sa Dios.

Ang isang talata na nasa dulo ng Hebreo 11 ay nagbibigay ng isa ppang kahulugan para sa pananampalataya:

> "Kung hindi tayo sumasampalataya sa Dios, hindi natin siya mabibigyang kaluguran, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Dios ay dapat sumasampalatayang may Dios na nagbibigay ng gantimpala sa mga taong masigasig na humahanap sa kanya" (Hebreo 11:6).

Ang pinakapangunahing pananampalataya ay ang maniwala na ang Dios ay tumutugon sa mga naghahanap sa kanya sa tamang paraan. Ito ay upang maniwala na ang gantimpala ng Dios ay maaaringmakamtan at nagkakahalaga ng higit pa sa kahit anupaman.

Ang pananampalatayang ito ay nasubok sa mga pagsubok. Sa panahon ng mga pagsubok, tayo ay natutukso na pagdudahan kung ibibigay talaga ng Dios kung ano ang pinakamabuti para sa atin. Tinutukso tayo upang isipin na ang ilang pagkilos na labas sa kalooban ng Dios ang kailangan nating gawin.

Ang hindi pagsunod ay kabaligtaran ng masigasig na paghahanap sa pagpapala ng Dios dahil sa pananampalataya. Ang isang tao na nagpasyang sumuway sa Dios ay bunga ng kawalan nang pananampalataya. Kapag ang isang tao ay may masamangugali laban sa Dios, iyon din ay kawalan ng pananampalataya sapagkat ito ay kawalan ng pagtitiwala sa Dios.

Ang bawat pagsubok ay isang pagsubok ng pananampalataya. Ito ay isang tukso na isuko ang iyong pananampalataya at gumawa ng maling aksyon o tanggapin ang isang maling pag-uugali sa halip na magtiwala sa Dios. Ang pananampalataya ay ang katagumpayan sa bawat pagsubok, sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ay nagtitiwala tayo sa Dios at at patuloy na hinahanap ang kanyang kalooban sa pamamagitan ng panalangin at pagsunod.

> "Sapagkat ang bawat ank ng Dios ay nagtagumpay laban sa mundo. Napagtagumpayan niya ito sa pamamagitan ng pananampalataya" (1 Juan 5:4).

Ang direksyon ng mundo ay laban sa Dios. Sinusubukan ng mundo na gawing iba ang hitsura ng mga bagay mula sa katotohanan, upang gawing mukhang normal ang maling paraan. Sa pamamagitan ng pananampalataya, naaalala natin na ang Dios ay ang nagbibigay ng gantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa kanya. Kaya, amg bawat pagsubok ay isang pagsubok ng pananampalataya; ang pananampalataya ang tagumpay sa bawat pagsubok.

Ang mga pagsubok sa ating pananampalataya ay sumisira sa atin kung isusuko natin ang ating pananampalataya, ngunit makikinabang tayo kung mananatili ang ating pananampalataya. Ang ating pananampalataya ay lumalaki at nagiging mas matibay sa

pamamagitan ng paglagpas sa mga pagsubok. Iyon ang isang kadahilanan kung bakit pinayagan ng Dios na dumating sa atin ang mga pagsubok. Pinapayagan nila ang isang proseso na kinakailangan natin.

> "Mga kapatid, magalak kayo sa tuwing dumaranas kayo ng iba't ibang uri nga pagsubok, sapagkat alam ninyong nagbubunga ito ng patitiis.At inyong hayaan na malubos ng pagtitiis ang gawa nito, upang kayo'y maging ganap at walang anumang pagkukulang ang buhay ninyo" (Santiago 1:2-4).

Ang mga pagsubok sa pananampalataya ay bumubuo ng pagtitiis. Ang pagtitiis ay hindi lamang nangangahulugan ng pagiging handa na maghintay. Upang magkaroon ng pagtitiisay nangangahulugan napagtitiissa pamamagitan ng pananampalataya. Sinabi pa ni Santiago, "Alam nyo ang tungkol sa pagtitiis ni Job" (Santiago 5:11). Si Job ay naguguluhan sa ilang mga bagay, ngunit nanatili siya sa kanyang pananampalataya sa Dios sa kabila ng mga kakila-kilabot na trahedya at pangyayari (Job 2:9-10, 42:7).

Ang pagtitiis ay nagdudulot ng ng katangian sa lahat ng mga Kristiyano. Ang pagtitiyaga sa pamamagitan ng pananampalataya ay ang bumubuo at naghahanda sa ating espirituwal na kondisyon. Kung ang isang tao ay patuloy na magdududa, hindi siya lalago sa pananampalataya. Hindi lamang ito magdudulot ng hindi paglaki ng kanyang pagtitiis, hindi rin lalaki ang kanyang pagmamahal, katapatan, pagpipigil, at karamihan sa iba pang mga katangian ng isang Kristiyano. Ito ay sa pamamagitan ng pagtitiis, ang pagtitiis sa pamamagitan ng pananampalataya, na nagdudulot sa isang mananampalataya na maging "ckumpleto, walang kulang."

## Mga uri ng Pagsubok

Ang mga pagsubok ay maaaring nahahati sa hindi bababa sa pitong kategorya.

### (1) Mahirap na mga Kalagayan.

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Upang magdulot ng paglito o galit, pagtanggap sa mga maling pag-uugali,
- Upang kumilos ng padalosdalos upang baguhin ang mga pangyayari,
- Upang suwayin ang Dios at ayusin ang problema sa iyong sariling paraan.

### (2) Kawalan ng Katarungan at Maling Pagtrato.

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Upang tratuhin ng mali ang iba dahil mali ang kanilang nagawa,
- Upang hindi pumayag na hintayin ang Dios na gawin ang kanyang hustisya,
- Upang tumanggi na magpatawad at magmahal tulad ng ginawa ni Cristo.

**(3) Pisikal na <u>Kapighatian</u>.**

Ang pananampalataya ay maaaring mukhang walang saysay; maaaring mahina ang sigasig. Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Upang magbunga ng pagkabigo,
- Upang maghanap ng kaligayahan o libangan sa labas ng kalooban ng Dios.

**(4) <u>Trahedya.</u>**

Ang mga trahedya ay ang kakila-kilabot na mga kaganapan na maaaring magmukhang wawasakin tayo. Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Upang pagdudahan ang pag-ibig at kabutihan ng Dios, o
- Upang pagdudahan na ang Dios ay nasa kontrol ng lahat.

**(5) <u>Pagkalito.</u>**

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na umasa sa iyong sariling pang-unawa sa halip na kilalanin ang kalooban ng Dios.

**(6) <u>Pag-uusig.</u>**

Ang pag-uusig ay isang panahon kung kailan tila ang makamundo, mga masasamang kapangyarihan ay ang nasa kontrol. Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na sumuko upang maiwasan ang pagdurusa.

**(7) Tukso naKasalanan.**

Ang tukso sa kasalanan ay isang panahon kung kailan ang isang bagay na inaalok ng mundo ay mukhang mas mabuti kaysa sa espirituwal na kagalakan at mga walang hanggang gantimpala. Ang mga pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na sumuko sa pang-aakit ng kasalanan.

Ang bawat isa sa mga ito ay nagdudulot ng tukso na mag-alinlangan na sundin ang kalooban ng Dios, hanapin ang gantimpala ng Dios, na ito ang pinakamahusay na paraan. Iyon ang dahilan kung bakit ito ay isang pagsubok sa pananampalataya. Kung ang isang Kristiyano ay napapanatili ang pagiging masunurin at pananampalataya sa Dios kahit na anong mangyari, ang kanyang pananampalataya ay lalago habang napapatunayan na tama ito.

Alam ng dios ang ating mga limitasyon. Kapag ang isang tao ay nagpapasyang sumuko, hindi ito dahil sobra bigat para sa kanya ang kanyang pinagdadaanan, ngunit dahil sa palagay niya ay hindi niya kayang tiisin kung ano ang darating. Iyon ang dahil kung bakit sinasabi ng isang tao na, "Hindi ko na ito makakaya," o "Hindi ko na kayang tiisin pa ang mga ito." Sumusuko siya upang matakasan ang ilang problema na sa palagay niya ay darating. Kung pinagkakatiwalaan natin ang kaalaman ng Dios sa ating kakayaan at ng kanyang tulong na biyaya, ay mahaharap natin ang anumang problemang darating, sa pagtitiwala na bibigyan tayo ng Dios ng katagumpayan.

> “Walang pagsubok na dumating sa inyo na hindi naranasan ng ibang tao. Ngunit maaasahan natin ang pangako ng Dios na hindi niya tayo pababayaang subukin ng higit pa sa ating makakaya. Kaya kung dumaranas kayo ng pagsubok, gagawa siya ng paraan para mapagtagumpayan ninyo ito.” (1 Corinto 10:13).

Ang parehong uri ng pagsubok ay maaaring mangyari sa iyo ng maraming beses. Kaya, ang pansamantalang pagsuko ay hindi nagdudulot sayo ng mga bagay upang malagpasan ito. May posibilidad tayong isipin na ang ilang pagsubok ay kakaiba, at hindi na mangyayari muli. Totoong walang pagsubok ang kakaiba, at mangyayari itong muli sa ibang paraan. Ang pagkabigo ng pananampalataya ay nagpapahina sayo malamang na mabigo ka ulit. Ang paggapi sa mga pagsubok ay nag nagpapalakas sayo para sa susunod na pagsubok.

### Para sa Pagbabahagi sa Grupo

Hilingin sa ilan na ibahagi ang tungkol sa isang pagsubok na mayroon sila kamakailan at kung ano ang naging resulta nito. Hilingin sa kanila na ipaliwanag kung paano ito naging isang pagsubok sa pananampalataya.

Ang ilan ay maaaying magbahagi kung anong pagsubok sa pananampalataya ang kanilang kinahaharap ngayon.

► Itanong, “Ano ang kailangan mong tandaan upang tiisin mo ang pagsubok na ito sa pamamagitan ng pananampalataya?”

### Panalangin

Aming Ama na Nasa Langit,

Salamat sa palaging pagsama sa akin, at pagtulong sa akin sa bawat pagsubok. Tulungan mo na maging matatag ang aking pananampalataya. Tulungan mo akong alalahanin na ang mga mabibigat na panahon sa aking buhay ay isang pagsubok sa pananampalataya, at mapanatiling magtiis sa pamamagitan ng aking pananampalataya.

Nais kong magpatuloy na magtiwala sayo kahit na anong mangyari. Ipapakita ko ang aking pagtitiwala sa pamamagitan ng pagsunod sayo sa lahat ng oras.

Salamat sa pagpapalago ng aking pananampalataya na nagaganap habang dinadala mo ako sa katagumpayan sa mga pagsubokl.

Amen

### Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang Santiago 5:7-11. Pansinin ang mga kadahilanang ibinigay upang magtiis tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang mga propeta ay binanggit bilang mga halimbawa. Anong mga tao ang kilala mo na nagtitiis ng hirap sa pamamagitan ng pananampalataya? Paano kung hindi sila nagtiis?

# Leksiyon 8
# Pagbuo ng Mga Espirituwal na Disciplina

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Inilalaan ko ang aking oras at pagsisikap upang paunlarin ang aking kaugnayan sa Dios."

## Layunin ng Leksiyon

Upang makita kung paano nakakatulong sa ating espirituwal ang sampung nakaplanong kasanayan.

## Panimula

► Paano ipinapakita ng isang atleta kung ano ang kanyang mga prayorida? Paano naman ang isang musiquero?

Para sa lahat ng ito, ang sagot ay magkakatulad. Dahil seryoso sila sa kanilang mga prioridad, dinidisiplina nila ang kanilang sarili upang umunlad at magtagumpay.

► Paano naman ang tungkol sa mga espirituwal na prayoridad? Ang relasyon ba natin sa Dios ay nangangailangan ngdisiplina may layunin?

Ang mga espirituwal na disiplina ay mga kusang-loob na pagsasanay na ini-iskedyul at pinapanatili para sa layuning mapanatili ang mga espirituwal na prayoridad at pagbuo ng ating kaugnayan sa Dios. Ang mga halimbawa ay regular na pananalangin, pagbabasa ng Biblia, at pagdalo sa iglesia. Dapat nating planuhin ang mga ito, mag-commit sa mga ito, at iskedyul ang mga ito, imbis na ipagpalagay na mangyayari ito ng tuloy-tuloy. Anumang kapaki-pakinabang na layunin ay nangangailangan ng disiplina.

Ang mga kasanayan na ito ay maaaring tawagin na "paraan ng biyaya" sa diwa na dinisenyo ito ng Dios bilang mga daluyan kung saan ibinibigay niya ang biyaya bilang tugon sa ating pananampalataya. Hindi sila nakakatanggap ng biyaya sa pamamagitan ng isang mekanikal na diwa–na para bang ang dalawampung minutong pananalangin ay maaaring magbunga ng dalawampung kilo ng biyaya. Sa halip, sila ay epektibo lamang habang ang naipapahayag ang pananampalataya ng isang Kristiyano sa pamamagitan ng mga ito. Kaya, kung ang isang tao ay ginagawa ang mga ito bilang simpleng pormalidad, wala siyang gaanong mapapala sa pagsasagawa ng mga ito.

Ang mga espirituwal na disiplina ay hindi nagbibibigay ng layunin na gawin tayong katanggap-tanggap sa Dios. Tinanggap tayo dahil sa biyaya. Kung ang isang tao ay hindi sigurado sa pagpapatawad ng Dios, hindi siya maaaring makakuha ng kapatawaran sa pamamagitan ng mga espirituwal na disiplina.

## Ang Ilang bagay na Kailangan Isaalang-alang tungkol sa Mga Espirituwal na Disiplina

- Ang mga ito ayparaanpara sa layunin, hindi bilang isang layunin mismo.
- Ang mga ito ay hindi ganap na sukatan ng espirituwal na katayuan.
- Ang mga ito ay hindi pamalit sa pagsunod sa Dios.
- Dapat itong gawin ng kusang-loob para sa pinakamahusay na mga resulta.

► Bakit kailangang kusang-loob ang pagsasagawa ng espirituwal na disiplina para sa pinakamahusay na mga resulta?

Ang ilang mga kadahilanan kung bakit dapat itong gawin ng kusang-loob:

- Dahil ang tunay na personal na mga prayoridad ay dapat kusang-loob na itakda. Kung pinilit ka ng isang tao na gawin ito, ito ay kanyang prayoridad sa halip na iyong prayoridad.
- Dahil ang isang relasyon na nakabatay sa pagmamahal ay nabubuo lamang sa pamamagitan ng kusang-loob.
- Dahil ang biyaya ay ibinibigay lamang kung ang mga disiplina ay nagpapahayag ng sariling pananampalataya.

Upang maitaguyod ang mga espirituwal na disiplina, dapat ilarawan ng tagapanguna ang mga benepisyo sa halip na subukang piliting sanayin ang mga tao.

## Isang Listahan ng mga Espirituwal na Disiplina

*Hindi kinakailangan na hanapin ang lahat ng mga sanggunian sa seksyong ito.Sa takdang aralin ay hihilingin na hanapin ito ng mga mag-aaral. Maaari kang pumili ng ilang titingnan sa panahon ng leksiyong iyon ayon nakatakdang oras.*

### (1) Panalangin.

Ang bawat Kristiyano ay dapat mayroong ng itinakdang oras araw-araw para sa pananalangin.

### (2) Pag-aaral ng Biblia.

Ipinapakita ng Awit 119 ang pagkilos ng Salita ng Dios sa buhay ng isang mananampalataya.

### (3) <u>Pag-aayuno.</u>

Ang mga tanyag na halimbawa ng mga Kristiyano sa buong kasaysayan ay nagtakda ng isang pagtatalaga ng iskedyul na pag-aayuno. Ang Biblia ay naglalaman ng maraming

halimbawa ng pagtugon ng Dios sa pag-aayuno. Inaasahan ni Jesus na ang kanyang mga disipulo ay mag-aayuno pagkatapos ng kanyang ministeryo sa lupa (Mateo 9:15, 6:16-18).

**(4) Pagdalo sa Iglesia.**

Ang mga mananampalataya ay dapat na magtipon para sa pagsamba, pananalangin, pangangaral, at pag-aaral ng Banal na Kasulatan (Hebreo 10:25).

**(5) AngLord'sSupper / Communion.**

Inilarawan ng 1 Corinto 11:23-26 ang institusyong ito ni Cristo at ipinakita na literal itong ginagampanan ng iglesia.

**(6) Espirituwal na Pananagutan.**

Kailangan nating magpailalim sa espirituwal na patnubay mula sa isang tagapagturo (Hebreo 13:17). Dapat tayong manalangin ng magkasama tungkol sa mga personal na espirituwal na pangangailangan (Santiago 5:16). Kailangan nating malaman ang mga pangangailangan ng ating mga malapit na kaibigang Kristiyano upang makibahagi tayo sa kanilang mga pasanin (Galacia 6:2).

**(7) Pagkakaloob.**

Sinasabi sa atin ng Hebreo 13:16 na dapat nating tandaan na gumawa ng mabuti at magkaloob. Inilarawan ng 1 Corinto 16:2 ang lingguhang pagkakaloob ng iglesia para sa partikular na pangangailangan. Ang prinsipyo ng pagkakaloob ay ang paraan ng dinisenyo ng Dios para sa pagsuporta sa mga taong buong-panahon ang inilalaan sa ministeyo.

**(8) Ministryo.**

Ang Dios ay nagbigay ng mga espirituwal na kaloob sa mga Kristiyano para magamit sa kapakinabangan ng bawat isa (1 Cor. 12). Ang bawat tao ay may tungkulin na ministeryo. Dapat niyang hanapin ang kanyang pagkakatawag ay magtakda ng mga tiyak na plano para sa pagtupad nito.

**(9) Isang Pang-Espirituwal naDiary/Tala-arawan.**

Ang disiplina na ito ay hindi tinukoy sa Banal na Kasulatan, ngunit mahalagang alalahanin ang mga ginawa ng Dios (Awit 78:10-11). Ang isang pang-espirituwal na diary/talaarawan ay maaaring isang pagtatala ng mga pakikibaka, katagumpayan, sagot sa panalangin, mga kaganapan sa ministeryo, at mga leksiyong tungkol sa espirituwal. Maaari rin itong maging isang paraan ng pagpapanatili ng isang listahan ng mga alalahanin upang maipanalangin ng may layunin.

**(10) Debosyonal na Pag-aaral.**

Ang isang mananampalataya at dapat basahin ang mga libro tungkol sa panalangin, doktrina, at espirituwal na paglago.

Hindi mabuti para sa isang tao na ipagmalaki ang kanyang disiplina. Gayunpaman, hindi dapat tanggihan ng isang tao ang mga espirituwal na disiplina upang maiwasan ang pagmamataas, tulad ng isang musikero na hindi dapat tumigil sa pagsasanay.

Ngayon, tingnan ang ang sumusunod na chart at gumawa ng mga partikular pangako na gawin ang mga espirituwal na disiplina.

### Para sa Pagbabahagi sa Grupo

Pumunta sa kasunod na chart at hayaang itakda ng bawat miyembro ang mga layunin para sa personal na espirituwal na disiplina.

### Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Tulungan mo akong mapanatili ang aking pagtuon ng isip sa mga espirituwal na prayoridad sa pamamagitan ng paglalagay ng isang bahagi sa aking buhay para sa mga disiplinang ito. Nais kong ibigay sa inyo ang oras na nararapat para sayo.

Tulungan mo akong maging matapat sa aking pangako. Protektahan mo ako mula sa pagmamalaki sa aking espirituwal na pag-unlad.

Tulungan mo akong maalala na ang aking espirituwal na disiplina ay upang ipahayag ang aking pagmamahal sayo at ang aking pananampalataya sayo.

Salamat sa iyong biyaya na kumikilos sa aking buhay na higit kaysa sa lahat ng bagay na magagawa ko.

Amen

### Takdang Araling na Pag-aaral

Tingnan ang mga sangginian na ibinigay sa listahan ng mga espirituwal na disiplina. Pansining mabuti kung paano sinabi na mahalaga ang mga disiplinang ito para sa buhat Kristiyano. (Ang Awit 119 ay pinag-aralan noong nakaraan, kaya hindi kinakailang na suriing muli ang buong kabanata sa linggong ito.)

## Chart para sa Personal na Espirituwal na Disciplina

**(1) Pananalangin.**

Ako ay mananalangin araw-araw sa __________ sa loob ng ____________ minuto.

**(2) Pag-aaral ng Biblia.**

Mag-aaral ako ng Biblia araw-araw sa __________. Susukatin ko ang aking pag-aaral sa pamamagitan ng _______________________________________________ (oras o ibang paraan).

**(3) Pag-aayuno.**

Mag-aayuno ako bawat linggo sa ____________ para sa __________ (haba ng oras).

**(4) Pagdalo sa Iglesia.**

Dadalo ako sa mga sumusunod na mga gawain ng iglesia at pag-aaral ng Biblia nang regular:

Araw____________ Oras ____________

Araw____________ Oras ____________

Araw____________ Oras ____________

**(5) Ang Lord's Supper / Communion.**

Makikilahok ako sa communion na inaalok sa aking iglesia, na inaalok tuwing _____________ (tantsahin kung gaano kadalas).

**(6) Espirituwal na Pananagutan.**

Iuulat ko ang aking espirituwal na kalagayan at tanggapin ang espirituwal na direction mula sa ______________ (tiyak na espirituwal na tagapagturo) tuwing ________ (oras).

**(7) Pagkakaloob.**

Magbibigay ako ng kaloob sa _________________ (tukuyin ang iglesia).

**(8) Ministeryo.**

Regular akong maglilingkod sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

__________________________________________________________________

**(9) Journal.**

Pananatilihin ko ang isang journal kung saan ako mag-update _____ beses tuwing linggo.

**(10) Gagawin ko ang sumusunod na debosyonal na pagbabasa:**

____________________________________________________________

Petsa ng pangako ____________

Panatilihin hanggang ____________

# Leksiyon 9
# Pagtanggap sa Espirituwal na Pananagutan

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Hinuhubog ako ng Dios sa isang malapit na pamayanan ng mananampalataya."

## Layunin ng Leksiyon:

Upang makita ang gampanin ng pakikipag-ugnayan sa ibang mga Kristiyano para sa espirituwal na paglago.

## Panimula

Ang mahalagang gawain ay sinusurii ng isang tao. Kapag nagtrabaho tayo, alam natin na kailangan nating masiyahan ang amo ng ating pinagtratrabahuhan. Kapag nagtratrabaho tayo kasama ng ibang tao, nais nating isipin nila na mabuti ang ating pagtratrabaho. Iginagalang natin ang opinyon ng ilang mga tao tungkol sa ating trabaho.

Ang mga opinyon ng tao ay mahalaga din sa isang relasyon.Sa bawat relasyon ay matututunan nating makibagay lalo na sa ating mga gawi at pag-uugali. Ipinapakita sa atin ng mga tugon ng ibang tao kung nasisiyahan sila o kung hindi.

Kahit na sa ating pakikipaglaro ay sinusuri tayo. Mayroong mga patakaran na dapat sundin. Maaaring binibilang ang mga Fouls, outs, o strikes. Ang ibang mga manlalaro ay manonood ay nakokomento. Ang mga puntos ay binibilang. Ang mga pagtatagumpay ay pinagdiriwang, at ang mga pagkakamali ay pinupuna.

► Ano ang mangyayari kung ang isang manggagawa ay walang paki-alam kung ano man ang maging tingin ng kanyang mga katrabaho kung mabuti o hindi mabuti ba ang kanyang pagtratrabaho?

► Ano ang mangyayari sa isang tao na walang paki-alam kung isipin man ng ibang tao na siya ay bastos?

► Ano ang isa sa paborito mong laro? Paano nakakaapekto ang mga patakaran ng larong iyon sa kung paano mo ito nilalaro?

Kamusta naman ang tungkol sa ating espirituwal na buhay?Mahalaga ba ang pagsusuri mula sa iba?Mahalaga ba sa iyo kung ano ang iniisip ng iba tungkol sa iyong espirituwal na kalagayan? Alam mo ba kung ano ang iniisp ng iyong mga malapit na kaibigan tungkol sa iyong espirituwal na kalagayan? Handa ka bang suriin at magbago ayon sa kung ano ang maririnig mo? Alam mo ba kung saan hahanapin ang tamang pagsusuri?

Kailangan natin ng mga espirituwal na pananagutan.

Ang espirituwal na pananagutan ay nagbibigay sa atin ng tumpak na mga pagsusuri mula sa mga makakatulong sa atin na umangkop at sa paglagong espirituwal.

Upang magkaroon ng pananagutang espirituwal ay dapat mabuo ka ng isang relasyon sa isang tao o pangkat na magbibigay ng direksyon para sa espirituwal na paglago.

Ang isang taong may espirituwal na pananagutan ay nag-uulat tungkol sa . . .

1. Kanyang espirituwal na kalagayan,
2. Ang kanyang tagumpay at pagkabigo sa mga espirituwal nadisiplina, at
3. Kanyang mga pangako para sa hinaharap.

## Bakit Natin Kailangan ng Espirituwal na Pananagutan

Kapag wala tayong espirituwal na pananagutan, hindi natin natutupad ang mga kautusan ng Banal na Kasulatan; at napapabayaan natin ang isang paraan na idinesenyo ng Dios para sa pagbibigay sa atin ng biyaya upang magtagumpay at espirituwal na paglago.

> "Aminin ninyo sa isa’t isa ang inyong mga kasalanan, at ipanalangin ang bawat isa, upang kayo ay gumaling (Santiago 5:16)."

Ang isang tao ay hindi magtatapat ng mga pribadong pagkabigo maliban sa isang relasyon na tutulong sa kanyag mapadali ito. Kung hindi niya ito inaamin sa isang tao na mananalangin para sa kanyang mga pagkakamali, pinababayaan niya ang mga paraan na idinisenyo ng Dios para tugunan ang mga pangangailangan na iyon. Pagkatapos ang tagubilin sa talatang ito ay sinundan ng isang pangako, "Ang panalangin ng taong matuwid ay makapangyarihan at mabisa."

> Magtulungan kayo sa pagdadala ng pasanin ng bawat isa, sa gayon ay matutupad ninyo ang utos ni Cristo (Galacia 6:2)."

Maliban kung kilalang-kilala natin ang isang tao, ay hindi natin malalaman kung ano ang pinaka-seryosong pasanin niya. Karamihan sa mga tao ay hindi nagsasabi ng tungkol sa kanilang mga seryosong pasanin sa isang malaking kongregasyon. Hindi natin matutupad ang kautusan na ito sa Banal na Kasulatan ng hindi nakikipag-ugnayan nasiyang paraan upang matupad ito.

> "At sikapin nating mahikayat ang isa’t isa sa pagmamahalan at paggawa ng kabutihan (Hebreo 10:24)."

Dapat nating suriing mabuti ang isa’t isa na may motibo ng pag-ibig upang makita kung ano ang kinakailangang panghihikayat at pagsaway. Ang panghihikayat ay magiging mababaw, at mga pagsaway ay hindi tatanggapin maliban kung mayroon tayong isang espesyal na relasyon sa ibang tao.

> "Sundin ninyo ang mga namumuno sa inyo ay magpasakop kato sa kanila, dahil sila ang nangangalaga sa inyong espirituwal na kalagayan, at alam nilang may pananagutan sila sa Dios sa pangananaglaga nila sa inyo (Hebreo 13:17)."

Maraming Kristiyano ang ayaw umasa sa anumang awtoridad na tagapangalaga sa espirituwal. Pakiramdam nila ay malaya silang tanggihan ang anumang pagtuturo mula sa kanilang pastor at iba pang kristiyano. Nais ng Dios na magpailalim tayo sa mga awtoridad na tagapangalaga sa espirituwal. Itinalaga ng Dios ang mga taong matanda na sa pananampalataya at may pangunawa sa pananagutan para sa kaluluwa ng iba.

Tanungin ang iyong sarili ng mga katanungang ito upang matukoy kung mayroong bang espirituwal na pananagutan sa iyong buhay.

Ano anong mga relasyon mayroon ako na ginagawang posible na . . .

- May tumutulong sa akin na pasanin ang pinakaseryoso kong pasanin,
- Aminin ko ang akong mga pagkakamali sa isang tao,
- Tumutulong ako sa isang tao sa kanyang mga pasanin, at
- May isang tao na tumutugon sa aking kasalukuyang espirituwal na kalagayan.

Mayroon bang mga oras na pakiramdam ko ay kulang ako ng ganitong uri ng relasyon?

- Mga oras kung saan ay walang sinuman ang maaari kong masandalan -
- Mga oras kung saan ay natutuwa ako na walang nakakaalam ng aking kalagayan -
- Mga oras kung saan ay hindi nais na iulat ang aking mga espirituwal na disiplina -

Mayroon bang isang tao na tatanggapin kong awtoridad sa espirituwal na pangangalaga?

- Kailan ako nagpasakop sa kangyang mga direksyon?
- Nakikinig ba ako sa kanyang mga babala tungkol sa mga espirituwal na panganib?

Isaalang-alang natin kung paano bumuo ng mga ugnayan na magtatatag ng espirituwal na pananagutan?

Ang espirituwal na pananagutan ay pinakamahusay na gagana kung mayroong. . .

**(1) Pagkapribado.**

Hindi mo gusto na masabi sa iba ang iyong personal na pagbabahagi.

**(2) Kasiguraduhan na tatanggapin ka ng iba at magmamalasakitsayo.**

Hindi mo gusto na magbahagi sa mga taong maaaring gamitin ang iyong mga kahinaan laban sayo.

**(3) Itanakdang oras upangmagbahagi.**

Maaaring hindi ito mangyari ng tuloy-tuloy, lalo na sa mga oras na nagkataong nagkasama-sama kayo.

Ang ganitong uri ng espirituwal na pananagutan ay maaaring gumagana sa pagitan ng mga indibidwal o sa isang maliit na pangkat.

Upang magkaroon ka sa isang tao ng espirituwal na pananagutan ay nangangahulugang regular mong itatanong . . .

- Kamusta ka sa iyong mga espirituwal na disiplina?
- Mayroon ka bang espirituwal na katagumpayan?
- Sumusunod ka ba sa mga pangakong iyong ginawa kamakailan?
- Ano ang mga tiyak na pangako ang kailangan mong gawin dahil sa katotohanan na iyong natutunan kamakailan?

Si John Wesley ay nagtatag ng isang maliit na pangkat upang magbigay ng espirituwal na pananagutan. Inilahad nila ang kanilang layunin at pamamaraan, tulad ng mga sumusunod.

Ang layunin ng ating pagpupulong ay sundin ang utos ng Dios, "Ipahayag ninyo sa isa't isa ang inyong mga pagkakamali, at ipanalangin ang isa't isa, upang gumaling kayo."

Para sa hangaring ito, balak nating

1. Magkita ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo.
2. Upang dumating sa tamang oras na itinakda, maliban kung may mga hindi pangkaraniwang nangyari na humahadlang dito.
3. Upang magsimula ng eksakto sa oras, sa pag-aawitan at pananalangin.
4. Upang ilarawan ng malinaw ng bawat isa ang kanilang espirituwal na kalagayan, kasama ang mga pagkakamali na nagawa natin na ating naisip, nasabi, o pagkilos, at mga tukso na ating naramdaman mula noong huli nating pagkikita.
5. Upang wakasan ang bawat pagpupulong sa pamamagitan ng pananalangin, ayon sa mga pangangailangan ng bawat taong naroroon.
6. Upang hilingin sa isang tao na naroroon na maunang ilarawan ang kanyang sariling kalagayan. Pagkatapos, ay hilingin ang natitira, isa-isa, habang marami ang naghahanap ng mga katanungang kinakailangan, tungkol sa kanilang kalagayan, kasalanan, at mga tukso.

Maraming maliliit na grupo ang nahanap na kapaki-pakinabang ang pagtatakda ng bawat layunin para sa mga personal na espirituwal na disiplina, pagkatapos ay iulat bawat linggo ang kanyang katagumpayan sa pagtugon sa mga layuning iyon.

Ang ilang pangkat ay nagtataguyod ng isang tipan na ipinapangako ng bawat miyembro. Narito ang isang halimbawa ng isang tipan para sa pangkat:

> Nakikipagtipan ako na makipagkita sa pangkat na ito tuwing linggo, kung posible. Ibabahagi ko ng matapat ang mga pang-espirituwal na kaganapan at kalagayan ng aking buhay. Susubukan kong magbigay ng mga panghihikayat, direksyon, at espirituwal na pananagutan sa aking mga kapwa miyemro ng grupo. Bubuksan ko ang aking puso sa katotohanan ng Salita ng Dios na nakakapagpabago ng buhay.

> Itatago ko sa ganap na pagkapribado ang personal na mga pangangailangan na ibinabahagi sa mga pagpupulong na ito. Ipapanalangin ko araw-araw ang bawat miyembro ng aking grupo. Magpapasakop ako sa pananagutan para sa mga espirituwal na disiplina.

Ang isang mananampalataya ay nangangailangan ng espirituwal na pananagutan, maging ito man ay ibinigay ng isang indibidwal na matanda na sa pananamapalataya o ng isang pangkat. Ito ay isa sa mga paraan na ginagamit ng Dios upang bigyan tayo ng biyaya.

### Para sa Pagbabahagi sa Grupo

► Itanong, "Nakikita mo ba ang isang personal na pangangailangan para sa espirituwal na pananagutan?"

► Magtanong ng ilang katanungan na nasa leksiyong ito na makakatulong sa isang tao na maunawaan ang kanyang pangangailangan ng espirituwal na pananagutan.

► Itanong kung sa palagay nila ay natutupad nila ang mga kautusan sa banal na kasulatan tungkol sa pangangalaga sa espirituwal na kalagayan ng isat'-isa.

*Ang leksiyon noong nakaraang linggo ay may kasamang isang form para sa pagtatakda ng mga indibidwal na layunin para sa mga personal na disiplina. Dapat talakayin ng grupo kung paano mag-ulat. Sa isang napakaliit na grupo, ang mga miyembro ay maaaring mag-ulat sa pangkat ngisa-isa. Ang isang mas malaking pangkat ay maaaring hatiin sa mga grupo na may tatlong miyembro oara sa pag-uuat. Kung may sumaling bagong miyembro sa pangkat, huwag hilingin sa kanila na mag-ulat kaagad. Kailangan nila ng oras upang maging komportable sa grupo.*

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Nais kong maging tapat sa pagsunod sa lahat ng iyong kautusan ng iyong Salita. Nais kong tulungan ang aking mga kapatid na dalhin ang kanilang mga pasanin; Nais kong hikayatin sila; Nais kong aminin ang aking mga pagkukulang sa kanila upang ipanalangin nila ako.

Nais kong tanggapin ang mga tagapangalaga sa espirituwal na kundisyon na iyong tinawag upang bantayan ako.

Bigyan mo ako ng kababaang-loob na kinakailangan upang aminin ang aking mga pagkakamali at ang pagmamahal na kinakailangan ko upang matulungan ang iba sa kanilang mga pagkakamali. Tulungan mo akong huwag magalit kapag itinatama ako o kapag nakakasakit ako kapag tinutulungan kong itama ang iba.

Salamat sa espirituwal na pamilya na ibinigay mo upang matulungan akong lumago sa espirituwal.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Hanapin ang apat na talata na tinalakay sa ilalim ng puntong "Bakit Natin Kailangan ang Espirituwal na Pananagutan." Basahin ang bawat talata. Subukang mag-isip ng mga partikular na paraan na nasunod mo kamakailan mula sa mga tagubiling iyon. Ano ang ilang mga gawain na maaari mong simulan upang mas mapabuti ang iyong pagsunod sa mga ito?

# Leksiyon 10
# Passion para sa Misyon

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Mayroon akong taimtim na sigasig para sa kaligtasan ng mga makasalanan."

## Layunin ng Leksiyon

upang suriin ang mga kadahilanan na nag-uudyok sa atin na ipamahagi ang ebanghelyo.

## Panimula

► Totoo ba na ang bawat Kristiyano ay dapat kumilos para sa kaligtasan ng mga makasalanan? Ito ba ay isang bagay na dapat ang mga tagapangaral lamang ang mabahala?

► Okay, kaya ano ang iyong personal na ginagawa para sa kaligtasan ng mga makasanan?

## Ang Pag-eebanghelyo ay ang Prayoridad ng Banal na Kasulatan

*Hilingin sa mga mag-aaral na tingnan ang bawat talata sa seksyon sa ibaba. Matapos basahin ang mga talata, itanong, "Paano ipinapakita ng talatang ito na ang pag-eebanghelyo ay ang siyang prayoridad ng Banal na Kasulatan?" Pagkatapos nilang sumagot, ibigay ang pangungusap na kasama ng talata.*

**Mateo 9:36-38.** Sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo na makibahagi sa kanyang awa para sa mga makasalanan.

**Mateo 28:18-20.** Ibinigay ni Jesus ang Dakilang Komisyon sa iglesia, ipinapakita na ang pag-eebanghelyo at pagdidisipulo ay ating tungkuling.

**Gawa 4:29.** Nang unang harapin ng iglesia ang pag-uusig, ang una nilang pag-aalala ay hindi ang pisikal na panganib. Idinalangin nilang na huwag mapigilan ng pag-uusig ang pagkalat ng Salita ng Dios.

**Gawa 11:18.** Pinuri ng Iglesia ng mga Hudyo ang Dios dahil ang kaligtasan ay inalok din sa mga Hentil.

**Filipos 1:18.** Nagalak si Pablo na naipapangaral ang tungkol kay Critso kahit siya ay nasa kulungan.

**Efeso 6:19**. Hiniling ni Pablo na manalangin ang mga Kristiyano para sa mabisang pag-eebanghelyo.

**Roma 10:13-15.** Binigyang diin ni Pablo ang pangangailangan ng mga magbabahagi ng ebanghelyo, sapagkat ang kaligtasan ay para sa mga nakakarinig at maniniwala.

## Bakit Dapat Naisin ng isang Mananampalataya ang Pagbabalik-loob ng mga Makasalanan

- Dapat nating hangarin na sundan ang halimbawa ni Jesus, na iniwan ang langit upang mabuhay at mamatay para sa ikaliligtas ng mga makasalanan.
- Dapat nating hangarin na mapapurihan ang Dios s pamamagitan ng pagbabalik-loob ng isang rebeldepatungo sa isang taong sumasamba sa Dios.
- Dapat niyang makita ang pagkalat ng ebanghelyo bilang isang katagumpayan at pagbabayad-sala ni Cristo He should see the spread of the gospel as a triumph of Christ and his atonement.
- Dapat niyang naisin na makibahagi sa gawaing prayoridad ng Dios.
- Dapat siyang magkaroon ng awa para sa mga makasalanan na humarap sawalang-hanggangpaghuhukom para sa kanilang mga kasalanan.

## Bakit hindi lahat ng mga Kristiyano ay nagbabahagi ng ebanghelyo?

*Lhayaan ang mga miyembro na banggitin ang iba't ibang uri ng kadahilanan, pagkatapos ay bigyan sila ng mga hindi nabanggit mula sa listahan.*

- Kakulangan ng pangkalahatang espirituwal na sigasig
- Hindi niya nararamdaman na siya ay responsablepara sa pag-eebanghelyo
- Hindi alam kung paano magsisimula ng isang pag-uusap tungkol sa mga bagay na espirituwal
- Hindi alam kung paano ibabahagi ang Ebanghelyo sa isang katanggap-tanggap na paraan
- Takot na hindi niya masagot ang mga pagtutol
- Nahihiya sa pagiging iba samundo
- Nagdududa na magiging epektibo ang kanyang mga gagawin

► Sapat bang mga kadahilanan ang mga ito para hindi magbahagi ng ebanghelyo?

## Pangunahing Kadahilanan

► Kung ang isang tao ay walang ginagawa para sa kaligtasan ng mga makasalanan, ano ang kinakailangan upang makapagsimula siya?

Kung wala siyang espirituwal na kasigasigan, kailangan niya ng isang personal na mulingpagkabuhay sa espiritu.

Kung ang isang tao ay buhay sa espirituwal at taimtim niyang hinahanap ang kalooban ng Dios ay mauunawaan niya ang kanyang personal na responsibilidad na makibahagi sa pagtupad sa Dakilang Komisyon, ang dalawang sumusunod na kadahilanan ay ang malamang na kinakailangan upang makapag simula siya.

(1) Pananampalataya – Kailangan niyang maunawaan kung ano ang ginawa ng Dios upang maging makapangyarihan ang ebanghelyo.

(2) Paghahanda – kailangan niyang maging handa upang maibahagi ang ebanghelyo. Ang nakaraang leksiyon ay sumasaklaw sa paksang iyon at maaaring araling at pagsanayang muli kung kinakailangan.

► Ang Totoong isyu: Ano ang kailangan mo upang makapagsimula?

**Para sa Pagbabahagi sa Grupo**

Itanong ang"Sabihin sa amin kung ano ang iyong ginagawa upang maibahagi ang ebanghelyo."

► "Nasisiyahan ka ba sa iyong ginagawa?"

► "Ano sa inyo ang nakapagbahagi ng ebanghelyo sa isang indibidwal sa nakaraang buwan?"

► "Ano sa palagay mo ang makakatulong sayo upang makapagsimulang masigasig at mabisa na ibahagi ang ebanghelyo?"

Mag-alok na aralin muli ang leksiyon sa "Pagpapakalat ng Imbitasyon" at upang matulungang pagsanayan ang mga pamamaraang itinuturo nito.

**Panalangin**

Aming Aman nasa Langit,

Ang laki ng iyong pag-ibig na ipinadala mo ang iyong Anak upang mamatay para sa aming kaligtasan. Nais kong mahalin ka ng sapat upang maibahagi ang iyong pagnanais na maligtas ang mga makasalanan. Alam kong nakakalugod ito sayo na dalhin ang mensaheng ito sa mga makasalanan.

Nais kong maluwalhati ka sa pamamagitan ng pagsisisi ng mga makasalanan at maging mga taong nananampalataya at nagpupuri sayo.

Nais kong madama ang kahabagan na nadama ni Jesus para sa mga makasalanan.

Hinihilinh ko na gabayan mo ako at bigyan ng kapangyarihan ang aking mga pagsisikap. Tulungan mo akong makipagtulungan sa pagkilos ng iyong Banal na Espiritu na ilapit sayo ang mga makasalanan.

Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Araling muli ang pamamaraan sa pagbabahagi ng ebanghelyo na itinuro sa leksiyon 6 oibang pamamaraan na gusto mo. Isaalang-alang ang iyong mga kamakailang insidente ng pagbabahagi ng ebanghelyo at subukang tukuyin kung anong karagdagang pag-aaral o pagsasanay ang magpapataas sa iyong pagiging epektibo. Gumawa ng isang tiyak na pangako para sa paghahanda na iyon.

# Leksiyon 11
# Kailangan Natin ang Iglesia

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Hindi ko matutupad ang lahat ng layunin ng Dios kung mag-isa akong kikilos."

## Layunin ng Leksiyon:

Upang tulungan ang mananampalataya na mag-commit sa lokal na iglesia.

## Panimula

► Ano ang layunin ng iglesia?

*Ayunan ang iba't ibang mga sagot. Hindi pa kinakailangan na ipaliwanag ng husto.*

► Sino ang may pananagutan na tuparin nag mga layunin ng iglesia?

Ang bawat Kristiyano ay may responsibilidad na tumulong.

► Sino ang nangangailangan ng iglesia? *Ang bawat isa ay nangangailangan ng iglesia.*

Ang iglesia ay iisa. Sinabi ni Jesus, "Itatayo ko ang aking iglesia [singular]."[61] Ang aklat ng Efeso ay binabanggit ang iglesia bilang iisa.

> "Ipinailalim ng Dios sa kay Cristo ang lahat ng bagay, at ginawa siyang pangulo ng lahat para sa ikabubuti ng iglesia na siyang katawan ni Cristo. Ang iglesia ay ang kabuuan ni Cristo na siyang bumubuo sa lahat" (Efeso 1:22-23).
>
> "Sapagkat iisang katawan lamang tayo na may iisang Banal na Espiritu, at iisa rin ang pag-asang ibinigay sa atin nang tawagin tayo ng Dios" (Efeso 4:4).

Ang iglesia ay pandaigdigan. Sapagkat ang Dios lamang ang mayroong listahan ng lahat ng miyembro at hindi ang mga nasa mundo, organisasyon ng tao ang namamahala sa buong iglesia, kung minsan ay tinatawag itong "hindi nakikita" na iglesia.

Gayunpaman, ang iglesia ay isa rin nalokal. Ang iglesia ay dapat na magkaroon ng mga lokal na anyo upang matupad nito ang mga gawain. Halimbawa, sa buong kasaysayan ang isang mananampalataya ay hindi kayang makipag-ugnayan sa pangkalahatang iglesia; dapat siyang makipag-ugnayan sa mga tiyak na tao.

Gumagamit ang Dios ng mga indibidwal, ngunit gumagamit din siya ng lokal na iglesia sa mga espesyal na paraan. Ang lokal na iglesia (hindi ang isang gusali, kundi ang isang

[61] Mateo 16:19.

pangkat ng mga mananampalataya) ay isang templo kung saan naninirahan ang Banal na Espiritu.

> "Hindi mo ba alam na ikaw ay templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sayo?"[62]

### Ang Ilang mga Layunin ng Lokal na Iglesia ay Matatagpuan sa Bagong Tipan

*Basahin ang comment, pagkatapos ay hilingin na may magbasa ng talata.*

1. Pagsamba at pagpapahayag sa isang kongregasyon (1 Corinto 14:12).
2. Pagtuturo ng haliging doktrina (1 Timoteo 3:15).
3. Pagpapadala ng mga taong mag-eebanghelyo at magtuturo (Mateo 28:19-20).
4. Suporta sa pananalapi ng mga pastor (1 Timoteo 5:17-18).
5. Pagpapadala at pagsuporta sa mga misyonero (Gawa 13:2-4, Roma 15:24).
6. Mga pag tulong sa pananalapi para sa mga miyembro na nangangailangan (1 Timoteo 5:3).
7. Pagdisiplina sa mga miyembro na nahulog sa kasalanan (1 Corinto 5:9-13).
8. Pagsasagawa ng Bautismo at Banal na Hapunan/Lord's Supper (Mateo 28:19, 1 Corinto 11:23-26).
9. Pangangalaga sa mga mananampalataya sa isang pamayanang Kristiyano (Gawa 2:42).

► Mahalaga ba ang lahat ng mga hangaring ito?

► Alin sa mga nasa listahan ang kamakailan lang ay nakibahagi ka?

► Ano ang mangyayari kung hindi ginawa ng iglesia ang isa sa mga gawaing nakalista?”

Ang mga layuning ito ay hindi matutupad ng mga pagkilos lamang ng **isang indibidwal**. Ang mga pangkat ng mga mananampalataya ay dapat na makipagtulungan sa isa’t-isa upang magawa ang mga biblikal na layunin ng iglesia.

Ang Dios ay may isang plano ng pagpapatakbo para sa isang **lokal**na katawan ng mga mananampalataya. Ibinibigay niya ang kinakailangan at hinihilingan tayo ng commitment para sa layuning iyon.

---

[62] 1 Corinto 3:16. Upang makita na kinakausap sila ni Pablo bilang isang lokal na grupo at hindi bilang indibidwal, tingnan ang 3:9. Ang mga Indibidwal na mananampalataya ay tinukoy bilang mga templo ng Banal na Espiritu sa 6:19.

| Mga Kinakailangang aspeto | Pagkilos ng Dios | Kinakailangang tugon ng Miyembro |
|---|---|---|
| Tagapamuno | Pagtawag sa mga pastor | Magpasakop sa pangangalaga |
| Mga pananalapi | Nag-uutos na suportahan | Mag-commit sa suportang pinanyal |
| Espirituwal na kaloob | Nagbigay ng espirituwal katangian | Gamitin ang espirituwal na kaloob para na sa paglilingkod |
| Kooperasyon | Disenyo ng "katawan" | Makilala ang pagtutulungan |

Nais ng ilang tao na makaramdam ng espirituwal na kalayaan o pag-iisa. Natutuwa silang maging bahagi ng pangkalahatang Kristiyanismo, ngunit hindi sila sumasali sa isang lokal na iglesia, na pakiramdam niya ay malaya siyang dumalo kahit saan niya gustuhin anumang Linggo, tumatanggi sa anumang responsibilidad para sa regular na ministeryo sa lokal na iglesia, at nagbibigay ng kanilang ikapu sa anumang bagay na nakakuha ng kanilang pansin. Kung ang lahat ng mga Kristiyano ay tulad nito, maaaring walang mga lokal na iglesia.

Ang ilang tao ay hirap na makita nag kanilang pangangailangan para sa isang iglesia.Inaasahan nilang lalago sila at makakapamuhay ng mag-isa. Mahirap para sa kanila na makita ang mga pakinabang ng pagdalo sa mga gawain sa iglesia.

Ang ilang iglesia ay inaangkop ang kanilang mga programa upang maakit at mapanatili ang mga uncommitted na mga bisita sa iglesia. Nakikipagkumpitensya sila sa iba pang mga iglesia sa pamamagitan ng paglalagay ng mga pananambahan na parang pagtatanghal. Ang kanilang kongregasyon ay naging madla na walang koneksyon katulad ng koneksyon sa mga madla sa isang konsyerto o opera.

Ang bawat Kristiyano ay dapat na italaga ang kanilang mga sarili, ang kanyang mga ari-arian, at ang kanyang mga kakayahan sa pagtulong sa isang lokal na iglesia ng maisakatuparan ang mga biblikal na layunin ng isang iglesia. Hindi niya natutupad ang kanyang layunin bilang isang Kristiyano, maliban kung nagagawa niya ito.

## Para sa Pagbabahagi sa Grupo

► Isinasa-alang-alang ba ng mga miyembro ang mga sumusunod na katanungan:

- Ako ba ay nasa ilalim ng awtoridad ng isang pastor? Sa anong tiyak na paraan?
- Ako ba ay pinansyal na sumusuporta sa isang ministeryo ng lokal na iglesia? *(Ang Leksiyon na partikular tungkol sa pagkakaloob ay darating sa susunod na leksiyon)*
- Ginagamit ko ba ang aking mga kakayahan para sa aking lokal na iglesia?
- Nararamdaman ko ba na kailangan ko ang aking iglesia?
- Nararamdaman ko ba na kailangan ako ng aking iglesia?

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat sa pagbibigay sa akin ng isang espirituwal na pamilya na nakikibahagi sa aking buhay. Salamat sa pagiging bahagi ng katawan na ginagawa nag iyong kalooban para sa mundo.

Tulungan mo akong alalahanin na kailangan ko ang iglesia at kailangan ako ng iglesia. Tulungan mo akong italaga ang aking sarili sa mga pangangailangan ng lokal na iglesia mula sa miyembro nito upang maisakatuparan ang mga layunin nito.

Tulungan mo kaming magkasama-sama upang maging isang tamplo kung saan nakatira ang Banal na Espiritu at nagbibigay buhay sa iyong mga mamamayan.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Araling ang 1 Corinto 12. Pagbulay-bulayan ang paglalarawan na ibinigay sa pagkakaugnay-ugnay ng mga miyembro ng katawan.

# Leksiyon 12
# Katagumpayan laban sa Tukso

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

“Maaari akong manalo laban sa tukso sa pamamagitan ng patnubay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu.”

## Layunin ng Leksiyon

Upang maunawaan kung paano dumarating ang tukso at kung paano aasa sa Dios para sa katagumpayan.

## Tukso

► Nagkaroon ka ba ng tukso na akala mo ay walang ibang makakaunawa tungkol dito?

► Naisip mo ba kung posible talagang mabuhay sa kumpletong katagumpayan laban sa kasalanan?

Ipinangako ng Dios ang pagtulong sa pamamagitan ng biyaya na higit pa sa pagbabayad sa ating kahinaan sa tukso:

> "Walang pagsubok na dumarating sayo na hindi pa naranasan ng ibang tao; ngunit maaasahan natin ang pangako ng Diosna hindi niya tayo pababayaang subukin ng higit pa sa ating makakaya, Kaya kung dumaranas kayo ng pagsubok, gagawa siya ng paraan para mapagtagumpayan ninyo ito" (1 Corinto 10:13).

Sinasabi sa atin ng talatang ito ang maraming mahahalagang bagay.

**(1) Ang bawat tukso ay karaniwan sa sangkatauhan.**

Dumarating ito dahil sa ating pagiging tao at inaatake ang ilang kahinaan ng tao. Nangangahulugan iyon na ang iyong mga pakikibaka ay hindi talagang naiiba mula sa ibang tao.

**(2) Sinasabi nito sa atin na alam ng Dios ang ating mga limitasyon.**

Nauunawaan niya kung gaano lang ang makakayanan natin. Hindi talaga natin alam kung gaano ang makakayanan natin, ngunit alam niya.

**(3) Nilalayon ng Dios na mabuhay tayo sa katagumpayan.**

Sinasabi sa atin ng talatang ito na hindi niya hahayaan na subukin tayo ng higit pa sa ating makakayanana sa pamamagitan ng kanyang tulong. Nililimitahan niya ang mga tukso na dumarating sa atin, dahil nais niyang mabuhay tayo sa katagumpayan. Iniisp ng ilan na ang

ang katagumpayan laban sa tukso ay imposible sapagkat tayo ay tao lamang. Ayon sa talatang ito, posible at maaasahan natin ang katagumpayan.

**(4) Nagibbigay ang Dios ng ating kailangan upang makapamuhay ng may katagumpayan. Siya ay gumagawa ng "paraan upang malampas ang mga ito."**

Ang biyaya ay ibinibigay para sa pamumuhay ng may katagumpayan bilang tugon sa pananampalataya.

> “Sapagkat ang bawat anak ng Dios ay nagtatagumpay laban sa kamunduhan. Napagtagumpayan niya ito sa pamamagitan ng pananampalataya” (1 Juan 5:4).

Kung naiintindihan natin kung paano nangyayari na ang isang mananampalataya ay kung minsan ay natatalo ng tukso, marahil ay maaari nating maunawaan kung paano ito maiiwasan. Kapaki-pakinabang na pag-aralan ang proseso na pinagdadaanan ng isang tao kapag siya ay nahuhulog sa tukso.

Ang proseso ay inilarawan sa Santiago 1:14-15:

> “Natutukso ang isang tao kapag nahihikayat siya at nadadala ng sariling pagnanasa. At kung susundin niya ang pagnanasa niya, magbubunga ito ng kasalanan . . .”

Pinagmasdan ni John Wesley na ang mga hakbang sa pagkakasala ay karaniwang nangyayari tulad ng mga sumusunod.[63]

1. Ang isang tukso aydumarating. (Mula sa mundo, ang pagnanasa ng laman, o ng diablo)
2. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng babala sa mananampalataya na magingmapagbantay.
3. Ibinibigay ng tao ang kanyang atensyonsa tukso, at naging mas kaakit-akit ito sa kanya. [Sa bahaging ito ng proseso ay nagagawa ng tao ang kanyang unang pagkakamali.]
4. Ang Banal na Espiritu ay nalulungkot, ang pananampalataya ng tao ay humihina, at ang kanyang pagmamahal sa Dios ay nanlalamig.
5. Ang Banal na Espiritu ay nananaway ng matindi.
6. Ang tao ay umiiwas mula sa masakitna tinig ng Banal na Espiritu at nakikinig sa kaakit-akitna tinig ng tukso.
7. Nagsisimula ang masamang pagnanasaat pinupuno ang kanyang puso; ang pananampalataya at pagmamahal ay nawawala; nagiging handa siyang gawin angkasalanan.

---

[63] Paraphrased in *A Timeless Faith: Wesley for the 21st Century,* edited by Stephen Gibson.

Ang prosesong ito ay maaaring hindi matagal. Maaari itong mangyari sa loob ng ilang minuto.

Sapagkat ang tukso ay lumalaki ang kapangyarihan nito habang nakukuha ang ating atensyon, ang taong gumugugol ng oras upang magpasya kung gagawin niya ito o hindi ay naglalagay sa kanyang sarili sa mas malaking panganib. Ang mananampalataya na seryoso sa pagpapanatili ng katagumpayan laban sa kasalanan ay dapat na maitatag ang kanyang puso upang agad niyang matanggihan ang tukso. Ang isang taong nag-aalangan ay nagpapakita na ang kanyang puso ay hindi ganap na determinadong bigyang kaluguran ang Dios.

Ang tukso ay isang hamon sa ating pananampalataya, sapagkat ang tukso ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong pagdudahan kung ang pagsunod ba sa Dios ay ang pinakamabuting paraan sa sandaling iyon.

Kung ang isang mananampalataya ay tila hindi makapamuhay ng may katagumpayan laban sa kasalanan, marahil ay dahil ito sa isa o higit pang mga problema na tinutukoy sa mga sumusunod.

1. Hindi niya nakikita na inuutos ng Dios ang pagsunod.
2. Hindi niya nakikita o naniniwala sa pangako ng Dios na nagbibigay ng tulong sa pamamagitan ng biyaya.
3. Hindi siya umaasa sa pagbibigay ng tulong ng Dios at sa halip ay umaasa sa sarili niyang kakayahan.
4. Pinipili lamang niya ang mga sinusunod sa Dios, sa halip na kumpleto, walang pasubaling pagsunod.
5. Hindi siya naghahangad ng biyaya upang magkaroon ng isang motibo na gawin ang kalooban ng Dios.64
6. Hindi niya pinapanatili ang mga espirituwal na disiplina na nagpapalago ng kanyang pananampalataya at kaugnayan sa Dios.

## Ilustrasyon

Tatlong lalaki ang nag-aply para sa isang trabaho bilang driver. Ang unang lalaki, ay nais na mapabilib ang inaasahang amo, ay nagsabi ng, "Ako ay isang dalubhasang driver na kahit magmaneho ako ng mabilis sa gilid ng bangin ay wala kang kang alalahanin." Ang pangalawang lalaki ay ayaw rin magpatalo, kaya sinabi niya, "Kaya kong magmaneho ng mas mabilis sa gilid ng bangin ng hindi nahuhulog dito." Ang pangatlong lalaki ay nag-alinlangan, kaya sinabi niya sa posible nilangmaging amo, "Hindi ko ipagsasapalaran ang

[64] Filipos 3:13-15.

inyong buhay sa pamamagitan ng pagmamaneho malapit sa bangin." Sino sa tingin ninyo ang tatanggapin?

Hindi nation dapat sinusubukan na makita kung gaano tayo kalapit sa tukso. Nais ng Dios na bigyan tayo ng mga personal na alituntunin na magbabantay sa atin mula sa mga bahagi ng ating kahinaan. Kapag may mga pagpipilian tayo, dapat tayong lumayo sa mga bagay na nagpapahina sa ating espirituwal na kalagayan, katulad ng mga maling libangan.

### Kung ang Isang Mananampalataya ay Nagkasala

► Kung ang isang mananampalataya ay nagkasala, gaano katagal ang dapat niyang intayin bago maibalik ang kanyang relasyon sa Dios?

Kung ang isang mananampalataya ay nakagawa ng isang kasalanan, dapat siyang magsisi kaagad, at maipapanumbalik siya sa pamamagitan ng ating tagapamagitan, si Cristo Jesus.[65] Hindi siya dapat mag-intay ng ilang panahon na sa palagay niya ay mag maginhawa para sa kanya. Kung nais niyang mapanumbalik, ang Banal na Espiritu ay binibigyan na siya ng pagnanasang iyon at ibinabalik siya sa kanyang relasyon sa Dios. Kung ang kanyang pagsisisi ay totoo, siya ay mapapanumbalik kaagad.

Ginawa na ng Dios ang kataas-taasang **pamumuhunan**para sa ating kaligtasan, sa pamamagitan ng handog ni Jesus. Hindi niya hahayaang masayang ang pamumuhunan na iyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng biyayang kailangan natin upang magpatuloy.

> "Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait sa halip ay ibinigay para sa atin, tiyak na ibibigay din niya sa atin ang lahat ng bagay?" (Roma 8:32).

*(Naka-print sa worksheet ng mga mag-aaral)*

> "Sa kanya na makakapag-ingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makakapagharap sa inyo ng walang kapintasan at may malaking kagalakan sa kanyang kaluwalhatian, sa iisang Dios na ating Tagapagligtas, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon, sa kanya ang kapurihan, karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan, mula pa noong una, ngayon at magpakailanman. Amen." (Judas 24-25).

[65] 1 Juan 2:1-2.

## Para sa Pagbabahagi sa Grupo

Ibahagi mula sa iyong karanasan kung paano nakakatulong sa isang tao ang maunawaan ang proseso ng tukso patungo sa kasalanan upang mapigilan ang pagkontrol ng tukso sa kanyang isipan. Pahintulutan ang iba na magbahagi rin ng katulad nito.

► Hilingin sa isang tao na ibahagi kung paano ang isa o higit pa sa anim na mga problema na nakalista sa itaas ay nagiging hadlang para makapamuhay siya ng may katagumpayan.

► Hilingin sa mga mag-aaral na nakikipagbaka sa tukso na mangakong pagsasanayan ang mga aral sa leksiyong ito. Halimbawa . . .

► "Matutukoy mo ba ang tukso kapag ito ay dumating, hindi mo ito bibigyan ng pansin sa halip ay itatakwil mo agad ito at aasa sa kalakasan mula Dios?"

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Nagpapasalamat ako na naiintindihan mo ang lahat tungkol sa akin. Alam mo ang aking mga limitasyon at kahinaan. Salamat sa paglilimita ng mga tukso na dumadating sa akin at pagbibigay ng biyaya upang makapamuhay ako ng may katagumpayan.

Tulungan mo akong laging sundin ang patnubay ng Banal na Espiritu. Tulungan mo akong palaging tanggihan ang kasalanan sa sandaling maramdaman ko ito.

Tulungan mo akong alalahanin na ikaw lamang ang makapagbibigay kasiyahan sa aking puso.

Idinadalangin ko ito sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Basahin ang Pahayag 2-3. Ang mga kabanatang ito ay naglalaman ng mga liham sa pitong iglesia. Nahaharap sila sa maraming iba't-ibang tukso at mga hamon sa buhay. Pansinin ang bawat pangakong ibibigay na nasa bawat dulo ng talata "sa kanya na magtatagumpay."

# Leksiyon 1
# Ang Nakapagliligtas na Tagpo

### Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Ang isang nakapagliligtas na tagpo sa Dios ay nagsisimula sa aking relasyon sa kanya."

### Panimula

Ang pinakasimula ng isang relasyon ay isang ________________________.

Ano ang kinakailangan para sa pakikipagkasundo kapag ang isang tao ay nakagawa ng pagkakamali sa iba?

1. Ang nagkamali ay dapat na_______ at________.
2. Ang nagawan ng pagkakamali ay dapat handa na_________.

Sa unang pagkakataon na makatagpo natin ang Dios, mayroon ng problema sapagkat nakagawa tayo ng kasalanan laban sa kanya. Ang problemang iyon ay dapat na matugunan bago magsimula ang isang relasyon.

### Ang Kalagayan ng Taong Hiwalay sa Dios

Ano ang kalagayan ng taong hiwalay sa Dios na inilarawan sa Efeso 2:2-3?

► Problema ba para sa isang mabuting tao na mamuhay ayon sa kanyang sariling pamamaraan? Tingnan ang Isaias 53:6.

### Ang Pagkilos ng Biyaya ng Dios

Ibinigay ng Dios ang ___________ para sa ating kapatawaran at binigyan tayi ng pagnanais at ____________upang makatugon sa kanyang alok.

Kung walang _________, ang isang makasalanan ay hindi maaaring makalapit sa Dios.

► Basahin ang Efeso 2:4-5.

Kung ang isang tao ay hindi pa ligtas, hindi ito dahil wala siyang_________, ngunit ito'y dahil hindi siya makatutugon sa biyayang mayroon siya.

### Ang Personal na Pagtatagpo

Ang isang tao ay nagiging isang Kristiyano sa sandaling ______________kasama ang Dios.

Paano inilarawan ng Gawa 26:18 ang pagbabago na ginagawa ng ebanghelyo sa isang makasalanan?

Ang isang tunay na Kristiyano ay nagkaroon ng isang tunay na pakikipagtagpo sa Dios nang nagsisi siya sa kanyang mga kasalanan,[66]sa pamamagitan ng pananampalataya ay tinanggap niya ang kapatawaran,[67] at itinatalaga ang kanyang buhay sa pagsunod sa Salita ng Dios.[68] Ang pakikipagtagpo na ito ang nagsisimula ng kanyang personal na kaugnayan sa Dios.[69]

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat sa pag-abot sa aking nang ako ay maligaw at lubos na nangangailang ng gabay mo. Salamat sa pagbibigay ng handog sa pamamagitan pagkamatay ni Jesus sa krus upang ako ay mapatawad.

Salamat sa pagpapakita sa akin ng aking kasalanan, sa pagbibigay sa akin ng pagnanais na mapatawad, at sa pagbibigay ng kakayanang tumugon sayo.

Salamat sa mga magagandang pagbabago na ginawa mo sa buhay ko. Nais kong laging mamuhay ng may pagsunod at pagmamahal sayo.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Basahin ang Efeso 2. Pagbulay-bulayan ang dakilang pagkilos na ginawa ng Dios sa ating buhay. Ang talata 1-3 ay naglalarawan ng ating dating kalagayan; ang talata 4 ay naglalarawan sa pagbabagong ginawa ng Dios. Pansinin ang mga sanggunian sa pakikipag-ugnayan sa buong kabanata, lalo na sa mga talata 4, 6, 7, 14, at 19. Sumulat ng ilang talata tungkol sa iyong nakita.

[66] Lukas 13:5 "Sinasabi ko sayo . . . lahat kayo ay hahatulan malibang kung kayoay magsisi."
[67] Efeso 2:8 "Dahil sa biyaya ikaw ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; ito ay regalo ng Dios."
[68] 1 Juan 3:6 "Ang sinumang nananatili sa kanya ay hindi nagkakasalan. Ang sinumang nagkakasala ay hindi pa siya nakita o nakilala man lang."
[69] 1 Juan 1:3 ". . . upang maging kaisa namin kayo sa Ama at sa kanyang Anak na si Cristo Jesus."

# Leksiyon 2
# Katiyakan ng Pagtanggap ng Dios

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Tinanggap ako ng Dios bilang kanyang anak nang ako'y magsisi at sumampalataya sa kanyang pangako. "

## Panimula

Tinitiyak sa atin ng Biblia na maaari tayong magkaroon ng kasiguraduhan na tinanggap tayo ng Dios.

► Basahin ang Roma 8:16.

Ang katiyakan na ito ay kumpleto na maaari tayong magkaroon ng katapangan sa Araw ng Paghuhukom, na hindi nag-aalala kung papasa ba tayo o hindi sa pagsusuri ng Dios.

► Basahin nag 1 Juan 4:17.

Ang mananampalataya ay makakatiyak sa kanyang kaligtasan sa pamamagitan ng pagkakaalam na sinunod niya ang ___________na paraan patungo sa kaligtasan.

**Ang Pagsisisi**ay nanganaghulugang nakikita ng isang makasalanan ang kanyang sarili bilang ___________ at karapat-dapat na parusahan (1 Juan 1:9), at handa talikuran ang kanyang mga kasalanan (Isaias 55:7).

Kung ang isang tao ay hindi nakikita ang kanyang sarili bilang tunay na nagkasala, walang maidadahilan, at karapat-dapat na parusahan, ang taong ito ay hindi nagsisi.

**Ang Pananampalataya** ay kinakailangan para sa kaligtasan, na nangangahulugang . . .

1. Nakikita niyang wala siyang magagawa upang __________ ang kanyang sarili.

► Basahin ang  Efeso 2:8-9

2. Naniniwala siya na ang handog ni Cristo ay ___________ para sa kanyang kapatawaran.

► Basahin nag 1 Juan 2:2

3. Naniniwala siyang nangako ang Dios na patatawarin siya sa isang kundisyon na ___________.

► Basahin nag 1 Juan 1:9

Kung siya ay tunay na nagsisi at naniniwala ayon sa itinuro ng Biblia, mayroon siyang ________ na maniwalang pesonal siyang pinatawad ng Dios.

Mayroong isang espesyal na katibayan na ibinigay ang Dios sa nagsisising mananampalataya sa oras na siya ay nagsisi at naniwala.

> “At ang Espiritu na tinanggap ninyo ay hindi kayo inalipin upang muling matakot, sa halip ay ginawa kayong mga anak ng Dios. Ngayon, sa pamamagitan ng Banal na Espirituay matatawag na ninyong, "Ama, ang Dios." Ang Banal na Espiritu at ang ang ating espiritu ay parehong nagpapatunay na tayo’y mga anak ng Dios.”[70]

Kung ang isang tao ay sumusunod sa pamamaraan ng Banal na Kasulatan para sa kaligtasan at umaasa sa Banal na Kasulatan para sa paraan ng aagarang katiyakan, sa halip na iba pang uri ng katiyakan, malamang na hindi siya malilinlang. Ang katiyakang ito ay batay sa Salita ng Dio, na lubos na maaasahan. Ang Dios ay tapat sa kanyang mga pangako.

### Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat sa iyong pangako na patatawarin ang isang makasalanan na nagsisisi at naniniwala. Nagsisisi ako sa aking mga kasalanan, at naniniwala ako sa iyong pangako.

Alam ko na ang handog ni Jesus sa krus ay sapat upang ako ay mapatawad.

Alam ko na hindi ko kailangang matakot sa araw ng paghuhukom dahil ang aking mga kasalanan ay pinatawad na.

Salamat sa patotoo ng iyong Banal na Espiritu na ako’y iyong anak.

Amen

### Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang Hebreo 10:11-25. Ano ang batayan para sa personal na katiyakan na ibinigay sa talatang ito? Ano ang mga tagubilin na ibinibigay sa atin sapagkat mayroon tayong katiyakan? Ilista ang mga utos at isaalang-alang kung paano ito personal na matutupad.

[70] Roma 8:15-16.

# Leksiyon 3
# Pakikipag-usap sa Dios

**Ang Isang Buod ng Leksiyon**

"Mas makikilala ko ang Dios dahil nakikipag-usap Ako sa kanya sa panalangin."

**Panimula**

Ang pagsasanay na manalangin ay isa sa mga marka ng isang Kristiyano, ngunit ang mga tao sa ibang relihiyon ay nananalangin din. Paano naiiba ang pananalangin ng isang Kristiyano?

**Ang isang Kristiyano ay hinahanapang _____________ sa pananalangin.**

Bilang mga Kristiyano ay pinagkakatiwalaan natin ang kalooban ng Dios na magiging mas mabuti ito para sa atin kaysa sa ating sariling _________. Alam natin ito dahil ang Dios ay may perpektong ________ at perpektong pag-ibig, ang kalooban ng Dios ay ang siyang pinakamabuting bagay na maaaring mangyari sa atin.

Iniiwan natin ang pagpili sa Dios sapagkat _______ natin siya.

Ang pananalangin ay hindi lamang pagsusumite ng isang listahan ng mga kahilingan; ito ay ___________ kasama ng Dios.

**Ang isang Kristiyano ay pinahahalagahan ang kanyang kaugnayan sa Dios ng higit sa ________ na nakukuha niya mula sa Dios.**

Ang pinakahinahanap natin sa pananalangin ay ang Dios mismo.

"Ang ating oras sa Dios at ang ________na inilalaan natin dito ay ang tunay na sukatan ng ating pag-ibig sa kanya."

Ang pinakamagandang relasyon ay may kabuuang ______________.

**Ang Pananalangin ay isang tanda ng espirituwal na _________.**

Ang panalangin ay ang_________ng kaluluwa–na isang mahalagang espirituwal na katangian.

Humihinga tayo sa espepirituwal na buhay mula sa Dios – at ibinabalik ang papuri at _________, na lubos na naipapahayag sa ating pananalangin.

**Kailan k dapat manalangin?**

- 
- 
- 
- 
- 

**Sa buod . . .**

Ang panalangin ng isang Kristiyano ay naiiba sa paganong pananalangin sapagkat nais natin ang _________ ng Dios at pinahahalagahan natin ang pagkakakilala sa Dios higit sa pagpapahalaga sa kung ano ang ________natin mu sa kanya.

Ang panalangin ay isang __________________ng ating pag-ibig sa Dios.

Ang Panalangin ay isang espirituwal na "mahalagang katangian" na nagpapakita na tayo ay espirituwal na _________.

**Panalangin**

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat sa dakilang pribilehiyo na makausao kayo. Nagagalak ako na nakakausap ko kayo tungkok sa aking mga pangangailangan; ngunit, higit sa lahat, nagpapasalamat ako sa pribilehiyong makilala kita.

Tulungan mo akong ipakita ang aking pagmamahal sayo sa pamamagitan ng madalas na pakikipag-usap sayo. Palakihin mo ang aking pag-ibig para sayo dahil nagsisimula na akong makilala ka ng mas mabuti.

Tulungan mo ako na gawing pinakamahalaga sa buhay ko ang aking oras sayo.

Amen

**Takdang Aralin na Pag-aaral**

Tingnan ang mga pahayag ni Jesus tungkol sa panalangin sa Mateo 6:5-18. Ilista ang mga sanggunian na tungkol sa mga personal na pangangailangan at sanggunian na tungkol sa kaugnayan sa Dios.

# Leksiyon 4
# Pagpapalawak ng Aking Pagsunod

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Mas mabuti kong nakikita ko at nasusunod ang kalooban ng Dios habang lumalago ang pagmamahal ko sa kanya."

## Panimula

► Basahin ang Filipos 1:9-11.

Ipinanalangin ni Pablo na patuloy nilang mas mahalin ang Dios at, sa pamamagitan ng pag-ibig na iyon, ay magamit upang mas maunawaan ang ________ ng Dios.

Dapat nating asahan na patuloy niyang babaguhin ang ating buhay dahil sa pagbibigay ng Dios ng _____________.

## Ang ilang bahagi kung saan ang isang mananampalataya ay dapat na mapabuti

**(1) Pag-iingat ng____________.**

Mayroon bang mga bagay na iyong ginagawa na ayaw mong gawin ng iba?

**(2) Pagtitimpi.**

Kinokontrol mo ba ang iyong ___________ at naisin ng sapat ang mga bagay na dapat mong gawin?

**(3) Pangangalaga sa Kalusugan.**

Pinangangalagaan mo ba ang iyong katawan bilang isang bagay na hindi maaaring mapalitan ng ________ upang kumilos para sa Dios?

**(4) Papili ng mga Libangan.**

Ang iyong libangan ba ay may posibilidad na dalhin ka sa mga pakikibaka sa tukso sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga maling kaisipan o pag-uugali? Mag-ingat sa anumang nagpapakita ng kasalanan bilang ______________ o ___________.

**(5) Pag-uugali.**

Ang mga taong iyong nakakasalamuha ay may mga kaugalian para sa pagpapakita ng kanilang paggalang. Dapat mong matutunan na maging magalang sa paraang kinikilala nila. Dapat kang maging magalang kahit na hindi kagalang-galang ang isang tao.

**(6) Etika sa Negosyo.**

Ikaw ba ay ganap na _____________ sa lahat ng iyong transaksyon?

**(7) Pagiging Eksakto sa Oras.**

Binibigyan mo ba ng halaga ang oras ng iba sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang ___________ hanggat maaari?

**(8) Pananamit.**

Ipinapakita ba ng iyong pananamit ___________ ang kahalagahan ng pagiging desente, kababaang-loob, at pagiging matipid?

**(9) Pananalita.**

Ang iyong pananalita ba ay __________ at magalang sa Dios at sa ibang tao?

**(10) Maaasahan.**

Pinapanatili mo ba ang ________________?

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Nais kong patuloy ninyon palaguin ang aking pagmamahal sa inyo. Nais kong mas maunawaan ang iyong kalooban para sa akin.

Tulungan mo akong matuto na maunawaan kung ano ang pinaka nakalulugod sayo upang makapamuhay ako ng isang buhay na may kadalisayan ay walang pagkakasala.

Tulungan mo akong makita ang mga ugali at gawi na kailangang baguhin at upang mapalitan ito ng mga ugali at gawi na nakakalugod sayo.

Inais kong magbunga para sa kaluwalhatian ng Dios.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang 1 Corinto 13. Inilalarawan ng kabanatang ito ang buhay ng isang tao na may pagmamahal na dapat mayroon ang bawat isa sa pakikitungo sa ibang tao. Hayaan mong ipakita sayo ng Dios kung paano ka niya nais na bahugin upang gawing maspuno ng pagmamahal. Maglista ng ilang pagbabago na nais mong makita.

# Leksiyon 5
# Debosyonal na Pag-aaral ng Biblia

**Ang Isang Buod ng Leksiyon**

"Ang Salita ng Dios ay araw-araw ng nakakaapekto sa aking buhay at pananampalataya."

**Mga dahilan sa Pag-aaral ng Biblia**

**(1) Para sa isang Relasyon sa Dios.**

Sinasabi sa atin ng Awit 119 na ang Banal na Kasulatan ay isang pagpapahayag ng sariling katangian ng Dios at, samakatuwid ay, isang paraan upang makilala nag Dios.

**(2) Upang Malaman at Paniwalaan ang Katotohanan.**

Ang Biblia ay ang ating napagkukunan ng___________. (2 Timoteo 3:16)

**(3) Upang makakuha ng _____________ para sa Buhay.** (2 Timoteo 3:16)

**(4) Para sa Mabigsang ______________.** (2 Timoteo 3:16)

**(5) Para sa Espirituwal na _______________. Basahin ang Hebreo 5:12-13.**

**Ang debosyonal na pag-aaral ng Biblia ay walang layunin na katulad ng mga sumusunod:**

**(1) Upang Umimbento ng __________ Pagbibigay-kahulugan.**

Dapat tayong maging malikhain sa paglalapat at pagpapahayag ng Banal na Kasulatan, ngunit hindi tayo dapat umimbento ng pagbibigay-kahulugan.

**(2) Upang Kumolekta ng Ebidensya para sa ___________.**

Kung ang isang tao ay nagbabasa lamang ng Biblia para gamitin sa pakikipag-argumento, siya ay may baluktot na pananaw at nakikita lamang ang mga nais niyang makita.

**(3) Upang Maramdaman na _______________.**

Kung ang isang tao ay palaging mabilis na nilalagpasan ang mga talata upang humanap ng mga talatang makakatulong sa kanyang damdamin, hindi niya hinahayaan ang Biblia na magsalita tungkol sa buo nitong mensahe.

**Paano Debosyonal na Pag-aralan ang Biblia**

**(1) Magsimula sa pamamagitan ng pananalangin upang maunawaan ang talata.**

Ihanda ang iyong puso na tanggapin ang totoong mensahe ng talata. Hindi ka nag-aaral upang malaman lamang ang kakalooban ng Dios, ngunit upang gawin ito.

**(2) Pagbibigay-kahulugan sa talata.**

Ano ang talagang sinasabi ng talata? Pagbabago ng ayos ng mga salita at pagliligtas ng mga pahayag. Siguraduhin na ang iyong mga konklusyon ay hindi sumasalungat sa iba pang katuruan ng banal na kasulatan na binabanggit sa ibang talata.

**(3) Ilapat ng personal ang talata.**

Mayroon bang . . .

**K**asalanang kailangang iwasan o ihingi ng tawad?
**P**angakong kailangang panghawakan?
**U**galing kailangang baguhin?
**K**autusan na dapat sundín?
**H**alimbawa na dapat sundan?
**M**ga kailangang ipanalangin?
**M**ga pagkakamali na dapat tigilan?
**T**ukso na dapat iwasan?
**O** Isang Bagay na dapat ipagpasalamat at papurihan ang Dios?

Maaaring may ilan sa mga ito ang nasa isang talata.

**(4) Manalangin para sa katuparan ng katotohanan sa iyong buhay.**

Ipanalangin na gawin ng Dios ang kinakailangang pagbabago sa iyong puso at buhay.

**(5) Panalanging mabuti na matukoy kung ano ang babaguhin mo dahil sa pagsasabuhay na ito.**

Ang tiyak na pagbabago ay dapat . . .

- **Personal** – isang bagay na kailangan mong baguhin sa sarili
- **Praktikal** – hindi lamang theoretical, ngunit nagreresulta sa isang bagay na maaaring magawa
- **Mga pananagutan** – mga ginagawa sa loob ng isang itinakdang oras o panahon.

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat sa kayamaman na ibinigay mo sa amin na nasa Banal na Kasulatan.

Salamat sa pagpapakita sa amin ng katotohanan tungkol sa kung paano ka namin makikilala, kung paano mamuhay, at kung paano tumulong sa iba.

Tulungan mo akong pag-aral ang iyong salita ng may kasigasigan. Bigyan mo ako ng pang-unawa sa katotohanan na iyong ipinakita. Tulungan mo akong ipamuhay ito ng may katapatan.

Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang 1 Tesalonica 5, sundan ang mga hakbang sa debosyonal na pag-aaral ng Biblia na nakalista sa leksiyong ito. Ilarawan ang ilang personal na aplikasyon na natuklasan mo.

# Leksiyon 6
# Pananalangin Katulad ni David

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Ang pakikipag-usap sa Dios ay nagbibigay ng wastong kahulugan sa bawat bahagi ng aking buhay."

## Panimula

Marami sa mga Awit ay ____________, at may sinasabi sila sa tin tungkol sa panalangin.

Kung hihintoi ka sa pakikipag-usap sa Dios o ayaw mong pag-usapan ang ilang mga bagay, maaaring dahil sa palagay mo ay hindi ka maaaring __________ na kasama siya sa mga bagay na iyon.

Ipinakita ng mga Awit na dapat nating kinakausap ang Dios tungkol sa______________ sa sating buhay at lahat ng bagay na ating _________.

Kung ano ang sinasabi mo ay nagpapakita ng __________ng iyong relasyon.

Ang isang relasyon ay pagbabahagi ng ________.

Minsan ay nangyayari ang mga bagay sa isang relasyon na naglalagaydito ng________.

► Kamusta ang iyong kaugnayan sa Dios? Ito ay ___________ kung wala kang gaanong sinasabi.

Dapat tayong maging handa na mapanatili ang pagiging __________ sa pamamagitan ng ating kaugnayan sa kanya.

Ang lahat sa ating buhay ay nakukuha ang tunay nitong ___________ mula sa Dios.

Ang lahat ay nakukuha ang wastong__________ at___________sa pamamagitan ng lapit sa Dios para sa pagsasaayos.

Maliban kung ipinapanalangin mo ang lahat ng bagay.

- Ang mga bagay ay hindi magiging __________
- Ang pakiramdam ay mawawala sa _________________
- Ang mga pagpapasya ay magiging _______________
- Ang mga pag-uugali ay magiging _______________

Ang isang tao na nag-aalala tungkol sa maraming bagay ay hindi nananalangin ng madalas; ang isang taong nananalangin ng madalas ay hindi masyadong nag-aalala.

Ang Panginoon ay malapit sa mga may espiritung nagsisisi (Awit. 34:18). Dapat tayong maging _____________ at ______________, na ipinapahayag ang lahat sa Dios at hayaan siyang sumagot sa kanyang pamamaraan.

► Ano at tungkol saan ang mga sinasabi mo sa kanya?

► Ano ang ilang mga bagay na kailangan mong sabihin sa kanya?

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Nais kong itakda mo ang wastong halaga ng lahat ng mayroon ako at ang kahulugan ng lahat ng nangyayari sa akin. Nais kong ilapit sayo ang aking damdamin tungkol sa lahat ng bagay upang isaayos ang mga ito.

Tulungan mo akong buksan syo ang lahat ng bahagi ng aking buhay.

Nais kong maging lubos ang aking pagkakatalaga para sayo. Nais kong isama sa aking kaugnayan sayo ang lahat ng bagay tungkol sa akin.

Tulungan mo akong magpatuloy na mabago sa pamamagitan ng pagkakilala sayo ng mas mabuti.

Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralan na Pag-aaral

Pag-aralan ang Awit 34. Sumulat ng isang talata tungkol sa kumpiyansa ni David na ang lahat ay maaaring ilapit sa Panginoon. Pansining mabuti ang talata 15 at 18.

# Leksiyon 7
# Ang Pagpapadalisay ng Pananampalataya

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Lumalago ako sa aking espirituwal habang tinitiis ng aking pananampalataya ang mga pagsubok."

## Panimula

► Tingnan ang mga talatang ito: 1 Pedro 1:6-8, Hebreo 11:1, 6

Ang pinakapangunahing pananampalataya ay ang paniniwala na ang Dios ay ____________sa mga naghahanap sa kanya sa tamang paraan.

Ito ay upang maniwala na ang gantimpala mula sa Dios ay_____________at nagkakahalaga ng higit sa anupamang bagay.

Sa panahon ng mga pagsubok, natutukso tayo na pagdudahan na ibibigay ng dios kung ano ang_________ para sa atin.

Ang bawat pagsubok ay isang pagsubok sa ating___________.

Ang pananampalataya ay ang katagumpayan laban sa bawat __________.

► Basahin ang 1 Juan 5:4.

Ang mga pagsubok ay nagiging isang dahilan upang maisakatuparn ang proseso na kailangan natin.

► Basahin ang Santiago 1:2-4.

Ang mga pagsubok sa ating pananampalataya ay nagdudulot ng katatagan. Ang pagkakaroon ng katatagan ay nangangahulugan na __________ sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ang pinakamahalagang katangian ng isang Kristiyano ay hindi maaaring magbunga sa isang taong nabibigong magtiis sa pamamagitan ng pananampalataya.

## Mga uri ng Pagsubok

### (1) Napaka Hirap na _______________________.

Ang pagsubok sa pananampalatay ay ang tukso na. . .

- Magpasakop sa pagkabigo o glit, pagtanggap ng isang maling pag-uugali,
- Kumilos ng padalos-dalos upang baguhin ang mga pangyayari,

- Na suwayin ang Dios sa paraan ng pag-aayos ng problema sa iyong sariling pamamaraan.

**(2) Walang katarungan at ________________.**

Ang pagsunok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Na tratuhin ng mali ang ibang tao dahil mali ang kanilang nagawa,
- Hindi handang hintayin ang hustisya na ipapatupad ng Dios,
- Upang tumanggi na magpatawad at magmahal katulad ng ginawa ni Cristo.

**(3) Pisikal na ______________.**

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Na magpasakop sa depresyon,
- Upang maghanap ng kaligayahan o libangan sa labas ng kalooban ng Dios.

**(4) ________________.**

Ang mga trahedya ay ang kakila-kilabot na mga kaganapan na maaaring magmukhang winawasak tayo. Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na . . .

- Pagdudahan ang pag-ibig at kabutihan ng Dios,
- Pagdudahan ang kakayanan ng Dios.

**(5) ________________.**

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na magpasakop sa iyong sariling pang-unawa sa halip na sa kilalang kalooban ng Dios.

**(6) ________________.**

Ang pagsubok sa pananampalataya ay ang tukso na magpasakop na iwasan ang pagdurusa.

**(7) Ang tukso sa _________.**

Ang pagsubok sa pananamapalataya ay ang tukso na magpasakop sa pang-aakit ng kasalanan.

► Basahin ang 1 Corinto 10:13.

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat na palagi mo akong sinasamahan, at tinutulungan sa bawat pagsubok. Tulungan mong maging matatag ang aking pananampalataya. Tulungan mo akong alalahanin na ang mga mahihirap na sitwasyon ay isang hamon sa pananamapalataya at ang aking pananampalataya ay dapat maging matatag.

Nais kong magpatuloy na magtiwala sayo kahit na ano ang mangyari. Ipapakita ko ang aking tiwala sa pamamagitan ng pagsunod sayo sa lahat ng oras.

Salamat sa pagpapalago ng aking pananampalataya na nagaganap habang dinadala mo ako sa katagumpayan sa mga pagsubok.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang Santiago 5:7-11. Pansinin ang mga kadahilanang ibinigay upang makapagtiis tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Binanggit ang mga propeta bilang mga halimbawa. Anong mga tao ang kilala mo na nagtiis ng hirap sa pamamagitan ng pananampalataya? Paano kun hindi sila nagtiis?

# Leksiyon 8
# Pagbuo ng Mga Espirituwal na Disciplina

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Inilalaan ko ang aking oras at pagsisikap upang paunlarin ang aking kaugnayan sa Dios."

## Panimula

Ang mga espirituwal na disiplina ay mga kusang-loob na ginagawang pagsasanay sa isang nakatakdang iskedyul at pinapanatili para sa layuning mapanatili ang mga espirituwal na prayoridad at pagpapalago ng ating kaugnayan sa Dios.

## Ang ilang Dapat isa-alang-alang

- Ang mga ito ay _________ para isang layunin, at hindi bilang mismong layunin.
- Ang mga ito ay hindi tumpak na sukatan ng espirituwal na ________.
- Hindi sila kapalit para sa __________ ng Dios.
- Dapat silang ______________ para sa pinakamahusay na mga resulta.

## Isang lista ng Mga Espirituwal na Disiplina

**(1) ______________.**

**(2)_________ Pag-aralan.** Ipinapakita ng Awit 119 ang pagkilos ng Dios sa buhay ng isang mananampalataya.

**(3) ____________.** (Mateo 9:15, 6:16-18)

**(4) ______________ Pagdalo.** (Hebreo 10:25)

**(5) The _______________________ / Communion.** (1 Corinto 11:23-26)

**(6) Espirituwal na ____________________.** (Hebreo 13:17, Santiago 5:16, Galacia 6:2)

**(7) ____________________.** (Hebreo 13:16, 1 Corinto 16:2)

**(8) _______________.** (1 Corinto 12)

**(9) Isang espirituwal na ______________.** (Awit 78:11)

**(10) Debosyonal na ___________.**

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Tulungan mo akong mapanatili ang aking paglalaan ng isipan sa mga espirituwal na prayoridad s pamamagitan ng paglalagay ng isang lugar sa aking buhay para sa mga disiplinang ito. Nais kong ibigay sayo ang mga oras na nararapat para sa inyo.

Tulungan mo akong maging matapat sa aking mga pangako. Gabayan mo ako mula sa mga pagmamalaki sa aking paglagong espirituwal.

Tulungan mong matandaan ko na ang aking mga espirituwal na disiplina ay upang maipahaya ko ang aking pag-ibig at pananampalataya sayo.

Salamat sa iyong biyaya na kumikilos ng higit sa aking magagawa.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Hanapin ang mga sanggunian na ibinigay s listahan ng mga espirituwal na disiplina. Pansinin kung paano binanggit ang kahalagahan nito sa buhay ng isang Kristiyano.(Ang Awit 119 ay pinag-aralan na noong nakaraan, kaya hindi na kinakailangang suriin muli ang buong kabanata sa linggong ito.)

## Chart para sa Personal na Disiplina sa Espirituwal

**(1) Pananalangin.**

Mananalangin ako araw-araw tuwing __________ sa loob ng ____________ minuto.

**(2) Pag-aaral ng Biblia.**

Mag-aaral ako ng Biblia araw araw tuwing __________. Susukatin ko ang aking pag-aaral sa pamamgitan ng ____________________________________________ (oras o iba pang paraan).

**(3) Pag-aayuno.**

Mag-aayuno ko bawat linggo tuwing ____________ para sa ___________ (haba ng oras).

**(4) Pagdalo sa Iglesia.**

Ako ay dadalo sa mga sumusunod na gawain ng iglesia at sa regular na pag-aaral ng Biblia:

Araw____________ Oras ____________

Araw____________ Oras ____________

Araw____________ Oras ____________

**(5) Ang Banal na Hapag/ Lord's Supper / Communion.** Makikilahok ako sa communion na inaalok sa aking iglesia, na inaalok bawat ______________ (ilarawan kung gaano kadalas).

**(6) Espirituwal na Pananagutan.** Iuulat ko ang aking espirituwal na kalagayan at tatanggap ng espirituwal na patnubay mula sa _______________ (tiyak na tagapagturo sa espirituwal) tuwing ________ (oras).

**(7) Pagkakaloob.** Ako ay magbibigay ng aking kaloob sa __________________ (tiyak na iglesia).

**(8) Ministeryo.** Regular akong maglilingkod sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

________________________________________________________________________

**(9) Journal.** Pananatilihin ko ang isang journal kung saan ko ina-update ang ______ beses bawat linggo.

**(10) Gagawin ko ang mga sumusunod na debosyonal na pagbabasa:** ____________________________________________________________________

Petsa ng Pangako ____________

Na Pananatilihin hanggang ____________

# Leksiyon 9
# Pagtanggap sa Espirituwal na Pananagutan

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Hinuhubog ako ng Dios sa isang malapit na pamayanan ng mananampalataya."

## Panimula

Upang magkaroon ng espirituwal na pananagutan ay dapat makapagbuo na isang relasyon sa isang tao o pangkat kung saan ang isang tao ay tumatanggap ng espirituwal na ____________ at kung kanino siya nag-uulat ng . . .

1. Kanyang espirituwal na ___________,
2. Ang kanyang mga katagumpayan at pagkabigo sa espirituwal na _____________, at
3. Kanyang mga pangako para sa ____________.

## Bakit Natin Kailangan ng Espirituwal na Pananagutan

Kung walang espirituwal na pananagutan ay hindi natin matutupad ang lahat ng kautusan sa Banak na kasulatan, at napapabayaan natin ang isang paraang idinisenyo ng Dios para sa pagbibigay sa atin ng biyaya para sa katagumpayan at espirituwal na paglago. Ano ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa espirituwal na pananagutan?

► Santaigo 5:16, Galacia 6:2, Hebreo 10:24, Hebreo 13:17

Itanong sa iyong sarili ang mga katanungang ito upang matukoy kung ang espirituwal na pananagutan ay mayroon sa iyong buhay.

Anong mga kaugnayan ang mayroon ako na nagiging posible na . . .

- May tumulong sa akin na pasanin ang aking pinakaseryoso kong problema,
- Kung saan inaamin ko ang aking mga pagkkaamali sa isang tao,
- Kung saan may natutulungan ako sa kanyang mga pasanin, at
- May isang taong tumutugon sa aking kasalukuyang espirituwal na kalagayan.

Mayroon bang mga oras na pakiramdam ko ay kulang ako ng ganitong uri ng mga relasyon?

- Mga oras kung kailan wala akong masandalan.
- Mga oras kung kailan nagagalak ako walang nakakaalam ng aking kalagayan.
- Mga oras na hindi ko gustong iulat ang aking mga espirituwal na disiplina.

Mayroon ba akong tinatanggang na tagapamahala sa esirituwal?

- Ano ang ilan pagkakataon kung saan ay nagpasakop ako sa kanyang mga direksyon?
- Sinusunod ko ba ang kanyang mga babala tungkol sa mga espirituwal na panganib?

**Paano ako makakabuo ng mga relasyon na magtatatag ng espirituwal na pananagutan?**

Ang Espirituwal na pananagutan ay pinakamahusay na gagana kung mayroong . . .

- ________________
- Katiyakan na tatanggapin ka ng iba at _________ tungkol sayo
- Itinakdang oras upang ____________.

Sa pagbibigay ng pananagutan sa isang tao ay nangangahulugan na regular kang magtatanong kung . . .

- Kamusta ka sa iyong mga espirituwal na **disiplina**?
- Nagkakaroon ka ba ng espirituwal na **katagumpayan**?
- Sumusunod ka ba sa **mga pangako** na iyong ginawa kamakailan lang?
- Ano ang mga tiyak na pangako ang kailangan mong gawin dahil sa katotohanan na iyong natutunan?

**Panalangin**

Aming Ama na nasa Langit,

Nais kong maging tapat na sumunod sa lahat ng inyong kautusan sa inyong Banal na Kasulatan. Nais kong tulungan ang aking mga kapatid na pasanin ang kanilang mga psanin; Nais kong hikayatin sila; Nais kong aminin ang aking mga pagkukulang sa kanila upang maipanalangin nila ako.

Nais kong tanggapin ang mga tagapamahala sa espirituwal na iyong tinawag upang mangalaga sa akin.

Bigyan o ako ng kababaang-loob na kinakailangan upang amini ang aking mga pagkakamali at pag-ibig na kinakailangan ko upang matulungan ang iba sa kanilang mga pagkakamali. Tulungan mo akong huwag magalit kapag ako ay itinatama o nakakasakit kapag itinatama ang iba.

Salamat sa espirituwal na pamilya na ibinigay mo upang matulungan akong lumago sa espirituwal.

Amen

**Takdang Aralin na Pag-aaral**

Hanapi ang apat na talata na tinalakay s ilalim ng puntong "Bakit Natin Kailangan ang Espirituwal na Pananagutan." Basahin ang bawat talata na nakalagay. Subukang umisip ng mga partikular na paraan kung saan nasunod mo ito kamakailan. Ano ang ilang mga aksyon na maaari mong simulan upang mas mahusay na masunod ang mga ito?

# Leksiyon 10
# Passion para sa Misyon

### Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Mayroon akong taimtim na sigasig para sa kaligtasan ng mga makasalanan."

### Panimula

► Paano ipinapakita ng bawat sumusunod na talata na ang pag-eebanghelyo ay isang priyoridad ng Banal na Kasulatan?

- Mateo 9:36-38
- Mateo 28:18-20
- Gawa 4:29
- Gawa 11:18
- Filipos 1:18
- Efeso 6:19
- Romas 10:13-15

### Bakit Dapat Naisin ng Isang Mananampalataya ang Pagbabalik-loob ng mga Makasalanan

- Dapat niyang naisin na sundin ang ___________ ni Jesus na iniwan ang langit upang mabuhay at mamatay para sa kaligtasan ng mga makasalanan.

- Dapat niyang naisin na maluwalhati ang Dios sa pamamagitan ng pagbabalik-loob ng ________ patungo sa isang sumasamba sa Dios.

- Dapat niyang makita ang pagkalat ng ebanghelyo bilang isang ___________ ni Cristo at ng kanyang pagbabayad-sala.

- Dapat niyang naisin na makilahok sa gawain na ___________ ng Dios.

- Dapat siyang magkaroon ng kahabagan para sa mga makasalanan na nahaharap sa ___________ paghuhukom para sa kanilang mga kasalanan.

### Bakit hindi lahat ng Kristiyano ay nangangaral ng ebanghelyo?

- Kakulangan ng pangkalahatang espirituwal na ___________
- Hindi niya nararamdaman ang personal na ___________ para magbahagi ng ebanghelyo
- Hindi alam kung paano magbukas ng isang espirituwal na ___________
- Hindi alam kung paano ibabahagi ang ___________ sa isang katanggap-tanggap na paraan
- Natatakot na hindi masagot ang ___________

- Nahihiya sa pagiging iba mula sa __________
- Nagdududa na ang kanyang mga pagsisikap ay magiging __________

## Pangunahing Kadahilanan

Kung ang isang mananampalataya ay walang sigasig sa espirutwal na mga bagay, kailangan niya ng personal na muling pagkabuhay.

Kailangan ng bawat mananampalataya na . . .

1. __________– kailangan niyang maunawaan kung ano ang ginawa ng Dios upang gawing makapangyarihan ang ebanghelyo.
2. __________– kailangan niyang maging handa na ibahagi ang ebanghelyo.

► Ano ang kailangan mo upang makapagsimula ka?

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Gayon na lamang ang pag-ibig mo sa mundo na ipinadala mo ang iyong Anak upang mamatay para sa aming kaligtasan. Nais kong mahalin ka ng lubusan upang makibahag sa iyong pagnanais na mailigtas ang mga makasalanan. Alam kong nakalulugod sayo na ilapit ko ang ebanghelyo sa mga makasalanan.

Nais kong maluwalhati ka sa pamamagitn ng pagsisisi ng mga makasalanan at maging mga mananampalataya na sumasamba sayo.

Nais kong madama ang kahabagan na nadama ni Jesus para sa mga makasalanan.

Hinihiling ko ang inyong gabay at bigyan nyo ng kapangyarihan ang aking mga pagsisikap. Tulungan mo akong makipagtulungan sa pagkilos ng iyong Banal na Espiritu na naglalapit ng mga makasalanan patungo sayo.

Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralang muli ang pamamaraan para sa pagbabahagi ng ebanghelyo na itinuro sa leksiyon 6 o ibang pamamaraan na nais mo. Isaalang-alang ang mga insidente ng pagbabahagi ng ebanghelyo kamakailan at subukang tukuyin kung ano ang mga karagdagang pag-aaral o pagsasanay ang maaaring magpalaki ng iyong pagiging epektibo. Gumawa ng isang tiyak na pangako para sa paghahandang iyon.

# Leksiyon 11
# Kailangan Natin ang Iglesia

**Ang Isang Buod ng Leksiyon**

“Hindi ko matutupad ang lahat ng layunin ng Dios kung mag-isa akong kikilos.”

**Panimula**

Ang iglesia ay ______ at Pangkalahatan . . . Efeso 1:22-23, Efeso 4:4

. . . Gayunpaman, ang iglesia ay ___________ din.

**Ang Ilang Layunin ng Lokal na Iglesia ay Matatagpuan sa Bagong Tipan**

1. ___________ at pagpapahayag sa isang kongregasyon (1 Corinto 14:12).
2. Pagtuturo ng mga pundasyong ___________ (1 Timoteo 3:15).
3. Pagpapadala ng mga tao na magbabahagi ng ebanghelyo at ___________ (Mateo 28:19-20).
4. Suporta s pananalapi ng ____________ (1 Timoteo 5:17-18).
5. Pagpapadala at pagsuporta sa___________ (Gawa 13:2-4, Roma 15:24).
6. Tulong pinansyal para sa___________ na nangangailangan (1 Timoteo 5:3).
7. Pagdidisiplina ng ___________ ng mga nahulog sa kasalanan (1 Corinto 5:9-13).
8. ___________ at Banal na Hapag/Lord's Supper (Mateo 28:19, 1 Corinto 11:23-26).
9. Pangangalaga ng mga mananampalataya sa isang Kristiynong ___________ (Gawa 2:42).

Ang mga layuning ito ay hindi maaaring matupad ng mga kumikilos na indibidwal na ___________.

Ang Dios ay may isang plano ng pagpapatakbo para sa isang _________ katawan ng mga mananampalataya. Ibinibigay niya ang kinakailangan at nangangailangan ng isang nakatalagang tugon mula sa atin.

| Mga Kinakailangang aspeto | Pagkilos ng Dios | Kinakailangang tugon ng Miyembro |
|---|---|---|
| Tagapamuno | Pagtawag sa mga pastor | Magpasakop sa pangangalaga |
| Mga pananalapi | Nag-uutos na suportahan | Mag-commit sa suportang pinanyal |
| Espirituwal na kaloob | Nagbigay ng espirituwal katangian | Gamitin ang espirituwal na kaloob para na sa paglilingkod |
| Kooperasyon | Disenyo ng "katawan" | Makilala ang pagtutulungan |

Ang bawat Kristiyano ay dapat italaga ang kanyang sarili, ang kanyang mga kayamanan, at ang kanyang mga kakayahan upang tumulong sa isang lokal na iglesia sa pagtupad ng mga biblikal na layunin nito. Hindi niya natutupad ang kanyan layunin bilang isang Kristiyano, maliban kung gagawin niya ito.

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Salamat sa pagbibigay sa akin ng isang espirituwal na pamilya na nagbabahagi ng kanilang buhay sa akin. Salamat sa pagiging bahagi ng katawan na ginagawa ang iyong kaloopan sa lupa.

Tulungan mo akong alalahanin na kailangan ko ang iglesia at kailangan ako ng iglesia. Tulungan mo akong gawin ang mga pangakong kinakailangan ng lokal na iglesia mula sa mga miyembro nito upang maisakatuparan nito ang mga layunin nito.

Tulungan mo kaming lahat na maging isang templo kung saan nakatira ang Banal na Espiritu at nagbibibgay buhay sa iyong mga mamamayan.

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Pag-aralan ang 1 Corinto 12. Pagbulay-bulayan ang paglalarawan na ibinigay ng pagkakaugnay-ugnay ng mga kasapi ng katawan.

# Leksiyon 12
# Katagumpayan laban sa Tukso

## Ang Isang Buod ng Leksiyon

"Maaari akong manalo laban sa tukso sa pamamagitan ng patnubay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu."

## Tukso

► Basahin ang 1 Corinto 10:13.

Ang bawat tukso ay pangkaraniwan sa __________.

Alam ng Dios ang ating __________.

Nilalayon ng Dios na mamuhay tayo sa __________.

Ibinigay ng Dios kung ano ang ating _______ upang makapamuhay sa katagumpayan.

Ang biyaya para sa matagumpay na pamumuhay ay ibinigay bilang tugon sa pananampalataya. (1 Juan 5:4)

► Basahin ang Santiago 1:14-15.

Na-obserbahan ni John Wesley na ang mga hakbang sa pagkakasala ay karaniwang nangyayari tulad ng mga sumusunod.[71]

1. Ang isang tukso ay __________.
2. Binalalaan ng Espiritu ang mananampalataya na maging __________.
3. Ang tao ay nagbibigay ng __________ sa tukso at lalo itong nagiging kaakit-akit sa kanya. [Sa punto ng prosesong ito ay nagagawa ng tao ang una nitong pagkakamali.]
4. Ang Banal na Espiritu ay nalulungkot; humihina ang __________ ng tao; at lumalamig ang kanyang pag-ibig sa Dios.
5. Ang Banal na Espiritu ay nananaway ng matindi.
6. Ang tao ay tinatalikuran ang *masakit* na tinig ng Espiritu at nakikinig sa *nakaka-akit tinig ng tukso*.

---

[71] Paraphrased in *A Timeless Faith: Wesley for the 21st Century,* edited by Stephen Gibson.

7. Ang kasamaan __________ ay nagsisimula at pinupuno ang kanyang puso; ang pananampalataya ay pagmamahal ay nawawala; handa na siyang gumawa ng kasalanan.

Ang tukso ay isang hamon sa ating pananampalataya, sapagkat ang tukso ay nagbibigay sa atin ng pagkakatong pagdudahan na ang pagsunod sa Dios ay ang pinakamabuting paraan para sa sandaling iyon.

Kung ang isang mananampalataya ay tila hindi namumuhay ng may katagumayan laban sa kasalanan, marahil ay dahil ito sa isa o higit pang mga problema mula sa mga sumusunod.

1. Hindi niya nakikita na ang Dios ay __________ pagsunod.
2. Hindi niya nakikita o pinaniniwalaan ang pangako ng Dios ng __________ ng biyaya.
3. Hindi siya umaasa tumutulong na biyayan ipinagkakaloob ng Dios at sa halip ay umaasa siya sa peesonal na __________.
4. Naglilingkod siya Dios ng may __________ pagsunod, sa halip na kumpleto, walang pasubaling pagsunod.
5. Hindi siya naghahangad ng biayya upang magkaroon ng iisang__________ upang gawin ang kalooban ng Dios.[72]
6. Hindi niya pinapanatili ang espirituwal na __________ na nagpapanatili ng kanyang kaugnayan sa Dios na nagpapatatag sa kanyang pananampalataya.

Ginawa na ng Dios ang kataas-taasang __________ para sa ating kaligtasan, sa pamamagitan ng handog ni Jesus. Hindi niya hahayaang masayang ang pamumuhunana na iyon dahil lamang sa pagkukulang na magbigay ng biyayang kinakailangan natin upang magpatuloy.

► Basahin ang Roma 8:32.

> "At ngayon , purihin natin ang Dios, sina na makakapag-ingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makakapagdala sa inyo sa kanyang harapan ng walang kapintasan ay may lubos na kagalakan. Siya lang ang Dios at ating Tagapagligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Sa kanya ang kapurihan, karangalan, kadakilaan at kapangyarihan, mula pa noong una, hanggang ngayon, at magpakailanman. Amen." (Judas 24-25).

[72] Filipos 3:13-15.

## Panalangin

Aming Ama na nasa Langit,

Nagpapasalamat ako na naiintindihan mo ang lahat ng tungkol sa akin. Alam mo ang aking mga limitasyon at kahinaan. Salamat sa paglilimita ng mga tukso na dumadating sa akin at sa pagbibigay ng biyaya upang makapamuhay ako ng may katagumpayan.

Tulungan mo akong laging sundin ang patnubay ng Banal na Espiritu. Tulungan mo akong palaging tanggihan ang kasalanan sa sandaling maramdaman ko ito.

Tulungan mo akong alalahanin na ikaw lamang ang makakapagbigay kasiyahan sa aking puso.

Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus,

Amen

## Takdang Aralin na Pag-aaral

Basahin ang Pahayag 2-3. Ang mga kabanatang ito ay naglalaman ng mga liham sa pitong iglesia. Nahaharap sila sa iba’t ibang tukso at hamon. Pansinin sa pagtatapos ng bawat liham ang pangakong ibibigay sa "kanya na magtatagumpay."

# Mga Inirerekumendang Libro at Impormasyon sa Online

## Mga Inirerekumendang Libro


Coleman, Robert. The Master Plan of Evangelism

______________. The Master Plan of Discipleship

Eims, Leroy. The Lost Art of Disciple Making

Freideman, Matthew. The Master Plan of Teaching

Gorman, Julie.Community That is Christian: A Handbook on Small

Groups

Neighbor, Ralph.Where Do We Go from Here?

Snyder, Howard.The Radical Wesley:Patterns for Church Renewal

______________. The Problem of Wineskins

Wilkinson, Bruce.The Seven Laws of the Learner


## Mga Impormasyon sa Online

Ang pagsasanay sa pag-eebanghelyo, mga tract ng ebanghelyo, at iba pang impormasyon ay maaaring magamit mula kina Ray Comfort at Kirk Cameron sa http://www.livingwaters.com.

Para sa impormasyon tungkol sa pag-eebanghelyo sa labas ng iglesia gamit ang mga painted diagrams, tingnan ang mga website ng Open Air Campaigners at http://www.oacgb.org.uk/ and http://www.oacusa.org/.

Excellent material para sa pagtuturo sa mga bagong mananampalataya ay maaaring makuham mula kay Nathan Brown at www.disciplingnewconverts.org.

# Pag-eebanghelyo at Pagdidisipulo
# Talaan ng mga Takdang Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ___________________________________

Paunang kapag ang bawat takdang -aralin ay nakumpleto. Ang mga pagsubok ay itinuturing na "kumpleto" kapag nakamit ng mag -aaral ang marka ng 70% o mas mataas. Ang lahat ng mga takdang -aralin ay dapat na matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Leksiyon | Assignment 1 | Assignment 2 | Assignment 3 |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | (Pagsusulit) | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |
| 10 | | | (Pagsusulit) |
| 11 | | | |
| 12 | | | |
| 13 | | | |
| 14 | | | |
| 15 | | | |
| 16 | | | |
| 17 | | | |

## Humiling para sa sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa isang sertipiko ng pagkumpleto mula sa mga pastol na pandaigdigang silid -aralan ay maaaring makumpleto sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay digital na maipapadala mula sa Pangulo ng SGC sa mga nagtuturo at facilitator na nakumpleto ang aplikasyon sa ngalan ng kanilang (mga) mag -aaral.